# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo IV, 2023 ISSN 2815-1232



# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo IV, 2023 ISSN 2815-1232



agos
REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo IV, 2023
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

AGOS
Refereed Journal
ng Malikhaing Akdang
Pampanitikan (ISSN 2815-1232)
Tomo 4, 2023
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Libreng maaakses
at madadownload
ang elektronikong
bersiyon ng Agos sa
*www.journals.upd.edu.ph / index.php/Ag*

Inilalathala ng
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
isang beses kada taon.

JAYSON D. PETRAS
*jdpetras@up.edu.ph*
**Direktor**
**Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman**

LUNA SICAT-CLETO
*lscleto@up.edu.ph*

ROMULO P. BAQUIRAN, JR.
*rpbaquiran@up.edu.ph*
**Mga Editor ng Isyu**

LARRY BOY B. SABANGAN
*lbsabangan@up.edu.ph*
**Tagapamahalang Editor**

MARIA OLIVIA O. NUEVA ESPAÑA
*monuevaespana@up.edu.ph*
**Editor Pangwika**

JORDAN T. IGNACIO
*jordanignacio12@gmail.com*
**Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat**

Hindi maaaring kopyahin o sipiin, sa anumang porma o anyo, elektroniko man o limbag, nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Ang isinumiteng mga akda para sa posibleng paglalathala sa AGOS ay dumaan sa istrikto at dobleng proseso ng pagrerebyu.

Para sa mga tanong at/o dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

**Patnugutan at Sirkulasyon**
*Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
3/Palapag, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI)
E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas,
Diliman, Lungsod Quezon

**Email:** agos.swf.upd@up.edu.ph
**Facebook:** Sentro ng Wikang Filipino- UP Diliman
**Telepono:** 89818500 loc. 4583

# Nilalaman

## TALÂ NG EDITOR

Sa Guwang ng mga Naratibo at Pagsasanaratibo X
*Luna Sicat Cleto at Romulo Baquiran Jr.*

## DAGLI

Tao sa Prowa 3
Sisid 6
Tao sa Popa 9
*Emmanuel T. Barrameda*

Reason for Selling 13
Grey Polished Marble-look Porcelain Tile 15
Edited 17
*Andyleen C. Feje*

Parikala ng mga Letra 20
Ang Sikreto sa Productivity Methods 22
Brief na Bacon 24
*John Carlo S. Gloria*

Cybora 27
Kung pwede bang umiyak na walang luha? 32
*Rey Mart Lapiña*

## DULA

Backhoe 37
*Rick Patriarca*

Sino ang Aalisin sa Powerful Five? 69
*Ken Russell M. Peñaflor*

## MAIKLING KUWENTO

Singkrono 97
*Tilde Acuña*

"Maamor" 120
*Amroding T. Baraiman*

Sila sa Kabilang Linya 140
*Eric Jhon Bituin*

Tuwing Gabí ng Sabado 163
*Percival Lagda Buncab*

Si Lolo Martin at Ang Diwata ng Sityo Pulong Kumunoy 180
*Arlan Manalon Camba*

Nang Magalit Si Jos 208
*Clarissa Cestina*

Helek sa Paa 220
*Laila A. Cuntapay*

Si Sarah Tustra 224
*U Z. Eliserio*

Here at SM 243
*Mark Benedict Lim*

Mga Ahas sa Lungsod 269
*Shur C. Mangilaya*

Perla, Ang Kalbong Sirena 305
*Josh Paradeza*

Buwaya 312
*Jay Jomar F. Quintos*

Dunggo 335
*Denmark B. Soco*

## SANAYSAY

Switch 348
Hakbang 352
Hulagpós 359
Babala 364
*Gerome Nicolas Dela Peña*

Ako Ay Si Ako Nga 368
*Edward Joseph Fernandez*

Etiks 393
*Renalyn Ramirez*

Pagdamá Sa Mga Saglit 412
*Mark Anthony S. Salvador*

## TULA

Bisyon Ng Kramatorsk Sa Groseri Isang Sabado Ng Umaga 425
Isang Pulubing Natagpuang Patay Sa Sta. Cruz 426
Engkuwentro 428
Ang Gagamba Sa Impiyerno 430
Mirasol 432
*Ronald Araña Atilano*

Ang Aklat ay Hindi Makahiya 435
Estante ng mga Aklat 436
Bakasyon sa Probinsiya 437
Ang Saranggolang Adarna 438
Kung Bakit Hindi Ako Maliligo 440
*Eugene Y. Evasco*

Botaniko 442
Lab Instructor sa Panahon ng Pandemya 444
Sa Industriya 446
Diseksyon 448
Akademiko 450
*Sofia Angela P. Federico*

Alaala ng Bayan 452
Tungkulin ng Alaala 453
Artikulasyon ng Alaala 454
Pagbawi sa Alaala 455
Biro ng Alaala 456
*Noel Galon De Leon*

Gurami 458
Dinengdeng 460
Dyipni 462
Kumikipot ang Karagatan 464
Dalawang Bagyo 466
*Jobert M. Pacnis*

**EKSPERIMENTAL**

Seleksiyon sa konsumérebyu: Bahagyang dokumentasyon ng akumulasyon 470
*Tilde Acuña*

**PANAWAGAN** 498

# Talâ ng Editor

# SA GUWANG NG MGA NARATIBO AT PAGSASANARATIBO

*Luna Sicat Cleto at Romulo Baquiran Jr.*

Sa kasalukuyang ani ng mga naratibo ng Agos, naalala ang minsang tinuran ni Bienvenido Lumbera noong 1970, tungkol sa kapasidad ng modernong maikling kuwento na mangusap bilang mga parabula (Lumbera, 2014:7). Samakatwid, ang kuwento'y hindi mga kathang-isip ng mga rurok sa buhay ng mga taong walang kinalaman sa atin. Ito'y mga hininga ng mga taong malaki ang kinalaman sa atin at maaaring nakatabi, nakasalubong, nakahuntahan, at maaaring tayo rin, na pinagbibigkis ng imahinaryong identidad na Filipino. Dahil taglay ng naratibo ang sanhi-bunga bilang buto, ang mga naipupunla nito sa ating imahinasyon at pagmamalay ay may derekta ring paglalatag ng karaniwang hinuha ng sanhi-bunga. Pero may mga piyesa rin sa tomo na itong humahamon mismo sa kawing ng sanhi at bunga, at sa halip ay nangangahas itong paunlakan ang pagkakawing ng idea, sa halip na karaniwang hagdan ng banghay.

Sa ani ng mga naratibo ng Agos, naganap ang mga engkuwentro sa mga publiko't pribadong espasyo, na madalas ay sityo rin ng mga lakbay, gaya ng mga pier, prowa, kalsada, bus, riles, gayundin ang sityo ng mga pagtatagpo tulad ng coffee shop, mall, looban, karinderya, pati ang cctv at zoom room. Ruta ng mga inaasahang daluyan ng

naratibo at modernidad sa ating panahon ang mga sine, telebisyon, tugtog sa radyo, Tiktok, social media, YouTube at Instagram, habang binabaybay rin ang mga interseksyonalidad ng uri, lahi, etnisidad, kasarian, at sexualidad. Sa huli'y maaaring basahin rin pala ang lahat bilang fiksiyon. Lahat ng kultural ay ekonomikal at lahat ng ekonomiko'y kultural. Nahahagip ng mga naratibo ang kubling aksiyon at desisyon, ang mga internal ay ginagawang external para matunghayan. Hindi kailanman ituturing na katapat, o kapantay ang lalaking barista ng babaeng suki sa coffeeshop sa "Tuwing Gabi ng Sabado" ni Percival Lagda Buncab. Nauunawaan ng barista na walang tunay na promosyon sa manggagawang kontraktuwal, madagdagan man ng ilang libo ang bayad ay gahol pa rin sa pag-abot sa kaginhawahan, habang ang isa'y lumulutang lang sa problema ng love life o mental health. Tahasang inilalatag ng istorya ang guwang ng pagkakaiba ng kultura at ekonomiya, sa dialogue nitong waring transkripsiyon ng pag-uusap ng Gen Z habang umiinom ng caramel machiatto. Ito rin ang guwang sa aksiyong nasa likod ng pagdampot ng matinong brief sa laundry ng karaniwang manggagawang gusgusin ang panloob, tulad ng "Brief na Bacon" ni John Carlo S. Gloria. Nahagip ng dagli maging ang laglagang napipintong maganap, sa oras na mabuking ng cctv camera ang salarin. Sa "Grey Polished Marble-look Porcelain Tile," nag-abala si Andyleen Feje na itatag rin ang guwang ng mga uri na pinapatotohanan ng simpleng paglalatag sa tiles sa bahay. Tila nakapasok na nga sa gitnang uri kapag tiled na ang kabahayan, na may pait rin ang hagod ng haplos ng aspirasyon, sa realisasyong ang bagong lapat na tile ay nasa nitso ng amang hindi na ito natamasa.

Nasa curation ng mga detalye ang bisa ng salaysay, upang maiangat ang kuwentong hinalaw sa personal, o mga "sugat na nagnaknak" patungo sa mas kolektibong Kuwento. Basahin ang "Mga Tao sa Barko" ni Emmanuel Barammeda, at kasama tayo sa pag-uwi ng isinasalaysay, dahil natigatig tayo sa likaw ng iniisip at muni ng tauhan, ukol sa pag-iral sa gitna ng unos. Ang paghagis ng barya sa mga batang sumisisid ay okasyon rin para tunghayan ang parallel na naratibong nasa loob ng nagmumuni. Kung paano sinisid ng narrator ang buhay, kasabay ng ragasa ng alaala ng kababatang sumisid rin. Sa huli, nang nagtapon siya ng barya sa karagatan, hindi lang siya nagbibigay ng limos sa batang iyon, kundi nagbibigay rin siya ng pag-asang huwag magsawa sa pagsisid ang sarili.

Panitikan ang panitikan dahil nagagawa ng artikulasyon nitong tumbukin ang katumpakan ng imahen at saloobin na waring ibinubulong. Ibinubuyangyang ng mga kuwento sa volume ang salimuot ng kahirapan – hindi ito basta pagtingala sa mga gusali ng Maynila ng bagong saltang anakbukid, o ang pagdukwang sa pagkain ng tuyo. Kailangang ipinapakita rin ang araw-araw na pag-iral sa ganitong kondisyon, sapat para umusbong ang salikop ng pakikisama at talikurang lihim, tulad ng mababasa sa kuwentong "Mga Ahas sa Lungsod," ni Shur C. Mangilaya. Pansin sa kuwento ang pagkilala sa tradisyon ng realismo, at pagpatak rin ng impluwensiya ng indie cinema. Pinapaksa nito ang matagal na ring naikukuwentong milieu at lapot ng danas ng mga taong naghahanap ng matinong trabaho sa Maynila, lampas sa "tadhana" nilang magpastol ng kalabaw o mag-araro ng bukid. Sila ang naging mga karpintero, piyon, mason, construction worker ng metropolis na hindi sila kailanman ginawang bahagi sa prosperidad. Gayunman, ang hagod ng kuwento'y parang

pagbabasa rin ng etnograpiyang lumubog sa mismong sityo, para maisulat ang mga tauhang gaya ni Tita Bing. Samantala, may mga piyesang may ipinakikilala ring mga kultura mula sa mga kapatid nating wala sa sentro, ngunit kasinglupit rin ang realidad ng tinatamasang kaalipinan at pagsasantabi, tulad ng kuwentong "Maamor," ni Amroding Baraiman. Transaksiyonal maging ang kaalipinan. Rido ang pinapaksa, gayundin ang abusong sexual na ginagawa sa mga kababaihang nasa patriyarka. Marahas ang pagtatapos ng kuwento, direktang pagtuligsa sa mismong pamagat nito, parang tinutugis ang kahulugan ng salita na sinusubok sa ngalan ng bigkis ng komunidad, angkan, relihiyon, tradisyon.

Mayaman ang ating tradisyong folkloriko, at kung ihahabi ang lumalalang krisis sa klima at ang binubuhay nitong sapot ng pananamantala, lalo na sa benepisyo ng mga nangamatay, nakakapagpapaisip rin kung bakit patuloy pa rin itong sangkap ng ating naratibo bilang bayan. Ito ang nais sabihin ng "Si Lolo Martin at ang Diwata ng Sityo Pulong Kumunoy," ni Arlan Camba, na may lawak na epiko, sa time frame at sa siste ng mga huntahan. Mayaman rin ang tradisyong folkloriko dahil napagtatagni nating mga tagapagmana ng intangible cultures na ang mga nilalang ng katatakutan ay balabal rin, at mula sa hulma ng, opresyon, tulad ng "Dunggo" ni Denmark B. Soco. Binaybay ng kuwento ang kultura ng mga bosero (maninisid) sa bayan ng Tag-abaka. May gintong kogtong na hindi mahuli-huli, at ayon sa sabi-sabi, ang dambuhalang isda ay "nakakahinga sa lupa at nag-aanyong tao." Ginamit ng may-akda ang punto de bista ng batang kamalayan, na laging sabik noon sa pag-aabang sa amang umuuwi galing sa pagboso, ngunit isang araw, mabubunyag ang pagkatanto sa tunay na ikinamatay ng ama, na

hindi ang gintong kogtong. Mistulang detective story ang pacing ng "Buwaya" ni Jayjomar Quintos, habang tinutuklas kung paano nga ba nawala si Lando, at ano ang kaugnayan ng panaginip ng inahing buwayang naghihiganti sa mas malaking lihim ng mahiwagang lalaki. Sa huli, ang malinaw ay: may tinatakpang mas malaking buwaya ang pagkamatay ni Lando, at ang pagkamatay sa sunog ng tatlumpo't walong mga manggagawa.

Lumalangoy ang "Cybora" ni Malaya Lapiña at "Perla, ang Kalbong Sirena" ni Josh Paradeza sa pamilyar na ring mga naratibo ng mga trans at LGBTQI+. Interesante kung paanong pinagsasabay ng pagkakasalaysay ng "Cybora" ang pagbangon ng siyudad at pagbangon rin mismo ng protagonista sa abyssmal na realidad nito: dinig ang hugong ang mga malalaking container truck sa paupahang kuwarto, lumalapnos ang init sa madaling araw, at di matakasan ang samyo ng bulok na kanal. Vlogger ang protagonista at pinagkakakitaan ang sayaw-kanta sa mga parokyanong puti. Gamit ang Binisaya sa dayalog, nakapapasok ang mambabasa sa intimate na mundo ng "ako" na trans. Habang inaakay tayo sa karaniwang magdamag ng vlogger, mapapaisip rin tayo kung bakit inuulit ng protagonista ang danas na maalala pa ang unang patak ng luhang natikman bilang nilalang, sa paulit-ulit na siklo ng live show. Ito rin ang hulas ng kuwento ng sirenang nagpalit-kaliskis, upang maging tao sa kuwento ni Paradeza. Bula ang sasalubong sa inkarnasyon ng pagkatao. Magbabakasakali siya sa ruta ng audition sa "Miss U and A," kahit batid na isa lang siya sa maraming tumatawid pa ng ibang lupalop para maging kontesera. Lumusot ang pagrampa ni Perla sa audition nang walang tinig, kundi muwestra lang ng pagperform ng identidad. May pantasya siya ng tagumpay na presente ang idolong

Vice Ganda, ngunit alam niyang ang kalbong bumbunan niya ang eeksena at hindi naman pakikinggan ang kanyang tinig, kaya sa huli "lantang arosep" siyang naglakad pabalik ng Cubao. Dumudulo ang kuwento sa insertion ng retrato ng literal na beerhouse. Tumubo iyon sa palutang-lutang lang rin na isla. Dito na mauuwi ang kalbong sirena. Dito, kasama ng marami pang mga "sirenang" magiging mga utusan sa karagatan ng kahirapan. Ito rin ang panapos ni Cybora: maasahang sumayaw muli kinabukasan, sa lungsod na walang lamig, iniluwal sa usok, burak at dumi.

Ani Clifford Geertz, "Behaviour must be attended to, and with some exactness, because it is through the flow of behaviour – or more precisely, social action – that cultural forms find articulation." (Geertz, 17). Siksik ang impormasyong matutunghayan sa mga dagli at maikling kuwento, kalkulado ang ibinibigay na datos para mapagtagni ng mambabasa ang binubuo na rin naman niyang istorya. Kinusot, linabhan at ikinula ni Eric Jhon Bituin ang naratibo ng mga call center agents sa "Sila sa Kabilang Linya," at "Ikot-Ikot". "May tenga ang tiles at nakakapag-elevator ang balita," anito, at maniniwala tayo sa rekonstruksiyon ng sawikain dahil ang pagtratrabaho bilang ahente ng BPO ay pamilyar sa marami, lalo na sa malaking bahagdan ng urban population ng Pilipinas na binubuo ng mga edad 18-35 gulang. Kinikilala ng kuwento ang topograpiya ng call center at ang pagiging huwad na topos nito: malamig ang temperatura, nag-Iingles at namumuhunan sa accent para maging virtual assistants ng mga iba pang mga global na mamamayan sa mga nasyong kinategoryang nakaririwasa, malayo sa materyal na realidad ng ordinaryong Pilipinong hinukot sa kahirapan at kasalatan. Kumikibo ang mga filed QR reports, labanan talaga ng ahensiya ang pinasok

ng ahente, at ipagtanggol man ng ahente ang maliit na karapatan ng Puti sa paggamit ng wi-fi, hindi naman talaga nauubos ang Hydra ng sistema. Senaryo ng mga empleyong dumaranas ng burn-out ang sinasapantaha ng "Ikot-Ikot". Pumapasok na waring buo, umuuwi na piyesa-piyesa ang natitira. Marahan rin ang pagka-agnas. Ganito rin ang etnograpikong balasik ng "Singkrono" ni Tilde Acuna, na nakabalabal man sa futuristikong espasyo-panahunan ay maaaring basahin ring aktuwal na pisikal, materyal na kundisyon ng mga nagsisikap magturo sa virtual classrooms. Inangat lang ni Acuña ang kondisyon sa decibel ng katastropiya. Hindi ito larawan ng resilience, paglalarawan ito ng delubyo ng kapahamakan na sanhi ng mismong pagkamatiisin at pagkamadiskarte ng mga Pilipino. Umaabot sa level na inaalala ng katawan ang pagbara ng nano at mikroplastik sa katawan sa konsumo ng fastfood, sa pag-ayon sa preskripsiyon ng wellness, pero hindi naman hinaharap, ang mismong ugat ng asinkronong buhay at pagkabuhay. Kung paano napagtagni ni Acuña ang virtual classroom sa literary history ng bayan ay kayo na ang bahalang tumuklas.

Hindi kailangang isalaysay ang buong "kuwento," sapat na sumisilip na lang sa mga guwang na iniiwan para sa mga mambabasa. Sining ng pagkakasalansan ang naratibo. Sa ganitong antas dumadaloy ang "Parikala ng mga Letra" ni John Carlo S. Gloria, at "Helek sa Paa" ni Lilia Cuntapay. Insidental ba na nasa lokasyon ng eskuwelahan ang dalawang naratibo? May gigil ang tinig ng "Parikala..." sa pagmumuni sa etymolohiya ng salitang confidential, na matatapos sa realisasyong magtuturo pa rin kahit sinasakmal ng kalam ng sikmura. Halos bitin ang dating ng "Helek..." dahil vignette ito ng paglalakbay, na literal, na ginagawa ng mga estudyanteng

nasa liblib na mga pook para lang makarating sa eskuwelahan at makapag-aral.

Kasama sa koleksiyon ang “Si Sarah Tustra,” ni U.Z. Eliserio dahil sa pangahas at limlim ng siste.

Tulad ng inaasahan sa panulat ni Eliserio, yinayakag nitong maging kritikal ang pagbabasa at huwag makontento sa pag-aakalang linalabusaw lamang ng akda ang karaniwang kronolohiya ng “matinong” kuwento, maging ang paghulma sa mga tauhang may “paniniwala” at ukit na galing sa “totoong” tao, dahil mukhang ang puntirya ng kuwento’y ang pagpapakita ng likaw ng kasinungalingan, sa koro ng pagtunggali sa woke culture. Kahanay rin ng kuwentong ito ang “Here at SM” ni Maki Lim, na matalinong paghabi ng modernong alamat ng Paskong inuukit sa komodipikasyon ng pagmamahal at lambing sa loob ng infraestruktura ng mall. Panghuli sa kauri ng postmodernong pagkukuwento ay ang “Nang Magalit ang Jos,” ni Carissa Cestina. Sa simula, parang pagsasalaysay na anekdotal tungkol sa katastropiya ng bagyo, na tumatapat sa biglang pagkawala ng ama ng narrator. Labing-isang taon ang lilipas at hindi na hihimpil sa dilim ang langit kapag gabi na, dahil ang araw ay hindi na rin lumubog, at naging saksakan nang init. Sinasabayan ang trauma ng klima ng trauma ng pagkalimot sa kalat na iniwan ng dating pinuno ng bayan, na tila alegorya rin sa kasalukuyang dilema ng Pilipinas sa amnesia ng batas militar at diktadura.

Parabula rin ang mga dula na kasama sa edisyong ito ng Agos 4. Pinapaksa ng “Backhoe” ni Rick Patriarca ang demolisyong napipintong mangyari sa isang looban, at kung papaano tutugon si Boy at asawa niyang si Yna, sa alok ng relokasyon. Maaalala natin ang mga kahawig rin na mga isang yugtong dula na pumapaksa sa

buhay iskuwater. Pero may klarong pagkakaiba. Sa "Backhoe," mas informed at asertibo na ang mga tulad ni Boy, mapapansing naging organisado at militante na, habang ang asawa'y may kusang palo rin, ngunit handang magkompromiso. Kahit hugong lang ng backhoe ang maririnig, mabisa pa rin ang yanig nito sa manonood kung sakali, dahil patuloy pa rin ang mga demolisyon, saanman. Malapot ang potensiyal ng tensiyon ng dula. Ruta ng pagpapatawa ang tinunton ng "Sino Ang Aalisin sa Powerful Five?" ni Ken Peñaflor. Limang superheroes ang tauhan, lahat may angas, at kalkulado nitong napasasabog ang usapan pangkapangyarihan habang inaaliw tayo sa tinola milktea at limitasyon ng superpowers. Totoong nakasakay rin ang dayalog sa pagturol ng awtentisidad ng kapangyarihan at imbisibol na puwersang taglay ng mga ineetsa-puwera. Karaniwang storyteller ang komiks, telebisyon at sine ng ating buhay, at hindi man tahasang sinabi, inianak ang mga karakter ng access din natin sa superhero flicks na galing sa mga platapormang ito. Sa conduit ng mga anyo ng storytelling na ito tayo natututo ng kung ano ang masama at mabuti, sinong panalo at talunan, ano ang gagana at papalpak, dahil ang panitikang popular rin ang ating socializing agencies. (Wasko, 2010:3)

Napakainteresante ng mga koleksiyon sa bahaging tula. Sa "Alaala Ng Bayan" ni Noel Galon-De Leon, binigyan ng bagong boses sa pamamagitan ng serye ng mga monologo ang mismong awtor ng *Noli Me Tangere*, at pagkaraan ang ilang tauhan mula sa akda, sa estilong mapag-isip. Nalulungkot talaga ang sentrong persona mula sa titulong tula hanggang sa paglalagom na ginawa sa "Biro ng Alaala." Sa presentasyon sa tula, hindi umuusad ang lipunang Filipino sa danas nina Elias, Crispin, Basilio, at Sisa. Biktima sila ng opresyon ng sistema

na umiral na noong nakaraan at nagpapatuloy sa isip (at sa realidad) hanggang sa kasalukuyan. Walang magiging bisa kundi ang lungkot sa mga galit at trauma ng pagiging biktima ngunit may pahiwatig na sa kabila nito, ang mismong hindi pagkalimot sa kanilang danas ang mitsa ng rekuperasyon ng pagpapahalaga sa kanila. Memorya rin ang nagpapagalaw sa mga pangyayaring napili ni Ronald Atilano sa kaniyang koleksiyon na pinamagatang "Diyaryong Dilim" na tungkol sa araw-araw na karahasan at masisteng protesta sa buhay-buhay ng mga mamamayan sa digmaan ng Ukraine; gayundin sa nakalulunos na sandali ng pagkasawi ng isang pulubi sa Maynila, pagpaslang sa isang tao/malay na persona sa tagpuan ng mga bangka at ilog. May malalim na pag-uugnayan ang mga tula lalo pa at naisama ang pagmumuning Budista sa isang tula, "Ang Gagamba sa Impiyerno." May matingkad at mapaglarong imahinasyon ng bata sa mga tula ni Eugene Y. Evasco, inaasahan ito sa kilalang kuwentistang pambata. Sa dalawang tula, "Ang Aklat Ay Hindi Makahiya" at "Estante Ng Mga Aklat," hinikayat ng awtor ang batang mambabasa, o lalo na iyong nagsisimula pa lamang na maaakit dito para tanggapin at masiyahan sa mahikang gawa ng pagbabasa ng aklat. Inengganyo naman ang bata na masiyahan sa pagbabakasyon sa probinsiya sa isa pang tula, at sa "Ang Saranggolang Adarna," hinihiling na makabangon ang kapamilya ng bata sa krisis ng pandemyang COVID. Naiiba ang koleksiyon ni Sofia Federico dahil gawa ito ng isang kabataang propesyonal na hindi mula sa hanay ng malikhaing pagsulat kundi sa departamento ng kimika. Pinoproblema ng mga persona sa tula ang mga usaping makaagham pero kasabay nito (sa matulaing paraan), ang paglilimi tungkol sa mga implikasyong makalipunan at makatao. Sa "Botaniko," nagbigay-pugay ang kapuwa botaniko sa

hinahangaang siyentista na naging biktima ng karahasan ng Estado, bagama't labis na naapektuhan ng dahas na nangyari sa iniidolo at talagang nawalan ng lakas ng loob. May gayunding pag-iisip sa iba pang makabuluhang usapin gaya ng paggawa sa loob ng akademya na isa ring kapitalistang institusyon sa pagtuturing ng awtor. May elemento ng nostalhiya na nagdurugtong sa mga tula sa koleksiyong "Gurami" ni Jobert M. Pacnis. Halatang nagmula sa Norte, naitanghal ang kilalang lutuing Iloko sa "Dinengdeng", at dito ay binalikan ng persona ang alaala ng nakagiginhawang sabaw at gulay, bagama't naisip din ang mga sektor ng manggagawa na hindi makaahon sa hirap matapos pangakuan ni Bongbong Marcos ng murang bigas at batayang bilihin. Naglalatag ang limang makata na nakabilang sa tomong ito ng mga tulang kumokontra, umaalalay, at nagbubukas ng mga damdamin at pananaw sa mga pinakamabuluhang paksa ngayon sa lipunang Filipino.

Sa hanay ng sanaysay, nagbukas si Gerome dela Peña ng nakakaintrigang haka na "paano kung isang araw ay magkapalit kami ng katawan ng aking katipan?" Bumaybay ang kaniyang espekulasyon sa higit sa pagsasalikop na kapalaran ng dalawang taong sabay na sumusulong sa mga danas ng pagiging guro at aktibista sa panahong mapanghamon at nangangailangan ng kritikal na pagtanaw. Naglatag naman si Mark Anthony S. Salvador ng napapanahong repleksiyon tungkol sa paraan ng makataong paggugol sa sariling oras; o mas angkop, pagbibigay ng oras sa sarili para mapanatili ang kalusugan ng isip at pagiging produktibo sa kabila ng parang "pagtanga" lamang ang panlabas na imahen ng ng akto ng matagal na pag-ubos ng tasa ng kape sa umaga. Binigyang kahulugan ni Salvador ang pagbanat ng sandali ng pagmumuni-muni bilang emotional quotient na mahalaga

upang maging malikhain. Isa pang mapanuring depinisyon ang binuo ni Edward Joseph Fernandez tungkol sa pagtalunton sa pangalan ng mga bagay-bagay, kabilang na ang sa tao; na hindi lamang ito ang nakasulat na bersiyon kundi ng nakakabit na historya at danas sa pagkatao ng isang indibidwal. Sa sanaysay na ito, napagtuunan ang halaga ng birth certificate. Nagkaroon ng abentura ang awtor sa pagnanais na mabago ang pangalan sa nakasanayan na ngunit hind katanggap-tanggap para sa kaniya. Masinsinang pagbibigay-kahulugan muli ang naging alalahanin sa sanaysay na "Etiks (Ethics)" ni Reynalyn Ramirez sa konteksto ng isang nagsisimulang diyarista habang nasa loob pa ng klase at masinsinang nag-aaral. Pagmumuni ito ng inosente at may budhi pang kabataan na nasa akma ng pagpasok sa industriya ng pamamahayag, na puno ng tukso at pagkaligaw ng landas mula sa etikal na posisyon. Isa lamang ang iginiggiit ni Ramirez: ang humilig sa pagkadisente.

Eksperimental na maituturing ang alanganig artikulo o rebyu (ito nga ang punto ng piyesa: ang salikop ng anyo at content) ni Tilde Acuña, eksaktong titulo ay konsumerebyu, dahil na-appropriate ang mga teksto-biswal na pagtimbang sa mga produkto sa online selling, kasama ang format na kilala sa Lazada: naka-box na retrato kompleto sa star rating, mga prompt o trigger para sa matalas na komento sa nangyayari sa lipunan. Malay ang mga nilikhang netizens (curated na persona) sa nangyayaring malakihang korupsiyon sa gobyerno, pati sa mga politikal at ideolohikal na mga implikasyon, mula lokal hanggang global na level. Naisulat ito sa gitna ng katatapos (nagpapatuloy pa) na pandemya at isang kritikal na coping mechanism na may mahalaga at makabuluhang agenda.

Sa kabuuan, lahat ng mga akdang tinipon sa edisyon ng Agos 4 ay nararapat mapakinggan at basahin ng ating kasalukuyang panahon. Nais isipin ng mga patnugot na ang tungkulin ng panulat ay makatulong sa paghubog ng isang mas maginhawang lipunan para sa nakararami. At upang magawa iyon, kailangang pakinggan ang mga nangungusap na parabula ng ating panahon.

Sa isyung ito rin ng Agos, dumaloy mula sa mga kontribiyutor ang mga anyo ng tuluyan (maikling kuwento, dagli, at sanaysay), dula, at tula;   ani ng kasalukuyang panitikang Filipino. Naging hamon sa mga editor at rebyuwer ang proseso ng seleksiyon o ang magsikap na matukoy sa mga awtor ang pagbuo ng mga bago at napapanahong mga akdang inspirado ng iba't ibang mapagmumulan ng kislap-diwa.

Dagli

# EMMANUEL T. BARRAMEDA

Si Emmanuel T. Barrameda ay kuwentista mula sa Virac, Catanduanes. Awtor ng Pangangalagkalag: Virac, Distrungka, Balager na ginawarang Best Book in Filipino Prose Fiction sa 39th National Book Award. Ginawaran din ang kaniyang akdang P'wera Bisita bilang Best Book in Filipino Fiction sa 38th National Book Award at nabilang sa finalist ng 20th Madrigal Gonzales First Book Award. Kinilala rin ang kaniyang mga akdang Gawad Bienvenido Lumbera, Kabulig Writers' Prize, National Historical Institute of the Philippines, at Don Carlos Palanca Memorial Award for Literature.

Naging fellow siya ng Ikapitong Palihang Rogelio Sicat, 13th Ateneo National Writers' Workshop, 6th Saringsing Bicol Writers' Workshop, 59th UP National Writers' Workshop, at ng 21st Iyas National Writers' Workshop. Miyembro siya ng Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. at ng Bilog Writers Circle.

Nagtapos siya sa kursong Batsilyer sa Edukasyong Pansekondarya sa Pamantasang Normal ng Pilipinas kung saan siya ginawaran ng Gawad Genoveva Edroza Matute noong 2013. Siya ngayon ay isang guro sa senior high school sa Catanduanes National High School.

# TAO SA PROWA[1]

SA UNAHAN niya piniling pumuwesto. Kagaya ng sa binyag, mas mapapalad raw kasi ang mga unang nakabababa ng lantsa. Bakit hindi? Iyong mga unang nakalalabas ng pier din kasi ang unang nakakasakay sa nag-iisang jeep na bumibiyahe sa mga dulong barangay ng Bucal. Kaya kahit ang topload ay sinasampahan at napupuno rin ng mga pasahero. Ang mga hindi mapagsisiksikan ang sarili ay kailangan na lang umarkila ng tricycle. Dahil special ang biyahe halos kapresyo ng ticket sa lantsa ang presyuhan ng pamasahe dito.

May pera naman siya. Sa katunayan, kaya niya nga bumili ng tricycle pagkababang pagkababa ng lantsa. Nasanay lang siya ng mga magulang na palaging nakikipagpalitan ng mukha sa pagbaba ng lantsa para maunang makakopo ng upuan sa jeep. O baka sa mas marami pang bagay.

Panganay siya, hindi lang ng kaniyang nanay at tatay kundi ng buong pamilya Peñalosa. Kaya halos lahat ng una ay siya ang nakauna. Palaging nagpapasara ng kalsada ang Lolo Mano niya sa tuwing maghahanda para sa kaniyang mga unang kaarawan. Sa malaon, magkakaroon siya ng mga kapatid, ng mga pinsan. Kaya ang mga unang luwag ng kanin ay hindi na napupunta sa plato niya, maging ang unang sandok ng ulam. Ang mga unang hiwa ng pisngi ng mangga ay hindi na rin napupunta sa kaniya. Nagiging una na lang siya kapag pinagsasaing siya ng kaniyang ina at pinaghuhugas ng pinagkainan. Siya rin ang tagapagbantay ng tindahan, at mga

---

1 *Tao sa Harap – Inaanunsiyo ng Kapitan bago umalis ang barko upang humanda sa pagposisyon ang mga tripulante sa harapan ng barko*

kapatid. Oras na gumawa ito ng kabulastugan, siya rin ang unang sisisihin at pagagalitan ng kaniyang mga magulang.

Kaya ang karera ay dinala niya sa paaralan at simbahan. Nanguna siya sa klase. Boses niya ang umiibabaw sa koro at nagsosolo sa Papuri sa Diyos. Pero sa malaon ay hahabulin din siya ng mga kapatid at ng mga pinsan sa paaralan at simbahan. Halos lahat ng Peñalosa sa Mababa at Mataas na Paaralan ng Kabalakabkab ay umaakyat na rin sa entablado para sabitan ng medalya. At ano pang laban niya sa pagpapapuri sa Diyos sa pinsan niyang nagsakristan at pumasok ng semenaryo. Kung magkakataon ito ang kauna-unahang Peñalosang magiging pari.

Tingin niya, nakaungos lang siya sa lahat nang mag-cum laude siya sa UP at makapasok sa malaking kompanya sa Maynila. Napagod na rin siguro ang mga kasabayan niya sa pagtakbo. Halos lahat, pumirmis na lang sa Bucal. Nagsipag-asawa, nagbukas ng tindahan, iyong isa, literal na naging runner ng droga at nahuli ng pulis. Muling pinasara ng Lolo Mano niya ang kalsada nang umuwi ito dala ang pinakamabigat na medalyang isinabit sa kaniyang leeg. Bumaha ng pagkarami-raming pagkain. Pero hindi niya naramdaman ang tagumpay sa araw na iyon. Mas mistulang naging araw ng bitay ang mga kasunod na araw niya. Huling hapunan bago sa kaniya ipapasan ang krus ng pamilya Peñalosa.

Parang parusa sa kabayong nauna sa karera, gagawin itong kalesa na hahatak ng bagahe ng mga natalo niya sa karera. Parang hatak-hatak niya ang buong Bucal sa kaniyang likuran paluwas ng Maynila. Kailangan ng puhunan ng Tiya Mely mo, naaksidente si Minggoy, piyansahan mo naman si Ruben, kailangan ng panggatas ni Isabel. Wala naman siyang masamang tinapay sa pagiging

breadwinner ng pamilya niya. Pero kailan siya mauuna sa sarili niya? Madalas niyang itanong sa sarili.

Natigilan siya sa paghinto ng makina ng lantsa.

# SISID

NASA ERE NA ang barya nang sawayin siya ng isa sa mga tripulante. Halos magkandabali-bali ang mga batok ng mga batang pier sa pagtingala nila sa nahuhulog na mga barya mula sa lantsa. Sa pagsisid ng mga inihagis na barya niya pa lang nakapa ang kaniyang bulsa sa bandang dibdib. Wala na roon ang itinupi niyang isandaan. Tanging kabog na lang ng puso ang kaniyang nakapa. Maaalala niyang naipambili niya na pala ng lugaw ang pinansukli kagabi sa ticket ng bus. Ang ilan pang natirang barya ay pinambili niya ng isang stick ng Fortune at ang sukli nito ay humusto na sa tatlong pirasong Max na pula. Kinapa niya ang bulsa ng pantalon, nandoon pa ang dalawa. Ang ilang kahalo nitong mga baryang tiglilimampiso at tigsasampu ang naihagis niya sa mga bata sa dagat. Piso na lang ang natitira. Iyong hindi napasama sa pagdukot niya.

Sir, bawal ’yan. Pinagbabawal na po ng management mula noong...

Bigla siyang tumalon.

Hinabol niya ang mga barya at sa pagsisid niya ay wala siyang kahit na anong nakita. Madilim at madumi ang tubig. Idinipa niya ang mga kamay at ibinuka ang paa sa pag-asang madama nito ang mga baryang nasa kaniyang paligid. Pero wala. Idinilat niya ang mga mata sa kabila ng hapdi ng tubig. Ang tumambad sa kaniya ay ang mukha ni Luis. Nang-aasar. Sabay silang umaahon at tiningala ang malaking kaha ng lantsa. Muli niyang idinilat ang namumula ng mga mata. Mas naging klaro ang mukha ng kababata. Mas klarong nakababanas. Mahapdi sa mata. Lalo na noong ibuka nito ang bibig at ilabas ang dila, nandoon ang isa sa mga pisong sinisisid

niya. Naunahan na naman siya. Tumingala siya sa lantsa at umulan pa ng mas maraming barya. Muli silang sumisid ni Luis kasama ang iba pang batang pier para magpaunahang habulin ang mga barya sa kailaliman ng dagat. Ang busina ng lantsa ang palatandaan para umahon na sila sa tubig.

Siyempre, sa kanilang dalawa, mas maraming nasisid na barya si Luis. Wala na kasi sila Andong. Tumigil na ang mga ito sa pagsisid ng barya dahil sa mas malalalim na bahagi ng dagat na sila pinasisisid ng kanilang mga amang mangingisda. Sa kalaunan, noong tubuan na sila ng kaliskis ay pinapayagan na rin silang sumampa sa mga bangkang sinasakyan nila Andong. Pero hindi lang sa pagsisid nakalamang si Luis sa kaniya. Noong sinusubukan pa nilang hanapin ang tamis ng tagumpay ng buhay sa paaralan, malaki rin ang inilalamang nito sa kaniya pagdating sa pagpapakintab ng sahig, pagbubura ng mga sulat sa pisara, at pagdidilig ng mga halaman. Si Luis ang paboritong pabilihin ng ulam ng mga guro ng San Roque Elementary School. Si Luis din ang isinayaw ni Dorina, ang kilalang serbidora sa Aroma Beerhouse, sa bailehang pinag-ipunan nilang dalawa. Ngayon nga, si Luis ang porman ng pinagtrabahuhan niyang construction site sa Maynila. Pero isa siya sa mga natanggal sa trabaho nang mag-cost cutting ang kompanya.

Hindi niya alam, pareho naman sila ng kinakain kapag may pa-tandan ang mga nagpapadasal, o kung may pupuntahan silang pista. Isang kutsara lang ang ginagamit nila sa pulutang kinunot sa mga pinagsasaluhan nilang inuman. Kahit nga sa mga tira-tirang huli ng isdang naiiwan sa sahig ng mga bangka ay pinaghahatian

din nila. Subalit parang mas anak ito ng Panginoon kumpara sa kaniya.

... may batang namatay sa pagkalunod. ’Tsaka bawal na rin po ang pamamalimos sa buong Talim. May multa po ’yan sir.

Hindi niya alam kung saan makararating ang piso at dalawang pirasong Max na nasa bulsa niya. Mula sa pier ng Bucal, isang jeep pa ang layo ng San Roque. Matagal na siyang hindi nakauuwi kaya hindi niya alam kung magkano na ang pamasahe. Pero natitiyak niyang lampas ito ng piso.

Bahala na.

Nang malingat ang tripulante, palihim niyang inihagis ang piso sa mga nag-aabang na batang pier at saka humiling na makauwi nang maayos.

# TAO SA POPA[2]

PALAGI NIYANG PINIPILING maupo sa likuran. Saanman. Mula sa sinakyan niyang bus galing ng Maynila hanggang sa mga jeep sa mga biyaheng papasok at papalabas ng Carmen. Sa likod rin nakaupo si Milette sa classroom kahit pa Aragon ang apelyido niya sa seating arrangement ng mga teacher niya. Palagi siyang gumagawa ng paraan para mahuli sa pinakadahilang ayaw niyang mapansin o mabigyan ng atensiyon. Pero, mahirap. Paanong hindi mapapansin ang babaeng sa kabila ng pagiging matangkad ay halos buwan-buwan pang nagpapalit ng kulay ng buhok. Siya lang din ang nagkukulay sa kaniyang buhok. May mga araw na siya rin ang gumugupit sa kaniyang buhok, kaya madalas na nasa bulsa niya rin lang ang kaniyang gunting. Kahit pa ilang ulit na siyang pinatawag at sinaway ng mga madre ng eskuwelahan, hindi nila ito napipigilan. Matalino at nangunguna rin kasi siya sa kanilang klase. Maliban na lang nang maging guro niya si Father Ben, isang bagong lipat na pari galing ng Maynila. Napansin siya agad nito noong unang beses itong magdaos ng misa sa paaralan. Lalo niya pang mapupuna ang tangkad at tingkad ng buhok nito nang maging estudyante niya ito sa Pilosopiya. Iba naman ang naging dating ng pari kay Milette. Parang nagsasa-anyong mata ni Kristo sa kanilang altar sa bahay ang mga mata ni Father Ben na kahit saan siya umupo at pumunta ay parang nakatitig pa rin sa kaniyang kaluluwa. Katulad ng mata ng kinakasama ng kaniyang ina, mata ng kaniyang commandant sa CAT, mata ng kaniyang tiyuhin, na magpasahanggang ngayon, kahit malayo na sila ay nananatili pa

2 *Tao sa Likod – Inaanunsiyo ng Kapitan bago umalis ang barko upang humanda sa pagposisyon ang mga tripulante sa likuran ng barko*.

ring nasa pandama ni Milette. Kaya noong sinabi nitong magiging matingkad na pula rin tulad ng buhok niya ang kaniyang magiging grado kung hindi niya ito ititina, wala siyang nagawa kundi sumunod.

Nanatili siyang nasa likod. Ang mata ay nasa pisara pero tumatagos ito sa mga nakasulat doon. Habang ang tainga niya naman ay nasa bibig ng mga nagdaang lalaki sa kaniyang buhay. Nagigising at nakababalik lang siya sa kinauupuan kapag tumutunog na ang bell.

Tao sa prowa... Tao sa popa... P'wera bisita... P'wera Bisita...

Kapag nasa likod siya, wala siyang ibang nakikita kundi ang hulma lamang ng mga tao. Lapad ng balikat, mga guhit sa batok, hugis ng tainga... Walang mata. Walang matang pinakaiiwasan niya. Gaya ngayon sa lantsa, pinili niyang umupo sa likod na bahagi. Katulad noong dumadalaw siya sa adoration chapel para kausapin ang sarili, sa hulihang bahagi rin siya umuupo. Doon siya minsan tatabihan ni Father Ben. Pinupuri ang pagtalima nito sa pagtitina ng buhok. Inaya niya itong magrosaryo. Nananatiling nakatingin sa altar si Milette at tinatanaw ang pagkarami-raming bintana sa kaniyang nakaraan. Nag-antanda ang matandang pari. Paisa-isa, sinambit ang misteryo ng hapis na ang bawat butil ng Aba Ginoong Maria ay parang mga butones na nahuhulog sa kamay ng pari. Nanguna ang pari sa pananalangin na sinasagot din naman ng mga usal si Millete. Matapos ang limang misteryo ng hapis ay sabay nilang dadasalin ang Aba po, Santa Mariang Birhen. Bago magtapos sa pag-aantanda ng krus ay ibubulsa na ng pari ang kaniyang rosaryo at lilisaning mag-isa ang dalaga. Sa bawat pagro-rosaryo nila, pakiramdam ni Milette ay palayo siya nang palayo sa

altar ng adoration chapel. Pero kahit ganun ay hindi napuputol ang pagtitig sa kaniya ng Mahal na Birheng Maria. Sa klase ay nakapako pa rin sa kaniya ang mga mata ni Kristo sa imahen nito sa taas ng pisara, maging ni Father Ben at ng kaniyang mga kaklase na parang binubutas ang kaniyang mga laman.

Araw ng Misteryo ng Liwanag nang maliwanagan si Milette. Muli niyang ginawang pula ang kaniyang buhok at nagtungo sa adoration chapel para mangilin. Tinabihan siya ng pari. Nag-antanda ng krus. Mas madiin ang mga Ama Namin nito ngayon. Nagmamadali at halos hindi na pinapasagot si Milette. Nangangalahati pa lang ang Misteryo ng Liwanag nang magdilim ang kaniyang paningin. Itinarak niya sa lalamunan ng pari ang matulis na gunting. Naging sintingkad ng pagkapula ng buhok niya ang sahig ng adoration chapel.

Sumampa ang mga taga-Coast Guard para sa inspeksiyon ng lantsa bago ito tuluyang pumalaot. Tinitigan niya ang mga ito, mata sa mata. Parang mata ni Kristong binabantayan sila saan man magpunta.

# ANDYLEEN C. FEJE

Si Andyleen C. Feje, mas kilala bilang Andy, ay tubong Quezon, Nueva Ecija. Siya ay isang lesbyanang manunulat at anak ng magsasaka. Siya ay kasalukuyang bahagi ng Atsara Collective, Kataga - Quezon City, at Bahaghari - Metro Manila.

Ilan sa kaniyang mga akda ay mababasa sa Young Blood column ng Philippine Daily Inquirer, Manila Today, Liwayway Magazine, Talinghaga ng Lupa: Mga Tula (Gantala Press, 2019), Agos: UP Refereed Journal ng Malikhaing Panitikan (2020), Ubod Anthology (National Commission for Culture and the Arts, 2020), Lagda: Journal ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (2021), Tingle: Anthology of Pinay Lesbian Writing (Anvil Publishing, 2021), Plus/+, Iba Plus, Maramihan: New Philippine Fiction on Sexual Orientations and Gender Identities (Ateneo Press, 2022), at ARUGA: Mga Sanaysay ng Pagtanggap at Paglingap (UST Publishing House, 2022).

# REASON FOR SELLING

Mainit na ang cellphone ni Lourdes. Kanina pa tunog nang tunog ang notification bell ng kaniyang messenger. Itinuro na sa kaniya noon ng asawa kung paano imu-mute ito pero hindi niya maalala. Kaya naman pinatay na lang niya ang cellphone. Buti pa ’yung power button madaling tandaan, sa gilid lang naman kasi.

Dumiretso si Lourdes sa kwarto. Naroon ang flat screen TV na regalo sa kaniya ng asawa noong nakaraang silver anniversary nila. Katabi ito ng ilang malalaking kahon na balot na balot ng packing tape. Binuhat niya ang TV at ibinalik sa salas, kasama ng iba pang gamit na pansamantala muna niyang itinabi noong isang linggo. Kay bilis ng panahon. Noong nakaraang araw lamang ay ang ingay-ingay ng kanilang bahay. Ang daming tao–bisita ng kaniyang asawa, mga dating kaklase, kaibigan, at maging mga katrabaho.

Binuksan ni Lourdes ang TV. Madalas ito ang pampatulog niya. Ito ang karamay niya sa mga gabing hinihintay niya ang asawa mula sa trabaho. Tanghali hanggang gabi kasi ang biyahe ng bus na minamaneho nito. Sa totoo ay binubuksan lamang niya ang TV para may ingay kahit papaano–para hindi niya maramdamang mag-isa siya. Wala ngang nasusundang teleserye si Lourdes, dahil hindi pa man natatapos ang unang drama matapos ang balita ay nakakatulog na agad siya. Gigisingin na lamang siya ng dampi ng mainit na labi ng asawa sa kaniyang noo, hudyat na lumipat na siya sa kwarto. Saka nito papatayin ang TV. Ngunit, ngayong unang gabi matapos ang libing ng asawa ay hindi siya dapuan ng antok. Lupang hinirang na ang ipinalalabas sa TV ay dilat na dilat pa rin ang kaniyang mga mata. Pinatay na lamang niya ang TV nang mahabang tunog at makukulay na linya na lamang ang maiwan rito.

Saglit na tinitigan ni Lourdes ang repleksiyon niya sa nakasarang TV. Kung tutuusin ay hindi naman niya nilalabanan ang antok. Uminom pa nga siya ng gatas kanina bago mag-ayos sa salas. Iniisip niya ay maganda nga kung makakatulog na siya at baka sa huling pagkakataon ay gisingin siya ng asawa at atasang lumipat na sa kama. Ngunit hindi siya kilala ng antok ng gabing iyon.

Binuksan ni Lourdes ang kaniyang cellphone. Hinanap ang camera button at kinunan ng larawan ang nakasarang TV. Dumiretso siya sa FB. Sinubukan niyang hanapin iyong marketplace na nabanggit sa kaniya noon ng asawa, kaya lang ay hindi niya ito maalala. Nagdesisyon siyang sa timeline na lamang ito i-post dahil marami naman siyang ‘FB friends.’

Sa espayo ng what’s on your mind ay inilagay ni Lourdes ang larawang ng flat screen TV saka dinagdagan ng caption na:

FOR SALE - 32” flat screen TV
In good condition, no issue
RFS: Wala ng gagamit

# GREY POLISHED MARBLE-LOOK PORCELAIN TILE

Muling sinilip ni Joshua ang kaniyang messenger. Siniyasat niya kung kahawig nga ba ng hawak niya sa kaliwang kamay na tiles, ang disensyo mula sa picture na pinadala sa kaniya ng ama noong nakaraang pasko. Magkamukha naman: abuhing marmol na glossy. Nang makatiyak ay sinimulan nang ikabit ni Joshua ang nauna ng tinabas na mga tile. Pinalaman niya ng tinimplang semento ang likod ng mga ito saka marahang pinukpok ng rubber mallet para lumapat. Doble ingat sa pagkakabit si Joshua. Bukod sa sakto lang ang bilang ng binili niyang tiles ay nais niyang tiyaking pulido ang kaniyang gawa. Isa kasi ito sa mga paulit-ulit na hiling ng kaniyang ama noong nasa abroad pa siya, ang ma-tiles ang pasimano ng kanilang bahay para naman daw kitang-kita agad ang katas ng Saudi kapag nadadaan sa tapat nila. Sa probinsiya nila Joshua madalas iyong may mga anak na pulis, pulitiko, o may anak sa abroad lamang ang nakakapagpatiles ng bahay. Alam ni Joshua na utang niya ito sa ama dahil hindi ito nagdalawang isip na ibenta ang minana pang bukid para lamang pang-placement fee niya. Maraming tutol noon sa ginawa ng kaniyang ama, maging ang mga kamag-anak nila na ang dami ring patutsada.

Dalawang taon din ang kontrata ni Joshua sa isang construction company sa ibang bansa. Ilang mahahalagang okasyon din ang hindi niya nadaluhan dahil dito. At tuwing tatanungin niya ang ama kung anong gustong regalo tuwing birthday nito, Father’s Day, o pasko ay palaging tiles ang sagot ng ama. Minsan ay nagugulat na nga lang siya at mini-mention o itina-tag siya ng ama sa FB posts ng isang kilalang tile center sa kanilang bayan, sa pag-

aakalang si Joshua lamang ang nakakakita noon. Kaya naman isa ito sa mga una niyang inasikaso pagkauwi ng Pilipinas: ang kabitan ng tiles ang bagong bahay ng kaniyang ama.

Matapos lagyan ng grout ang pagitan ng mga ikinabit na tiles ay pinicturan ni Joshua ang kaniyang trabaho. Hinanap niya ang huling mensahe ng kaniyang ama na may kinalaman sa tiles at doon nagreply.

’Tay, pasensya na kung na-late. Ayan may tiles na po ang iyong nitso. Sana ay tanaw mo d’yan sa itaas.’

# EDITED

Naiyak si Arvin sa kakatawa nang isa-isahin niya ang "edited" family photos nila. Wala pang isang oras ay andami na agad entry sa comment section ng kaniyang post. Isa itong "FREE Edit Philippines" sa paborito nilang FB group ng kaniyang asawa. Kahit kasi seryoso ang request ay ang daming nagto-troll sa comment section, tulad na lang noong picture kahapon ng isang binatang nagrequest na gawing daks ang kaniyang umbok. Ayon mayroong naglagay ng jumbo hotdog na may katambal na dalawang sunny side up na itlog. Mayroon ding naglagay ng galit na itik at pati si Big Bird ng Sesame Street nadamay.

Pag-i-scroll din ng mga posts at comments rito ang inatupag niya noong nakaraang Linggo, habang nasa waiting area ng hospital at nag-aabang sa nagle-labor na asawa. Pambawas nga naman ng kaba kahit papaano.

"Pa-edit po pls 'yung hawak ko sana ang anak ko. 'Yung karga-karga ko si baby o nasa gitna namin ni misis," caption niya sa post 48 minutes ago, na may kasamang selfie nilang mag-asawa at picture ng balot-balot at mukhang malalim ang tulog na baby.

Iniisa-isa niyang pasalamatan ang mga nag-effort mag-edit ng larawan niya kasama ang mag-ina. Mayroon ding puro kalokohan tulad na lang noong isang pinagpalit pa ang mukha niya at ng baby nila. Pero, pinakanagustuhan niya iyong huling edit. Karga niya ang kaniyang anak na gising at nakatawa, habang katabi ang misis na nakatingin sa kanila. Nakaupo sila sa isang mahabang foamed na sofa sa gitna ng sala. Ginagawa niya itong profile picture.

"Maraming salamat po sa nag-edit ng family picture namin. Kahit paano nakita ko ritong gising at nakangiti ang aking mag-ina," caption ni Arvin matapos palitan ang kanina lamang black DP sa FB.

# JOHN CARLO S. GLORIA

Si John Carlo S. Gloria ay kasalukuyang guro ng panitikan at teorya sa Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan nagtapos din siya ng kaniyang Masterado sa Panitikang Filipino. Nagtapos siya ng kaniyang digring batsilyer sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Ang kaniyang mga tula at kuwento ay mababasa sa ilang mga antolohiya at journal sa bansa.

# PARIKALA NG MGA LETRA

**kum.pi.den.si.yál** *pnr* **[***Esp confidencial***]** 1: lihim na pahayag o kilos: CONFIDENTIAL 2: nagpapahiwatig ng pagiging lihim o lingid: CONFIDENTIAL 3: may tinataglay na tiwala sa tao: CONFIDENTIAL 4: limitado sa mga awtorisadong tao sa paggamit ng impormasyon, dokumento, at iba pa: CONFIDENTIAL.

Nakapako lang ang tingin ni Quito sa diksiyonaryo, hindi dahil sa natural niyang hilig sa paghahanap ng kahulugan kundi dahil naglalaro sa mga mata niya ngayon ang mga titik ng salita. Nakadila sa kaniya ang L-I-H-I-M habang kumikendeng-kendeng; pauyam namang tumatawa ang T-I-W-A-L-A; samantalang nagsipaghanay ang A-W-T-O-R-I-S-A-D-O-N-G-T-A-O na sinimulang harangan at sitahin ang ibang mga letra.

Taranta niyang isinara ang libro pero nagsipagtalunan lang palabas ang mga titik bago pa sila tuluyang maipit. Naalala ni Quito sa mga letrang S at G ang kaniyang sahod bilang Teacher 1. Naroon din ang matagal na nilang hinihintay na P-B-B, iniipong C-P-D, at maanomalyang N-A-T taon-taon. Ipinikit niya ang mga mata para maglaho ang mga letra at balintunang dito unti-unting lumitaw ang larawan ng mga estudyante niyang nag-uunahan sa pila ng libro dahil kapos ang kopyang ibinibigay ng custodian. Silang mga kailangan pang magdala ng sari-sariling silya dahil kulang ang nasa klasrum. Tama! Ang nagulanit nilang klasrum na hinati sa dalawa mula nang magkaroon ng Senior High School.

“Puking-ina!” ang paimpit niyang nasabi pagkaraang dumilat at pailing-iling ang ulong parang iwinawasiwas ang mga nakita sa pagpikit. Ayaw niya sanang iromantisa ang sitwasyon nila. Subalit

hindi niya rin maipagpag sa isip ang nabasa niya sa website ng pahayagan kaninang umaga:

Education is intertwined with national security. It’s important for us to mold children who are patriotic, who will love our country and defend our country, Duterte said…

Nakikita niya pa rin ang mga nag-uumpugang letra sa isa’t isa. Naroon pa rin ang diksiyonaryo. Binuksan niya sa pahinang kaharap kanina sa pag-aakalang magsisitalunan ang mga titik pabalik dito. Pero kumikendeng, tumatawa, nagsisipaghanay, at nag-uumpukan pa rin ang mga ito. Sinaklot niya ang K-U-M-P-I-D-E-N-S-I-Y-A-L at inihanay bilang PUKI DEN SIYA. Pinitik niya ang M at L na hindi niya ginamit. Umiyak ang mga ito sa sahig at nagbanta ng “Yari kayo ’pag nag-Martial Law!”.

Hindi pinansin ni Quito ang mga nagmamaktol na letra. Sa halip, dinukot niya ang ballpen sa bulsa para lagyan ng “!!!” sa dulo ang mga binuong salita bago mariing ginuhitan ang **3:** may tinataglay na tiwala sa tao.


Tumunog ang bell ng eskuwela. Nagsitakbuhang pabalik ang mga titik sa diksiyonaryo. Kalam-ang-sikmura na naman siyang magkaklase.

# ANG SIKRETO SA PRODUCTIVITY METHODS

Sanrekwang videos na ang pinanood ko sa YouTube tungkol sa productivity methods pero iisa lang naman ang bottomline ng lahat – kelangang iiskedyul mo nang maayos ang mga bagay. Na para bang sinasabing ‘pag naihanay mo nang lahat ang mga kelangang gawin, malaking bahagi na nito ang natapos mo. Kahibangan sa ’kin ’yon at duda ako sa simula pero syempre, sinunod ko pa rin dahil madali lang naman akong makumbinse ’tsaka sabi ko sa sarili, sense of productivity na rin ’to lalo na’t hanggang leeg ang trabaho.

Mahirap ding maging secretary, ’no! Abot-abot ang mga kelangang gawin. Halos asawahin ko na nga ’tong laptop ng kompanya e. Akala ko pa nung una, galante ’tong boss ko. Paano ba naman halos nakaplaster ang ngiti nung iniinterbyu ako. Bilib daw siya sa English ko. Sabi niya noon, minimum muna ang suweldo at ’pag nag-pick-up na ang negosyo ng kaniyang Travel and Tours at Hotel Car Service, tataas din ang bigay sa akin. Ang kaso, magdadalawang taon na ako sa trabaho, multo pa rin ang dagdag-sahod na ni hindi man lang nagpaparamdam. Dapat talaga, nag-4-year course ako. E di sana, hindi ako nagkakaganito. Anyway, balik tayo sa sinusunod kong productivity methods dahil iyon naman talaga ang gusto kong ikuwento. Ekis na muna sa drama. Bale, itong natutuhan ko, kelangan mo lang gamitin ang mga nasa Google na rin mismo. Kaunting kalikot lang sa Google Task at Google Calendar, mas magmumukhang organisado na ang buhay mo. Naks! ’Yang una, diyan ko inilalagay ang mga bayarin kada buwan. Pag na-settle ko na ang item, iki-click ko lang ’yung bilog sa

gilid at maglalaho na sa listahan. Achievement ko na ’yon, ’di ba? ’Yang calendar naman, diyan ko inilalagay ’yung mga usual kong ginagawa kada araw pati na rin ’yung mga kelangan kong i-remind sa sarili at kay Boss. Bongga ’to dahil very colorful! Heto ang sample basta quiet lang, ha? Promise?



# BRIEF NA BACON

Simple lang naman talaga ang pangarap ngayon ng bidang tauhan nating si Junjun. Ang kaso lang, hindi niya 'to puwedeng ipagsabi, kahit pa sa tomaan, alang-alang sa kaniyang kahihiyan. Pero dahil naririto na rin lang tayo at wala naman akong paki sa karapatan ng mga tauhan sa kuwento, ibubuking ko na rin sa inyo.

Pangarap ni Junjun ang makabili ng set ng bikini briefs. Naisip niya ito matapos madaanan ng sinasakyan niyang jeep papasok sa trabaho ang billboard ni Dingdong Dantes – naglalangis ang katawan habang nakabuyangyang sa sahig, suot ang itim na brief na may makapal na garter at natititikan ng BENCH. Na-imagine niyang saglit ang sarili na suot 'yon at taglay rin ang mapang-anyayang titig ng isang artista. Pero gumuho lang agad ang mga imaheng ito nang maalala niyang minsan habang nasa trabaho, nagsipagbungisngisan ang mga dalagang nasa likod niya. Naglilipat siya noon ng mga labada ng customer mula sa magkapatong na washer at dryer. Huli na niyang na-connect-the-dots na dahil sa pagyuko, umangat ang kaniyang t-shirt at namintana ang bacon niyang brief sa sinturera ng kaniyang pantalon. Kung alin sa dalawang pangyayari ang naging mas matimbang kaya pinangarap ng bida nating tauhan ang bikini briefs, hindi ko rin alam at bahala ka nang humusga.

Sakaling hindi mo pa na-infer, staff si Junjun sa Chynna-Von Laundry Shop. Limang araw ang pasok at sampung oras ang kelangang bunuin sa paglalaba, pagpipindot ng machine, pagtutupi, at pagsasalansan ng mga nilabhan. At isang araw na laro (biro o hamon) ng pagkakataon, naiwan ng isang customer sa gilid ng dryer ang sumuksok nitong brief. Nakita ito ni Junjun nang tiyempong

ililipat na roon ang patutuyuing labada ng nagpa-full-service nilang suki. Iwinagwag niya ang maligamgam pang itim na brief bago dalhin sa puwesto niyang tapat ng kaha. Nang balikan ang labada at habang isinusubo ang mga patutuyuing damit sa nakangangang makina, parang mga nagbubuhol na sinulid ang naiisip niya: de-kalibreng garter ng brief, Junjun bilang Dingdong Dantes, Junjun ni Dingdong Dantes, walang lost & found sa shop, BENCH, may maghahanap ba sa nawawalang brief, bungisngis, bacon.

Tatlumpu't dalawa ang numerong lumabas nang pindutin niya ang dryer. Ibinalik si Junjun ng tunog sa sariling ulirat. Tumungo siya sa kaha at naroon ang nakaladlad na itim na brief. Maingat niya itong itinupi nang tatlong ulit bago isinuksok sa pinakailalim ng kanyang bag. Isinagad niya ang pagkakasara ng zipper. Napangiti siya nang maupo. Sabik na siyang makauwi.

Kung naroon sana ako, ipaaalala ko sa bida nating tauhan na sa Chynna-Von Laundry Shop, bawat paglalaba, pagpipindot ng machine, pagtutupi, at pagsasalansan ng mga nilabhan ay namamataan ng CCTV sa kaniyang ulunan. At dito, hubad na hubad ang katotohanan.

# REY MART LAPIÑA

Si Rey Mart “Malaya” Lapiña ay isang trans woman (posttranssexual) mula sa Lungsod ng Davao. Nagtapos siya ng kursong BS Anthropology sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanao, kung saan iya kasalukuyang nagtuturo sa ilalim ng Departamento ng Agham Panlipunan. Ang kaniyang interes na pag-aralan at isulat ay mga paksang may kinalaman sa kasarian at seksuwalidad, kulturang popular, at naratibo ng mga trans sa Pilipinas.

## CYBORA

Nagsisimulang magising ang siyudad. Ngunit hindi pa ako dinadalaw ng antok, kasabay ng paghithit ko sa unti-unting nauupos na sigarilyo ang pakikinig sa busina ng malalaking container truck na rinig na rinig mula sa inuupahan naming maliit na kwarto na dalawang kanto lamang ang layo mula sa national highway. Walang lamig na dala ang madaling araw, tila inaagaw ito ng mga pader at aspalto kasabay ng pag-alingasaw ng samyo ng nabubulok na kanal papasok sa pinagtagpi-tagping plywood ng kuwadradong espasyo. Kung may pagpipilia'y walang nasa matinong pag-iisip ang pipili ng lugar na ito.

Pinagmasdan ko mula sa mga siwang ng dingding ang gumigising na eskinita. Hindi ang pagtilaok ng mga tandang ang sumalubong sa bukang-liwayway. Kundi ang mga busina, ang maagang sigawan, ang sagitsit ng mantikang galit na galit dahil makailang ulit ng pinirituhan ng tuyo, ang garalgal ng mga lumang electric fan na nagkulay abo na dahil sa alikabok, at ang mga pabulong na pag-apuhap sa sarili. Binuga ko ang usok na hinithit.

"Unsa ka oras mulakaw?*" Mahinang tanong ko sa lalaking nakahiga sa papag na kahit pawisa'y nakatalukbong sa kulay rosas na kumot.

"Gikapoy pa ko, pero karong taod-taod. Muagi pa ko ila Boss aron kuhaon ang sikad.**" Sagot niya habang hinahanap ang posisyon sa pagkakahiga na mag-aalis sa paulit-ulit na pagod ng katawan.

"Pagdali na diha. Kailangan pa nako tarungon akuang background. Alas kuwatro ko magsugod sa akuang show.***" Hindi ko na tiningnan pa ang kaniyang pagkilos, hinanap ko ang

tuwalya upang makaligo na. Walang lamig ang tubig. Tila galing sa pagpapakulo't naiwan ng ilang minuto ang dumadaloy sa gripo. Sanay na ang katawan sa ganitong pakiramdam. Habang dinadama ang haplos ng bula mula sa sabon, narinig ko ang pagsara ng pinto at kasabay nito ang mahinang "Una na 'ko! Pag-amping ha. Ayaw kaayo pakapoy.****" Nakaalis na siya. Hindi na ako tumugon pa, ayaw kong magpaalam.

Paglabas mula sa banyo ay binuksan ko ang personal computer set na nakatapat sa maliit na bintana, kahit papaano ay nagbibigay ng natural na liwanag ang butas. Nagbalik sa aking alaala ang pakiramdam ng tuwa noong nabili ko ang computer na ito, isang taon ko ring pinag-ipunan ang halos kuwarenta mil. Hudyat ito ng aking pagsisimula. Binisita ko ang website kung saan magaganap ang show. Kinakailangang maglog-in at magpaalam sa aming manager kung magsisimula na. Habang hinihintay na pumasok ang mga manonood sa akin ay sinabay ko na rin ang pagbibihis. May mga parokyanong gustong makita kung paano ako naghahanda.

Sa gitna ng nagigising na siyudad ay isinuot ko ang aking kulay itim na leather romper at latex stockings na pilit na ipinagkakasya kahit na hinahabol ang paghinga dahil sa sikip. Sumisigaw na rin ang mga paltos sa aking paa nang isinuot ko ang pulang stiletto at ang heel restraints na kasama rito. Pero kinakailangan tiisin ang sakit. Kailangang maging manhid. Kasunod kong inayos ang aking buhok, semi-topknot na may kaunting kulot sa dulo. Sinimulan ko na rin ang pag-aayos sa aking make-up habang sumisilip kung marami na ba ang mga nanonood sa aking show. Simple lang naman ang mga kolorete na kailangan,

eyeshadow lang sa smokey na mata at para maging mas nakakailang ang itsura, eyeliner para sa gagawing cat eye, false eyelashes, at pulang lipstick. Pudpud na ang mga koloreteng ito, pero ayaw ko pa ring magpaalam. Natapos na ang paghahanda. Ngunit kahit matagal na ako sa gawaing ito, tila ba'y hindi kailanman nasanay ang aking sarili. Dinadapuan pa rin ako ng kaba. Pero kailangang hindi makaramdam.

"Hello daddy!" bati ko sa isang Amerikanong sa tingin ko ay nasa animnapung taong gulang na. Kasing edad ng lalaking unang tumuyo ng aking luha.

"Hi! You look stunning!" tugon niya habang ipinapakita ang kulay puting brip na suot na natatabunan ang kalahati ng lawlaw at kulubot niyang tiyan.

Sanay na ako sa ganitong tanawin. Araw-araw ko itong nakikita. Pero kailangang hindi makaramdam. Sinimulan ko ang aking show, saksi ang dingding sa aking pagsayaw sa saliw ng mga awiting hindi ko maintindihan ang mga liriko at kung paano ko pinaglalaruan ang mga gamit na parte ng pagtatanghal—ang aking latigo, ang mga laruang kahugis ng mga ari, ang iba't ibang laki ng mga bolang ipinapasok sa mga naiisip nilang butas. Minamapa ng aking mga kamay ang sarili nitong katawan. Pinaglaruan ang susong tayong-tayo, dinadama na ang mga ito'y bunga ng aking pagsisikap. Habang tumatagal sa kalakarang ito ay lumalaki rin ang hinaharap.

"Show me your dick!"

Bigla akong natigilan. Sa gitna ng maingay na siyudad ay rinig ko na parang nagmula sa trumpa na nagpapabatid ng nagbabadyang trahedya ang tinig mula sa computer screen. Palagi

kong naririnig ang ganito. Ngunit kailanman ay hindi nasanay ang aking sarili.

Nagbalik ang mga dating pangamba. Ang mga dating sinuong na balakid. Muling nagbukas ang mga sugat na unti-unti na sanang naghihilom. Muling pumintig ang natutuyo at nagbibitak-bitak na puso. Nakaramdam muli ako.

Habang dahan-dahan kong binuksan ang zipper ng aking leather romper dress at inilabas ang bahaging pilit kong kinakalimutan. Tumunog ang aking cellphone.

"Pabalik nako diha. Nagdala ko'g pamahaw.*****" Isang text ang panandaliang humawi sa mga takot.

"Taod-taod na balik. Wala pa ko nahuman.******"

Kasabay ng paglabas ng mga likidong hindi ko na sana nais pang makita ay ang pagtulo ng aking luha. Matapos ihulog ng Amerikano ang kaniyang dalawang libong token sa aking account sa website bilang kabayaran sa pagbaboy ko sa aking katawan ay umalis na rin ito sa aking show, limampung dolyar ang katumbas ng pananariwa sa mga sugat.

Habang naiwan akong dinarama ang mga bagay-bagay at binabagabag ng tanong kung isa bang sumpa o biyaya ang makaramdam. Sa gitna ng aking pag-iisa at sa gitna ng maingay na siyudad ay nakarinig ako ng katok.

agbalik siya.

*Mga Tala:*

* *"Anong oras ka aalis?"*

** *"Pagod pa ako, pero maya-maya. Dadaan pa ako kina Boss para kunin ang padyak."*

*** *"Bilisan mo na d'yan. Kailangan ko pang ayusin ang background ko. Alas kuwatro ako magsisimula ng show."*

**** *"Mauna na ako! Mag-ingat ka ha. 'Wag kang masyadong magpapagod."*

***** *"Pabalik na ako d'yan. May dala akong almusal."*

****** *"Mamaya ka na bumalik. Hindi pa ako natatapos."*

# KUNG PWEDE BANG UMIYAK NA WALANG LUHA?

Isang mainit na hapon sa kalagitnaan ng bakasyon nakita ako ng aking tatay na naglalaro ng chinese garter sa kalsada suot ang bestida ng aking nakatatandang kapatid na si Nena. Nakataling pig tails ang aking buhok na medyo mahaba na rin dahil dalawang buwan nang hindi nagugupitan. Kulay pula ang labi at may blush on mula sa mga kolereteng dala ng mga kalaro. Sinigawan niya ako at pinauwi sa bahay.

Hindi ko nararamdaman ang pagtulo ng aking mga luha ngunit alam ko na umiiyak ako. Upang hindi mapansin ang masasakit na salitang binibitawan ng aking tatay na parang mga pana at itak na tumatagos sa aking kaluluwa ay inaalala ko ang masasayang karanasan, habang umaasa na mapapawi nito ang mga sugat na unti-unting bumabaon sa aking puso—inalala ko kung paanong tumili at nagwala kami ng aking mga kaibigan dahil sa tuwa noong tinawag si Janine Tugonon na pasok sa Top 5 ng Miss Universe at kung paano rin kami nalungkot noong hindi niya naiuwi ang korona tinandaan ko kung paano namin ginagaya ang kaniyang Cobra Walk habang naglalakad sa aming eskinita at sinaulo ang kaniyang napakagandang sagot sinariwa ko rin ang pakiramdam noong pinansin ako sa unang pagkakataon ni Kuya Raven na crush kong basketbolista sa amin noong inutusan niya akong bumili ng tagpipisong ice tubig sa tindahan nila Aling Bebot at kung paano ko kinuha ang ininuman niyang supot at sinupsup ang bahagi kung saan niya ito kinagat sinimot ko ang natitirang tubig kahit hindi naman ako uhaw inalala ko ang kilig sa tuwing pinagmamasdan kung paano tumatagaktak sa kaniyang mukha

ang pawis na mas lalong nagpapakita sa kaniyang matangos na
ilong at kung paanong ang basa niyang buhok ang pumapawi
sa aking kalungkutan at pagnanasa tinandaan ko kung paano
ako binibiro ng aking mga kaibigang sina Tonton at Banban na
tinitingnan niya ako sa tuwing nakaka-score inalala ko kung
paano namin tingnan ng aking mga kaibigan ang mga brochure
ng brip na mula sa RTW dealer na si Aling Jing at kung paano
pabiro naming hinihimas ang mga katawan ng mga model nito na
kunwari'y pumipili ng mga nais naming maging boyfriend inalala
ko ang pakiramdam noong unang pagkakataon kong magsuot
ng dress kung ano ang tuwang naramdaman ko sa pagtingin sa
salamin na pakiramdam ko ay sa wakas tama na ang nakikita kong
imahen ng sarili ang unang dampi ng brush ng kolorete sa aking
pisngi at ang unang pagsubok na maglagay ng lipstick na naging
dahilan upang palitan ang pangalang ibininyag sa akin ng aking
ama na mula sa Bonifacio ay isinilang si Bona sinariwa ko kung
gaano ako kasaya noong binigyan ako ng kulay pink na headband
ng aking gurong si Binibining Calora kung paanong imbes na
ihalal bilang Prince sa klase ay ginawa akong Muse at pinayagang
hiramin ang mga sapatos ng classmate kong mga babae sinariwa
ko kung paano ako pinalakpakan noong sumali ako sa amateur
singing contest sa aming barangay at bumirit ng awiting Dadalhin
ni Regine Velasquez tinandaan ko ang ngiti ng aking ina nang
inanunsiyo ako bilang kampeon sa patimpalak inalala ko kung
gaano ako kasaya noong nalaman kong aalis si tatay papuntang
ibang bansa at doon na muna mamasukan bilang welder sa loob
ng dalawang taon na imbes na umiyak dahil sa pangungulila ay
nakaramdam ako ng kalayaang ipahayag ang aking sarili sinariwa

ko ang tuwa na naramdaman dahil kahit papaano ay mahihinto na ang mga latay ng sinturon sa aking katawan na sa wakas ay papasok ako sa eskwelang maayos na makakapaglakad at hindi itatago ang namamaga kong mata dahil magdamag na umiyak na kahit panandalian ay malaya akong maging ako at rarampa ng hindi tumitingin sa likuran kung nakasunod ba ang isang matipunong katawan na kung minsan ay may dalang sanga ng bayabas o hindi mangangamba na mayroong biglaang sumigaw habang nanonood ako ng mga lalaki sa liga ngunit doon natatapos ang pagbabalik-tanaw ko sa mga masasayang bahagi ng aking buhay upang pigilan ang paghikbi dahil nakabalik na siya at narito siya sa tabi ng drum kung saan ako kasalukuyang paulit-ulit na inilulublob!

Sa wakas nakahinga rin!

Kung pwede bang umiyak na walang luha? Kung sanay ka na.

Dula

# RICK PATRIARCA

Si Rick Patriarca ay kasalukuyang nagtatrabaho bilang editor ng isang US newsletter. Nagsusulat siya ng maiikling dula sa Filipino at Ingles. Ang ilan sa kaniyang mga likha ay naging bahagi na ng taunang Virgin Labfest sa Cultural Center of the Philippines. Miyembro siya ng Writer's Bloc.

# BACKHOE

*Dulang may Isang Yugto*

**Synopsis**

Ayaw lisanin ni Boy ang barong-barong sa tabi ng isang dumpsite sa Brgy. Resilience, Cavite City. Kahit na bukas na ang demolisyon, hindi raw siya aalis hangga't hindi maayos ang relocation site na itinalaga para sa kanilang pamilya sa Montalban, Rizal. Hindi siya magawang piliting umalis ni Kap, ang batang kapitan ng barangay, at kahit na ni Yna, ang kaniyang asawa na apat na buwang buntis. Titiklop kaya si Boy 'pag binigyan siya ni mayor ng espesyal na ayuda? O patuloy siyang maninindigan hanggang patagin na ng backhoe ang kanilang tirahan?

**Mga Tauhan:**

**Boy***, lalaki, mid 40s, mukhang matanda para sa edad*

**Yna***, babae, early 40s, apat na buwang buntis*

**Joseph***, lalaki, 17, panganay na anak nina Boy at Yna*

**Kap***, lalaki, mid 30s, kapitan ng barangay*

**Tagpuan:**

*Kasalukuyan. Sa Brgy. Resilience, Cavite City.*

*Magaganap ang dula sa loob ng isang barong-barong. Sala ang gitna ng entablado, kusina naman sa likuran.*

*May itak na nakasabit sa dingding ng kusina. Mainam kung ang buong set ay gawa lamang sa karton. Ang daanan sa kaliwa ay papunta sa silid-tulugan. Sa kanan ang daan papunta sa banyo. Ang main door naman ng bahay ay manggagaling sa harap.*

*Sa pagsisimula ng dula, panandaliang maririnig ang tunog ng isang backhoe. Kalaunan, hihina ito, ngunit 'di rin mawawala sa kabuoan ng dula.*

*Magbubukas ang ilaw at makikitang nakaupo si JOSEPH sa kung saan, naggugupit ng mga kuko sa paa. Halatang bagong ligo siya.*

*Makalipas ang ilang saglit, papasok si BOY na may dalang supot ng pagkain.*

**BOY**

Tanghali na. Akala ko'y lalambat kayo ni Pareng Rene?

**JOSEPH**

Si JR na lang ang sumama.

**BOY**

Bakit? Anong malay ng kapatid mo mangisda?

**JOSEPH**

Marunong na 'yon. Di mo lang alam, pero madalas na 'yon sumasama kina Mang Rene. Sayang nga e. Saka siya natuto kung kailan lilipat na tayo. *(Saglit.)* Walang dagat sa Montalban, ano 'Tay?

*(Saglit.)*

**BOY**

Saan naman ang lakad mo ngayon?

**JOSEPH**

Magtatagpas ng puno. Magtatanggal rin ng bara ng alulod.

**BOY**

Para kanino?

**JOSEPH**

D’yan, sa Tierra.

**BOY**

Kanino nga?

**JOSPEH**

Kina Aling Marla.

**BOY**

Ka-kulit mo a. ’Di ba sinabi ko na sa’yong ’wag kang tatanggap ng trabaho do’n?

**JOSEPH**

500 ang bayad, ’Tay. Dalawa lang kaming maghahati ng tropa ko. Sandali lang pati ’yon.

**BOY**

Kahit na. Alam mo, nananadya ’yon e. Talagang ikaw ang nilapitan para bwisitin ako. *(Saglit.)* Nakalimutan mo na bang wala nang nagpapaayos ng appliance sa’kin d’yan sa subdivision dahil sa kaniya? ’Di na nga nagbayad, siniraan pa ’ko. Ang ganda ng repair ko sa ref niya, kasalanan ko ba kung tanga siya gumamit? Tingnan mo, balita ko, buwan buwan, may pinapaayos siyang gamit.

**JOSEPH**

Sayang. E ’di sana, buwan-buwan may matik na trabaho ka.

**BOY**

Hindi kinahihinayangan ang mga taong gano’n. Matapobre.

**JOSEPH**

Isang taon na ’yon, Tay. Mag-move on ka na.

**BOY**

Move on? ’Di ba nga, noong nagreklamo siya sa barangay, grabe kung manduro. Kulang na lang, duraan ako sa mukha. Sigaw pa nang sigaw ng hampaslupa at pulubi.

**JOSEPH**

Hindi naman tayo pulubi.

**BOY**

O, kaya nga!

**JOSEPH**

E bakit ka nasaktan?

**BOY**

Akala mo kung sino e. *(Saglit.)* Kaya ‘wag ka na pumunta do’n. Baka mamaya, laitin ka lang no’n.

**JOSEPH**

Ikaw lang naman ang maramdamin, ’Tay. Sasabihin ko sa kaniya, trabaho lang po. Walang personalan.

**BOY**

Bahala ka. Basta sinabihan kita. (*Mapapansin ang mga nasa sahig.)*

O, ba't may mga karton dito?

**JOSEPH**

Pinagiimpis na 'ko ni Nanay.

**BOY**

Ka-kulit naman ng nanay mo. Manang-mana ka do'n e.

**JOSEPH**

Para nga naman sure. Magkakatakbuhan e. *(Saglit.)* Alam mo, 'Tay, sabi ni Ryan, 'yung tropa kong may tatay na pulis, handang-handa na raw sila bukas. Nag-sorry na nga ako agad sa kaniya e. Sabi ko, sorry pre, baka mabato ko ng bote 'yung tatay mo sa mukha.

**BOY**

Paanong handa?

**JOSEPH**

Maaga raw silang pupunta dito sa'tin bukas. Tapos pwede pa raw sila humingi ng backup sa mga pulis na taga-Imus. Bobombahin nga raw tayo ng fire truck 'pag nagkagulo. Sabi ko, may mga bomba rin tayo, ano. Iba nga lang.

**BOY**

Hoy, magtigil ka! Ayokong makikita ka sa plaza bukas.

**JOSEPH**

Syempre, kung nasa plaza ka, nasa plaza rin ako.

**BOY**

Seryoso ako. Samahan mo dito ang nanay at mga kapatid mo. At sino ring bubuhat nitong mga karton?

**JOSEPH**

Kaya na ni Nanay ’yan. Matagal pa namang manganganak ’yon.

**BOY**

Kukutusan kita! Ako na mismo gugulpi sa’yo.

*(Saglit.)*

**JOSEPH**

Sure na talaga ’yon ’no, ’Tay? ’Yung demolition? ’Di na madadaan sa usapan? *(Saglit)* Kahit ako naman, ayokong lumipat. Pero...bahala kayo d’yan. Kahit saan naman, ok lang sa’kin.

*(Papasok si YNA mula sa kaliwa. Ituturo niya ang mga karton.)*

**YNA**

O, Joseph. Sabi ko sa’yo, umpisahan mo na ’to.

**JOSEPH**

Naligo pa ’ko e. Maya nalang pagbalik ko.

**BOY**

*(Kay YNA.)* Pinayagan mo ito magtrabaho kina Marla?

**YNA**

Hayaan mo na. Huling raket naman na niya do’n.

**JOSEPH**

Aalis na ‘ko!

*(Maglalakad palabas ng entablado si JOSEPH.)*

**YNA**

Mag-iingat ka! Bili kang meryenda pag-uwi mo!

*(Saglit. Ituturo ni BOY ang supot ng pagkain.)*

**BOY**

Ayan o, pansit. Dumaan ako kina Tonti kanina. Bigay ng misis niya.

**YNA**

Ano raw balita?

**BOY**

Wala. Nasa Puerto Galera pa rin daw si Mayor, hindi makontak.

**YNA**

Bakasyon grande pa rin?

**BOY**

Ganda talaga ng timing e, ’no.

**YNA**

Kahit naman makontak ’yon, wala silang magagawa. Siya nga ang may gustong lumayas tayo dito e.

**BOY**

E ’di ba nga, sabi niya sa interbyu, walang magaganap na relocation hangga’t ’di plantsado lahat? Siya raw ang personal na mag-aasikaso para siguradong walang maagrabyado.

**YNA**

Naniwala ka naman? Syempre, showbiz lang ’yon. *(Saglit.)* Nakakain ka na? Akin na ’to?

**BOY**

Bigyan mo ng kaunti ang bunso mo. Asan na nga pala ’yon?

**YNA**

*(Magsisimulang kumain.)* Nasa playground sa Tierra. Sinusulit na niya, walang  playground do’n sa Montalban e. Magkakalayo pa sila ng mga kaibigan niya.

**BOY**

Akala ko nangalakal.

**YNA**

Ng ano? E matagal nang walang nag-iimbak d’yan. Simot na simot na ‘yan.

*(Maglalakad si BOY papunta sa pintuan, matutulala sa labas.)*

**BOY**

Nagising ako kaninang madaling araw. Naglakad-lakad. Lagpas kalahati na ng basura ang  nahahakot nila. Taon ang naipon d’yan sa dumpsite, naimpis nila nang ilang linggo lang.

**YNA**

Hindi nawawalan ng trabahador e.

**BOY**

Pero ’yung footbridge sa main highway, ’di nila matapos-tapos.

**YNA**

Baka wala na silang mapiga do’n. ’Pag nagkalabasan ng budget, uusad ulit ’yon.

**BOY**

*(Haharap kay YNA.)* Buti, nakakatulog ka pa? Simula nang maghakot sila, ni idlip, hindi ko magawa. Umaga, tanghali, gabi. Toot toot toot! Nakakarindi! Kahit sa bangungot ko, naririnig ko 'yang punyetang backhoe na 'yan.

**YNA**

Wag mo kasing pansinin. Mahina lang naman ang tunog e.

**BOY**

Ang lakas kaya! Ang lapit lang sa atin, o.

**YNA**

Nakasanayan ko na nga lang. *(Saglit.)* Halika, tulungan mo na 'kong magligpit ng mga gamit.

*(Ilalagay ni YNA ang mga plato sa kusina at kukunin na niya ang isang karton at magsisimulang magligpit.)*

**BOY**

Hayaan mo na muna 'yan.

**YNA**

Mukha kang tanga. Gusto mo, masayang lahat ng gamit natin?

**BOY**

Malamang papunta na si Kap. Mamimilit na naman 'yon. Anong iisipin no'n 'pag nakita niyang handa na tayong umalis? Tumiklop tayo?

**YNA**

Titiklop naman talaga tayo e. Ikaw lang naman ang matigas. Mas

mabuti nang tumiklop  kesa sa mabali.

**BOY**

Wow. Saan mo naman narinig ’yan?

**YNA**

Kay Marian Rivera. Napanood ko kahapon sa YouTube.

**BOY**

’Pag lumipat tayong Montalban, hindi ka na makaka-YouTube. Walang signal do’n.

**YNA**

Kahit Smart?

**BOY**

Lahat ng network, wala. Nakita mo, nasa gitna ng kawalan.

**YNA**

E signal ng TV, meron?

**BOY**

Bakit, may TV ka ba?

**YNA**

Bibili. Mag-iipon ako.

**BOY**

Paano? E hindi nga natin alam saan hahagilapin ’yung hinihinging 600 na buwanang upa.

**YNA**

E ’di makikinood na lang ako sa magiging bago nating kapitbahay.

**BOY**

Wala pang kuryente ang karamihan sa mga units do’n. Kalaking lugar, iisa lang ang poste!

**YNA**

E ’di ’pag dumami na. ’Di ba sabi nga ni Kap, kausap na nila ang Meralco?

**BOY**

Naku, parehas lang silang showbiz ni Mayor.

**YNA**

Kung wala talaga, e ’di magtiis na lang muna.

**BOY**

Kaya mong walang electric fan nang ilang araw o linggo? Mabilis ka pa namang mabwisit  ’pag mainit. Saan mo rin icha-charge ’yang cellphone mo?

**YNA**

Makakahanap rin tayo ng paraan ’pag nando’n na tayo. Rasyon. Jumper. Generator. Basta! Tayo pa ba? *(Saglit)* Nakalimutan mo na ba? Noong una tayong lumipat dito noong bagyuhin tayo, bata pa ’yang panganay mo, wala ring kakurye-kuryente dito? Wala ring tubig. Lalong walang internet. Wala nga mismong bahay e. Trinabaho lang natin ang lahat  ng mayroon tayo paunti-unti.

**BOY**

Madali tayong nakakilos noon dito kasi may katabing subdivision. Doon, sasakay ka  muna ng jeep ng trenta minutos bago ka makakita ng ibang bahay. *(Saglit.)* Tsaka may  naipundar na tayo dito e. Bakit pa tayo magsisimula sa wala?

**YNA**

Bahay kasi ’yon, Boy. Ayaw mo bang magkaroon ng sariling bahay? ’Yung totoong bahay?

**BOY**

Gusto.

**YNA**

Iyon naman pala e. E ’di catch!

*(Ibabato ni YNA ang isang maliit na karton kay BOY.)*

**BOY**

Mamaya na nga! Ang kulit.

**YNA**

Boy, ’pag sa’tin na ’yung bahay, magkakasarili na tayong kwarto. Alam mo ba ang ibig sabihin no’n?
(Saglit. Sabay silang mapapangiti.)
Iyon lang, panalo ka na! Maya’t-maya mo na ako makakalabit.

**BOY**

Buntis ka pa hoy!

**YNA**

Magkakaroon na tayo ng sementong dingding! At ’yung bubong, hindi sumasayaw ’pag malakas ang hangin. Hindi pa takaw-sunog.

**BOY**

Takaw-sunog din do’n. Pinagtabi-tabi nilang maigi ’yung mga bahay e.

**YNA**

Kumpara naman dito, ilang beses na talagang nagkakasunog! Sinuswerte lang tayo't 'di tayo nadadamay. *(Saglit.)* Pagagandahin ko 'yon, Boy! Sa wakas, makakagamit na rin tayo ng mga kurtina! Makakapaglagay na tayo ng Welcome Home placemat. Tapos kapag lumaon, magkakagamit na 'yung kusina natin. Maliit na ref, gas stove, baka nga pati electric toaster! May paglalagyan tayo ng washing machine. Nai-imagine mo ba, Boy? Gaganda ang buhay natin!

**BOY**

Ang bilis mo naman mag-isip.

**YNA**

Simbolo ng pag-asenso ang pagkakaroon ng bahay. Ayan o, iniaabot na nga sa atin. Ayaw mo lang tanggapin!

**BOY**

*(Matatawa.)* Anong asenso? Ibabaon kamo tayo sa utang ng pabahay na 'yan. *(Saglit.)* Akala mo ba'y ililipat nila tayo doon para guminhawa ang buhay natin? Kung may pakialam sila sa atin, dati pa sana nila tayo inilipat sa mas maayos na lugar. Sadyang may malapit lang na itatayong Vista Mall si Villar dito.
(Saglit.)

**YNA**

Nakakabwisit ka, Boy. Panira ka ng umaga.

**BOY**

Bakit na naman?

**YNA**

Ang dami mong reklamo sa buhay! Dapat naging mayaman ka e.

(Itutupi ni YNA pasara ang isang karton.
Tatayo siya at magsisimulang hugasan ang platong pinagkainan.)

**BOY**

’Pag mahirap ba, wala nang karapatang magreklamo?

**YNA**

Meron, pero ’pag tinutulungan ka na, matuto kang magpakumbaba. Natural, hindi lahat mabibigay sa’yo ng gobyerno. Sa hirap ng Pilipinas, anong gusto mo, susubuan ka na lang ng karne? Palyado talaga ’yan. Wala ka nang magagawa d’yan. Kaya imbis na magmukmok ka, isipin mo na lang kung ano pang magagawa mo.

*(Saglit. Matutulala ulit si BOY sa labas.)*

**BOY**

Naalala mo ba dati noong may pa-livelihood training kuno si Mayor? Tinuruan kayo  gumawa ng bag gamit ang mga wrapper ng sitsirya. Tinuruan nga rin kayo manahi gamit iyong parang mumurahing stapler, ‘di ba? Isang linggo kayo no’n pinabalik sa court, araw-araw, wala naman sa inyong bayad o allowance.

**YNA**

Pinakain naman kami.

**BOY**

Ng isang takal ng kanin at kapiranggot na ulam? *(Saglit.)* Natuto nga kayo manahi at mag-recycle, hindi naman kayo inabutan ng puhunan. ’Di rin kayo tinulungan magka-negosyo. Ang ending, nawalan lang kayo ng kita ng isang linggo. Nakapag-picture-picture lang sila, masabing may nagawa sila para sa tao, tapos wala na.

**YNA**

Ano ang kinalaman no'n sa relocation?

**BOY**

Tapos nito lang, ang pangako sa atin, may ayuda kada buwan noong mag-lockdown. Basta 'wag na raw muna tayo magsisilabas. Sumunod naman tayo sa kanila, hindi ba? Hindi tayo nangalakal, umutang na lang tayo ng umutang d'yan sa tindahan ni Precious. E, isang beses lang pala mag-aabot ng ayuda. Ayun, lumaki pa tuloy utang natin no'n, imbis na paubos na.

**YNA**

Sinasabi mong puro lang sila pangako? E, ano namang bago, matagal na nating alam 'yan.

**BOY**

Napakarami ko pang naiisip na kapalpakan nila. *(Saglit.)* Trabaho nila ang magbigay ng tulong. Hindi tayo nanghihingi. Sumusweldo sila o! Dapat, hangga't may nakikita silang mahirap sa kalsada, hindi sila tumitigil sa kaiisip kung papaano matulungan 'yung mga 'yun–ayo. Iyon ang trabaho nila e! 'Di ba nga, ang empleyado, 'pag palapak sa trabaho, pinalalayas? *(Saglit)* Iyon ang punto namin nila Tonti, kaya hindi kami aalis. Palpak sila dito sa ginagawa nilang relocation. Bakit tayo ang lalayas?
(Saglit. May kakatok sa pinto.)

**KAP**

Tao po? Mang Boy?

**YNA**

Si Kap ba 'yon*? (Pasigaw. Sisilip palabas)* Ay, Kap, kayo nga! Pasok

ho kayo.

*(Papasok si KAP.)*

**KAP**

Magandang tanghali ho, Aling Yna, Mang Boy. Iche-check ko lang po kung ready na po kayo umalis.

**YNA**

Ito na, nag-iimpake na!

**KAP**

Ay, mabuti naman ho! *(Kay BOY.)* Buti naman at nagbago na ang isip niyo.

**BOY**

Anong nagbago? Hindi kami aalis. Itong si Yna lang naman ang nagpupumilit.

**KAP**

Mang Boy naman, hanggang mamayang alas-otso ng gabi na lang po ’yung libreng hatid at pa-hakot ng barangay. Bahala ho kayo.

**YNA**

Naku, Boy! Mag-impake na talaga tayo, anong oras na!

**BOY**

*(Kay YNA.)* Pumasok ka nga muna sa loob! Pwede?

*(Masamang titignan ni YNA si BOY.)*

**YNA**

Sige, unahin ko na munang iligpit ’yung mga damit natin at ng mga

bata. *(Kay KAP.)* Ikaw na munang bahala sa mister ko, Kap.
(Papasok si YNA sa silid dala ang isang karton. Saglit.)

**BOY**

Sabi ni Tonti pati nung NGO na tumutulong sa'min, dadagsain daw 'yung plaza ng mga reporter bukas.

**KAP**

Nananakot po ba kayo?

**BOY**

Handa ka na bang mabalita ulit?

**KAP**

*(Ngingisi.)* Kahit naman po noong nabalita itong lugar natin last time, wala naman pong nangyaring masaklap. Na-bash lang kami sa barangay and si Mayor online, pero nakalimutan rin ng mga tao eventually. Wala ring effect.

**BOY**

Ang kapal din talaga ng mukha mo, ano?

**KAP**

Mang Boy naman kasi. Hindi naman po kami nagkulang sa mga warning. Isang buwan. Tapos isang linggo. Tapos araw-araw, nagpapaalala kami sa inyo tungkol dito sa demolition. In-extend pa nga ho ni Mayor, 'di ba? Bilang nag-trending itong barangay online. Pero matagal na hong oras ang ibinigay sa inyo. Hindi na po biglaan itong pagpapaalis sa inyo.

**BOY**

E, iyong mga ipinangako ninyong gagawin niyo, wala pa rin a?

Mahabang oras na rin ang naibigay sa inyo?

**KAP**

Nasa pipeline na po silang lahat.

**BOY**

Sabi niyo, bago lumipat, may maayos na supply na kuryente't tubig. 'Yung tubig, sabi nang mga nauna nang lumipat, sobrang hina raw. Parang nightshift na call center pa raw, sa gabi lang meron! Kaunti palang silang mga nagsilipat doon ha.

**KAP**

Working on it na po 'yung sa water. Mahina lang po s'ya ngayon dahil summer. Malakas ang demand.

**BOY**

Anong demand? E wala ngang tao do'n? Paano na 'pag lahat kami, doon na nakatira?

**KAP**

Same source po kasi kayo ng ilang bayan do'n sa Rizal tsaka dito sa Manila. Manila Water po kasi.

**BOY**

Gawan niyo muna iyon ng paraan.

**KAP**

I'm sure madali lang po iyon i-solve. Kailan ho ba kayo nabalitaan? Malay niyo, maayos na pala 'yon ngayon. O kaya isa 'yung mga unit niyo na may malakas na tubig.

**BOY**

Sabi niyo rin dati, pagagawaan ninyo ng palengke doon. Ang pangako

ninyo, makikipag-usap kayo sa mga supplier para daanan rin ’yung lugar. E, wala naman kayong ginawa. Pahirapan pang sasakay ng jeep para lang makabili ng pagkain. Anong tingin ninyo doon, exclusive subdivision?

**KAP**

Kausap na rin po namin ang mga supplier sa malalapit na bayan. ’Pag naplantsa na po ’yun, madali na lang magka-palengke sa inyo.

**BOY**

Pati eskwela, wala doon! E, bakit hindi n’yo pa muna ayusin ang mga ’yon?

**KAP**

Ako po kasi, dito sa barangay lang ang jurisdiction ko. Responsibilidad na po ’yun ng mga taga-Montalban. Hindi ko naman po kasi kayang magpagawa ng eskuwelahan doon nang basta-basta. Ang trabaho lang po talaga namin dito sa barangay is to make sure na safely kayong makalipat bago ang demolition bukas. And to prevent nga po ang gulo kung kaya.

**BOY**

Ayaw niyo pala ng gulo, e sana ginagawa ninyo nang maayos ang trabaho niyo.

**KAP**

Trabaho ko po? Sumusunod lang rin ako sa utos. Tagahatid lang ho ako ng mensahe galing kapitolyo.

**BOY**

E ’di wala ka pala talagang silbi?

**KAP**

Mang Boy, maniwala ho kayo sa'kin. Lahat ho ng hinaing ninyo, narinig namin. Lahat ho ng issues ninyo, na-relay namin sa nakakataas. Ginagawan na ho nila ng paraan. Magtiwala lang ho kayo.

*(Saglit.)*

**BOY**

Ikaw ba Kap ay nakapunta na roon sa lilipatan namin sa Montalban? Kahit isang beses lang? Nakita mo na ba 'yung lugar?

**KAP**

(Iiling.) Nakita ko na po 'yung mga video. Kung ikukumpara po dito, e lubhang mas maayos ang mga bahay do'n. Dito, tabi ng dumpsite.

**BOY**

E ito naman, malapit sa dalampasigan, sa Manila Bay, sa main highway, at katabi ng isang subdivision. Marami kaming nagagawa.

**KAP**

'Yung mga taga-subdivision nga po ang pinakanagsusulong na mawala na ang dumpsite dito e.

**BOY**

Natural, mga matapobre 'yung nandyan e.

**KAP**

Ulit-ulit na lang tayo, Mang Boy. Lahat nang 'yan, araw-araw ninyong sinasabi sa akin.

**BOY**

Akala ko, tatablan ka e. Ka'ko, bata ka pa. Dito ka rin lumaki sa

barangay natin, doon nga lang sa subdivision. Ka'ko, baka maawa ka talaga sa'min at may kahihinatnan 'yung awa mo. Baka kumampi ka rin sa'min at tulungan kaming makiusap kina Mayor. Kaso wala e. Nasilip ko nga 'yung barangay hall kanina noong naglakad-lakad ako. Ang ganda, arang lobby ng mga hotel na napapanood ko sa TV. Ang kinis ng sahig, parang kumikintab 'yung tiles sa linis. Ang laki ng flat screen na TV sa hallway. De aircon pa 'ata ibang kwarto do'n. (Saglit) Kung kasama siguro pamilya mo sa mga pinupwersang lumipat, malamang kaisa ka rin namin.
(Saglit.)

**KAP**

Hindi niyo lang yata kinukuwestiyon ang pagiging kapitan ko, Mang Boy. Pati na rin yata ang buong pagkatao ko. (Saglit.) Nagmamalasakit naman ho talaga ako. Maniwala man ho kayo o hindi. Nakikipag-usap po talaga kami kay Mayor. Sa katunayan nga...
(Kukunin ni KAP ang isang puting sobre mula sa bag na dala.
Ilalapag niya ito sa mesa. Titingnan lang ito ni BOY.)

**KAP**

Dyis mil ho 'yan, Mang Boy. Ayuda para sa lahat ng lilipat. Bali, 'yung 600 na buwanang upa sa lilipatan ninyo, mababayaran niyo na siguro hanggang limang buwan. Tapos 'yung tirang syete mil, pwede ninyo muna gamitin pang gastos. Hangga't inaayos pa ang lahat ng kailangang ayusin doon sa lilipatan ninyo.
(Saglit.)

**BOY**

Kanino nanggaling 'yan?

**KAP**

Kay Mayor ho. Sa bulsa niya raw mismo.

**BOY**

Binigyan niya lahat? Mahigit isang daang pamilya? Naglabas siya galing sa bulsa niya?

**KAP**

Sabi niya raw po.

**BOY**

Kagaguhan.

**KAP**

Malaki na ho iyan, Mang Boy. Para tahimik at matiwasay na rin ho kayong makalipat. Gusto niyo, samahan ko pa mismo kayo mamayang gabi sa truck e. Tulungan ko kayo magbuhat.

**BOY**

Magkano kickback mo dito?

**KAP**

Ha?

**BOY**

Magkano abot sayo? Sa inyo sa barangay?

**KAP**

Ay wala po! Trabaho po namin ito.

**BOY**

Para namang maniniwala ako sa'yo?

**KAP**

Wala nga ho... Ayaw niyo pa rin ho talaga umalis?

*(Saglit. Tatalikuran ni BOY si KAP at tititig sa labas.)*

**BOY**

Ang payo ko sa'yo, iho, ay 'wag kang pupunta sa plaza bukas.

**KAP**

May magagawa pa po ba kayo? Prangkahan lang po. Pakiramdam niyo po ba, mananalo kayo sa mga pulis bukas?

**BOY**

Bakit hindi? Malay mo.

**KAP**

Talagang dadalhin ninyo sa gulo? 'Pag nagkahulihan at nakulong pa kayo, mas lalo kayong mahihirapan.

**BOY**

Di mo ba 'ko narinig kanina? Dadagsain ng mga reporter yung plaza bukas.

**KAP**

Ano naman?

**BOY**

E 'di ire-report nila lahat. Ipapakita namin sa mga tao kung anong ginagawa niyo dito.

**KAP**

Sus, iyon lang po pala ang kinakapitan ninyo.

**BOY**

Noong nag-trending kayo, napatigil rin ang paghahakot ninyo ng basura, hindi ba? Kahit saglit, napatigil rin kayo.

**KAP**

Pero natuloy pa rin kalaunan. Ang mas natatandaan ko ho kasi, maraming natuwa na mawawala na ’yung dumpsite. Lilinis na raw itong bahagi ng Cavite City.

**BOY**

Baka sa ngayon, sumama nang mag-ingay sa’min ang ibang tao. Baka mas maraming makapansin na NGOs sa pagkakaktaong ‘to.

**KAP**

Mahirap ho ’yang inaasahan ninyo, Mang Boy.

**BOY**

Kaysa wala kaming gawin!

**KAP**

Bahala ho kayo. Ang taas ng pride niyo masyado. (Kukunin ang sobre at ilalagay ito sa loob ng bag.) Alam niyo, may tama rin si Mayor e. Mahirap tulungan ang mga ayaw magpatulong. Mauna na ho ako. (Pasigaw.) Aling Yna! Mauna na ho ako!
(Mabilis na lalabas si YNA ng silid.)

**YNA**

Teka lang muna, Kap! Iwan mo na muna ’yang sobre dito! Ako nang bahala.

**BOY**

(Kay YNA) Paano mo nalaman ’yung tungkol sa sobre?

**YNA**

Nandyan lang ako sa pinto, ano. Pinakikinggan ko kayo.

**KAP**

(Kay BOY.) Matagal na po niyang alam ang tungkol sa ayuda. Sa katunayan nga po –

**YNA**

Kap, ako nang bahalang kumausap dito sa asawa ko. Sige na, iwan mo na lang 'yang sobre. Magkita nalang tayo mamayang gabi, ‘pag naglilipat na kami ng mga gamit sa truck.

**KAP**

Sige ho. (Ilalagay muli ang sobre sa mesa,) Mauna na ho ako, Aling Yna, Mang Boy.

**YNA**

Ingat ho!

*(Lalabas ng entablado si KAP.*

Kukunin ni YNA ang sobre at isusuksok ito sa kaniyang bulsa.
Bahagyang lalakas ang tunog ng backhoe mula sa bahaging ito.)

**BOY**

Ano'ng sinasabi no'n tungkol sa ayuda?

**YNA**

Kami ang nakiusap kina Mayor na manuhol siya. Lima kami nina Mareng Nessie. Pumunta kami sa Mayor's office noong nakaraang linggo, noong nagbigay na sila ng final warning tungkol sa demolition.

**BOY**

Bakit 'di niyo sinabi na may sarili pala kayong mga pagkilos?

**YNA**

E, matagal na kitang pinipilit umalis dito. Tingnan mo, hanggang ngayon, ayaw mo.  Malamang, kung sinabi ko sa'yo noon, pipigilan mo lang rin kami. Tsaka hindi naman  namin nakausap si Mayor, 'yung staff niya lang. Sila na lang siguro ang nagsabi do'n....  Iyang dyis mil kada pamilya ang hiniling namin.

**BOY**

Hindi naman masusulosyunan ng dyis mil ang lahat ng problema natin e.

**YNA**

Bahay lang naman kasi ang pangako, hindi kabuhayan showcase o makeover ng buhay.

**BOY**

Ibalik mo na lang 'yan kay Kap. Basta hindi tayo aalis dito.

**YNA**

Diyos ko naman, Boy! Inaabutan ka na ng pera, ng bahay, ng lahat-lahat na! Ano pa bang ipinuputok ng butsi mo?

**BOY**

Akala ko ba, nakikinig ka? E, ang dami pa ngang problema sa lilipatan!

**YNA**

Oo nga. Ano naman?

**BOY**

Ayusin muna nila 'yon! Hindi na nila ako mabubudol ulit sa mga

pangako nilang napapako. Ano ba'ng akala nila, habang buhay tayong magpapauto?

**YNA**

Ikaw ang may mali Boy, e. Umaasa ka pa kasi sa ibang tao. Paulit-ulit palang palpak, e. Bakit naniniwala ka pa? 'Wag ka nang umasa na maaayos nila 'yung kuryente't tubig doon. Hindi nila patatayuan doon ng palengke o pagagandahin 'yung mga kalsada. Malamang, tayo ulit ang magtutulong-tulong para mapaunlad 'yon. Tayo ng mga kapitbahay natin. 'Wag ka nang umasa sa gobyerno. Kung ano'ng mayroon tayo, iyon na lang ang gamitin natin para makapagsimula.

**BOY**

*(Matitigilan.)* E, ano pala ang saysay nila?

**YNA**

Wala nga.

**BOY**

Kukurakutin lang 'yung pera natin?

**YNA**

Hindi mo naman pera lahat 'yon e.

**BOY**

Kahit na! Tayo, mawawalan na ng tirahan dito. Tapos 'yang bwaka ng inang mayor na 'yan, pa-bakasyon-bakasyon lang sa Puerto Galera. Para tayong...basurang hinahakot paalis dito.

*(Lalakas muli ang tunog ng backhoe. Sabay na mapapatingin sa labas sina BOY at YNA. Saglit.)*

**YNA**

(*Hawak ang tiyan*) Basta, mag-iimpis na ’ko ng gamit, Boy. Sasabay na kami ng mga anak mo sa truck nila Kap mamayang gabi. Baka mamaya, mapaano pa ’tong nasa tiyan ko. Ikaw, bahala ka kung gusto mo maiwan dito. Sumunod ka na lang doon.

**BOY**

Ang daya. Ang daya-daya!

**YNA**

Para ka namang bata.

*(Pupulutin ni YNA ang isang karton. Bigla namang papasok si JOSEPH mula sa pintuan. Duguan ang kaniyang damit. May malaking hiwa ang kaniyang braso.)*

**YNA**

O, napaano ka?

**BOY**

May mga pulis na agad? Nagbabaklas na ba? Bukas pa ang demolition?

**JOSEPH**

Hindi pa, ’Tay. Nahulog lang po ako sa bubong.

*(Aalalayan ni YNA si JOSEPH sa kusina. Sisimulang hugasan ang sugat nito.)*

**BOY**

Ano ba ang nangyari?

**JOSEPH**

Nagtatanggal nga ako ng mga nakabarang dahon sa alulod nina Aling

Marla. E, malumot  rin pala ’yung bubong nila. Nagkamali ako nang tapak. Ayun, nadulas ako tapos nahiwa ’yung braso ko sa yero nang dumausdos ako paibaba.

**YNA**

Ano ba naman ’yan, Joseph. Sinabi nang mag-ingat e!

**JOSEPH**

Para namang ginusto ko ’to, Nay?

**BOY**

E, bakit ka umuwi nang ganyan? Di ka man lang tinulungan nina Marla?

**JOSEPH**

Hindi naman niya kasalanan e.

**BOY**

Kahit na. Kaunting malasakit man lang!

**JOSEPH**

Pinaalalahanan naman niya kasi ako ’Tay na madulas ’yung bubong.

**BOY**

Sana pinahiram ka man lang ng pamalit na damit. O kaya nilinis ’yang sugat mo para hindi ka duguang naglakad pauwi.

**JOSEPH**

’Yaan mo na, ’Tay. Baka akala niya, okay lang ako noong nahulog. Tumayo naman kasi ako agad e.

**BOY**

Binayaran ka man lang ba?

**JOSEPH**

Hindi. Hindi ko naman natapos 'yung trabaho e.

**BOY**

Pero may nagawa ka naman kahit papaano?

**JOSEPH**

Meron naman, mga kalahati.

**BOY**

O, tapos walang inabot? Kahit isang daan lang?

**JOSEPH**

Wala ho.

**BOY**

E putang ina naman talaga niyan e!

**YNA**

Dapat nga, hindi ka na lang tumuloy doon, ano?

**JOSEPH**

Hayaan mo na, 'Tay. Kasalanan ko rin naman.

*(Lalakas muli ang tunog ng backhoe.)*

**BOY**

Huling trabaho mo na nga. Paalisin ka na nga dito! Hindi ka pa tinratong tama. Aba'y sumusobra na sila!

*(Kukunin ni BOY ang itak na nakasabit sa dingding sa kusina.)*

**YNA**

Oh, aanhin mo 'yang itak?

**BOY**

Putang ina nila. Pinapalayas na nga tayo dahil sa kanila. Panalo na nga sila. Hindi pa  nakuntento ang mga walang-hiya!

*(Maglalakad si BOY palabas ng entablado.)*

**YNA**

Hoy, Boy! Anong gagawin mo? Baliw ka na ba? Boy!

**JOSEPH**

'Tay! Wag po!

*(Susunod ring lumabas sina YNA at JOSEPH upang pigilan si BOY.)*

**BOY**

Pagod na pagod na ako sa inyo! Mga matapobreng walang konsensiya!

*(Bahagyang magdidilim ang entablado.*

*Sa huling pagkakataon, lalakas muli ang tunog ng backhoe. Makalipas ang ilang saglit, isa-isang tutumba ang karton na background sa entablado. Magiging pula ang liwanag, saka magdidilim para sa pagtatapos ng dula.)*

**TELON.**

# KEN RUSSELL M. PEÑAFLOR

Si Ken Russell M. Peñaflor ay nagmula sa Bacoor, Cavite at nakapagtapos ng Bachelor of Arts in Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Naitampok na ang ilan sa kanyang mga akda sa Novice Magazine, Relive Your Passion PH, at UP Sentro ng Wikang Filipino (Suring Supling). Kasalukuyan niyang hinaharap ang buhay at uniberso kasama ang kanyang Sinta.

# SINO ANG AALISIN SA POWERFUL FIVE?

Dulang May Isang Yugto
Sci-Fi, Comedy-Drama

Isa ang Powerful Five sa mga kilalang superhero team ng Pilipinas na binubuo nina Burn, Snow, Zap, Falls, at Invi. Sa hindi inaasahang pagkakataon, naglabas ng memo ang sekreto at pribadong organisasyon na nagpopondo sa grupo. Nakasaad rito ang patungkol sa ilalaang pondo para sa grupong katulad nila. Nakalagay din sa memo na kinakailangang magtanggal ng isang miyembro sa grupo nang maipagpatuloy pa ang pagpondo at pagsuporta sa kanila. Paano ito lulutasin ng ating limang bida at ano ang mga sekretong malalaman nila tungkol sa isa't isa sa kanilang isasagawang pagpupulong? Sino nga ba ang dapat alisin sa Powerful Five?

**TAUHAN**

**BURN.** Edad 24, nakasuot ng superhero costume na kulay pula at may kapa, may logo ng apoy sa gitna ng kaniyang costume, lider ng Powerful Five, may abilidad na maglabas ng apoy.

**SNOW**. Edad 22, mukhang foreigner at may mga katangiang Kanluranin, nakasuot ng superhero costume na kulay asul, may logo ng snowflake sa gitna ng kaniyang costume, may abilidad na maglabas ng yelo.

**ZAP.** Edad 23, nakasuot ng superhero costume na kulay dilaw, may logo ng  kidlat sa gitna ng kaniyang costume, may abilidad na maglabas ng kuryente.

**FALLS.** Edad 25, nakasuot ng superhero costume na kulay pink, may logo ng tubig sa gitna ng kaniyang costume, may abilidad na maglabas ng tubig.

**INVI.** (V.O) Invicible. Siya na rin ang magbibigay ng boses sa PA SYSTEM sa kanilang HQ.

**TAGPUAN**

Near future. Sa loob ng headquarters ng Pinoy superhero team na Powerful Five. Sa isang  kuwarto kung saan madalas magpulong ang grupo. Makikita ang isang malaking mesa sa gitna ng tanghalan at may limang upuang nakapaligid rito. May isang estante sa kaliwa kung saan  nakalagay ang ilang gamit ng mga natalo nilang kalaban at mayroon ding isang basurahan sa tabi nito. May computer na nakaharap sa mga manonood. Sa kanan ay may isang cooler box. Sa kanang bahagi ng tanghalan ang entrance/ exit.

*Magbubukas ang tanghalan.*

*Makikita sina ZAP at FALLS na nakaupo. Si ZAP ay may hawak na isang bote ng alak na  paubos na ang laman habang si Falls naman ay umiinom ng milktea. Uubusin ni ZAP ang alak bago magsalita.*

**ZAP**: Pucha! Ang tagal naman nila! Bakit ba tayo pinatawag, e, akala ko day-off ko ngayon?!

**FALLS**: Please naman, Zap. Can you just chill? Hay naku! Nakainom ka na naman!

**ZAP**: Umiinom ka rin naman, a!

**FALLS**: Huh? Naririnig mo ba ang sarili mo? But yes, you have a point, umiinom nga ako ngayon. Heto nga, e, lasing na lasing na ako sa milktea. Mayghad!

*Mapapahawak sa noo si FALLS na parang dismayado kay ZAP. Ikakalat naman ni ZAP ang walang lamang bote ng alak. Tatayo siya at kukuha ng isang bote pa ng alak mula sa cooler box.*

**FALLS**: Aba, kumuha ka pa talaga ng isa! Zap, from now on, you're grounded from drinking alcohol!

**ZAP**: Grounded?! Talagang nakaka-ground ako! May kuryente ako, e.

**FALLS**: Huwag mo akong subukan, Zap! Sinasabi ko sa 'yo. Bubuhusan kita ng tubig nang mahimasmasan ka. Wala akong pakialam kahit bumaha pa rito sa HQ.

*Hindi napapansin ni Zap ang kausap. Nakatingin sa malayo si ZAP habang binubuksan ang bote ng alak.*

**ZAP**: Falls, naisip ko lang. Ang hirap maging superhero dito sa Pilipinas.

**FALLS**: Ano na naman 'yang pinagsasabi mo?

**ZAP**: Halos 24/7 tayong nagtatrabaho pero parang underpaid pa rin tayo. Tingnan mo, dito pa tayo nakatoka sa Metro Manila, e, ang daming krimen dito. Parang araw-araw na lang may problema.

*Itatapon ni ZAP ang tansan ng bote sa sahig. Pupulutin ito ni FALLS at itatapon sa basurahan.*

**FALLS**: Zap, kung mag-iinom ka, can you please at least clean your mess? Ako na nga lang lagi ang naglilinis dito. To be honest, ako na ’yung parang kasambahay ng headquarters, e.

**ZAP**: Kita mo, hindi mo naman trabaho pero ginagawa mo pa rin. May incentives ka bang nakukuha diyan, wala naman ’di ba? Tinatawag pa nila tayong bayani pero parang hindi naman bayani ang turing ng gobyerno sa ’tin. Private group pa nga ang sumusuporta sa atin. Wala man lang tayong badyet mula sa gobyerno. Limited pa ’yung benefits. Pucha, once a month nga lang ’yung day-off natin, e. Nakaka-brownout kaya ’pag puro trabaho at walang pahinga?

**FALLS**: Did you mean, burnout?

**ZAP**: Brownout! Baka tuluyang maubos ’tong kuryente sa katawan ko, e.

**FALLS**: (*Tatango*) Actually, you have a point. Wow, nagiging serious at deep ka talaga no, ’pag nakakainom?

**ZAP**: Tsaka three years na tayo sa team na ’to pero tingnan mo ’yung suot natin, tinitipid pa rin.

**FALLS**: Ay, hindi pa pala siya tapos.

**ZAP**: Mas nakakagana kayang magtrabaho kung maganda ’yung suot mo. ’Lam mo ’yun? ’Yung feel mong alagang-alaga ka nila. Hindi naman porke’t si Burn ang lider ng team ay siya lang ang may magandang costume. (*Hihinto saglit at titingin sa mga manonood.*) Three years na kami dito. Hindi niya pa rin ako sinasagot.

**FALLS**: Huh? Lasing ka na talaga. Paiba-iba ’yung topic mo. Sino bang kausap mo diyan? (*Titingin sa mga manonood.*)

*Uupo ulit si ZAP. Aalisin niya ang milktea sa mga kamay ni FALLS.*

**ZAP**: Mukhang masarap ’to, a. Anong flavor nito?

**FALLS**: Ah, yes, that’s the trend nowadays. ’Yung mga ulam ginagawa na ring milktea. Tinola flavor ’yan.

**ZAP**: Talaga?? Kaya pala parang may sayote dito.

**FALLS**: Ay hindi, papaya ’yan. I prefer papaya in my tinola. May iba ka pa bang sasabihin o mas gusto mo na lang pag-usapan yang ’tinola milktea?

**ZAP**: (*Titingin sa mga manonood.*) Siya ang gusto kong papaya sa aking tinola.

**FALLS**: What??

**ZAP**: Parang ikaw ’yang milktea na ’yan, ang lamig mo.

**FALLS**: Lasing ka na talaga.

**ZAP**: (*Sa mga manonood*) Lasing sa kagandahan niya. (*Kay Falls*) Pansin ko na marami akong oras at kuryente na inilalaan sa'yo. Tuwing brownout sa bahay mo, 'di sa 'kin ka tumatawag? Tuwing pupunta tayo sa mga laban, may mga kamay akong gustong hawakan. Dumadaloy nga ang kuryente sa aking katawan pero hindi ito sapat, may kakaibang kuryente akong hinahanap.

**FALLS**: Wow, rhyming. Poetic. Electrifying! (*Sa mga manonood*) Sana mga kamay ko 'yun! Naku, sinasabi ko sa inyo, 'pag nakatikim ito ng tubig ko na so refreshing, baka wala na kayong babayaran sa electric bills ninyo.

**ZAP**: Pero ano 'yung nasa palad ko, 'yung cellphone mong lowbatt! Pucha! Pinapa-charge mo sa 'kin!

**FALLS**: (*Sa mga manonood*) Para tipid. Pero alam ninyo, willing din naman akong ibigay ang buong tubig ko sa uhaw niyang puso. (*Kay Zap*) Ang tagal naman nina Burn at Snow?

**ZAP**: Change topic, a. Nasaan na nga ba sina Burn at Snow?!

*Biglang papasok sina BURN at SNOW. Mabilis na itatayo ni ZAP ang bote ng alak na hindi makikita ng iba. Mabilis ring tatayo si Falls at uupo na sa isa sa mga upuang malapit sa malaking mesa. Uupo din si ZAP ngunit sa upuang malayo kay FALLS.*

**BURN**: *Nandito na kami!*

**ZAP**: *Aga ninyo!*

**SNOW**: We sincerely apologize. There's an important thing we need to do first. Is Invi here? **FALLS**: (*Pabulong*) Important thing to do. You mean lunch date. Sus, hindi lang sa Invi ang laging nawawala at marunong magtago.

**SNOW**: What did you say?

**FALLS**: (*Normal na boses*) I said Invi's not here. Though I'm not sure. Hindi naman natin siya nakikita. Invi, kung nandito ka na, pakigalaw itong milktea.

*Ilalapag ni Falls ang milktea sa mesa. Hindi ito gagalaw. Kukunin niya ang milktea upang uminom ulit.*

**FALLS**: I think she's not here.

**SNOW**: What can we expect from her? She is consistently late. She's probably still asleep.

**ZAP**: Late din naman kayo, a!

**FALLS**: (Ngingiti) Huy, Zap!

*Napayuko si SNOW. Si BURN naman ay makikitang nakatingin sa milktea na hawak ni FALLS.*

**BURN**: 'Yan ba yung ulam milktea?

**FALLS**: Yes! Yes! OMG! You know this stuff? Tinola flavor ang binili ko.

**SNOW***: Oh, that explains why dahon ng sili is lodged between your teeth.*

**FALLS**: What?

*Sinitsitan ni ZAP si FALLS at sinenyasan na alisin ang tingang napansin ni SNOW. Inalis din naman ito ni FALLS.*

**BURN**: Ang sarap ng Bicol Express flavor nila, e! Tama lang 'yung anghang. Kilala ninyo naman ako, mahilig sa maanghang at mainit. Tsaka 'yung gata hindi masyadong... **SNOW**: (*Pasigaw*) Burn! Our agenda, please.

**BURN**: Oo nga pala. Powerful Five, pinatawag ko kayo...Ay teka, hindi tayo maaaring magsimula dahil...

*Biglang uubo si INVI nang malakas sa loob ng headquarters at mauudlot ang pagsasalita ni BURN. Ipagpapatuloy ni BURN ang pagsasalita.*

**BURN**: Hindi tayo maaaring...

**INVI (V.O):** (*Uubo nang malakas*) Excuse me.

**BURN**: Hindi tayo...

**INVI (V.O)**: (*Uubo nang malakas*) Excuse me po!

**SNOW**: Can you stop drinking your tinola milktea, Falls?!

**FALLS**: Okay, pero hindi ako yung umubo.

**SNOW**: Zap, can you stop?!

**FALLS**: Wow, rhyming.

**ZAP**: Pucha, hindi ako 'yun!

**INVI (V.O)**: Sorry.

**BURN:** Invi, ikaw ba 'yan? Andito ka na rin pala. Bakit hindi ka nagsasalita? Kanina ka pa ba nandito?

**INVI (V.O):** Oo. Dito ako sa HQ natutulog.

**SNOW:** What? Where are you?

**INVI:** Dito sa sahig. Dito ako inabutan ng antok.

*Nagtinginan sina FALLS at ZAP.*

**ZAP**: Kanina ka pa ba gising?

**INVI (V.O)**: Kakagising ko lang. Naalimpungatan ako nung sumigaw si Snow.

**BURN**: Maupo ka na dito, Invi.

**INVI (V.O)**: Sige.

**BURN**: Tulad ng sinasabi ko kanina, pinatawag ko kayo, Powerful Five, dahil may masama akong balita. Lumaki pa ang utang ng bansa kaya naapektuhan din ang fundings sa mga superhero teams.

**ZAP**: Dati pa naman tayong binabarat.

**BURN:** *(Iiling)* Nakatanggap din ako kanina ng isang nakalulungkot na memo. Dahil sa budget cut at para mapondohan pa nang maayos ang grupo, kailangan nating magtanggal ng isang miyembro.

*Magugulat ang LAHAT.*

**ZAP**: Pucha!

**SNOW**: What the hell?

**FALLS**: Grabe naman sila! Nagulat ka rin ba, Invi?

**INVI (V.O)**: Oo. Hindi niyo lang nakikita.

**BURN**: Kailangan natin makapagdesisyon bago matapos ang araw at maipadala sa kanila. Bago ko pormal na buksan ang diskusyon, mayroon bang bukal sa loob na mag volunteer na umalis sa grupo? Kung meron ay maaaring magtaas ng kamay.

**SNOW**: Are you raising your hand, Invi?

**INVI (V.O)**: Uy! Hindi, a!

**SNOW**: I'm sorry, just checking.

**BURN**: Kung wala ay ilalatag ko ang maaari nating pagbasehan ng ating mga boto. Sa ngayon ay dalawa pa lamang ang naiisip ko. Maaari nating sukatin ang mga financial issues at performance ng bawat isa bilang miyembro ng team. Lahat ng opinyon ay malugod

na tatanggapin. Sinisigurado ko sa inyo na hindi tayo naririnig ng sinuman at walang lalabas sa usapang ito para sa ikabubuti ng grupo.

**ZAP**: So, basically, parang isang open forum ng mga superhero ang ganap ngayon? Sige, game!

**BURN**: Parang ganun na nga, pero sana ay seryosohin natin.

**ZAP**: May pinapahiwatig ka ba, Mr. Bicol Express?

**SNOW**: Zap, are you drunk? Never speak to our leader in such a manner!

**BURN**: Snow, hayaan mo siya. Gusto mo bang simulan ang usapan, Zap?

**ZAP**: Okay!! (*Tatayo at pupunta sa likod ng upuan ni Burn.*) So sisimulan ko na lang sa ating mahal na lider.

**FALLS**: Zap, be careful with your words!

**BURN**: Falls, kalma lang. Tulad ng sinabi ko kanina, lahat ng opinyon ay malugod nating tatanggapin para sa ikabubuti ng grupo. Ituloy mo lang, Zap.

**ZAP**: (*Sa mga manonood at kikindat.*) Sunog sa akin 'tong si Burn. *(Sisipatin ang suot ni Burn.)* Ganda ng outfit, a! Fiery! Bakit si Burn lang ang may pinakamagarbong costume sa atin? Sa tatlong taon ng Powerful Five, tatlong beses din ang pag-remodel sa costume ng ating lider. Take note, high maintenance pa ang costume niya kasi laging nasusunog.

Parang laging pinapalitan. Tsaka bakit may kapa ka pa, e, hindi ka naman nalipad? Sayang sa budget natin 'yun, 'di ba? Kailangan na nating apulahin ang isyung ito! Hindi porke't apoy ang powers mo, ikaw lang ang magmumukhang hot sa atin.

**BURN**: Pasensya na at hindi ko naman kasalanan ang tungkol sa designs ng ating mga costumes. Sa totoo lang, gusto ko na pare-pareho tayo. Ang tagal-tagal ko nang binibigay ang suhestiyon sa kanila na dapat uniform ang mga suot natin pero wala.

**SNOW**: I think it's not fair to judge Burn about our costumes.

**FALLS**: Well, I agree with Snow. Kung mga matitinong tao ang nasa likod ng mga costume, siguro naman ibabagay nila sa mga power natin. Yes, may budget, pero sana naman magamit nang maayos. Hello, limited budget nga pala! Tsaka bakit kulay pink yung costume ko, e, tubig ang powers ko?

**INVI (V.O)**: Basta ako walang problema sa costume. Pati mga sinusuot ko, nawawala.

**FALLS**: Pero may suot ka naman ngayon?

**INVI (V.O)**: Uy! Oo naman! I can wear what I want nga because of my powers.

**ZAP**: (*Lilipat sa likod ng upuan ni Snow.*) Ms. Snow, musta ang pustahan? **SNOW**: What do you mean "pustahan"?

**ZAP**: O, bakit pinapawisan ka? 'Di ba malamig ka? Huwag ka nang magkunwari. Alam kong isa kang gambler.

**FALLS**: Is that true?

**ZAP**: That's true, Falls. Pustahan pa tayo. Kahit nga sa operations natin, laging chine-check ni Snow sa phone niya ang results sa mga tinatayaan niya. Kaya minsan, hindi siya maka-focus. Iyong mga yelong nilalabas niya, crushed ice.

Walang kuwenta! Pang-halo-halo lang.

**SNOW**: Alright, I like to bet. What now? My vices are not related to our budget and I paid for them with my own salary.

**ZAP**: Parang ang pangit naman sa image ng team na may miyembro tayong sugalera?

**SNOW**: Woah, there. Coming from a heavy drinker and foul-mouthed individual? **ZAP**: Pucha! Anong foul-mouthed! Lagi akong nagto-toothbrush!

**SNOW**: That's not what I meant. The P in Zap literally stands for Pucha.

**INVI (V.O):** Deeeym! Burn!

**BURN**: Bakit?

**SNOW**: And please never hold me responsible for money problems. I can handle myself. Because I get paid for my endorsements and commercials, I am able to contribute to

our monthly budget. Heck, I provide airconditioning for us! Are you not cool with that? **ZAP**: Okay, chill. Chill. Pero ako rin naman. Tipid tayo sa kuryente dahil sa akin. Ilang watts na rin binigay ko sa HQ na ’to.

**FALLS**: Tipid tayo sa tubig because of me.

**BURN**: ’Pag sira ’yung heater o wala ng gas, ang katawan ko’y handang mag-init para sa inyo.

**INVI (V.O)**: Wala naman tayong heater.

**ZAP**: Lahat pala tayo may contribution sa monthly budget. Except sa isa.

**INVI (V.O)**: Hoy! May tulong din ako, hindi niyo lang makita.

**SNOW**: And what’s that?

**INVI (V.O)**: Ginawa kong paupahan ’yung binigay nila sa ’king apartment.

**BURN, FALLS AT ZAP/SNOW**: Ano?! / What?!

**BURN**: Invi, bakit mo naman ginawa ’yun. Binigay nila sa ’tin ’yun para may matirahan tayo malapit dito sa HQ.

**INVI(V.O)**: Gusto kong makatulong sa grupo. ’Yung pinapadala nila sa ating monthly

budget, dinadagdagan ko ’yun. Galing ’yun sa kinikita ko sa paupahan.

**BURN**: Kaya pala nagtataka ako kung bakit tumaas noon ang budget natin. Sa 'yo pala galing 'yun.

**INVI (V.O)**: Kita ninyo na?

**FALLS**: Oh, that's why dito ka na natutulog.

*Lilipat si ZAP sa likod ng upuan ni INVI. Ilalapit niya ang kaniyang mukha sa direksiyon ni INVI na parang nang-aasar.*

**ZAP**: E, bakit ka pa rin nale-late sa mga meeting natin kung dito ka na pala mismo natutulog? **INVI (V.O)**: Hoy! Tanga! Wala na ako diyan sa upuan. And to answer your question, antukin lang talaga akong superhero. Tulog-mantika ako.

**SNOW**: What's tulog-mantika?

**FALLS**: Tulog-mantika means you're sleeping while holding a bottle of cooking oil.

*Matatawa sina FALLS at ZAP.*

**INVI (V.O)**: Hey, shut up guys! Snow, don't listen to them. Tulog-mantika means you're sleeping while your body is covered with virgin coconut oil.

**ZAP**: Pucha!

*Magtatawanan nang malakas sina INVI, FALLS at ZAP.*

**BURN**: Umayos naman kayo! (*Kay Snow*) Tulog-mantika 'yung tawag sa mga taong kung matulog ay sobrang himbing.

Mahirap gisingin. Kahit maingay sa paligid, hindi pa rin nagigising. (*Kay Invi*) At hindi magandang katangian 'yun.

**INVI (V.O)**: Pasensya na. Pinipilit ko namang magbago.

**ZAP**: (*Tawa pa rin nang tawa.*) Virgin coconut oil!

**SNOW**: Zap! You're laughing so hard yet you're still quiet about your drinking problem!

**ZAP**: And what about my drinking problem? We need to stay hydrated.

**FALLS**: Mayghad! Huwag kang mamilosopo. Actually, napapadalas na talaga 'yang inom mo.

**BURN**: Pati sa mga operasyon natin, minsan sumasama kang lasing.

**ZAP**: Hindi nga ako lasing!

**INVI (V.O)**: Madalas ka rin tuloy tiketan ng "fighting under the influence of alcohol".

**SNOW:** And you spent a portion of our budget buying various alcoholic beverages. And sometimes, you personally ask for free ice from me whenever there is no ice available in the cooler box. If I only knew that you would use that in your alcohol, I would not approve those requests.

**ZAP**: Aba! Pucha! ’Di ba para sa atin naman ’yung perang ’yun? Tsaka huwag lang ako  ang sisihin niyo sa paggastos nang malaki.

*Pupuntahan ni ZAP ang kinalalagyan ng cooler box at bubuksan niya ito.*

**ZAP**: Ang bilis maubos ng pagkain natin! Pinalitan pa nila ng cooler box! Pucha! ’Yung  mga yelo dito galing pa kay Snow. Dati may refrigerator pa tayo. Tinitipid na talaga tayo, pababawas nang pababawas ’yung gamit natin dito.

**FALLS**: Patingin nga! (*Tatayo at titingnan ang cooler box.*) Guys, may aaminin din ako. I  also spend a big amount of our budget to fulfill my cravings.

**SNOW**: We know.

**ZAP**: Huh? Ikaw ang umuubos ng pagkain natin?

**FALLS**: (*Tatango.*) I’m so sorry, guys. Pero ’di ba nakakatipid naman tayo dahil din sa  akin? Hindi na natin kailangan kumuha ng kasambahay, ako na ang nag-volunteer na tagalinis at tagapangalaga ng HQ.

**BURN**: May punto ka, Falls. Maraming salamat sa serbisyo mo.

**FALLS**: No problem. Pero ask ko lang, wala nang kakain nitong adobo cake, noh? Kunin  ko na.

*Kukunin ni FALLS ang isang kahon mula sa cooler box at babalik na siya sa kaniyang upuan. Uupo na rin si ZAP. Bubuksan na sana ni FALLS ang kahon ng cake pero magsasalita si SNOW.*

**SNOW**: Falls, we also need to talk about your other thing.

**FALLS**: Anong other thing?

**BURN: ’**Yung madalas mong pag-order online.

**FALLS**: Huh? Sariling pera ko ang gamit ko.

**BURN**: Hindi ’yun ang ibig namin sabihin. ’Pag umuorder ka kasi, full address ng HQ ang ginagamit mo. Alam mo namang sekretong facility ito at hindi dapat malaman ng publiko.

*Tutunog ang security alarm sa HQ.*

**PA SYSTEM (V.O):** Alert! Alert! There’s an unauthorized person at the entrance. There’s an unauthorized person at the entrance.

**INVI (V.O):** Bakit kaboses ko yung PA System?

**BURN:** (*Titingnan ang kaniyang phone.*) Ito ang sinasabi ko. Tingnan mo. (*Ipakikita ang phone kay Falls.*) May delivery na naman.

**FALLS:** Mayghad! Ngayon nga pala yung dating nun. Wait lang guys. Sorry, sorry. *Aalis si FALLS upang kunin ang package.*

**INVI (V.O):** So...

**ZAP:** Ano na ang pag-uusapan?

**SNOW:** I think we have enough information about our financial issues.

**BURN:** Tama, tama. Sa puntong ito, maaari na siguro nating talakayin ’yung performance natin bilang isang miyembro ng Powerful Five. Bibigyan ko ng tsansa ang bawat isa upang depensahan ang kanilang sarili kung bakit karapat-dapat pa rin sila sa grupo.

**INVI (V.O):** Pwede ba ako na mauna. Inaantok na ako, e.

**BURN:** Sige. Hintayin lang natin si…

*Papasok muli si FALLS sa HQ.*

**FALLS:** Guys, guys! Tingnan niyo ’tong poster na binili ko! (*Ipapakita ang poster sa lahat.*) Invi, nakita mo ba?

**ZAP:** ’Di ba ’yan ’yung bagong foreign superhero team? Falls, bakit binili mo ‘’yan? Akala ko ba support local tayo?

**FALLS:** Ang ganda kasi ng promotion ng grupo nila, e.

**ZAP:** Well, tama naman si Falls. Sa ibang bansa, suportadong-suportado ’yung mga superhero nila. May magagandang costumes, malalaking facilities at sobrang daming benefits.

**SNOW:** I’m afraid Zap has a point. Superheroes are considered frontliners nowadays yet here in our country, we are not treated well. We’re so underpaid.

**ZAP:** Ang dami nating nililigtas, pucha pero tayo hindi nila kayang isalba.

**BURN:** Totoo. Kaya ang dami ring nag-a-abroad na superheroes, e. Hindi rin naman natin sila masisisi, siguro mas pinapahalagahan lang talaga sa ibang lugar ang mga tulad natin.

**SNOW:** And more opportunities.

**FALLS:** Look at what they are doing to us, guys. We're calling for a better treatment pero tingnan mo 'yung binigay nila sa atin, a stupid memo! Need ba talaga natin magtanggal ng isang member?

**SNOW:** I'm afraid so.

**BURN:** Pasensya na, pero maaari na siguro nating ipagpatuloy ang sinimulan natin. Wala akong hangad kundi ang mapabuti ang grupo nang sa gayon ay marami pa tayong matulungan. Naniniwala akong nagagampanan ko nang maayos ang pagiging lider ng team na ito. Patawad kung minsan hindi ko kayo napakikinggan pero asahan niyong lagi na akong makikinig dahil iisa tayo. Bilang isa namang miyembro, malaki ang tiwala ko na ang apoy ko ay tunay na nakatutulong upang magapi ang kasamaan.

**SNOW:** I think this country needs, Snow. This team needs me. After all, you are my family. Yes, I have lived a different life back in America, when my father abused my powers for

his own gain. When my nanay and I decided to leave my father, I found sanctuary here in the Philippines. I have found you, guys! Once I was a foreign

superhero, but trust me, I'm a Pinay at heart. There were so many times that my ice powers neutralized our enemies.

**FALLS:** I admit it, I have flaws. Lahat naman tayo meron, but I believe kailangan ako ng Powerful Five. Malakas ang tubig ko, pero mas malakas kung kasama ko kayo. Yieeee.

**ZAP:** Burn, Snow, Falls, sorry sa mga nasabi ko kanina. Siguro nga nasa ilalim lang ako ng espiritu ng alak. Marami-rami na rin akong nakuryenteng mga masasamang elemento pero hindi ko magagawa 'yun kung wala ang tulong ninyo.

**INVI (V.O):** Walang taong perpekto. Walang superhero na perpekto. Ang dami na nating natalo sa pagtutulungan natin. Ngayon pa ba tayo susuko? Mapaghihiwalay ba tayo ng isang memo? Tingnan ninyo 'yung shelf. *(Ituturo ang istante sa bandang kaliwa ng HQ.)* Hindi natin makukuha 'yan kung wala tayong lahat. Hindi ninyo man ako nakikita, lagi akong nandito para sa inyo.

*Lalapit sa estante si FALLS at kukunin ang itim na sombrero.*

**FALLS:** Guys, kay Mr. Bad 'tong sombrero na 'to, 'no? Naalala ninyo nung nahanap ni Mr. Bad 'yung HQ.

**ZAP:** Oo nga, dahil sa madalas mo ngang paglagay ng address ng HQ sa mga online shopping apps.

**FALLS:** Kaya nga, I'm sorry na talaga. Never again.

*Kukunin ni BURN ang sombrero mula kay FALLS.*

**BURN:** (*Matatawa.)* Nakuwento ninyo nga sa akin 'yun. May niresolbahan rin akong ibang krimen nung araw na iyon kaya nahuli ako sa operasyon. Mabuti na lang naroon at si Zap upang humaliling lider. (*Isusuot ang sombrero kay Zap*.)

*Mapapangiti si ZAP.*

**ZAP:** Sombrero nga pala 'to, no? Ginawa ko na lang kasing lalagyan ng barya 'to, e.

**INVI BILANG PA SYSTEM (V.O):** Tandang-tanda ko pa 'yun! Parang ganito 'yun, o! Alert! Alert! There's an unauthorized person at the entrance. There's an unauthorized person at the entrance.

*Muling kukunin ni BURN ang sombrero mula kay ZAP at isusuot ito. Magsisimula ang reenactment ng grupo sa engkuwentro nila kay Mr. Bad. Si BURN ang gaganap na Mr. Bad. Hawak-hawak niya si FALLS bilang hostage. Maaaring maglagay ng intense background music sa bahaging ito.*

**SNOW AT ZAP**: Mr. Bad! Falls!!

**BURN BILANG MR. BAD:** *(Evil laugh!)* Powerful Five! Ito pala ang bulok ninyong headquarters. Salamat kay Falls at natunton ko ito.

**ZAP:** Pucha ka huwag mo siyang sasaktan!

**BURN BILANG MR. BAD:** Aba! Si Boy Pucha! Huwag kang magtangkang gumawa nang masama kung ayaw mong ma-dehydrate 'tong si Falls. *(Pun intended. Evil laugh!)* **ZAP:** Ikaw nga ang may ginagawang masama!

**SNOW:** Stop it, you imbecile!

**BURN BILANG MR. BAD:** Andito ka pa rin pala, Snow? Akala ko walang snow sa Pilipinas? *(Pun intended. Evil laugh!)* Ngayon, Powerful Five, powerful pa nga ba, ibabalik ko sa inyo itong si Falls kung ibibigay ninyo sa akin ang mga identity ninyo at ang iba pang confidential files ng lahat ng superhero team sa bansa.

**SNOW:** That's impossible!

**ZAP:** Kunin mo sa computer na 'yun! *(Ituturo ang direksiyon ng computer.)* Lahat ng hinahanap mo nasa document na may file name na Powerful File.

**FALLS AT SNOW:** Zap!

**ZAP:** Akin na si Falls!

**BURN BILANG MR. BAD:** Not so fast. Kukunin ko muna ang file bago ko ibalik sa inyo ang kawawa ninyong kamiyembro. *(Evil laugh!)*

*Maglalakad si BURN bilang Mr. Bad papunta sa direksiyon ng computer nang bigla siyang madadapa. Mabibitawan niya si FALLS.*

**ZAP:** You know the drill. Powerful Five! Sugod!

*Malaya ang pagpapakita ng fight scene sa bahaging ito. Maaari ding maglagay ng sound effects ng yelo, tubig, at kuryente. Maya-maya ay tatayo na ulit sila.*

**BURN BILANG MR. BAD:** May araw din kayo sa akin, Powerful Five.

**FALLS:** Invi, nakatulog ka na naman sa sahig? Buti hindi ako nadapa kanina.

**INVI (V.O):** Oo. Galing ako kanina sa banyo pero pagdating ko dito nakatulog ako. Nagising lang ako nung natamaan ako nitong lintek na Mr. Bad.

*Aalisin ni BURN ang sombrero at ibabalik sa estante.*

**BURN:** Anong nangyari dito?

**SNOW:** End scene!

*Magtatawanan ang LAHAT.*

**ZAP:** Mas malakas pa rin talaga tayo 'pag sama-sama.

*Lalapit si ZAP sa estante at kukunin ang isang laruang tren. Lalapit din sina BURN at SNOW. Kukunin ni BURN mula sa estante ang isang korona habang kay SNOW naman ang isang antipara.*

**ZAP:** Naalala ninyo nung nagkaaberya sa MRT noong nakaraang buwan? Ang bilis nating rumesponde noon para tulungan 'yung mga komyuter.

**BURN:** Hindi natin 'yun magagawa kung wala ang kuryente mo, Zap. Nahirapan din tayong kalabanin si Queen Typhoon nung sinalanta niya ang Metro Manila. Mabuti na lamang at nakuha natin 'tong korona niya na pinagmumulan ng kapangyarihan niya.

**ZAP:** Nagawa natin 'yun dahil mayroon tayong magaling na lider. Teka, may kapangyarihan nga pala 'yang korona? Patungan na lang ngayon ng mangkok 'yan,e.

*Magtatawanan ang LAHAT.*

**SNOW:** And how we team up to defeat the owner of these spectacles, Yanig.

**INVI (V.O):** Grabe nga 'yang si Yanig! Ang daming lindol na ginawa dahil sa salamin na 'yan. Intense! Reading glasses ko na lang ngayon 'yan, e. Pero hindi rin naman natin siya mapapatigil at mahuhuli kung wala ang yelo mo, Snow.

**SNOW:** I can't do that without your distraction tactics, Invi, which are very efficient for our team.

**FALLS:** Guys, I'm gonna be sad if may matatanggal sa atin. You know, dahil may samahan na tayong nabuo.

**ZAP:** Malulungkot din ako, Falls. (*Titingin sa mga kasama*.) Ang ibig kong sabihin ay dahil importante ang tubig niya sa grupo. At importante si Falls bilang si Falls. Napapagaan niya ang mabibigat na sitwasyon.

**FALLS:** (*Ngingiti kay Zap*.) So, sino na ang aalisin sa Powerful Five?

**BURN:** (*Ngingiti*) Wala. Marami nga tayong natalong makapangyarihang nilalang, sila pa kayang gumawa lang ng memo. Kailangan natin ang isa't isa. Naniniwala akong walang karapat-dapat na alisin sa atin.

*Magtatawanan ang LAHAT*.

**FALLS:** I love you all, guys! To Powerful Five!

**LAHAT**: Powerful Five!

*TELON*.

# Maikling Kuwento

# TILDE ACUÑA

Nagtuturo si Tilde (Arbeen Acuña) ng mga kurso sa wika, malikhaing pagsulat, panitikan, at Philippine Studies sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas (UP). Awtor siya ng monograp na "Ilustraxon: Semyotika sa Pahina at sa Piraso ng Komix" (Kritika Kultura, 2018), at piksyong *Oroboro at Iba Pang Abiso* (UP Press, 2020). Co-editor ng *Destination: SEA 2050 A.D.* (Penguin Random House SEA, 2022) at iba pang antolohiya. Pana-panahon ding gumagawa ng mga zine, tulad ng *konsumérebyu* (2022) at *bases x figuras* (2023).

# SINGKRONO

Good morning class, bati ng guro habang nagmamaneho. Sige, hintay pa tayo ng 5 minutes tapos quiz tayo, pahabol niya sa chatbox. Nagbasa ba kayo, tanong niya sa mikropono kahit wala naman siyang inaasahang mag-ye-yes-ma'am-ser. Siyam sa dalawampu't lima niyang estudyante ang present. Marami na ito kaysa karaniwan. May tumatahol na aso. Lydia, naka-unmute ka yata, sabi ng guro. Nag-chat si Lydia: Sorry, Ma'am Merano, kinukubkob ang subdivision namin, kaninang alas singko pa pala nagsimula. Nilolooban na ba kayo, as in ngayon mismo, tanong ng guro. Nasa makalawang kapit-bahay pa lang Ma'am, kaya kakayanin pang mag-quiz. Makalawa? Okay lang iyan, ingat diyan, pero pakiusap na paki-unmute na lang kasi baka nag-re-review pa ang iba mong kaklase, salamat. Malumanay ang butihing gurong si Vanja. Mana sa maalamat na kusinero niyang ninuno. Marahil wala nang nakakikilala sa kaniyang lolo, pero marami itong natulungang magluto, lalo noong panahong sunod-sunod ang lockdown dahil sa kung ano-anong epidemya, pandemya, at iba pang delubyong nalampasan na ngayon ng sangkatauhan. Dapat.

Bukas ang erkon ng sasakyan ni Ma'am, pero bukas din ang bintana. Nutralisado ang init ng panahon, stalemate sa lamig na binubuga ng erkon. Kahit papaano. Maaga silang umalis sa bahay. Mga alas tres ng madaling araw; alas otso ang duty ng misis niya sa ospital. Nag-ro-ro pa ang kakarag-karag niyang kotse. Pinagpapawisan pa rin siya, pero mas dulot siguro ito ng lumalaking imahinaryong butas sa wallet na dulot ng walang patumanggang pagtaas ng presyo ng gasolina. Kung sa pagpapagawa na lang sana ng sasakyan ginastos. Wala nga lang

silbi ang pagpapaganda ng takbo ng sasakyan, kung walang gas. Kung sa pagbili na lang sana ng bike ginastos. Ipinagbawal nga lang ang pagbibisikleta hindi lang sa maraming daanan kundi sa barkong ro-ro. Bukod pa sa itinaas ang buwis sa pagbili ng yunit at ng mga piyesa ng bisikleta, habang ibinaba ang downpayment sa pagbili ng kotse per itinaas ang buwanang interes.

Last minute, paalala ng guro. Nagtanong sa chat ang kapapasok lang na si Badge: Anong number na Ma'am? Wala pa, magsisimula pa lang. Nagpasalamat si Badge, kahit hinihingal na siya. Kasalukuyan siyang nag-ja-jogging. Sinabihan kasi siya ng doktor niyang kailangan ipawis ang micro-plastic mula sa madalas na pagkain ng Big Mac at paglaklak ng Coke sa pagitan ng mga buffet. Kapag hindi siya naka-minimum ng limang oras na ehersisyo o katulad na pisikal na aktibidad kada araw, malalagay sa peligro ang buhay niya dahil baka mabarahan ng kolektibong pagkilos ng nano- at mikro-plastic ang mga daluyan niya ng fluwidong pangkatawan. Kakatwa ang biro ng doktor niya na nagsabing sa sama-samang pagkilos, magwawagi ang maliliit laban sa malalaki. Fat-shaming 'yan dok ha, ngisi niya. Fact-checking lang, ikaw talaga, osiya, salag sabay paalam ng doktor na hindi ganap na binigkas ang "c" sa "fact," eat-all-you-can moderately, pahabol nito. Kaso, ngayon sa sandaling ito, hindi lang alta presyon ang kailangan niyang i-check, kundi maging ang mga sagot niya sa quiz. Pero, tulad ng iba niyang kaklase, may isinasabay siyang buhay-at-kamatayang aktibidad habang idinaraos at iniraraos ang klaseng kailangan maipagpatuloy anuman ang mangyari.

Panandaliang nag-ro-ro sina Ma'am. Saglit itong pahinga ng gulong ng sasakyan mula sa kondo yunit nilang nasa

dating pinakamalaking mall sa buong Asya. Ilang nalathalang papel-pananaliksik na ang pumatungkol sa detrimental na epekto ng reclamation, at ng pagtaas ng tubig. Walang nasa awtoridad na nakinig noon. Hanggang ngayon. Ang inaakala tuloy na makapangyarihang mga estruktura at mga karatig-pook nito, kinailangan na ng mga sasakyang pang-ilog, pandagat, pangkatawang-tubig, tulad nitong ro-ro. Wala nang "pinakamalaking mall" ngayon, dahil bahagi ang lahat ng isang complex; bawat gusali ay integradong sangay ng pandaigdigang mall, hanggang sa pinakamaliit na stall, lantad man o nasa black market. Iilang pamilya ang may hawak ng mga negosyong legal at ilegal. Sa ngayon, swabe pa naman ang panandaliang maritimong biyahe, bagaman may banta na naman ng pribatisasyon. Nang idiskarga ng barko ang mga lulang sasakyang panlupa sa EDSA port, trapik na. Kung anong gawi ng molecule sa likido at solido, ganoon din ang gawi ng mga sasakyan sa dagat at lupa, mas dumadaloy nang maluwag ang una habang siksikan at halos hindi kumikilos sa huli. Sakto, makakapokus siya sa klaseng online. Memoryado naman na niya ang leksiyon. Tatlong dekada na niyang itinuturo ang asignatura. Samantala, tulog ang misis niya sa biyahe. Tulad ng nakasanayan.

Number one, saan galing ang mahimalang tubig na nakapagpapagaling ng sakit? Lalong nauhaw si Badge, kahit dala naman niya ang geothermal flask niyang half-full half-empty, pero hindi pa rin niya mahagilap ang sagot sa memorya niyang akala niya full pero empty pala. Wala naman nang malinis na yamang-tubig sa Pilipinas, baka sa ibang bansa, ngunit saan naman kaya? Napadaan siya sa "hood" ni Lydia, hindi bagay ang "hood" kasi

alta ang gated nilang komunidad; napadpad siya sa bahay na "makalawa" na kasalukuyang nilolooban. 'Yung pinatutungkulan kanina ni Lydia. May mga aso rin ang mga residente roon, kaso dahil hindi maabutan ng ngasab ng panga ng aso ang mala-palos na mga magnanakaw, napagdiskitahan si Badge. Aksidente niyang napindot ang unmute at napasigaw. Anyare, Badge, tanong ng kaklase sa chat. Okay ka lang ba riyan, pahabol ng maalalahaning guro. Ay Ma'am, pasensya na po, nakagat lang po ako ng aso, galos lang naman po, around three inches lang ang lalim. Nasugatan si Badge. Medyo mahaba ang hiwa. Tumulo ang dugo, pero hindi dumaloy. Plastic sando bag ang mga ito! Awtomatiko ring napuputol, may nakahanda nang mga linyang putol-putol na hihilahin na lamang para mapaghiwalay ang bawat plastic sando bag. Panandaliang naging dispenser ng plastic si Badge, dahil naubusan na ng sisidlan ang mga kapus-palad na looter. Mabilis ang mga magnanakaw kaya nasulit nila ang "dugo" na iniluwal ni Badge. Hindi ito ininda ng batang mayaman, dahil pagkakataon na niyang makatulong sa mga hampaslupa, lalo at hindi rin naman niya kayang pumalag. Ang mahalaga, kailangan matapos man lang ang quiz para ma-secure ang attendance. Lumalakad na lamang siya. Ibig sabihin nito, triple ang ilalaan niyang oras, kaysa kung tumatakbo siya.

Number two, munting paalalang walang saktong sagot dito ha, tsek na lang natin mamaya: Bakit natatangi si Clodio—hindi 'yung kaklase ninyo ha—sa lahat ng tauhan sa nobela? Nagitla si Clodualdo, dahil tagapagpadaloy siya ng pulong habang nag-ku-quiz. Ilang ulit bang nabanggit at saang pahina ba banda iyang si Clodio? Mas nasa pulong ang atensiyon niya. Ilan ba ang

makadadalo sa protesta laban sa nagpapatuloy pa ring pagwasak sa kalikasan sa ngalan ng tubo at "kaunlaran"? Bakit kakaiba o hindi popular ang ganitong paninindigan, gayong walang Planet C? Meron daw Planet B, pero mahirap matukoy kung pantasya ba iyon o siyensya. Ang kalakaran kasi sa ikawalong daigdig, 'yung naipaliliwanag sa sayantipiko at materyalistang mga termino, ginagawang mala-salamangka at mala-misteryo rito sa atin. Pareho silang natatangi ng halos katukayo niya, dahil wala namang ibang aktibista sa klase na ito. O, at least, walang kasinghalaga niya ang ipinaglalaban. Mayroong rally kasabay ng klase, ngunit (tulad ko) mamaya pa natin makikilala, kapag angkop na at maiuugnay sa aytem sa quiz. Para mapaganda ang daloy ng rebelasyon at magkaroon ng tsansang manalo ito sa timpalak o kahit malathala man lang.

Number three, namantsahan ang damit ni Kapitana Barang at siningil niya si Anday, anong tipo ng fluwido ang mantsa? Pasalamat sa Diyos si Badge, hindi talaga "dumanak" ang dugo niya. Kapag dumanak kasi, tigmak nito ang lupa, malaking abala. Sa kaso niya, walang humalik at yumakap at nakipag-isa sa—wala palang lupa rito kundi—semento. Madali naman makuha ang plastic, o mahiwa-hiwalay; hindi tulad ng dugo. Walang mantsa, pero ano ba itong mantsang sinasabi ni Ma'am Merano? Hindi niya naman maalalang nagluto si Anday. 'Yung tinola, sa ibang nobela iyon at hindi naman nakamamantsa ang sabaw nu'n. Malawak ang subdivision na kinapapalooban nila. Relatibo kasi kung malayo o malapit na siya kina Lydia. Baka pwede mag-senyasan sila ng sagot? Ginugutom siya lalo ng mga tanong. Big Mac na Big Mac na siya, Coke na Coke na siya. Nakakamantsa ba 'yung pawis ng Coke? E,

’yung ketchup ng Big Mac? Panahon ng kolonyalismong Espanyol ang tagpo ng nobela, kaya wala pang fastfood. Mahilig siya sa fastfood pero bakit ang bagal niyang tumakbo at ang bagal din tumakbo ng isip niya? Sabagay, ’yung breakfast nga, wala namang kinalaman sa bagal o bilis. ’Yung fastbreak ba? Sinasabotahe ba siya ni Ma’am? Nakakabigat naman ng loob ang quiz, lalo sa tulad niya.

Number four to six, anong pamagat ng kabanatang tungkol sa laro at sino ang dalawang pangunahing magkatunggali? Andami naman ng isasagot sa bahaging ito, pero madali lang ’yan. Sanay nang multi-tasker si Matthea. Sa katunayan, higit sandosenang webinar ang pinakikinggan niya habang nagkaklase. Partida, nasusunog pa ang bahay nila ngayon kaya napa-unmute siya nang mga dalawang segundo lang naman. Ano ang nangyayari sa iyo, Matthea, maayos pa ba ang iyong lagay, gayong parang mula sa iba’t ibang daigdig ’yung sabaysabay na tinig na ’yun, parang sinapian ng iba’t ibang nilalang? Nag-sorry-ma’am lang si Matthea sa chat at nag-unmute agad. Dala niya ang apat na gadget dahil nakikinig din siya sa iba pang webinar: tungkol ang isa sa kung paano pagsasabayin ang lima hanggang sandosenang meeting; tungkol ang isa sa kung paano aktibong dumalo sa meeting habang nasusunugan; tungkol ang isa sa kung paano sasagot sa klase para may recit points pa rin habang nasusunugan at nag-mi-meeting; tungkol ang isa sa kung paano hindi mapahalata na lumulusong ka sa baha habang nasa anumang meeting at lumilikas mula sa lumiliyab na kagubatan; tungkol ang isa sa kung paano kumain ng agahan habang nasa dalawang webinar; tungkol ang isa sa kung paano mag-sort ng mga window at mga tab kapag lampas sa sampu ang webinar na pinakikinggan (update o sequel ito sa paano

mag-sort ng mga window kapag nasa lima kang webinar); tungkol ang isa sa kung paano mag-quick-nap (humigit-kumulang sa tatlumpung segundo) para magkaroon ng sapat na enerhiya sa lahat ng webinar. May mga patapos na at pasimula pa lang sa mga ito, kaya mamaya baka may update din kung ano nang sunod at sabay sa kaniyang mga "playlist."

Number seven, apelyido ng bumuo o mga bumuo ng unfinished third novel, ngunit separate efforts ito ha. Same surname sila. So, simple lang, kung alam ninyo ang byline ng librong ito, parang bonus na lang ito. Bale, tangka pang pagpapasimple ni Ma'am dahil nawawala siya sa pokus at napapa-Taglish habang may dumaraang tsunami ng basura sa highway. Ang tanong sa number 7, pagpapatuloy niya, ay apelyido ng umakda ng bersyong ito ng nobela o sa madaling sabi ang nagsalin at nagbuo para sa atin. Panahon na siguro para magpakilala ako, dahil isinaayos ko ang transkripsyon o mala-katitikang ito bilang pagtatangkang "isalin" mula tunay na buhay tungo sa anyong maikling kuwento para ilahok sa Palanca o malathala sa Agos. Kaya alam ko, syempre, ang sagot sa tanong na ito, kalahating nanosegundo lang, nasagot ko na sa interface. Dahil na rin iilan lang ang pumapasok, nakilala ko rin ang mga kaklase ko kahit hindi ko sila nakikita. Ipauubaya ko na sa maaabot ng mga salitang ito ang interpretasyon. Hindi ako nag-iisa rito, dahil may kasabwat o kasama ako sa kolaborasyon. Misteryoso, pero hayaan na lamang natin sa ganoon. Nakapaglalakbay siya sa iba't ibang time-space continuum, kaya naisasalin niya ito sa "wika" na mauunawaan ng espesipikong mambabasa, kahit pa malaki ang progresyon o regresyon ng wikang Filipino sa iba't ibang panahon. Pwede kong ma-perfect ang quiz, dahil homework ng kaibigan kong

ito na alamin kung anong mga itatanong sa quiz, ngunit hindi ko iyon gagawin. Baka makahalata si Ma'am, o sinuman sa kaklase. Mas wala silang muwang sa pangarap ko, mas mainam. May kung anong proteksiyon ang Palanca sa time o timelessness, kaya hirap matukoy kung sinong hurado; baka ika-talo (o ika-reject?) ko pa ang butas na ito sa naratibo, bahala na. Basta, papamagatan namin itong "Singkrono." Kaso baka kailangan pang palamanan o budburan o anuman ng mga usapin tungkol sa pamilya, pakikipagkapwa, pagka-Filipino, o basta sasaliksikin na lang namin kung sino ang may mataas na tsansang maging mga hurado o mga editor; kung hindi man namin matukoy, at iyon na nga ang nangyari, siguro ipapasa na lang namin sa *Dx Machina* 300, kung magkakaroon ulit ng pandemya, kataklismo, anumang katulad na banta sa sangkatauhan. Sana, matanggap.

Number eight, karakter na may kapangalan o katukayo sa unang dalawang nobela ng awtor—na hindi kapitan. Napakilala ko na ang sarili, ipakilala at i-spoil na natin ang sagot sa tanong na ito: Isagani. Hindi ko rin alam kung paano niya natatawid ang mga parallel na uniberso, pero kung ang mga akda nga, natatawid niya, ano pa ang realidad? Hindi ko nga rin alam kung tao siya, dahil minsan niyang nabanggit na bahagi siya ng Singularity. Komplikado, gayong gusto ko lang namang magka-akda ng piksyon; pero ang sagot niya, maging kami raw, bahagi ng piksyon. Sa isang buhay, kausap niya si Simoun; siya raw 'yun, pero siya rin ang umibig kay Cecilia rito sa pinag-uusapang nobela. Sa bansang Hapon sa nakaligtaan ko nang taon, naka-order siya ng mala-Doraemon na robot sa Amazon, makina itong nakapagluluwal ng iba pang kontrapsyong nakabubuo ng iba pang makina ad

infinitum. Ngunit hindi sila magkatulad o magka-antas ng uring panlipunan ni Nobita; anak-mayaman si Isagani. Madali naman kaming nagkaunawaan nang tanungin ko siya kung posible ba ang plano ko: siya ang magdadala ng mabubuo kong akda sa lahat ng timeline na mapupuntahan niya, para sa tsansang manalo ito o malathala, tapos dadalhin niya ang sertipiko sa akin nang sa gayon, makapasok ako sa mga sirkulong pampanitikan. Bahala na sa temporal o espasyal na mga kahinatnan, basta kailangan i-rush ngayong ika-31 ang borador, at siya na ang bahalang mag-angkop sa estetika at pamantayan ng mga hurado o mga editor.

Nine at ten, tuloy ni Ma'am, parang bonus na rin ito ano, matantsa ko man lamang kung binuklat n'yo ang ating babasahin: pangalan ng dalawang kapitan. May clue na kayo sa number eight, mga anak nila ang nasa naturang laro, atin itong binanggit kanina, hindi ba. Pakiramdam ni Jedi, nasasagkaan ng guro ang karapatan niya kaya kailangan niyang makibaka; pero hindi siya kahanay ni Clodio, na puro meeting ang ginagawa. Katunayan, nasa gitna ng aksiyon si Jedi. Habang nasa birtuwal na silid-aralan, nasa labas din siya ng apat na sulok nito—sa lansangan kung saan nakikibaka sila para sa karapatan ng kalalakihan at para kundenahin ang "rich-shaming." Hindi niya talaga maalala ang sagot sa huling tanong kaya napa-shhhhh siya sa mga maka-lalaki at maka-mayayaman na kakapit-bisig, nang sa gayo'y magkaroon man lamang siya ng ilang segundo para payapang maalala ang mga kapitan. Nanahimik naman ang mga kasamahan dahil kalahati ng funding ng rally ay mula kay Jedi, na anak ng "panginoong may-laptop"—ang naging taguri sa mga ektarya ng lupang dating sakahan at na-convert na upang paglagakan ng mga makinaryang "nagmimina" o nag-iimbak

ng mga datos ng mga cryptocurrency wallet na bumubuo sa mga blockchain. Hindi iyan nauunawaan ni Jedi, dahil may kahinaan talaga ang kaniyang kokote; bagama't may kumpiyansa siyang basta magaling magkabisa, magtatagumpay sa buhay. Ang hindi niya alam bukod sa maraming bagay (o baka alam niya, nakalimutan lang niya), isa sa mga ka-hanay niya ay ahente ng CIA. Nagkaroon ito ng interes sa mga paksa kaya nakikinig sa online class ni Jedi.

Sa ngayon, ito ang mga tala at analisis ng ahenteng hilaw (rasismong tumbalik ba ito?): Ang sagot sa number one ang pinagmumulan ng rasyon ng tubig ng mga komunista; nasa number two naman ang ilan sa mga katangian ng nais reklutahin sa "legal na prente"; koda ang number three sa kung anong makasisira sa mga rebolusyonaryo; may kinalaman sa ambush o engkuwentro ang sagot sa four to six; wala siyang mahinuha sa number seven at eight, basta malamang na mahalagang tao o anagram ang mga ito; malamang na pangalan ng mga "reaksyunaryo" na lilikidahin ang mga "kapitan" sa huling tanong. Purol ang isip ngunit matalas ang pandinig ng ahente, at memoryado niya ang mga mata ng mga kasama niya sa rali, kahit naka-gasmask ang mga ito. Mas malaking banta, literal, ang virus sa ngayon dahil hindi maitatago sa "naked eye" ang mga droplet na sinlaki ng alikabok. Alam ng ahente, dahil masinop siya sa pagkalap ng impormasyon, na airborne na ang virus. Ibig sabihin, pinapanganak sa hangin. Kapag nagtagpo ang lalaking droplet at babaeng droplet, posibleng magsilang ng bagong droplet. Baka mala-tao na itong virus. Sila ang susunod na tagapangalaga ng mundo. Ngunit ang mahalaga at krusyal na tanong ng ahente: komunista kaya ang mga ito? Baka magkaroon siya ng mga clue sa mga sagot sa quiz:

Inulit-ulit nang malumanay ni Ma'am ang mga tanong, tulad ng magalang na empleyado sa customer service na nakukulitan sa customer ngunit hindi niya ito puwedeng supalpalin nang ganon-ganon na lamang. Inulit ni Ma'am, pero nakasuma na: One, holy water, saan iyan iniimport o inaangkat; two, ano ang papel sa buhay o sa nobela ni Clodio; three, mantsang nagpakulo ng dugo ni Kapitana Barang; four to six, laro at manlalaro sa isang kabanata; seven, tagasalin, tagabuo ng "puzzle" mula sa kahon-kahong mga dokumento sa pambansang arkibo, na 'di kalaunan ay magiging kopyang digital ng librong binasa ninyo, kung sakali mang tapat ninyong pinaglaanan ng oras ang pagbabasa ng itinakdang babasahin; eight, recurring na pangalan ng karakter, pero ibang tao ito ha, nagkataon lang, o iyon lang talaga ang madalas matipuhang ipangalan ng awtor sa kaniyang karakter na kapangalan nga pala ng isa ninyong kaklase; at nine at ten, mga kapitan, tatay sila nina five at six, mga magkatunggali sa halalan. Ready?

Galingan mo ha, sabi ng isa sa mga bandidong kumidnap kay Solar bago magsimula ang quiz. Mukha kasi itong klasikong k-pop star at kapangalan pa ng isa sa mga pinakasikat noong unang panahon. Napakiusapan niya ang teroristang bantay sa kaniya na padaluhin siya ng online class kasi baka pagalitan siya ng mama niya kapag na-miss na naman niya ang sesyon, at nadagdag sa naparami na niyang mga absent. Umoo nang hindi na kailangan pang pilitin ang terorista. Si Solar na lang ang inaasahan ng kaniyang mama. Hindi naman sila ganoon kayaman. Napagkamalan lang talaga siya. Hindi rin naman beterano ang mga bandido. Kailangan lang talaga nilang mangidnap sa sobrang hirap ng buhay. Kaya nagkaroon ng negosasyon, nagkadiskwento:

Nakalahati ang ransom, at muling nakalahati pa. Fifty percent off, but wait there's more. Kailangan lang mangutang ng mama ni Solar. Updated din ang guro sa kalagayan niya. Napa-unmute ang gadget ni Solar, hindi siya ang nagsalita kundi ang isa sa mga terorista. Sabi nito, Ma'am nag-rebyu kami kagabi, makikita ninyo ma-pe-perfect ni Solar ang quiz. Teka, bakit tila boses lalaki ka Solar, tanong ni Ma'am. Paos ka ba, kamusta ang iyong pakiramdam, pahabol nitong pag-aalala. Hindi ko hinuhusgahan ang SOGIE mo ha, pasensya na, curious lang talaga ako, alam naman nating may malakas tayong programa para sa mga adbokasiyang maka-panghalip at iba pang kaugnay na mahalagang usapin tungkol sa SOGIE, paglilinaw ni Ma'am sa kaba na baka ipatawag siya sa opisinang pangkasarian.

Ma'am, sorry po, si—paglilinaw ni Solar sa mikropono. Zoren Legarda po Ma'am hehe, biglang singit ng lider ng mga bandido. Paglilinaw ng, sa katunayan, ay ikatlo sa command, sa sandaling ito, siya ang pinakamataas na opisyal ng mga terorista. Impormal naman talaga ang organisasyong estruktural nila. Hindi sila teroristang terorista. Uy Zoren, naalala kita. Hindi ba't inyo ring dinakip ang isang estudyante ko last year, tama ba, kinidnap din ninyo si—? Si Guada, naalala mo? Opo Ma'am, masiglang tugon ni Zoren. Ibang subject po iyon hehe, kaya rin namin napili si Solar para may variety ng subject kaming maeenrolan. A sige, proceed na tayo ha? Salamat at supportive kayo sa mga estudyante kong kinikidnap ninyo. Balita ko, madali rin kayong kausap sa ransom, lalo kung tapat naman ang inyong kausap at tunay namang hirap silang maipagkaloob sa inyo ang hiling ninyong pera. Salamat sa partisipasyon. Anyway. Heto na ang mga sagot, magalang

na tugon ni Ma'am. Nag-unmute ang gadget ni Solar ngunit nakaabang pa rin sina Zoren Legarda. Sa lahat ng dumalo sa klase ni Ma'am, pangalan niya lang ang hindi niya malimutan dahil may apelyido ito. Itinago na kasi sa mga guro ang mga apelyido para maprotektahan daw ang mga estudyante sa paghihiganti ng mga guro, sakaling matapat sa kanila ang mga kaaway nila at ng bayan: mga anak ng dinastiyang ganid at nagpapahirap sa buhay ng mga Pilipino. Matagal nang hinaing ng mga guro na mas mababa pa ang sweldo nila kaysa pulisya at sandatahang lakas na pribadong armadong puwersa lang naman ng mga angkang marangya pero walang dangal. Kaya, kung may dinastikong apelyido ang estudyante, minsa'y pinag-iinitan ito ng ilang agrabyadong gurong nais makamtan ang katarungan at hustisya. Mas alam pa ng ahente ng CIA kaysa kay Ma'am ang background ng mga estudyante.

Number one, ilog Jordan. Kita mo na, sabi ni Zoren sa bise niyang si Okiks, sino ang nagsabing may ilog Bryant, anlayo naman nun sa Jordan! Number two, ano ang mga sagot ninyo? Tiyak dito si Zoren kaya nag-unmute ulit siya, Pagano Ma'am, pagano! Tama, may iba pa bang sagot? Ayaw, n'ya, mag-pa-ben-dish-shon, hingal ni Badge. Kaya raw po siya ginagalis, pahabol ni Clodualdo sa chat. Number three, anong mga sagot ninyo? Sipon, hula ni Lydia. Gatas, sabat ni Zoren kahit luha ang sinagot ni Solar. Tama si Solar, luha, kumpirmasyon ni Ma'am. Tumawa si Zoren, pero naka-mute, sabay tapik kay Solar, buti talaga hindi ka laging nakikinig sa akin hehe. Number four to six, sige mga manlalaro muna, okay, may nakakaalala ba, sino ang mga bata? Tama naman karamihan, sina Ape at Silvino, korus pang sumagot ang ilan na para bang tiyak na tiyak. Anong laro? *Counter*, biro ni Zoren kahit alam

niya namang walang FPS o first person shooter noong panahong kolonyal. Naalala ni Zoren ang nagtulak sa kanila na maging "rebelde". Mahilig lang ang karamihan sa kanila noon sa retro-gaming, partikular sa FPS matapos pumasok sa eskuwela. Dahil sa nakurakot na ng Diktadurya ang kaban ng bayan, ilang mga serbisyong mapagbubuwisan ang inimbento ng gobyerno at hindi nakaligtas ang pampalipas-oras nila. Tinaasan muna ang buwis, hanggang sa ipinagbawal dahil karamihan daw ng mga gerilya, sa larong *Counter* natuto mamaril at manambang at mang-headshot. Para maipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral at paglilibang, nagpasya silang mag-kidnap-for-ransom, pero ang target nila ay espesipikong mga estudyanteng may espesipikong subject na nais nilang sit-in-an. Hindi rin deal-breaker sa kanila ang mismong ransom, dahil minsan lang nagsusumbong ang mga magulang sa mga ganid na pulis at sundalo. Madali silang kausap, at ang pagkakataon lang na nakipagbarilan sila sa mga alagad ng batas, ay noong may nagsumbong sa mga awtoridad na hindi naman kasali sa usapan. Basta sila, hindi sila lapastangan. Minsan na silang pinalayas ng masungit na guro. Wala raw sila sa class list, kaya huwag silang maki-participar. Nakuha pang mag-Espanyol upang mabigyang-diin ang pangmamatapobre. Hindi por que nakidnap nila ang estudyanteng enrolled, puwede na sila makisali at makiupo sa clase. Aba, magbayad muna sila ng matricula, pangangatuwiran ng masungit na maestro't maestra. Hindi nila ipinilit ang sarili nila. Bihira silang makatagpo ng tulad ni Ma'am, kaya mainam na reunion sa kanilang dating naging guro, impormal man, itong klase ni Solar.

Lampas kalahati na tayo, number seven, paboritong numero ng Demokleptokratiko, ano ang mga sagot ninyo? Ambot, sabi ng isa; J. Nilo, hula ng isa pa. Huwag na lang natin ibuking kung sino, pero hindi *ako* ang sagot dito. Balang araw magiging Palanca awardee ako sa piksyon o pagkatha, dapat ninyo akong paniwalaan—o kami, kasi nga ka-collab ko rito si Isagani—syempre Ocampo ang sagot dito. Puwera biro, may mga iskolar na nakadiskubre, sabi ni Gani, na pati sina Diether at Satur, may mga sariling bersiyon ng nobelang ito. Kaya nakalilito talaga kung sino sa mga Ocampong ito, ano'ng edisyon, ang tamang sagot. Number eight, estudyante itong kadebate ni Simoun o ika nga, ka-diskurso, naalala ninyo? Hindi si Crispin o Basilio ito, mga mangmang ba kayo, pero hindi ito sinabi ni Ma'am Vanja sa mic; sa isip niya lang, pero singlumanay pa rin ng kaniyang ninunong kusinero. Maingat dapat, dahil may pagka-tarantado ang mga hayop na estudyante. Hindi na nga nagbabasa't sensitibo at nais pang maging valid lahat ng sagot nila. Minsan, mapapaisip ka kung sila ba ang kaaway. Isagani, sagot ni Clodio na bumasag sa nagdidilim na pagmumuni ng guro. Tama, huling dalawang aytem tayo class. Sino ang mga kapitan? Panchong at Basilio. Mali ka naman Ma'am, sa loob-loob ni Clodio (o palagay kong nasa loob-loob ni Clodio batay sa pagkakikilala ko sa kaniya), pero hindi na siya nagsalita kasi mas mahalaga ang pulong niyang kasalukuyang nagaganap. Pare-parehong pangalan lang naman 'yan. Isang puntos lang naman. Klase lang naman ito. Hindi naman ikatatagumpay ng kampanya kung hindi nabigyang representasyon si Kapitan Crispin. Ayan, palagay ko, ganyan ang artikulasyon sa isipan ni Clodio.

Mayroon ba ditong makapagsusuma ng akda? Walang sumagot at hindi naman sorpresa ito para kay Ma'am. Okay, simulan na lang natin sa unang eksena, kundi ba naman kayong batugang mga bwakanangfuckz kayo, ang nasa isipan ni Ma'am. Pero syempre, hindi niya ito sinabi. Tulad kanina, at lagi, inisip niya ito na singlumanay ng kusinero niyang ninuno. Pasensyoso sa mga pribilehiyadong hindi naturuan ng mga nanay nilang magluto, ngunit napilitan nang mag-pandemya. Iyon ang adbokasiya, inspirasyon, at legasiyang dala sa angkan nila ng ninuno niya. Teka, baka naghihingalo na ang erkon ni Ma'am, o nadarama ko na rin ang init, gayong malayo naman yata sa amin si Matthea. Hindi ba't nasa probinsiya siya? Mainit na rin ang simoy ng hangin dito. Nagpatuloy si Ma'am sa pagtatanong, "Bakit" natapos agad ang misa? Binuklat ni Badge sa iScreen niya ang file at agad na nag-unmute at sumagot, Ma'am sa simbahan po Ma'am pauwi na mga tao, agh. Napasigaw na naman si Badge. Malayo pa siya sa bahay nila Lydia pero dahil sa kabagalan niyang tumakbo at dahil sa frustration o kabiguan ng aso ni Lydia na si Cerberus na hindi nito mahabol ang magnanakaw, ninakawan na lang nito ng kagat si Badge. Sa pagtikim na ito, nalasap ng aso ang lasa ng hybrid na espirito at napag-alamang detektib ng kabilang mundo ang napagdiskitahan niyang nakawan ng kagat. Dati ring detektib ang amo niyang si Lydia, subalit nalaman niya ang kasamaan ng tao kaya panata niya ang pangangaso (hunting) ng mga kasalukuyang detektib tulad ni Badge, na napunta sa propesyong ito dahil anak-mayaman siya. Wala namang mahirap na magkakamal ng bigat at lapad sa panahong limampung libong piso na ang isang dolyar. Wala namang mahirap na lalamon para lang mag-ehersisyo,

para manatilihing buhay para makakain muli nang marami. Wala namang mahirap na makakabayad sa mataas na tuition at licensure exam fee, para maging detektib ng kabilang daigdig, lalo at mahirap din mismo ang proseso ng pagbabayad kasi kailangan ng cryptocurrency na tinaguriang jericoin. Wala namang mahirap na maglalaan ng panahon para aralin ang kombersiyon mula piso tungong jericoin. Basta ang punto, literal na lampas sa hanggahan ng silid-aralang birtuwal at mortal ang mga aktibidad ng mga estudyante.

Ano kayang pinagtatakhan ng mga tao, at sa palagay ninyo, bakit iba si Padre Agaton sa nakasanayan nating paglalarawan sa mga prayle? Tumahimik si Badge. Magandang pagkakataon ito sa kanilang modus. Gusto bumawi ni Jedi, dahil nga nagrarally siya para sa karapatang panlalaki at kontra sa "RK-shaming" o pamamahiya sa mayayaman. Ang adbokasiya niya para sa aping kalalakihan at abang burgis ang dahilan kung bakit mababa ang nakuha niya sa quiz. Sagot niya sa tanong ni Ma'am upang makapagpakitang-gilas: Hindi siya mataba, boy, agad sinunggaban ni Badge ang pagkakataon. Anong, sinong, sinasabi, mong, baboy? Nagdahilan si Jedi, Teka, may comma yun, hindi siya mataba comma boy. Sagot agad si Badge, Bakit, boy, ba, ang, tawag, mo, ke, Ma'am, bakit, hindi, mo, nire, respeto, ang, pronoun, niya? Ganito ang modus nina Badge: mambibitag sila ng mag-fa-fat-shame sa kanila, sabay magsusumbong sila sa employer, ang probokasyon: bakit namamahiya ang bastos na empleyado ninyo. Mula rito, kaya na nilang manipulahin ang empleyado at employer—kung bibigay ang mga ito. Patas ang ganitong labanan, para sa sirkulo nila. Sinasadya ng grupo nila na regular na mag-post ng mga selfie at

mga toxic na takes sa social media. Bitag ang mga ito, at sinumang matuksong magkomento sa pisikal nilang anyo at pangit na ugali ay tatanggalan nila ng trabaho. Isang tanong lang sa employer, bakit namamahiya ang bastos na empleyado ninyo, magagambala na ang katunggali nilang abang empleyado lamang. Muntik nang mabiktima ang misis ni Ma'am. Buti na lang, mabilis na-delete at walang makapag-screenshot. Minsan nang (at baka maulit muli) humingi ng tulong si Badge kay Isagani pero hindi nila mahuli nang screenshot. Gusto sana nilang gamiting bargaining chip sa guro, sakaling malagay sila sa alanganin sa hawak niyang subject. Hindi talaga nila matiyempuhan.

Sanay na sa mga katulad na kalakaran si Ma'am. Sa pagtaas ng temperatura, hindi lang polar ice caps ang patuloy na natutunaw, pati utak ng sangkatauhan. Mungkahing magpatawaran na tayo, valid lahat ng inyong nararamdaman Badge at Jedi. Kailangan lang nating pagtuonan ng pansin ang katanungang, kung bakit mainit ang ulo ng halos tila celebrity nang si Padre Agaton? Hindi nila malalaman, tulad ng hindi nila alam na may ahente ng CIA na nakikinig sa kanila (o baka may nakakaalam, hindi lang natin alam). Hinangaan ng ahente ang guro, dahil nakakubli talaga ang ugnayan niya sa komunismo. Ngunit, sa loob-loob niya, sinasabi niyang hindi n'yo 'ko maloloko. Hanggang may narinig siyang pagsabog. Tinitingan niya si Jedi para ito na mismo ang magtanong sa guro kung ano'ng nangyari. Ipagpaumanhin ninyo, class, ang balita ay sa isang dump site, nagkaroon ng sariling buhay ang nagsama-samang basura at naging kaiju, namulat ito at tulad ng mga bagong-gising, nag-inat-inat ito at hindi sadyang may tinamaang UFO. Kanina pa namin sinusubaybayan, at bumulusok

ang UFO sa highway kung nasaan kami ngayon, paliwanag ni Ma'am. Ibang liwanag ang naaninag ng ahente ng CIA. Nagatungan ang suspetsa nito sa komunistang koneksiyon ng ulirang guro, at pinakahulugan ang salaysay nang ganito: ang mga pinagkaitan ng karapatan at binasura ng lipunan ay babangon upang pabagsakin ang emperyong nangangalaga sa mundo mula sa kaitaasan; malinaw nang nagpapalaganap ng komunistang propaganda si Ma'am, pangungumbinsi sa sarili ng ahente. Wala namang tiyak na tugon sa akda, pagbabalik ni Ma'am sa paksa. Pero, ano ang mga espekulasyon n'yo?, aniya habang kumakaripas palabas ng spaceship ang mga alien. Agad na rumesponde ang sandatahang lakas at pulisya. Sumenyas ang asawa ni Ma'am, hinlalaking nakaturo sa labas ng sasakyan, na ang ibig sabihin ay inilipat siya ng duty sa mismong erya kung nasaan sila dahil sa emergency. Tumango si Ma'am, bumaba ang asawa niya, at tuloy ang klase.

Moody lang po ba siya Ma'am, hula ni Matthea habang nagsesearch siya ng madadaluhang webinar kung papaano ba ang mga hakbang na gagawin kapag may alien invasion at kaiju rampage. Nakikinig muli siya at sinisikap sundin ang mga instruksiyon sa webinar kung paano mag-lipat-bahay matapos masunugan habang isinasabay ang klase. Puwede, pero ano pa ba ang suliranin sa bayan ng Pili, dagdag na tanong ni Ma'am. Kompetisyon po ba sa kapangyarihan ng mga kapitan, Maam, wika ni Lydia. Bago pa makasagot ang guro, hindi nakapag-unmute si Lydia at maririnig na palakas nang palakas ang tahol ng aso niya. Nakikiusap siya na huwag galawin ang koleksiyon niya ng mga bote, lalo at kaluluwa ang laman ng mga iyon. Baka magsagupa ang pinakamakapangyarihang masasamang espiritu mula sa iba't

iba at kabi-kabilang daigdig, na baka magdulot ng apokalipsis ng daigdig na ito. Lydia, kamusta diyan, kayo na ba ang nilolooban, tanong ni Ma'am. Sorry Ma'am, teka, sagot-sabay-mute ni Lydia. Okay, sana ayos lamang ang inyong mga kaklase, teka may nais ka ba sabihin, Jedi. Ma'am, palagay ko po pinapahiya din si Father kasi marangya ang buhay niya na pinaghirapan naman po niya, tugon ni Jedi habang nanlalaki ang mata at ilong niya dahil may nakikita at naaamoy siyang asupre mula sa nagliliyab na buhawi na patungo sa mapayapa nilang hanay. Tiyak niyang may dalang galit sa kalalakihan at mayayaman ang buhawi; tulad ni Lydia, agad siyang nag-mute para hindi magambala ang klase. Badge, may idaragdag ka siguro dahil nag-unmute ka. Ma'am, nadiskubre po ng bayan ang dating eskandalosong mga litrato ni Padre noong hindi pa siya matipuno, tugon ni Badge habang pinagpipiyestahan ang laman niya ng mga kabarkadang lobo ni Cerberus, at ang sugat niya na dispenser ng sisidlang plastic na mapakikinabangan ng eco-friendly na mga looter na handang mag-recycle. Munti itong simula o marahil pagpapatibay ng panata o sumpaan ng pagiging matalik na magkaibigan ng mga aso at mga tao. Kumakain ang una habang umaani ng rekursong pampakete ang huli, at nasa sentro ng pagkakaisang ito si Badge.

Nagpasabi si Matthea sa pribadong mensahe na baka mawalan ng kuryente dahil sa parating na tsunami, na inaasahang umapula sa sunog na umabo sa sitio nila dahil nagningas ang mga puno sa gubat. Sasalpok ang tubig sa dinaanan ng apoy. Patapos na rin tayo, huwag kang mag-alala, tugon ni Ma'am. Tapusin na nga natin ito nang makapag-video-call ako kay bunso at mapakita ko sa kaniya itong laban ng sangkatauhan laban sa extinction,

isip-isip ni Ma'am. Paumanhin, wika niya sa mikropono, at mukhang kailangan na muna natin tapusin ang klase. Karamihan naman sa inyo ay mataas ang markang nakuha sa quiz, kaya sana huwag kayong mawalan ng pag-asa at may tsansa naman kayong makapasa at makapagtapos. Naputol ang internet koneksiyon ni Matthea nang may ngiti sa kaniyang labi, salamat sa inspirasyong iniwan ng kaniyang guro. Nakahinga rin nang mas maluwag si Badge, lalo at nangayayat na siya dahil sa pagngasab ng mga aso sa kaniyang laman at sa maka-kalikasang pagreresiklo ng plastic mula sa kaniyang dugo. Masaya rin si Lydia dahil dinala siya ng isa sa mga looter sa tropa niyang terorista at magkikita sila ni Solar sa hideout nina Zoren. Sabik na si Vanja na pansamantalang iwan ang pagiging ikalawang magulang ng mga estudyante, at tawagan naman ang anak niya; kun'sakali, ikalabintatlong screen siya sa gadget ng anak niyang nasasanay na rin sa hamon ng mundong kailangang matutong pagsabay-sabayin ang mga gawain. Nagpasalamat ang mga estudyante sa kanilang guro at ang guro sa kanilang estudyante.

Hanggang sa muli, kain na kayo at baka ginutom kayo sa ating sesyon. Takits sa susunod na Huwebes, wika ng ulirang guro habang dinidiskarga ng mga trak ng militar ang mga sundalo at mga pulis, lumalarga sa iba't ibang direksiyon ang mga tangke at helicopter, lumiliban sa hanay nina Jedi ang ahente ng CIA. Hindi tiyak ni Vanja Merano kung ang target bang sagupain ay mga alien, mga kaiju, pareho. Basta't tapos na ang quiz, at habang ka-video-call ang anak, mga puwersang magsasalpukan anumang oras ang kaniyang background na nasapawan ng pulis na kumaway

sa kamera at humablot dito. Mawalang-galang na Ma’am, bati ng pulis, pero alam namin at sabay-sabay namin kayong lilipulin.

# AMRODING T. BARAIMAN

Amroding T. Baraiman is a Maranaw and better known by the nickname *Dayo*, a Meranao word that means friend. He is a writing fellow at the 6th Amelia Lapeña-Bonifacio Writers Workshop (Likhaan: UP Institute of Creative Writing), participant at the Saling Panitik: Bienvenido Lumbera Seminar-Workshop on Translation (Likhaan: UP Institute of Creative Writing) and writing fellow at the University of Santo Tomas National Writers' Workshop 2023 (UST Center for Creative Writing and Literary Studies). His creative literary works have been published in ANI 40: Katutubo (Intertextual Division: Cultural Center of the Philippines), and in Plus/+, at Iba Plus, Maramihan: New Philippine Nonfiction on Sexual Orientations and Gender Identities (Ateneo de Manila University Press), and Agwat-Hilom 2 (National Commission on Culture and the Arts - National Committee on Literary Arts).

# “MAAMOR”

Masayang nagtatambol si Bitoon habang sinasayaw ng kaniyang mga nakababatang kapatid na sina Alga at Matinabangon ang *Kulasisi*, isang pagtatanghal na iniaalay nila sa kanilang nakatatandang kapatid bilang pinuno ng pamumundok. Kinagawian nila ang pagtatanghal na ito upang kausapin ang mga *dili ingon nato* at ang *Magbabaya* na gabayan sila sa kanilang lakad. Pagkatapos ng rituwal, napansin ni Bitoon ang pagiging tahimik ni Alga, malungkot at naluluha. Kinausap ni Bitoon ang bunsong kapatid.

“Alga, may dinaramdam ka ba? Nagugutom ka ba? Huwag ka munang sumama sa amin, marami ka pang kailangang asikasuhing takdang-aralin. Kapag tapos ka na sa lahat ng iyong gawain sa paaralan saka ka na tumulong sa amin,” paliwanag ni Bitoon.

Hindi umimik si Alga. Tumalikod siya upang hindi mahalata ng kaniyang kuya ang dinaramdam. Kinuha niya ang mga sako sa gilid at ibinilad ang *hagdaw* na mais. Nagkatinginan sina Bitoon at Matinabangon, mababanaag sa mga mata ang pag-aalala at pagtataka kung ano ang nangyayari sa kanilang kapatid. Nagkaintindihan ang dalawa kaya tinulungan nila ang bunso sa pagbibilad ng mais.

Sa tatlong magkakapatid, si Alga lang ang nag-aaral. Sina Bitoon at Matinabangon ang naghahanap-buhay upang makapagtapos ng pag-aaral ang kanilang bunso.

“Alga, ayos ka lang ba? Dito ka lang sa bahay para may kasama sina inang at apang. Alagaan mo sila, alam mo naman, pareho na silang nahihirapan. Saglit lang kami sa bundok, uuwi rin kami bago lumubog ang araw,” tagubilin ni Matinabangon.

Sa pagkakataong iyon, sumagot si Alga.

"Ate, maaari bang huwag na kayong pumunta sa bundok?" pakiusap ng dalagita.

Mahinahong nagpaliwanag si Matinabangon, "hindi maaari, kailangan natin ng pera. Mahal ang *oway* ngayon, kung marami kaming makukuhang *oway*, malaki ang kikitain natin. Makabibili tayo ng cellphone, 'di ba kailangan mo ng cellphone para sa iyong pag-aaral?"

Muling nakiusap ang dalagita, "Ate, ayos lang sa akin kahit wala akong cellphone. Natatakot kasi ako. Dito na lang tayo maghanap ng ibang mapagkakakitaan."

Sinenyasan ni Matinabangon ang kanilang kuya upang kausapin ang bunso. Lumapit si Bitoon at hinawakan ang balikat ni Alga.

"Nakahiram na kasi tayo ng kalabaw at *karo* kay Datu Kiron. Minsan lang tayo makahiram sa kaniya, baka sa susunod, hindi na tayo pahiramin. Huwag kang mag-alala, isipin mo nalang na kung marami kaming makukuhang *oway*, makabibili tayo ng gamot nina inang at apang."

Napaisip ang dalagita kaya tumango siya bilang tanda ng kaniyang pagsang-ayon. Pumasok ang tatlo sa loob ng bahay upang maihanda ang kakailanganin sa bundok. Kinuha ni Matinabangon ang mga *sundang* at tali. Lumabas na rin si Bitoon upang ikabit ang *karo* sa kalabaw. Dali-dali namang ibinalot ni Alga ang pagkain at kinuha ang lalagyan ng tubig na yari sa kawayan. Inilagay niya sa *karo* ang mga iyon at bumalik na sa loob ng bahay. Sumakay si Bitoon sa kalabaw habang nasa *karo* naman si Matinabangon.

Sumilip ang dalagita sa bintana upang pagmasdan ang pag-alis ng kaniyang mga kapatid.

Nang makaalis sina Bitoon at Matinabangon, tinungo ni Alga ang *raya*. Iyon ang paborito niyang taguan sa nayon. Tahimik, mayaman sa gulay, at maraming isda sa sapa. Doon din siya nag-aalay ng panalangin upang laging kumalinga sa *Magbabaya*. Sa pagkakataong yaon, nanalangin si Alga habang umiiyak.

Nang matapos ang panalangin, namitas siya ng dahon ng kangkong at bumalik na sa kanilang tahanan. Pagdating niya, naabutan niyang nagsisibak ng panggatong ang apang. Napansin din niyang wala roon ang inang.

"Apang, nasaan po si Inang?," tanong nito sa apang. Masayahing sumagot ang matanda, "anak, nag-igib lang siya ng tubig sa *tubod*. Ipasok mo na sa loob 'yang mga dala mo at sunduin mo ang iyong inang sa ilog. Tulungan mo siya."

Mabilis na kumilos ang dalagita at agad tinungo ang ilog. Nakasalubong niya ang inang na dala-dala ang tatlong sisidlan ng tubig.

"Inang, ako na po ang magdadala niyan," alok ni Alga sa inang.

"Ayos lang ako, anak. May dalawa pang naiwan doon sa tubod, kuhanin mo," utos ng inang.

Tumuloy ang dalagita sa ilog. Nang marating niya ang *tubod*, kung saan nagmumula ang inuming tubig, naroon din si Datu Kiron. Obligasyon ni Alga ang batiin ang datu ngunit hindi niya iyon ginawa. Hindi nagustuhan ng datu ang tinuran ng dalagita ngunit magiliw pa rin niyang kinausap ang dalagita.

“Oh, Alga, nariyan ka pala. Napadaan lang ako rito kanina nang masilayan kong nahihirapan sa pag-iigib ang iyong inang kaya tinulungan ko na. Uminom na rin ako sa *tubod*. Kukunin mo ba itong dalawang sisidlan? Tutulungan na kita,” alok ng datu.

Hindi tumugon ang dalagita. Sa halip, humakbang ito pabalik ngunit nag-alok pa rin ng tulong ang datu. Kinuha niya ang dalawang sisidlan at iniabot kay Alga.

“Ayos ka lang ba? Ako na ang magdadala ng mga ito. Ihahatid na rin kita,” pagmamagandang-loob ng datu.

“Maraming salamat po ngunit hindi na po kailangan,” tugon ng dalagita.

Kinuha ng dalagita ang mga sisidlan at tumakbo pabalik sa kanilang tahanan. Walang nagawa ang datu kundi ang pagmasdan ang mabilis na pagkilos ng dalagita.

Nang makarating si Alga sa kanilang tahanan, nagtaka ang kaniyang apang.

“Anak, anong nangyari sa’yo? Bakit hinihingal ka?” Mga tanong ng kaniyang apang.

“Apang, ayos lang po ako. May nakasalubong lang po akong ahas sa may ilog kaya tumakbo po ako pabalik dito. Saglit lang po apang, ipapasok ko lang sa loob itong tubig,” paliwanag ng dalagita.

Pumasok sa loob si Alga. Naabutan niyang nagluluto ng gulay ang inang. Inilagay niya sa mesa ang tubig at nilapitan ang inang.

“Inang, ako na po riyan. Pahinga muna kayo.” Alok ng dalagita.

"Hindi na anak, ang apang mo ang tulungan mo doon sa labas. Ako na ang magluluto rito upang pagdating ng iyong mga kapatid, may makakain sila," pagtanggi ng matanda.

Lumabas si Alga at tumulong sa pagsisibak. Ibinilad na rin niya ang mga panggatong malapit sa pinagbilaran ng *hagdaw*.

Nang matapos ni Alga ang mga gawaing bahay, pumasok siya sa kaniyang silid at nagsimulang mag-aral. Kinuha niya ang mga *module* subalit ikinalungkot niya ang kalagayan ng mga ito, maputik at may mga bahaging gulanit. Nilinis niya ang dumi at sinikap basahin upang masagutan ang mga gawain. Magdadalawang oras na ngunit hindi pa rin natatapos ni Alga sa pagsagot. Nagsimula na rin siyang mag-alala dahil may nagbabadiyang ulan. Laging nasa isip niya ang kaligtasan ng kaniyang mga kapatid na namundok. Lumabas siya at nagmasid sa kapaligiran. Hindi maganda ang panahon, malakas ang paparating na ulan. Nagmadali niyang isinako ang ibinilad niyang *hagdaw* at panggatong at dinala sa loob ng bahay.

Ilang sandali lang, bumagsak na ang malakas na ulan. Nadagdagan ang pag-aalala ng dalagita. Malakas ang ulan at kung sakaling bumaha, baka hindi makatawid sa ilog ang kaniyang mga kapatid. Napansin ng inang ang pag-aalalang nararamdaman ng bunsong anak.

"Alga, mag-init ka ng tubig. Pagdating ng mga kapatid mo, ipagtimpla mo sila agad ng kape. Anak, 'yang mga kapatid mo, mas malalakas pa sila sa ulan. Huwag kang mag-alala, maya-maya darating na sila," pagpapakalma ng inang.

"Opo, inang. Kapag kumulo na po ang tubig, kayo po muna ni apang ang ipagtitimpla ko," tugon ng dalagita.

Ginawa ng dalagita ang utos ng inang.

Lumipas ang ilang minuto ngunit hindi pa rin nito maiwasan ang mag-alala para sa kaniyang mga kapatid.

"Inang, apang, magkape po muna kayo. Nagtimpla po ako." Paanyaya ni Alga.

Lumabas ang mag-asawa at ikinatuwa ang kabutihang loob ng kanilang anak. Habang nagkakape, kinausap ng inang ang bunsong anak.

"Alga, napansin ko, mag-iisang buwan ka ng palaging balisa. Natutulala ka rin minsan at hindi kumikibo. Kahapon, tinawag kita pero hindi ka sumagot. Napansin ko, halos araw-araw kang pumupunta sa *raya*. May hindi ka ba sinasabi sa amin? Nag-aalala na rin kami sa'yo. May itinatago ka ba sa amin, anak?" Mahinahong pagtatanong ng inang.

Napatigil sa paghigop ng kape si Alga. Bumilis ang tibok ng kaniyang puso. Hindi niya alam kung paano sasagutin ang inang. Tinitigan niya ang inang at naluluhang nagsalita.

"Wala po, inang. Marami po kasing mga gawain sa aming *module*, hindi po kasi ako mapakali kapag pakiramdam ko mali ang mga sagot ko."

Napansin ng mag-asawa ang panginginig ng dalagita habang nagsasalita.

"Anak, mga magulang mo kami. Kung ano man ang pinagdadaanan mo, maaari mong ipaalam sa amin. Nagtataka rin ako dahil ilang beses mo na ring pinigilan sa pamumundok ang iyong mga kapatid. May dapat ba kaming malaman?" tanong ng apang.

Mababanaag sa pagmumukha ni Alga kung gaano kabigat ang dinaramdam niya. Hindi niya magawang magsalita. Sa pakiwari niya'y tila sasabog ang kaniyang katawan. Sa pagkakataong yaon, hinihiling niya na, sana huwag nang magtanong muli ang kaniyang mga magulang sapagkat maaaring bumagsak ang namumuong luha sa kaniyang mga mata. Pilit niyang pinipigilan ang pag-agos ng kaniyang mga luha upang hindi mag-alala ang mga mahal niya sa buhay.

Habang nag-iisip si Alga kung ano ang isasagot sa kaniyang mga magulang, may narinig siyang ingay sa labas ng bahay. Nabuhayan ng loob si Alga. Alam niyang sina Bitoon at Matinabangon ang nasa labas. Tatayo na sana siya nang bigla siyang tumimbuwang. Hinimatay ang dalagita.

Napasigaw ang inang.

Tulong! Tulong!

Inalalayan ng apang ang dalagita at tumakbo naman palabas ang inang.

"Mga anak, tulungan ninyo ang inyong kapatid. Nahimatay siya!"

Dali-daling pumasok si Matinabangon at kumuha ng tubig.

"Alga, Alga, gumising ka. Bitoon, kuhanin mo ang *bulong* sa silid nina inang." Utos ni Matinabangon habang minamasahe ang palad ni Alga.

Nang makuha ni Bitoon ang *bulong*, ipinaamoy niya ito kay Alga. Minasahe ang ulo, paa, at kamay ng dalagita. Labis ang pag-aalala nila para kay Alga. Alam nilang may mga pagbabagong nangyayari sa kaniya.

"Inang, ano po bang nangyari? Bakit siya hinimatay?" pag-uusisa ni Bitoon.

"Hindi ko rin alam. Nag-uusap lang kami kanina. Nang maramdaman niyang nasa labas na kayo, bigla siyang tumayo. Kaya lang, natumba siya. Hinimatay siya," naiiyak na paliwanag ng inang.

Makalipas ang ilang minuto, laking pasasalamat nila nang marinig nilang nagsalita si Alga.

"Inang, apang, ano pong nangyari? tanong ng dalagita.

"Alga, nawalan ka ng malay ngunit huwag kang mag-alala. Ang mahalaga, maayos na ang iyong kalagayan. Magpahinga ka muna," sagot ni Matinabangon.

"Hindi po, ate. Ayos lang po ako, ipagtitimpla ko muna kayo ng kape," pagpupumilit ni Alga.

"Magpahinga ka muna, Alga. Umupo ka rito. Inumin mo muna itong tubig,"  pakiusap ni Bitoon sa kaniyang kapatid.

Sinunod ni Alga ang pakiusap ng kaniyang mga kapatid.

"Mga anak, basang-basa kayo, magbihis muna kayo. Magtitimpla lang ako ng kape at maghahanda na rin ng makakain ninyo," utos ng inang sa kaniyang mga anak.

Nang maihanda na ang pagkain, muli silang nagtipon sa lamesang kawayan upang mapag-usapan ang mga pagbabagong napansin nila kay Alga. Habang pinagsasaluhan nila ang *balanghoy*, biglang humagulgol ang dalagita. Muling nagulat, nagtaka, at kinabahan ang lahat.

"Alga, anong nangyayari? Sabihin mo sa amin. Huwag kang matakot, pamilya mo kami," mahinahong pakiusap ni Matinabangon.

“Kung may problem ka, tutulangan ka namin. Sabihin mo lang, gagawa kami ng paraan. Bukas na bukas, ipagbibili ko kay Datu Kiron ang mga nakuha naming *oway*,” dagdag ni Bitoon.

Humahagulgol pa rin si Alga at nahihirapan nang huminga.

“Buntis po ako!” tugon ni Alga.

Nagulat ang lahat sa sinabi ng dalagita. Hindi makapaniwala. Hindi maipaliwanag ang damdamin.

Lalong lumakas ang hagulgol ng dalagita.

“Apang, inang, patawarin niyo po ako! Patawarin niyo po ako! Hindi ko po ginusto,” pagmamakaawa ni Alga.

Niyakap ng inang ang kaniyang anak. Bumuhos ang luha sa tahanan.

“Anak, sabihin mo sa amin. Sabihin mo sa amin ang lahat ng dapat naming malaman!” pakiusap ng inang.

Sa sandaling iyon, napagpasyahan ng dalagita na oras na upang malaman ng kaniyang pamilya ang katotohanan.

“Ginahasa po ako ni Datu Kiron!” Hagulgol ng dalagita.

Parang sasabog sa tensiyon ang buong bahay dahil sa kanilang natuklasan. Nanggalaiti sa galit ang buong pamilya.

Hindi mapakali si Matinabangon. Iyak nang iyak.

Galit na galit si Bitoon. Bakas sa kaniyang pagmumukha ang pagkamuhi.

Natahimik ang kanilang apang sa gilid. Tulala. Balisa.

“Kailan? Bakit hindi mo sinabi sa amin?” galit na tanong ni Matinabangon.

“Isang buwan na po. Noong pumunta ako sa paaralan upang kuhanin ang aking *module*. Ang sabi mo, dumaan sa bahay nina Datu Kiron, baka sakaling pahiramin ako ng masasakyang kabayo.

Hindi niya ako pinahiram kaya dalawang oras akong naglakad papuntang paaralan. Nang pauwi na ako, nadaanan ko siya sa *tubod*. Iinom sana ako pero ibinigay niya sa akin ang kaniyang sisidlan ng tubig. Tinanggap ko naman at nagpasalamat. Bumalik ako sa paglalakad ngunit sinundan niya ako. Ihahatid niya raw ako upang mapalayo sa kapahamakan. Nang mapadaan kami sa *kalibunan*, bigla niya akong hinila at pinilit na makipagtalik. Hindi ako pumayag kaya tumakbo ako nang mabilis. Sumigaw ako ng tulong subalit walang makarinig sa akin. Mas mabilis siyang tumakbo kaya naabutan niya ako. Wala akong nagawa. Hindi ko naipagtanggol ang aking sarili." Paliwanag ng dalaga habang umaagos ang kaniyang luha.

Awang-awa sila sa sinapit ni Alga. Niyakap nila si Alga subalit nanatili ang apang sa kaniyang kinauupuan. Tulala.

"Wala tayong magagawa," sambit ng apang.

Napalingon sila sa apang. Nagulat at nagtaka.

Nagpatuloy sa pagsasalita ang apang. Naiiyak at nanginginig habang nakatitig lamang sa kawalan.

"Wala tayong magagawa dahil legal sa ating kultura ang panggagahasa. Mahirap lang tayo kaya kung papatawan ng *sala* si Datu Kiron, walang maniniwala sa atin," dagdag ng apang.

Alam nilang lahat ang batas sa loob ng kanilang tribu kaya lalo silang nalungkot. Maya-maya pa ay muling nagsalita ang apang. Sa puntong iyon, galit siya. Nanginginig ang kamay na parang gustong pumatay.

"Pero hindi ko siya mapapatawad! Ibubuwis ko ang aking buhay upang maparusahan siya!"

Sumigaw nang malakas ang apang at tumakbo palabas. Balak niyang sugurin ang Datu.

Nang buksan niya ang pinto, nagulat siya sa kaniyang nakita. Nasa labas ang Datu kasama ang siyam na *bagani*.

Galit na galit ang matanda.

“Hindi kita mapapatawad sa ginawa mo sa aking anak!,” sigaw ng matanda.

Bumalik sa loob ang matanda. Hinanap ang *sundang*.

“Apang, tama na! Ako na po ang makikipag-usap kay Datu baka mapahamak pa kayo!” Pakiusap ni Bitoon sa kaniyang apang.

Nagpatuloy sa paghahanap ng *sundang* ang matanda. Lumabas si Bitoon at galit na kinausap ang datu.

“Anong ginagawa niyo rito?” Nanlilisik ang mata ng binata dahil sa galit.

“Naparito kami upang bawiin ang buhay ng iyong mga magulang,” tugon ng Datu.

Narinig ni Matinabangon ang sinabi ng Datu kaya dahan-dahan siyang kumilos. Pabulong niyang pinagsabihan ang inang at apang na huwag lumabas. Pinatayo niya si Alga at itinago sa silid kasama ng kanilang mga magulang.

“Dito lang kayo. Huwag na huwag kayong gagawa ng kahit na anong ingay. Kahit anong mangyari, huwag kayong lalabas,” tagubilin ni Matinabangon.

Isinara niya ang pinto ng silid at kinuha ang dalawang *sundang*. Inilagay niya ang mga ito sa kaniyang likuran.

“Sino ka para bawiin ang buhay ng aming mga magulang?” Galit na tanong ni Matinabangon sa Datu.

“Huwag na kayong pumalag! Mahirap lang kayo kaya gagawin ko kayong *uripon*. Pagsisilbihan ninyo ako. Kayong magkakapatid, magiging *uripon* ko!” tugon ng Datu.

“Hindi kami papayag! Magkamatayan na!” sagot ni Bitoon.

“Magkakamatayan talaga dahil papatayin namin ang inyong mga magulang. Alam kong malay kayo sa ating batas! Kaming mga Datu, may karapatan kaming bawiin ang buhay ng mga mahihirap na magulang upang gawing *uripon* ang kanilang mga anak!” pagbabanta ng Datu.

Habang nagsasalita ang Datu, palihim na iniabot ni Matinabangon ang isang *sundang* kay Bitoon. Lalaban sila.

“Huwag na kayong manlaban. Masasaktan lang kayo,” paalala ng Datu.

Humarang sa pintuan ang magkapatid. Tanda ng kanilang paglabag sa Datu. Nagalit ang Datu kaya inutusan ang mga *bagani*.

“Mga *bagani*, pasukin ang bahay na ’yan! Kuhanin ang magkapatid at patayin ang kanilang mga magulang!” utos ng Datu.

Kumilos ang mga *bagani* ngunit hinarang sila ng magkapatid. Nagkaroon ng labanan subalit kulang ang lakas ng magkapatid.

Natalo sila.

Hindi nila kinaya ang lakas ng mga *bagani*. Itinali ang kanilang mga kamay upang hindi na makapanlaban. Pumasok ang mga bagani at sumunod ang Datu. Giniba nila ang pinto ng silid kung saan nagtatago si Alga at ang kaniyang mga magulang.

Nagmakaawa si Alga.

“Parang awa niyo na, huwag niyo po kaming sasaktan! Parang awa niyo na!”

Hindi siya pinakinggan ng Datu.

“Simulan niyo na.” Utos ng Datu sa mga *bagani*.

Nagsisigaw at nagmakaawa si Alga ngunit walang nakinig sa kaniya. Walang kalaban-labang binawian ng buhay ang dalawang matanda. Nasaksihan ng dalagita kung paano pinaslang ang kaniyang mga magulang. Nahinto siya sa pag-iyak nang may tumalsik na dugo sa kaniyang mukha. Natulala siya at unti-unting nagdilim ang kaniyang paningin. Tumayo siya at sinubukang lumaban. Sa kasamaang palad, nakita ng Datu ang pagkilos ng dalagita. Sinampal ng Datu si Alga kaya nawalan ito ng malay.

Lumipas ang madugong gabi. Paggising ni Alga, nasa na loob siya ng bahay ni Datu Kiron. Nagmasid siya at tahimik na sumilip sa bintana. Nag-isip siya kung paano makatatakas. Sinubukan niyang buksan ang pinto ngunit nakasara ito. Bumalik siya sa banig at napansin niyang may nakalagay na damit. Hahawakan na sana niya ang damit nang biglang bumukas ang pinto.

“Magandang araw, Alga. Ako si Laling, ang pinakamatandang *uripon* dito. Isuot mo ang damit na iyan dahil simula ngayon, magiging *uripon* ka na rin.”

“Magandang araw! Alam niyo po ba kung nasaan ang aking mga kapatid?” tanong ni Alga.

“Nasa bayan ng Okor, sa angkan ng mga Langkug. Malaki ang pagkakautang ni Datu Kiron kay Datu Langkug. Nitong nakaraan linggo, pumunta rito ang isang *uripon* ni Datu Langkug upang singilin ang sampung kabayo na inutang ni Datu Kiron. Sa ating batas, ang isang *uripon* ay katumbas ng limang kabayo kaya ang mga kapatid mo ang naging bayad sa utang ng ating Datu,” sagot ng matandang *uripon*.

Pinanghinaan ng loob ang dalagita. Nakalulungkot subalit wala siyang magawa kundi tanggapin ang kaniyang tadhana. Hindi na niya itinuloy ang balak niyang pagtakas dahil wala na rin siyang uuwian.

Sa loob ng isa at kalahating buwan, naging masipag si Alga bilang *uripon*. Sa kabila ng hirap ng mga gawain, walang araw na hindi niya inisip ang kaniyang mga kapatid. Pinagbutihan niya ang kaniyang paninilbihan upang sakaling magpaalam siyang bumista sa Okor, madali niyang mapapapayag ang Datu.

Isang araw, pumasok siya sa silid ng asawa ng Datu upang magtanong kung anong gusto nitong kainin. Nang kumatok siya, hindi sumagot ang Bae. Binuksan niya ang pinto ngunit kinabahan siya nang makitang umiiyak ang Bae. Tumuloy siya at kinausap ang Bae.

"Bae Maana, may nararamdaman po ba kayong hindi mabuti? Kukuha po ako ng *bulong*." Alok ng uripon.

"Huwag ka nang mag-abala. Ayos lang ako. Pakiusap, huwag mong ipapaalam sa Datu ang iyong nasaksihan," mahinahong pakiusap ng Bae.

"Opo, Bae Maana. Wala po akong pagsasabihan," tugon ng *uripon*.

Nagulat ang Bae nang biglang masuka si Alga.

"Anong nangyari? Ayos ka lang ba? Tanong ng Bae.

"Wala po ito, baka kulang lang ako sa tulog. Sandali lang po, Bae, kukuha lang ako ng panlinis," paliwanag ng *uripon*.

Matapos maglinis ni Alga, bumalik na siya sa silid ng mga *uripon* upang magpahinga. Napansin ni Laling ang pamumutla ng dalagita.

"Alga, magpahinga ka na. Ako na muna ang gagawa ng mga gawaing-bahay." Alok ng matandang *uripon*.

Magpapasalamat na sana ang dalagita nang bigla siyang nawalan ng malay.

Inalalayan siya ni Laling at nagpatulong sa ibang *uripon*.

Nang magising ang dalagita, kinausap siya ng matandang *uripon*.

"Alga, huwag ka munang magtrabaho. Magpahinga ka muna. Kainin mo 'yang pagkain at uminom ka ng maraming tubig. Inumin mo na ring 'yang *bulong*, makatutulong sa'yo 'yan upang bumalik ang iyong lakas," pagmamabuting loob ng matanda.

Nagpasalamat ang dalagita, sinunod din niya ang sinabi ng matanda at muling nagpahinga.

Sa kabilang silid, nag-uusap ang mag-asawang Datu at Bae. Nagtataka ang Datu kung bakit laging hindi umiimik ang kaniyang asawa.

"Bae, may dapat ba akong malaman?" tanong ng Datu sa kaniyang asawa.

Hindi naglihim ang Bae sapagkat ang katapatan ay tanda ng pagmamahal.

"Ginahasa ako ni Datu Lantok, ang panganay na anak ni Datu Langkug," pag-amin ng Bae.

Hindi nagsalita ang Datu at galit itong lumabas ng silid. Ipinatawag niya ang kaniyang mga *bagani*.

"Paslangin ninyo si Datu Lantok." Utos niya sa mga *bagani*.

Kinabukasan, naging usap-usapan sa iba't ibang bayan ang ginawang pagpaslang kay Datu Lantok. Sa araw ding iyon, agad natuklasan kung bakit pinaslang ang Datu at kung sino ang salarin.

Palubog na ang araw nang dumating ang pamilya Langkug sa bahay ng mga Kiron. Nagtipon ang mga Datu at Bae mula sa iba't ibang bayan upang lutasin ang suliranin.

"Nauunawaan namin kung bakit ninyo binawian ng buhay ang aming anak. Bilang ama at Datu, buhay rin ang aming hihilingin bilang kapalit ng buhay na kinuha ninyo sa amin." Paliwanag ni Datu Langkug.

"Hinihiling ko sa mga Datu at Bae na naririto, kukuhanin namin ang buhay ni Bae Maana dahil siya ang dahilan kung bakit nagkasala ang aking anak at kung bakit siya binawian ng buhay ni Datu Kiron. Marapat lamang na bawian din ng buhay si Bae Maana," dagdag pa ni Datu Langkug.

Tumutol si Datu Kiron sa hiling ni Datu Langkug.

"Hindi ako sang-ayon! Hindi ko ibibigay sa inyo ang buhay ng aking asawa. Kung papayag kayo, isang *uripon* ang ibibigay ko sa inyo. Siya ang tatanggap ng lahat ng parusa." Tugon ni Datu Kiron.

Nag-isip ang Datu Langkug. Ilang sandali, napagpasiyahan niyang tanggapin ang alok ni Datu Kiron.

"Payag ako, pero sa isang kondisyon. Puputulin natin ang anumang namamagitang ugnayan ng ating mga angkan. Simula ngayon, hindi na kayo maaaring makipag-ugnayan sa amin." Mahigpit na pagbabanta ni Datu Langkug.

"Ilabas ninyo ang *uripon* nang makaalis na kami!" dagdag ni Datu Langkug.

"Laling, puntahan mo si Alga. Sabihin mo sasama siya sa Okor," utos ni Datu Kiron.

Nagmamadaling tinungo ng *uripon* ang kanilang silid.

"Alga..." Hindi napigilan ng matanda ang maluha.

“Alga… hindi ba pangarap mo ang makapunta sa Okor? Isasama ka raw ni Datu Langkug. Pumayag na rin si Datu Kiron at Bae Maana. Makikita mo na ang iyong mga kapatid.” Maluhang pagpapalaam ng matandang *uripon*.

“Totoo po?” Masayang tugon ng dalagita.

“Oo, lumabas ka na. Inaantay ka nila. Aalis na kayo,” tugon ng matandang *uripon*.

Lumabas si Alga at sumabay sa mga *uripon* ni Datu Langkug sa paglalakad patungong Okor.

Walang kaalam-alam si Alga kung ano ang naghihintay sa kaniya sa Okor. Sa kaniyang kalooban, puno ang kaniyang pag-asa na muling makapiling ang kaniyang mga kapatid.

Makalipas ang limang oras na paglalakad, nasilayan ni Alga ang bayan ng Okor. Napangiti siya at nabuhayan ng loob. Nagmasid-masid siya ngunit wala sa paligid ang kaniyang mga kapatid.

“Mga *uripon*, pumasok na kayo. Marami pa kayong gagawin bukas. Ikaw, *uripon* ni Datu Kiron, sa ibang silid ka matutulog,” utos ni Datu Langkug.

Kinabukasan, inutusan ni Datu Langkug ang kaniyang mga *uripon* na maghanda ng mga pagkain at inumin.

“Magluto kayo ng iba’t ibang pagkain. Tiyakin ninyong masarap ang mga inumin. Maraming bisita ang darating mamaya. Kayo, Bitoon at Matinabangon, dahil kayo ang pinakamasisipag at malalakas sa lahat ng *uripon*, may iba akong ipagagawa sa inyo.” Utos ng Datu.

Isinama ng datu sina Bitoon at Matinabangon sa *luna*.

“Mamaya, may gaganaping *kalilang*. Ipatayo niyo rito ang isang matibay na kawayan. May bibitayin mamaya.” Utos ng Datu.

Umalis ang Datu at nagsimula na ring magtrabaho ang magkapatid.

Ilang oras na ang lumipas ngunit nasa loob pa rin ng silid si Alga. Walang sinasabi ang mga *uripon* na naghahatid ng pagkain sa kaniya. Sumilip siya sa labas at nakita niya kung gaano kaabala ang mga *uripon*. Nagtaka siya kung bakit hindi siya pinatutulong sa mga gawain. Natuwa si Alga ng may kumatok sa silid. Pumasok ang isang *uripon*, may dalang inumin.

“Kailangan niyo raw po itong inumin, utos ng Datu,” alok ng *uripon*.

Uminom si Alga kaya agad namang umalis ang *uripon*. Maya-maya ay nakaramdam ng antok ang dalagita. Minabuti niyang magpahingga hanggang sa makatulog.

Pagsapit ng gabi, dumating na ang mga bisita. Dumalo rin sa seremonya ang halos lahat ng mamamayan ng Okor. May mga naglalaro, kumakain, nagbibiruan, at nagkukuwentuhan.

Nang magising si Alga, wala siyang makita, madilim ngunit naririnig niya ang sigawan ng mga tao. May takip ang kaniyang mga mata at nakagapos ang kaniyang katawan sa kawayan. Nakaramdam siya ng kaba at takot. Wala siyang malay sa mga nagaganap. Maya-maya, naramdaman niyang may papalapit sa kaniya. Natukoy niya kung sino iyon nang sumigaw ang Datu.

“Ang *uripon* na ito ang mababayad sa pagkawala ng aking anak! Ang buhay niya ang magiging kapalit ng buhay ng inyong Datu Lantok!”

Tinanggal ni Datu Langkug ang piring ni Alga at tinutukan ng matulis na *sundang*. Bumuhos ang luha ng dalagita at nagmakaawa.

Hindi nakinig ang Datu.

“Ikaw ang pambayad sa utang na buhay!” sigaw ng Datu.

Napahiyaw ang lahat nang biglang pugutin ng Datu ang ulo ni Alga. Ramdam sa madla ang gulat at takot. Natahimik ang lahat.

Lumipas ang gabi. Tahimik. Malungkot. Madugo.

Malaya na si inang. Malaya sa mga kamay ng pang-aalipin. Marahil ang kaniyang buhay ang kapalit ng kaniyang kalayaan. Malinaw pa sa aking isipan tuwing kinakausap ako noon ni inang. Ayon sa kaniya, Maamor ang aking pangalan kasi magiging mamamahayag daw ako balang araw. Gusto kong tuparin ang pangarap sa akin ng inang. Kaya lang, sa paglaya ni inang, ako ang hindi makawala. Hanggang ngayon, nakakulong pa rin ako sa sinapupunan ni inang Alga.

# ERIC JHON BITUIN

Lumaki sa maingay at makulay ng mga eskinita ng Tondo si Eric Jhon Bituin at mula rito ay nakabuo siya ng mga danas na kalimitan niyang musa sa pagsusulat.

Kasalukuyan siyang nasa ikalawang taon ng kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at nasa kursong Malikhaing Pagsulat sa Filipino. Unang kumupkop sa kaniyang mga akda ang *Likhaan,* isang refereed journal ng UP Institute of Creative Writting (UP ICW).

# SILA SA KABILANG LINYA

## I. Si Eka at ang mga Email sa Aussie niyang  Customer

Bali-balita sa production floor nina Eka ang nangyaring pagwawala ng isang ahente sa  ikalawang palapag kahit pa nasa pinakatuktok sila ng gusaling nirerentahan ng kompanya nila. Ika nga ng kasamahan niya, may tenga ang tiles at nakakapag-elevator ang balita. Nagsimula lang ang mga pakikiusyoso sa tsismis tuwing nasa elevator sila. Maaari naman kasing makasabay ang kahit na sino na galing sa kahit saang palapag, at kung usisera ka, aabot sayo ang balita na nagpasa-pasa mula sa bibig ng mga guwardiya papunta sa bibig ng isa pang guwardiya na papunta naman sa tenga ng dumadaang usisero't usisera.

Hindi na bago kay Eka ang mga ganoong pangyayari sa kanila. Mental health problem.  Iyan naman lagi ang dahilan. Ay mali, iyan ang laging bunga. Pero hinding-hindi kayang tumbukin ng kompanya nila iyan dahil sila mismo ang sanhi.

Para kay Eka, isa na naman itong normal na araw. Martes. Alas siyete ng gabi ang simula  ng trabaho nila. Mula sa Tondo ay kailangan niyang makipag-patintero sa mga bumper to bumper na sasakyan bago siya makapasok ng trabaho. Madaling sabihin at gawing suhestiyon na sumakay ng LRT pero hindi naman ganoon kadali iyon. Hindi nga naman kasi exempted sa rush hour ang mga pampublikong tren. Kung mamalasin ka pa ay mas mahaba pa sa sinturon ni hudas ang pila. At kung mas mamalasin kang makapasok sa loob ng bagon ay makikibahagi ka pa sa mix and match ng iba't ibang amoy na galing sa mga pasahero. Pero, hindi niya piniling sumakay ng tren kaya naman sa mga pampasaherong jeep siya makikisiksik, o kung minsa'y makikipag-unahang sumabit.

Iba ang bagal ng mga sasakyan sa araw na iyon. Kung tutuusin, noong nagdaang linggo ay inanunsiyo ng TL nila na pumasok nang maaga at magbigay ng karagdagang palugit para bumiyahe.

Alam kasi nila ang mga daang isasara para magbigay ng espasyo sa mga bisita. Tumatawa lang sina Eka at ang iba niyang katrabaho nang sabihin iyon. As usual, business as usual ang idadahilan ng kompanya, kesyo hindi mag-aadjust ang kliyente. Na kung kinakailangang limang oras bago ang shift, e, pumasok ka na agad. Dagdag mungkahi pang matulog na lang sa mga sleeping quarters[1] na akala mo ay kayang bigyan ang lahat ng espasyo.

Late ng pitong minuto si Eka sa pagpasok sa trabaho. Pawisan siyang umupo sa kaniyang istasyon at nagmamadaling buksan ang kaniyang kompyuter. Gaya ng inaasahan, lumapit ang TL niya sa kaniya at kung bakit siya nahuli ng ilang minuto. Sasagot pa lamang siya nang sabihin nitong, “Sinabi na ’yan last week, Eka. ’Di ba dapat maglagay ng palugit sa travel time mo?” Hindi ito pinansin ni Eka. Iniisip na lang niyang hindi niya isesentro ang buhay niya para sa trabaho. Nagagawa naman niya iyon. Pumapasok lamang siya para sumahod. Wala rin siyang pakialam kung pumapasa ba ang mga metric niya.

Ngiti.

Iyon lang ang naibalik niya sa mga sinabi ng kaniyang TL. Kasi kung sisimangot at aalma siya ay madadamay ang kaniyang mood para sa araw na iyon.

---

*1 Ang sleeping quarters sa mga outsourcing company ay espasyo kung saan maaaring magpahing ang mga empleyado nito.*

Non Voice[2] email support ang trabaho ni Eka. Iba sa mga kilalang gawain sa call center na pagkuha ng tawag, email lang ang moda ng komunikasyon nina Eka sa mga customer nila. Hindi siya masisigawan ng mga kausap niya sa email at puwedeng-puwede niyang gawin ang paboritong habit niya: mayana. Mamaya na. Later na lang. Teka muna. O kung ano mang tawag niya rito. Dahil nga 'di naman niya kausap ang customer, kahit isantabi niya ang nakukuhang email ng ilang minuto. Mautak si Eka. Labindalawang minuto ang nakalaang oras bawat email na natatanggap niya pero nagagawa niyang matapos ito ng limang minuto. Sa isang oras, anim na email ang dapat niyang matrabaho.

"Eka, mamayang 11pm may Coaching[3] tayo, check mo na lang sched mo," pahabol pa ng TL niya. Masaya na naman ang loob niya dahil bukod sa hindi gagawa ng email ay makikipag-plastikan lang siya sa TL niya. Tatawa kung nagpapatawa ito. Yuyuko kung pinapagalitan siya. At tatakbo sa pantry kung may matirang oras sa tatlumpung minutong para sa pag-uusap na iyon. Isip-isip niya, uunahan na niya ang TL niya sa pag-uusapan nila. Titingnan na niya kung meron ba siyang maling ginawa sa mga email niya noong nakaraang linggo. Kung may mali man ay wala naman siyang magagawa, para lang 'di na siya mabigla kumbaga.

Kaunting paghahanap lang sa mga shared file nila sa kompyuter ay nakita rin niya ang email na pag-uusapan sa Coaching nila.

---

2 *Non voice account ay ang mga trabaho sa outsourcing companies na hindi kinakailangang makipag-usap sa customer sa pamamagitan ng telepono*

3 *Ang coaching session sa mga outsourcing companies ay lingguhang pag-uusap ng isang bisor at kanilang ahente, `maaari itong kumustahan o diskusyon sa naging kalidad ng trabaho ng ahente.*

---

Agent Name: Erika Jane Flores
Campaign: Estrella Internet Services
Supervisor: Marga Diday
Ticket No.: 0836273
Ticket Date: August 25, 2023
QA Score: 0%
QA Markdown:

Ticket disposition: Agent chose the wrong account tagging.
Resolution: Agent was not able to resolve the concern.
Critical Error: Agent gave the user $200 without a valid reason. Had multiple unnecessary talks with the user. Coach accordingly.

---

Sa puntong iyon, alam na ni Eka kung anong email ang tinutukoy sa QA[4] na pag-uusapan nila ng TL niya. Ilang sandali rin ay binuksan na rin niya ang email na iyon. Sa pagkakaalala niya, isa iyon sa matitinong customer na nakausap niya. Halata namang binobola siya ng kausap pero sinasakyan niya ang mga gusto at hiling dahil sumasang-ayon ito sa kaniya.

Noong Sabado niya nakausap ang customer na iyon. Humihingi ng tulong patungkol sa mga singil sa bill nito, kesyo may dagdag na hindi naman dapat.

Ang nangyari kasi, nakatanggap ng printed bill ang customer ni Eka at siningil ito ng Reactivation Fee, Technician Fee, at iba pa. DSL ang internet nito at kamakailan lamang ay kailangan raw

4 *Quality Assurance, mga empleyado na naatasang imonitor ang mga tawag o sa kaso ni Eka ay email na natatanggap ng kanilang mga customer.*

baguhin at gawing NBN kung saan mula sa mga normal na kable ng kuryente ay gagawing fiber optics ang dadaluyan ng internet. Government mandated ito ng Australia. Proyekto ito para sa mas mabilis na daloy ng internet mula sa mga internet provider patungo sa mga customer nila. Dagdag pa ay mas hindi ito makalat dahil imbis na nasa mga poste ang kable, nasa loob ito ng pit na ilalagay sa ilalim ng lupa. Ito ang isyu na kadalasang nakuha nina Eka sa mga nagdaang linggo. Pinaghalong galit at nagmamakaawang customer ang nag-e-email sa kanila. Ang  karamihan ay ayaw magbago ng linya ng internet, bukod sa mas mahal ito ay magkakaroon ng ilang araw na hindi nila magagamit ang internet dahil magpapalit ng mga kable. Iyon ang naging pag-uusap ni Eka at ng customer sa email, na tinutukoy sa QA markdown na pag-uusapan nila ng TL niya.

Binasang muli ni Eka ang mahabang palitan nila ng email at naalala niya ang mga unang  napagtanto niya habang ginagawa ito.

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hey mate! Idk what are these charges on my internet bill. Estrella asked us to transiton from dsl to nbn even we don't want to. It's too pricey and we are okay with our dsl service. Please hlp us with the extra charges on our bill, I have a family member that is currently confined at a local hospital. Pls help!!!

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hey, Peter!

Thank you for contacRng Estrella Support!

Upon checking your account, I can see the charges on your account, these are for the NBN transiRon. The reacRvaRon fee is for the reconnecRng your internet since we need to cut the service temporarily last Rme. The tech fee is for the technician who went to your house so we can change the wirings.

Apparently, we cannot waive these since they are valid charges.

Remember that the transiRon is government mandated and we, as a company, are just complying.

For more informaRon, click our FAQ here.

Best,
Erika
Estrella Consumer Support

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hi Erika

But we didn't ask to this transiRon to happen in the first place. It's unfair!

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hey, Peter!

Thank you for reaching us again!

I understand your senRments. I am a consumer, too and if there's someone who can connect to you on a personal level, it's me. It's just that this is the memo we got from the government and as a company, we need to comply as well.

Only if I can waive these fees for you, I will. I can only do so much for your account. For more informaRon, click our FAQ here.

Best,
Erika
Estrella Consumer Support

Naisip ni Eka, sino ba ang niloloko niya sa mga pagkakataong iyon? Kaya niyang dagdagan o bawasan ang nasa bill ng kausap niya. Naiipit lamang siya sa limitasyon na meron siya dahil kinakailangan na aprubahan ng bisor niya ang lahat ng gagawin niya sa account ng customer.

Hindi lamang bahagi ng script niya ito bilang empleyado pero naiintindihan naman talaga niya ang sentimyento tungkol sa tumataas na bayarin. Siya ang nagbabayad ng kuryente sa bahay nila at may nakikita rin siyang kung anong sinisingil ng Meralco. Gaya ng kausap niya, wala rin siyang magawa kundi bayaran ang bill at kung umalma siya ay puputulin ang koneksiyon nila. Sa kaso ngayon ni Eka, may kakayahan siyang bawasan ang bayarin ng kausap.

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hi Erika

How about the reactivation fee? It's not our fault that our service needs to be reactivated. As if we decide to cut the connection in the first place. Pls waive that fee, at least. Or we will deactivate with Estrella

Tama ang kausap ni Eka. Hindi naman kasalanan ng mga customer na kakailanganing tanggalin at ikabit muli ang mga kable ng internet. Kung tutuusin, dapat ay mabawasan pa nga ang bayarin nila dahil hindi naman magagamit ang serbisyo sa mga panahon na nagpapalit ng kable. Dapat rin ay may bayad sila sa danyos na sanhi ng pagputol ng binabayarang serbisyo ng mga customer nila na may ganoong problema.

Alam lahat iyon ni Eka dahil binibigyan sila ng impormasyon tungkol rito bago pa magsimula ang pagpuputol at pagbabalik ng serbisyo. Para alam nila ang mga dapat isagot sa mga galit na makakapalitan ng email.

Sumagi sa isip niya, kalaban ba nilang mga ahente, itong mga taong nagbabayad ng kanilang serbisyo o ang korporasyon na kasabwat ng gobyerno ang salarin? Pareho lamang sila ng danas, magkaiba man ng bansang tinitirhan, pareho pa rin ang wangis ng mga taong nanggugulang sa kanila.

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hey, Peter!

I totally understand you!

How about this, I'll be waiving all the charges you are seeing on your account and as a ma`er of fact, I'll be crediRng you an amount of money for the days you weren't able to use our services. How about that?

Please verify the number of days that your services were not working.

I'll be waiRng for the informaRon needed. Thank you!

Best,
Erika
Estrella Consumer Support

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Tnzx much Erika! I my memory serves me right; our services were not working for 6 days. I am working remotely but since I have no connection, I had to go to work those days. Thank you so much, by any means how much is our total bill now?

*TUG! TUG! TUG! TUG!* Kumakabog ang dibdib ni Eka. Mabilis ang pintig ng puso niya. Iyon ang unang pagkakataon na susuway siya sa nakasanayan niyang trabaho. Gagawin na niya ang alam niyang tama kahit pa ang kahulugan nito ay ang pagsuway sa kumpanyang pinapasukan niya.

Bilang wala naman talaga siyang pake sa metric niya, paano kung tanggalan siya ng trabaho? Paano na lamang ’yung pangkain ng mga pusa niya? Saan siya kukuha ng pambayad sa overcharged na bill nila sa Meralco? Halos magbuhol-buhol ang mga nasa isip ni Eka pero natatawa pang dumagdag sa isip niyang inuuna niya ang iba kesa sa sariling trabaho.

Nagsimula siyang buksan muli ang account ng customer niyang si Peter sa kaniyang tools. “Potek, Peter, jowain mo ko ’pag nawalan ako ng trabaho rito, kaloka!” natatawang iniisip ni Eka. Kaunting kalikot pa ay nakita na niya ang tatanggalin niyang fee sa bill. Reactivation fee, *“PRAAAAKK!*” sigaw niya sa isip nang matapos alisin ang $60 na charge para doon. Para sa Technician fee na $100, halos laitin niya ang customer, “E, kasi naman Peter. Kung marunong ka lang magbungkal ng lupa at magpalit ng kable, edi sana wala kang ganito.”

Dalawang minuto lang ang ginugol niya para baguhin ang bill ng kausap niya. Mabilis niya itong ginawa na akala mo ay may nagbabantay sa kaniya habang ginagawa ito. Na kahit hindi siya makita ay malalaman at malalaman pa rin na ginawa niya ito. Iyon ang trabaho ng mga QA, alamin at bantayan kung tama ang ginagawa ng mga ahente. At hindi pa alam ni Eka na mabubunot ang email niyang iyon.

Matapos na gawin iyon ay batid ni Eka na ginawa niya ito upang hindi niya kuwestyunin ang kaniyang moralidad na gumawa ng tama. Ilang segundo inabot ang pakikipagbalagtasan ng kaniyang isip, kung batas ng katotohanan at moralidad ang susundin at hindi ang batas ng kompanyang pinapasukan. Sa oras na iyon, alam niyang nagamit niya sa tama ang kapangyarihang hiram na meron siya.

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Hey, Peter!

I have a great news for you!

I was able to waive the charges on your account and your final bill would be $XXXXX and I credited $XXXXX on your account as an appeasement.

For more informaRon, click our FAQ here.

Best,
Erika
Estrella Consumer Support

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

Very much appreciated Erika! Estrella and other internet providers are so notorious when charging us, I've been to ET&T and they're the worst. Now they are working with the government

USER: PETER JENKINS TICKET NO. 0836273
USER ID: 57dhr-y5ar42678-7hx5-0aqw

I really cant say a thing about it and other providers' workaround but I must say that it's true and we were caught in the middle of these.

Well, at least I did something right for today and I hope you have a great day!

Natawa na lamang siya sa huling email na ipinadala niya sa Australianong kausap. Ni hindi na pormal ang porma ng huli niyang sinabi.

Noong araw na iyon ay dinamihan ni Eka ang mga ticket na kinuha niya. Mula sa anim na karaniwang ginagawa niya kada oras ay ginawa niyang sampu. Iniisip niyang hindi na mabubunot ang trinabaho niyang iyon dala ng pagdoble ng mga email na ginawa niya. Pero akala niya lang iyon.

"Hoy, Eka, di ka pa ba magti-ticket? Late ka na nga, kung ano-ano pa kinakalkal mo d'yan," putol sa kaniya ng katrabaho. Panigurado ay may call-out na naman siya sa taga-bantay ng ticket. Inabot siya ng sampung minuto sa pagbabaliktanaw sa ticket na pag-uusapan nila ng kaniyang TL. Idagdag mo pa na nahuli siya ng pitong minuto dala ng trapik bago siya pumasok.

Bago pa siya puntahan ng kaniyang TL ay nagsimula na siyang kumuha ng ticket. Una para sa araw na iyon.


| | |
|---|---|
| USER: gina almond<br>USER ID: 7h98i-i7trnh$ta-Pk25-L8V2<br><br>WHAT THE FXCK ARE THESE CHARGES??? IM A LOYAL SUBSCRIBER TO YOU, ESTRELLA AND THESE CHARGES ARE NOT APPRECIATED ON OUR END.<br><br>WE WORK SO HARD NOT TO PAY EVERYTHING ON YOUR SHITTY SERVICE KINDLY REEVALUATE THE CHARGES BECAUSE I AM NOT REALLY GETTING HWO YOU ALL CAME UP WITH AL OF THESE<br><br>IF YOU CAN PLS CALL ME ON MY MOBILE XXXXXXXXX | TICKET NO. 4581239 |

Hindi na bago sa kaniya ang nagmumurang customer. Kulang ang salitang 'sanay' para ipakitang wala na sa kaniyang epekto ang mga kausap na gaya nito.

Sinarado na niya ang mga email na binabasa niya. Kinakabahan dahil paniguradong may sermon siya sa bisor niya sa Coaching nila. Sumagi sa kaniyang isip, mas madaling sabihin na mali siya ng akala patungkol sa dapat gawin kaysa umamin na tumutuligsa siya sa patakaran ng kompanya. Deny deny lang. Magmumukha nga lang siyang walang natutuhan sa training pero... pagkakataon iyon para sa kaniya na makatakas muli sa pagkuha ng ticket. Isip-isip niya... "Ano kaya ang pag-uusapan namin ni TL Marga mamaya? Kaloka!" at 180 degrees na umikot ang mga mata niya bago magsimulang replyan ang nagngangalit na customer.

***

## II. Ikot-Ikot



Sa ingay ng lugar na iyon, tila isang computer shop ang opisina nina Hope. Malamig sa loob pero ang mga rutinaryong gawain nila ang nagpaparamdam na tila umiikot sila sa lahat ng sirkulo ng impiyerno. Kontradiksyon ring sobra ang liwanag na kumakalabit sa mga balintataw ng lahat ng ahente sa lugar na iyon. Paano ba naman, lahat ay may rilim ang bawat titig sa isa't isa.

"Happy shift guys," panimula ng TL ni Hope pagtungtong ng alas dos ng madaling araw. Kontradiksyong nakasimangot ito nang

sabihin ang mga salitang iyon. Ang team nila ang closer sa buong buwan, kaya naman lahat ay buryong sa oras ng pasok at hirap na pinagdaanan sa biyahe.

Ito ang araw-araw na dapat harapin nina Hope sa trabaho: ginaw mula sa pagkalakas-lakas na aircon para sa maintenance ng mga computer na ginagamit nila, mga bulyaw ng manager na hayok na hayok sa mataas na KPI nila, mga bobong customer na walong oras nilang kakausapin, at papalit-palit na mood para sa iba't ibang makakausap. Hindi alintana ng bawat taong katabi ni Hope ang mga ito, kailangan nilang kumita ng pera. Kailangan rin naman niyang kumita ng pera, pero gustong-gusto na niyang umalis sa lugar na iyon.

Trabaho nila na magkumpuni ng mga sirang wifi router at kahit anong may kinalaman sa internet, pero imbes na onsite technician, ay sila ang gumawa nito, over-the-phone. Kumbaga, magbibigay sila ng panuto sa mga customer nilang hindi gumagana ang koneksiyon ng internet.. Unplug, plug, pindot rito, pindot doon. Iyan ang kalimitang troubleshooting steps na binibigay nila sa mga Amerikanong tumatawag.

"Hello, this is Hope, how can I assist you?" ito ang laging panimula niya sa lahat ng inbound calls na dapat nilang tanggapin.

"My internet is not fucking working! You better send a technician to my home or I'll end my subscription to you all, fuckers," bulyaw agad ng unang customer ni Hope sa araw na iyon. Wala nang kaso kay Hope na mura-murahin siya ng kahit na sino. Ang paliwanag kasi niya, hindi naman niya ito nakikita at walang magagawa ang mga yamot na tumatawag sa kaniya. Kesyo,

kahit mamatay o mag-altapresyon, hindi nila masasaktan si Hope. Pinepeke niya lang ang sarili.

“I understand your concern, may I have your account number so I can check your account on my end?” at agad naman ibinigay ng kausap ni Hope ang mga kailangan na detalye at nagsimula magkalkal sa kaniyang computer. Hindi nagbayad ang kausap niya ng internet bill. Sa pang ilang pagkakataon, napangiwi si Hope. Hindi na bago ang mga ganitong pagkakataon. Kung sino pa ang hindi nagbayad ng internet bill ay sila pa ang may ganang sumigaw sa telepono.

Kung tutuusin, ang mga kapitalistang kompanya na ito ang dapat murahin ng mga customer na kausap nila. Palpak ang mga tool na ginagamit ng mga ahente. Madalas mga lumang software ang pinagtitiyagaan, kaya naman sobrang bagal ng pakikipag-usap sa mga galit na customer.

Pero ang mga kagaya ni Hope ay nagtitiyaga naman sa kakarampot na sahod. Urban myth kung tutuusin ang sabi-sabi na malaki ang sahod ng mga nasa call center. Malaki ang sahod na iniaabot ng mga kliyente, pero lumiliit ito dahil dumadaan pa sa mga call center company (gaya ng pinagtatrabahuhan ni Hope). Kesyo inilalaan naman daw sa amenities ng kompanya, na mga ahente naman raw ang gagamit. Talo ang mga customer, mas talo ang mga ahente. Talo ang nasa magkabilang linya.

“Upon checking your account, you currently have an outstanding bill with us. You need to–” hindi na natapos ni Hope ang sasabihin ay nagsalita agad ang kausap niya.

"FUCKER! YOU ARE STUPID! THAT'S SHIT BECAUSE WHY WOULD I PAY FOR YOUR SHITTY SERVICE?" sigaw ng customer.

Sa pagkakataon na iyon naputol ang pisi ni Hope. Patuloy lang ang paninigaw ng kausap niyang Kano sa telepono, pero hindi na niya ito naiintindihan dala ng sobrang pagkainis. Pagkainis sa araw-araw niyang mga kausap, sa mga gago niyang bisor, sa hindi sapat na sahod, sa mga kupal na katrabaho, at inis niya sa sarili dahil hindi pa rin siya umaalis sa lugar na iyon.

Agad niyang tinanggal sa saksakan ang computer niya. Maging ang RJ45 na nagpapadaloy ng internet sa ginagamit niyang computer. Sinigurado niyang hindi na papasukan ng panibagong inbound call ang telepono niya. Nang masiguro niya ito, bigla niyang pinaghahampas ng keyboard ang kaniyang katabi na matagal nang nagpapakita ng motibo sa kaniya. O, 'wag na natin paliitin, matagal nang nangmamanyak sa kaniya. Hindi siya tumitigil sa paghampas ng keyboard sa manyak niyang katabi. Tama lang ito, isip-isip niya. Usong-uso sa kompanya nila ang mga manyakis na lalaki. Ang mga nambababae. Ang mga nasa ulo ng ari ang utak. Ilang beses na niya itong nireport pero walang ginagawa ang mga nasa taas, kesyo kasangga at mahusay raw na ahente.

Nakatingin lang kay Hope ang iba niyang mga katrabaho kahit tapos na niyang hampasin ang manyakis na katabi niya. Gusto na niyang umalis sa lugar na iyon, paulit-ulit itong tumatakbo sa isip niya. Ilang segundo lang rin ang itinagal ng tingin na ito ng mga katrabaho ni Hope. Ni hindi ito maituturing na titig, dahil walang silang pakialam sa dahilan ng pangyayari.

Bumalik na rin agad ang mga mata nila sa harap ng kani-kanilang computer. Ganoon lamang. Transaksyonal.

“Aaaaaahhhh!!!!!” isang malakas na sigaw ni Hope bago siya tuluyang lumabas sa production floor. Nagmamadali siyang nagpunta sa locker area para kunin ang lahat ng mga gamit niya. Hindi na niya balak pang bumalik sa lugar na iyon.

Bago lumabas ay nakasanayan na laging magpatingin ng bag sa mga sekyu na nakabantay sa mga de-scan na pintuan. Dito lang nakararanas ng aircon si Hope, ngunit mas impiyerno pa rito kaysa sa kanilang bahay. Mas ramdam pa niyang siya si Sisyphus kapag kasama niya ang pamilya niya. Tila umaakyat sa matarik na bulubundukin ng buhay, habang bitbit silang lahat o kaya’y akay-akay. Tatlong taon na rin na ganito ang sitwasyon ni Hope. Tila sumpa ng diyos ang mga nangyayari sa buhay niya. Wala naman siyang magawa kundi ang magpatuloy kahit na nauubos na siya.

Napansin ni Hope na naglalagas ang mga buhok niya. Hindi lang isa o dalawa o tatlong hibla. Maraming hibla ng buhok. Kulang ang isang bigkis kung tutuusin. Nababahala siyang nakatingin sa mga buhok na kaniyang hawak-hawak.

“Happy shift guys,” panimula ng TL ni Hope sa unang pagtapak niya papalabas ng opisina. Pero wala siya sa labas ng opisina. Nakaupo siya sa kaniyang istasyon, katabi ang katrabaho niyang pinaghahampas niya ng keyboard ilang minuto lang ang nakalipas.

Ang computer station niya ay malinis. Nakasaksak ang mga monitor at may dumadaloy na internet. Nakasuot na rin sa kaniya ang headset at naka-amba na ang kaniyang kamay na buksan ang

linya ng kaniyang telepono. Gumalaw na lamang ang mga daliri niya bago pa man niya maproseso ang lahat ng nangyayari.

"Hello, this is Hope. How can I assist you?" bulalas na lamang niya. Hindi pa rin niya naiintindihan ang mga nangyayari. Wala na dapat siya sa loob ng lugar na iyon.

Naramdaman ni Hope sa batok niya ang ginaw na dala ng aircon para sa maintenance ng mga computer sa opisina nila, pero kulang ang apoy upang ilarawan ang init dala ng paglukot niya sa kaniyang kamao.

Tinanggal ni Hope ang computer mula sa saksakan. Inalis ang kurdon na nagpapadaloy sa internet. Sa pagkakataong iyon, hindi niya hinampas ng keyboard ang manyakis na katabi kundi pinagsusuntok niya ito. Lumingon lamang ang iba niyang katrabaho at bumalik na rin sa kani-kanilang kausap sa telepono. Nagmamadaling lumabas si Hope sa production floor at napansin niyang wala na ang lahat ng kaniyang buhok. Nagsisimula na ring matanggal ang mga daliri niya sa kamay. Sinisipat niya ang iba pang bahagi ng kaniyang katawan at kinakapa kung may iba pang bahagi ang nawawala o napuputol. Hindi na siya nag-abala pang kunin ang mga gamit niya sa kaniyang locker.

Paglabas niya sa pintuang de-scan ay agad siyang dinala ng unang hakbang sa loob ng production floor. Hindi na niya pinagsalita ang TL niya at agad siyang tumakbo paalis. Hindi na rin niya pinansin ang manyakis niyang katabi.

Sa maraming ulit na pagbalik niya sa production floor ay ni hindi siya pinansin ng karamihan. May mga mag-aabuloy ng tingin pero agad rin itong babawiin. Kaniya-kaniya.

Susubukan niya muling lumabas pero mahihirapan si Hope na tumakbo dahil natanggal na rin ang kaliwa niyang binti sa katawan. Wala na siyang buhok, kulang ang daliri, at paubos na ang natitira niyang bait dala ng mga nangyayari. Pagkaraan ng isang hakbang papalabas mula sa de scan na pintuan ay muli siyang ibinalik nito sa kaniyang istasyon. Malinis, may dumadaloy na internet, at handa nang tumanggap ng tawag ng mga nangangalit na customer. Nagdadalawang isip si Hope kung ipagpapatuloy pa niya ang pagkuha ng mga tawag o susubukan muling umalis sa lugar na iyon.

Naulit pang muli ang pagtatangkang ni Hope na umalis sa opisina. Naulit pa ito ng dalawa pang beses, tatlo pang beses. Hindi na niya mabilang. Sa bawat pagtatangkang umalis sa lugar na iyon ay ibinabalik siyang muli sa kaniyang istasyon. At sa bawat pagbalik na iyon ay nauubos ang mga bahagi ng kaniyang katawan. Nauubos siya. Sinubukan niyang kumuha ng tawag. Wala na siyang magawa, hindi rin naman siya makakaalis.

“My internet is not working.” “What? I’m not gonna pay that.” “You bullshit, let me speak to your manager!” “Can you provide credit on my account?” “Stop reading your script and start doing your work!” “You are so stupid! How the hell do your employers hire you?”

Hindi siya lumabas sa pagkakataong iyon, pero lalo pa ring naubos si Hope. Sa pagtatapos ng kaniyang shift matapos ang walong oras na pakikipagbuno sa mga nangangalit na customer ay tuluyan na rin siyang naubos. Wala na ang pareho niyang mga binti. Maging ang dalawang braso niya ay hindi na rin nakakabit sa katawan niya. Tila isa siyang *mannequin* na nakikita sa mga

tindahan ng damit. Wala na ring laman ang kaniyang loob. Wala na siyang nararamdaman, ang alam niya lamang ay gusto na niyang makaalis sa lugar na iyon.

Lumapit ang bisor ni Hope sa kaniya. Kinumusta siya nito at ang naging takbo ng trabaho sa kabuuan ng araw. Tila hindi nakita ang bawat pagkakataong nagtangkang lumabas si Hope sa lugar na iyon. Naramdaman muli niya ang ginaw, ang lamig, pero dahil na ito sa kawalan niya ng init.

“TL, gusto ko nang mag-resign,” agad na sinabi ni Hope.

“Ganon ba? Kailangan mong mag-render ng 30 days para maayos ang transition at turnover mo ng mga bagay.”

“Hindi na po. Immediate resignation po sana ang gagawin ko.”

“Alam mong hindi ka makakakuha ng back pay kapag ganyan.”

Alam iyon ni Hope. Hindi ito ang unang beses na narinig niya ang impormasyon na ito. Sa tatlong taon niyang pagtutulos ng kandila para sa mga naunang katrabahong kaibigan na umalis, ni isa sa kanila ay hindi nalimutang ibigay ang imporasyon na ito. Hindi iyon oras upang magitla kung may makukuha pa ba siyang pera sa katapusan o wala.

“Wala na akong pake sa back pay, TL,” wika ni Hope.

“Kung gano’n talaga ang gusto mo. Sige.”

Agad na umalis sa production floor si Hope. Hindi na niya nagawang lumingon sa bagamat maginaw ay tila sirkulo ng impiyerno na lugar na iyon. Susubukan niyang muli ang dumaan at humakbang sa pintuan na de-scan. Iniisip na sana sa pagkakataong iyon ay hayaan na siyang makapaglakad pauwi. Sa tatlong taon

niyang pananatili sa kompanya ay dinamdam ni Hope ang “Sige” na tanging winika ng TL niya. Ganoon ang kultura sa halos lahat ng BPO company. Mabilis ang proseso ng aplikasyon at mabilis ka lang rin nilang mapapalitan.

Sa ilang oras na paghakbang sa pintuan na iyon ay muli niyang naramdaman ang alingasaw ng Cubao. Tanghali na ang oras na iyon. Nilabas niya ang kaniyang cellphone at headset, at pinatugtog ang ‘Dog Days Are Over’ ng Florence + The Machine. Unti-unti ring dumikit sa  katawan ni Hope ang mga binti, braso, at buhok niyang nagsikalasan kanina. Sa bawat hakbang  papalayo ay siya namang pagkabuong muli ni Hope.

***

# PERCIVAL LAGDA BUNCAB

Si Percival Lagda Buncab ay isang manunulat mula Cembo, Makati. Nagsusulat siya ng talanggunita, maikling kuwento, tula, at nobela.

Binubuo niya ang Bantas Series: Iba't ibang anyo at genre ng panitikan, kung saan ang bawat libro ay simbolismo ng isang bantas.

Layon niya rin sa kaniyang pagsusulat na maimapa ang mga kuwento ng mga taga-District 2 ng Makati.

Nagtatrabaho siya bílang proofreader sa Integreon at tagasalin sa VERA Files.

Nagtapos siya ng journalism sa Polytechnic University of the Philippines (P.U.P), kung saan pinarangalan ang ilan sa kaniyang mga kuwento.

Nailathala siya sa ilang nangungunang diyaryo at magazine sa Pilipinas, gaya ng Inquirer at Liwayway. Nilunsad ang una niyang libro sa Manila International Book Fair (M.I.B.F).

# TUWING GABÍ NG SABADO

Pwede ako ngayon, reply ko kay Vee. Niyayaya niya na naman ako na magkape—malamáng may problema na naman ’yon.

Alright, puntahan kita. I’ll just shower. Sa Mercato ka lang naman duty tonight, right?

Sabado na naman. Isa si Vee sa mga pinagpalang may standard shift: umaga hanggang hapon ang trabaho at weekend ang off. Habang isa naman ako sa mga kailangang magtiyagang magtrabaho nang kada weekend na nga, gabí pa. Barista ’ko sa isang local coffee shop dito sa Mercato: ang outdoor foodcourt sa BGC kada weekend ng gabí. Sa Uptown Tower nagtatrabaho si Vee at may condo rin siya sa Serendra: parehong nasa BGC lang din. Dahil nga weekend ang off niya at shift ko naman sa Mercato kada weekend ng gabí, ’pag niyayaya niya ’ko na makipagkita, madalas na gabí ng Sabado.

Pagtapos ng kulang-kulang isang oras, natatanaw ko na si Vee. Madali siyang makita kahit nakahalo sa kumpulan ng mga tao dahil para siyang naggo-glow sa puti, tangkad, at umbok ng dibdib at balakang. Idagdag pang lagi siyang nakadamit nang maganda kahit sa’n pumunta.

Inabót ko sa kaniya ang large iced hazelnut latte with frappe.

“Oh, nice!” ngiti niya. “Ready na agad favorite order ko pagdating na pagdating ko pa lang ah.”

“Of course, ma’am,” sabi ko—“*and* without sugar.”

“Very well. Thank you!”

Umupo na siya, pero nakatayo lang ako sa harap niya habang tinitingnan siya.

“What?” tanong niya habang sinisipsip na ang paborito

niyang iced coffee.

"I'm glad to be your friend," ngiti ko, "but I'm not the owner of the coffee shop—so you still have to pay, ma'am."

Tumawa siya. "Alright! No problem." Inabót niya sa 'kin ang malutóng na isang libo.

Bumalik ako sa kaha para ipasok ang báyad at kumuha ng sukli. "Pre, ikaw muna bahala rito ah," sabi ko sa kasáma kong barista. "Upuán ko lang 'to," tinuro ko ng tingin si Vee.

"Iba ka na, buddy," ngiti ng katrabaho ko, "model na inuupuan mo."

"Gago!" natawa rin ako. "Ibig kong sabihin: kausapin ko lang—siyempre nakaupo kami!"

Pangiti-ngiti pa rin ang katrabaho ko.

"Kaibígan ko lang 'yan, tanga!" pinalo ko ng sombrero ang katrabaho ko, pero pangiti-ngiti pa rin ang loko.

Umupo na 'ko sa harap ni Vee. "So ano'ng problema?"

"Grabe ah! 'Pag nakipag-meet ako—problem agad?"

"Ba't, hindi ba?"

"Well… yeah, it's another problem."

"'Another? Baka the same problem."

Tiningnan niya lang muna 'ko—ang cute niya lalo 'pag nagme-make-face. "Alright—you win, sir," umakto siyang nagba-bow. "Yeah, it's the same problem."

"So same person."

Napayuko si Vee at tumango lang.

Ex ni Vee si Marty na ka-smallgroup ko naman sa Bible study sa Victory. Magkatrabaho pa lang sila noon, nagugustuhan na raw ni Vee si Marty. At no'ng naláman ni Vee na sikát na worship

leader si Marty sa Victory Fort Bonifacio, tuluyan niya na raw naging crush si Marty. “He’s basically a rockstar,” áyon kay Vee. Lagpas isang taon siláng magkarelasyon. Pero bago matapos ang nakaraang taon—tinapos na rin ni Marty ang relasyon nila. At no’ng magsimula ’tong taon, biglang nag-chat sa ’kin si Vee para kumustahin si Marty. ’Di pa kami personal na magkakilala ni Vee bago niya ’ko biglang i-chat. Alam lang namin ang pangalan at itsura ng isa’t isa dahil mostly sa mga post ni Marty sa Facebook at Instagram. Ako raw ang naisip i-chat ni Vee dahil ako lang ang natatandaan niyang ka-smallgroup ni Marty. Kayâ mula no’n, nagkaka-chat na kami Vee, na laging tungkol kay Marty. Hanggang sa niyaya niya ’kong makipagkita isang gabí ng Sabado. At ’yon na nga ang simula ng pagkakaibígan namin.

Hinintay ko lang siya na makomportableng magkuwento na.

“So, ’di ba nga he didn’t want to talk to me a few months after he broke up with me? Because we needed not only time, but also space daw, for us to move on as quickly as we could. So this past weekend, no’ng magyaya ang former officemates namin na mag-mini reunion, he didn’t bother na sumáma, even though he knew na sasáma din ako. As for me, I at least tried to move on. And I thought I was already starting to. But when we met last time, and I saw again his smile, heard his corny jokes, and specially listened to him sing—all the little things I loved about him, the beautiful moments we shared—they all flashed back in my mind, even much clearer. I’m falling for him again…”

Tahimik lang akong nakikinig.

“But it turns out—he did already move on. He told us he’s been dating again recently, with a girl whom he has a lot in common

with." Pinipigilang umiyak ni Vee. "It hurts because I'm not moving on. I still love him. And I want us back..."

Hinintay ko si Vee habang inaayos niya ang sarili niya.

"I'm sorry I'm messed up," tuldok-tuldok niyang dinampian ng tissue ang mata niya. "Anyway, I'm not gonna take much of your time; nasa shift ka pa man din." Hinawakan niya ang kamay ko, "Thanks for your time. I just need someone who listens."

"Anytime," ngiti ko, "nandito lang ako."

Pinagmasdan niya pa ako sandali habang nakangiti siya. "Next Saturday night then! Let's roam around BGC My treat."

"Puwede naman, depende sa shift ko next week."

"Alright, just inform me then." Binitbit niya 'yong iced coffee niya na wala pa sa kalahati ang nainom—"And thanks for always preparing my favorite coffee."

At pinagmasdan ko siya na maglakad. Messed-up people can still glow.

. . .

Para samáhan si Vee ngayong Sabado, nag-request ako sa mga boss ko na i-move ang off ko. Pinayagan naman ako. Dito sa main branch ng Fully Booked ako niyayang makipagkita ni Vee, alas sais daw ng gabí. Taga-Pembo ako, katabing barangay lang ng BGC, kayâ parehong lalakarin lang namin ni Vee itong Fully Booked. Pero 'di hamak na mas malapit siya dahil taga-BGC mismo siya. Pero nauna pa rin ako: quarter-to-six pa lang, nandito na 'ko. Magsi-6:30 na siya dumating.

"Hey, Shaun!" tawag niya, pag-akyat sa third floor kung sa'n ako tumitingin-tingin ng mga libro. "Kanina ka pa dito?"

"Medyo."

“Sorry!” hinawakan niya ang kamay ko. “I just had to compose myself.”

*Parang kanta ka palá—kino-compose*. “Okay lang.”

“What’s that?” tanong niya habang tinuturo ’yong hawak kong libro.

“*Kapitan Sino*: paborito kong libro ni Bob Ong. Sa dami ng mga klasik at bago niya, na nagustuhan ko naman lahat, ito pa rin pinakapaborito ko.”

Nag-react ang mukha ni Vee na parang wala sa itsura ko na nagbabasá ’ko ng mga libro—“You also read other books palá. I thought you only read the Bible.”

“Nahilig ako sa Phil lit kasi may tropa ’kong nagsusulat ng Phil lit,” sabi ko. “Ikaw, nagbabasá ka ba ng Phil lit?”

“Philosophical literature?”

Natawa ’ko. “Philippine literature. Pero puwede rin. Puwede namang maging philosophical kahit anong literature.”

“You mean *Filipiñana*.”

“Kung gusto mo ng sosyal na tawag, oo, Filipiñana.”

“No eh, ’coz I think I won’t get it, as I’m used to English.”

“Filipino ako makipag-usap ah. Ba’t naiintindihan mo ’ko?”

“It’s different when it comes to books—malalim ’yong Tagalog.”

“May nabása ka na bang Phil lit?”

“Wala pa.”

“Pa’no mo nasabing malalim ang Phil lit kung wala ka pang nabása?”

Natahimik siya saglit. “May talino ka din talaga, ’no?”

“Pina-realize lang din sa ’kin ’yon ng tropa kong writer. Gaya

rin ng sabi niya: Karamihan ng Phil lit ngayon, nasa conversational Filipino na—'di na excuse ang 'malalim na Tagalog' para ma-discourage magbasá."

"Alright. Pick one for me then. And pick one for yourself too. My treat."

Kinuha ko para sa 'kin 'yong *Kapitan Sino* para 'di na 'ko laging manghihiram sa tropa ko. Kinuha ko naman para kay Vee ang isa pang modern Phil lit klasik na siguradong magugustuhan niya: ang *Para Kay B (o Kung Paano Dinevastate ng Pag-ibig ang 4 Out of 5 sa Atin)* ni Ricky Lee.

Kulang-kulang isang oras din kaming naglibot-libot ni Vee sa Fully Booked. Nagbayad siya gámit ang kaniyang debit card at Fully Booked card. Bumili siya ng planner.

Status symbol ang planner. Ang mayayaman, bukod sa may pambili ng overpriced na papel, marami pang oras magdesisyon kung ano'ng mga gustong gawin araw-araw at magsulat ng mga pangarap na káyang matupad taon-taon. Habang ang mahihirap, bukod sa ilang araw na pagkain o isang buwan na báyad sa tubig at koryente na ang presyo ng overpriced planner, wala nang oras magsulat ng mga plano sa búhay; dahil kung may bakanteng oras man ngayon, mas gugustuhing magpahinga dahil kailangan ng lakas sa nakapapagod na namang trabaho búkas.

Dumaan muna kami ni Vee sa Family Mart. Bumili siya ng foodtrip namin. Tsaka niya 'ko niyaya sa Terra Park.

Gaya ng kadalasan, maraming tao sa park. Umupo kami ni Vee sa gilid, sa ilalim ng puno. Nilabas ko 'yong foodtrip na binili niya. "Mahilig ka palá sa Stik-O," sabi ko.

"That's not Stik-O—that's Superstix."

"Pareho lang 'yon."

"They're literally different brands! You may call them *wafer sticks*, but you shouldn't call a brand another brand. It's like calling Jollibee—*McDo*."

"O.A. mo naman. Obvious namang magkaiba Jollibee tsaka McDo. Ito, *Stik-O* na nakasanayang tawag ng Pinoy."

"That's exactly my point! People get used to a lot of wrong stuff. If the correction starts from me, it'll hopefully have a ripple effect—and eventually, people will be correct."

Natawa 'ko. "Ang tindi naman palá ng misyon mo sa búhay—ipalaganap ang tamang tawag sa wafer sticks."

Nag-make-face lang siya. At bigla siyang naglabas ng cat food.

"Lah, sa'n gáling 'yan?"

"I often bring cat food when I carry my bag, so if I see stray cats, I can feed them."

Napangiti ako.

Hindi nagtagal, may lumapit na ngang ilang pusa.

At pinagmasdan ko lang siya habang nakangiti niyang pinapakain ang mga pusa. Nasa kaniya na ang lahat ng kagandahan para sa karamihan: matangos na ilong, pulang lábi, at makinis na balát.

. . .

Gabí ng Sabado ulit. Duty ulit ako rito sa Mercato. At nandito ulit si Vee. Inabót ko sa kaniya ang paborito niyang hazelnut latte, at umupo ako sa harap niya.

"You must love your job, 'no? I mean: you love coffee and you get paid to make them."

Napatawa 'ko. "Adik ako sa kape. Naaaliw ako sa paggawa ng kape. Natutuwa 'kong makipag-usap sa mababait na customer, lalo kung interesting. Pero oversimplified sabihing mahal ko trabaho ko."

"How come?"

"Interesado at may oras ka bang makinig sa mga reklamo ko?"

"Sure."

Luminga-linga 'ko sa paligid. Wala namang mga tao sa tabi namin. Hininaan ko na lang din ang boses ko. "Ilang taon na 'kong nagtatrabaho rito pero contractual pa rin ako. Simula pa lang ng business na 'to, nagtatrabaho na 'ko rito. Business partner pa lang mga boss namin no'n—ngayon, ikakasal na sila. Nakabili na sila ng malaking bahay pati bagong kotse. Pero kaming empleyado nila, nagtitiyaga pa rin sa minimum wage—at walang ibang incentive. Walang government benefits para makadagdag man lang sa retirement—kung makaka-retire nga sa hírap magkapera. Wala ring health card para makapagpa-check up man lang 'pag may sakit—no work, no pay pa—edi talagang pinipilit naming pumasok 'pag may sakit nga. Wala ring Christmas bonus man lang—naturingan pa namang Christian mga boss namin. Wala na ngang 13th month para sa buong taóng pagtatrabaho araw-araw, pati pandagdag man lang sa handa at regalo—pinagdadamot nila. Sila lang ba may karapatang mag-enjoy ng Pasko?

Mababait naman boss namin. Pinapatuloy nila kami sa malaki nilang bahay. Pinapakain kami 'pag nando'n. Parang

kaibígan sila kung makitungo sa ’min—pero madadamot siláng kapitalista. Sila lang lalong yumayaman habang lumalago negosyo nila—iniiwan kaming mga emplayado—eh kami nga ’tong may pinakamahirap na ambag sa negosyo.”

“If you don’t love your job, why don’t you just shift to something you love? It’s that simple.”

Napatawa ’ko. “Iba talaga ’pag laki ka sa layaw, ’no?”

“What’s *laki sa layaw*?”

“Spoiled.”

Kumunot ang noo ni Vee.

“Supervisor ka ng malaking kompanya ng Dad mo kayâ ’di mo kailangang lumipat. Kung gusto mo man, madali ka lang makalipat kasi nga may managerial experience ka sa malaking kompanya—pinag-aral ka pa sa mamahaling university kayâ makalilipat ka talaga sa trabahong may mataas na sahod.”

“So kasalanan kong I was born and grew up in a rich family?!”

“Hindi. Sinusubukan ko lang ipa-realize sa ’yo na karamihan ng tao, gaya ko, ’di gaya mong madali lang magpalit ng trabaho. ’Di mo kasalanang pinanganak at lumaki ka sa mayamang pamilya. Pero ’di rin kasalanan ng mga pinanganak na mahirap na manatiling mahirap—kung ang dahilan ng kahirapan ay sistemang kinokontrol ng mayayaman.”

“A round of applause to your political virtue signaling,” pumalakpak si Vee habang nakataas ang kilay. “But don’t you also believe in a god who supposedly controls everything? Then literally every evil we suffer from—including all the injustices you complain about—hinahayaan lang ng god mo—so how can you complain

about anyone? At the very least, you should blame your god the most!"

Wala 'kong sagot. Ayaw ko na ring makipagtalo pa. Na-offend ko si Vee—at handang-handa siyang gumanti gámit ang talino niya. At ano'ng matino kong ire-rebutt kung ni 'di ko nga alam kung ano 'yong *virtue signaling* na sinasabi niya.

. . .

Lumipas ang ilang linggong 'di ako kinakausap ni Vee. Tahimik na lang akong nakikibalita sa Facebook at Instagram posts niya. Nagkita na naman sila nina Marty at dati nilang officemates. Nagtampo man o talagang nagalit sa 'kin si Vee, okay na sigurong malámang masaya naman na ulit palá siya.

. . .

Hanggang isang gabí—Hey, Shaun. I'm sorry for what happened last time. What you said offended me, so I got mad—chinat niya 'ko. I hope we're still okay tho.

Okay lang, reply ko. Sorry din.

So... coffee? Tonight?

Sige. Sakto namang off ko ngayong Sabado. Saan?

Let's meet at Kasa. I'll just buy us coffee from SB.

'Di sikát ang Kasalikasan Garden kompara sa karamihang tambáyan sa BGC. Bukod sa nasa gilid ng BGC ang Kasa, kung titingnan sa labas, mukhang karaniwang mga puno lang sa gilid ng kalsada, kayâ kung 'di mo alam ang Kasa, 'di mo aakalaing may garden sa loob. Kayâ lalo na ngayong gabí, iilan lang kami rito; karamihan mga mukhang magjowa. Mukha rin kayâ kaming magjowa ni Vee? Sana nga girlfriend ko siya.

Pero paano mangyayari 'yon kung hindi pa rin siya maka-

move on sa ex niya.

"It appears Marty and the girl he's dating are getting well. All the while, I can't even seem to start getting over him. Gano'n ba talaga mga laláki—mabilis mag-move on?"

"Pa'no mo nasabing pare-pareho lang kaming mga laláki kung 'di mo pa naman nakikilala lahat?"

"Of course, I don't mean it literally—I'm obviously exaggerating. Didn't your English teachers teach you figures of speech?"

"Alam ko—hyper*bowl*," bigkas ko.

Tumawa siya nang malakas. "It's pronounced as hyper*bully*!"

"Ah basta," sabi ko. "'Di magkaklase English teachers natin."

At lalo siyang natawa. Pinagmamasdan ko lang siya habang nakanganga siya at namumula: kíta ang ugat sa noo at leeg. Kung ibang tao ang makakakita sa ganitong expression ni Vee—malamáng sabihing may pangit din naman palá siyang anggulo. Pero para sa akin, lalo siyang gumaganda tuwing masaya siya.

Pagtapos niyang mapigilan ang pagtawa niya sa akin, tumahimik siya saglit. "You know, I have other funny friends, but I can't share with them nang dire-diretso because they always insert a joke in almost every paragraph as I talk. I also have other friends na ang gagaling mag-advise, who can quote famous authors, but I feel they just want to brag about how many theories they know. You're different. You're also funny and quite smart. But ikaw mas gusto kong kausap, because you're always here to just listen to me. Whenever we talk, you always make me laugh at the start. But when I already open up about my problems, you remain quiet and genuinely listen. And when I'm done sharing, you never advise until

I ask."

Hinayaan ko lang siya na magkuwento.

"And even though you're a Christian, you don't try to convert me. I'm not a Christian, but you still genuinely want to befriend me. Most of the Christians I know are nice, but most of them just want to befriend me because they want to sell me their gospel.

I remember my Christian seatmate in college. She was so persistent in reaching me out; she would treat me outside when I had problems just so I would talk to her. But when I stopped attending church and she realized she wouldn't succeed in converting me, she just stopped befriending me.

That's also what the other small group and ministry leaders did to me. They were so hospitable when they were still courting me to believe their gospel, but when they realized they couldn't use me in spreading their gospel, they just stopped talking to me. Now, it's as if they never knew me.

They're like capitalists who reach out to people only because they want people to buy their product: their so-called "good news". And if a person doesn't buy into their business, they would no longer bother spending time with that person.

That hurt because I thought they genuinely cared about me when they were being nice. But it turned out, they only cared about me as much as I cared about their gospel. They didn't befriend me because they genuinely liked me—they just wanted to convert me." Tumahimik siya pagtapos ng mahabang sinabi. "Hey!" kinalabit niya ako. "Why aren't you talking?"

"Nakikinig lang ako."

Ngumiti siya. "See? That's exactly why ikaw gusto kong kausap."

. . .

Pero lumipas ang ilang linggo. Panay ulit ang posts ni Vee kasáma ulit sina Marty at mga dati nilang officemates. At hindi na sila basta kumakain lang ng ilang oras—nag-a-out-of-town na sila buong weekend.

Masaya na ulit siya. Hindi niya na ulit gusto ng ibang kausap. Hindi niya na ulit ako kailangan.

. . .

No'ng Undas niya lang ako ulit naalala, nagpasáma siya sa 'kin sa Heritage para dalawin ang lolo niya. Naiyak siya habang kinukuwento kung gaano sila ka-close noong nabubuhay pa ang lolo niya.

Pero nag-Pasko at nag-Bagong Taon—ni hindi niya ako naalalang batíin kahit man lang sa chat. Kahit online naman siya lagi. Panay pa nga ang post niya sa Instagram ng iba't ibang celebration—kasáma ng mga kaibígan niya, pamilya, pati kaopisina. May pictures pa nga siláng magkasáma ni Marty sa Baguio no'ng magsimula ang simbang gabí.

Hindi ko naman dine-demand na dapat bináti niya ako nitong Pasko at Bagong Taon. (Kahit ako, sa dami ng kaibígan ko, kung iisa-isahin kong batíin, may makakaligtaan pa rin ako. Kayâ nagpo-post na lang ako sa wall ko para batíin lahat.) Pero napagtanto ko: nakalilimutan niya ako kapag masaya siya. At naaalala niya lang ako kapag malungkot siya. Nakikipag-usap lang siya sa akin kapag wala nang ibang magtitiyagang makinig

sa mga kadramahan niya. Sandálan lang ng ulo niya ang balikat ko; tagapunas lang ng luha niya ang kamay ko. Hindi niya ako kaibígan dahil natutuwa siya sa akin—kailangan niya lang ako dahil nalulungkot siya.

. . .

Gabí na naman ng Sabado. Niyaya na naman ako ni Vee. Sa Kasa ulit. At siyempre—tungkol na naman sa pagka-miss niya kay Marty. Paulit-ulit lang naman ang kadramahan niya; kahit ’di ko na pakinggan, kabisado ko na—nakakasawa na. ’Di pa siya tapós magkuwento—kinompronta ko na siya—“Ano ba ’ko sa ’yo?”

“What?” Napahinto siya. “Why do you suddenly ask that?”

Napatawa ’ko habang umiiling. “‘Suddenly’ pa ah. ’Di ba kabaliktaran? ’Di ba ang dami na nating mahahabang usapan, pero ngayon ko pa lang tinanong sa ’yo ’to?”

“What do you mean?”

“’Di ba obvious na gusto kitá?”

“Well… not to be a narcissist, but… maraming nagkakagusto sa ’kin. And because you’re my bestfriend, it’s awkward to assume.”

“‘Bestfriend’?” tumawa ’ko. “Wala nga táyong kahit isang picture na magkasáma. Ni ’di mo ’ko pinapakilala sa kahit sinong kaibígan mo. ’Di mo ’ko bestfriend!”

Hindi na siya nakasagot. Bago pa lalong maging awkward, sinabi ko na ’wag na lang kaming sabay umuwi. Kayâ pumara na lang ako ng taxi para makasakay siya. At ako naman, naglakad. Hatinggabi na. Ngayon ang pinakamahabang oras na nilakad ko ang BGC pauwi sa Pembo—na isang tawid lang naman dapat.

. . .

Bago matapos ang unang buwan ng bagong taon, na-promote ako bílang "manager". Pero paggawa at pagbenta pa rin naman ng kape ang pinakatrabaho ko; medyo nabawasan lang dahil tagabantay na rin ako ng mga bagong barista sa limang branches na ngayon ng Caf 'n Peds. Kayâ araw-araw, sa iba-ibang branch ako magdu-duty. Niregaluhan din ako ng mga boss ko ng bike. Puwede rin daw akong pumili ng oras ng shift, basta walong oras kada araw. Nadagdagan din ng two-five ang sahod ko kada buwan, pero wala pa ring ibang benefits. Binigyan din kami ng tigtatatlong libong Christmas bonus, pero wala pa ring 13th month pay. May ilan ngang magagandang pagbabago sa trabaho, pero kulang pa rin talaga sa benepisyo. Isa pang kahit papaanong magandang pagbabago: fixed nang weekend ang off ko.

. . .

Nitong Valentine's lang, nag-post ng picture si Marty kaakbay ang isang babae at may caption na Official □□□. 'Yong babae, 'yong pinagseselosan ni Vee mula pa lang nang maláman ni Vee na may dine-date nang bago si Marty.

Nang sunod na Sabado, pagtapos mag-post ni Marty ng picture nila ng bago niyang girlfriend, nag-chat bigla si Vee. Hey, Shaun. Can you meet me?

As expected, naalala niya lang ulit ako dahil malungkot na naman siya. Ilang beses pa siyang sunod-sunod na nag-chat. Pero sini-seen ko na lang.

Hey! Don't you have a load? Wait, I'll call you na lang.

At tumawag nga siya agad. "Hey! Are you free tonight?"

"'Di eh," mahina kong sagot.

"Alright. Tomorrow then."

“’Di rin.”

“Okay… So when can you meet me again?”

“Hindi na.”

# ARLAN MANALON CAMBA

Si Arlan Manalon Camba kasalukuyan siyang naninirahan sa Angono, Rizal kapiling ang kaniyang asawa at dalawang anak. Siya ay nagtapos ng AB Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (P.U.P). Nagtapos naman siya ng kaniyang masterado sa Marikina Polytechnic College (MPC) ng digring Master of Arts in Teaching Major in Instructional Technology at may yunits ng Doktorado ng Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Naging bahagi siya sa pagsulat ng ilang aklat-antolohiya ng mga tula gaya ng *Himno ng Apoy sa Gubat ng Dilim* (2011), *PYLON: Isangdaa't Labing Isang mga Tula ng mga Makata ng PUP* (2015), at ng *SAGUPA: Antolohiya ng mga Tula ng mga Makatang Guro ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP* (2016). Nakapaglathala na rin siya ng koleksiyon ng mga tula ang *BULOK: Antolohiya ng mga Tulang Nilalangaw* (2019) at *Mga Tíbô ng Taludtod* (2023). Naging Fellow siya sa prestihiyosong Palihang Rogelio Sicat (PRS 11) noong 2018. Nagsilbi siya bilang Pangulo ng Pandayan ng Literaturang Pilipino (PANDAYLIPI INK.) at Unyon ng mga Guro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (UGPUP).

# SI LOLO MARTIN AT ANG DIWATA NG SITYO PULONG KUMUNOY

Tapos nang humaginit ang nag-aalimpuyong hangin, ngunit nag-iwan ang napakalas na bagyong Milenyo ng mga sukal at dumi sa kalsada; mga nabuwal na puno, nabaling mga sanga, nagtiplarang mga yero, mga wasak na dingding, mga gumuhong pader, mga nawarat na tarpulin at mga katawan ng mga patay na hayop na inanod buhat sa kung saan.

Mula sa aking kinaroroonan ay natatanaw ko na marahang iniangat ni Tatay ang signage na nakabalandra sa kalsada.  Binuhat niya ito at isinandal sa harap ng funeral parlor ni Lolo Martin. Bagaman sira na at hindi na mapakikinabangan, malinaw pa ring mababasa ang nakasulat dito; *St. Martin Memorial Service: Nagseserbisyo Habang Naghihingalo!*

Sa loob ng funeral parlor ay nakabukas na ang mga ilaw na tumatanglaw sa bangkay ni Lolo Martin.  Sa dalawang araw at tatlong gabing nanalasa ang malakas na bagyo, nagawa nitong putulin ang linya ng koryente. Tatlong gabing pinaglamayan ang bangkay ni Lolo Martin nang walang ilaw. Tanging liwanag na buhat sa sinindihang kandila ang tumatanglaw dito; na mas madalas ay namamatay ang liwanag dahil na rin sa haginit ng nag-aalimpuyong hanging dala ng bagyo. Nananatili pa ring nakapatong ang ataul ni Lolo Martin sa ibabaw ng pinagdugtong na mesa. Sa kasagsagan ng bagyo, pinasok ng tubig-baha ang loob ng funeral parlor. Lampas-tuhod ang tubig.  Sa pag-aalala ng magkakapitbahay na abutin ng tubig-baha ang ilalim ng ataul ni Lolo Martin, tulong-tulong sila, kasama si Tatay sa pagbuhat ng ataul niya upang ipatong sa ibabaw ng mesa.

Isang malaking misteryo ang biglaang pagpanaw ni Lolo Martin. Dagdag pang palaisipan sa magkakapitbahay na mula nang bawian ng buhay ang pobreng matanda ay wala man lang isang kamag-anak ang dumalaw sa bangkay nito.  Si Tatay lamang ang maituturing na "malapit" na kamag-anak ni Lolo Martin, ngunit walang relasyon sa dugo ang nag-uugnay sa dalawa.

Ayon sa mga kuwento, sanggol pa lamang si Tatay nang kupkupin ito ni Lolo Martin. Kasisilang pa lamang nang iwanan ito ng kung sino sa harapan ng kubakob ng matanda. Hindi pa ito nalilinisan. Nakabalot lamang ng tela ngunit naroon pa rin ang bakas ng dugo at halos hindi pa napuputol ang pusod. Ang nakakabahala pa ay ang sariwang sugat na makikita sa likod na bahagi ng ulo ng sanggol na parang hiniwa o natag□ ng kung anong matalas na bagay.

Nakapagtataka, sapagkat noon ay mangilan-ngilan pa lamang ang naninirahan sa sityong ito. Isang malawak na lupain na nakahimpil sa paanan ng Sierra Madre. Halos napapalibutan ito ng mga bundok maliban sa kanlurang bahagi na kinaroroonan ng isang talampas na kung tawagi'y "Talampas ng Buntot-Bayawak". Tumutubo sa malusog na kaparangan ng Sityo Pulong Kumunoy ang malalabay na punongkahoy na nagbibigay ng lilim at pagkain sa mga hayop at mangangasong napapadpad sa lugar na ito. Kapansin-pansin ang malalabay na puno ng mga akasya. Hindi karaniwan ang laki ng mga akasyang ito. Naglilingkis na ang mga ugat na waring bakod na humaharang sa sentro ng buong sityo. Nang mahawan ang mga punong akasya, pinalitan ito ng arkong gawa sa adobe. Kitang-kita mula sa bukana ng arko ang mayamang pangisdaan ng

Lawa ng Laguna. Sa lawang ito umaagos ang "Ilog ng mga Igat" na makikita sa gawing silangan ng Sityo Pulong Kumunoy.

Dati, nang malinis pa ang ilog at hindi pa pinapatay nang walang habas na pagka-quarry sagana pang nakapagbibigay ang ilog ng mayamang huli ng mga isdang-tabang. Malinaw at malinis ang tubig. Malalaki at matataba ang nakukuhang tulya at halaan. Kapag umapaw na ang ilog at biglang humupa, iniiwan ng ilog sa kaparangan ng Sityo Pulong Kumunoy ang mga isdang tulad ng igat, bulig, hito, at martiniko na sumisiksik sa mga ugat ng malalabay na puno. Ang tubig na iniwan ng ilog sa kaparangan ng Sityo Pulong Kumunoy ang nagiging dahilan upang maging malambot ang lupa nito. Kahit nagsusulputan sa pagtubo ang mga dawag at damo sa buong kaparangan ng sityo, mapanganib ito sa mga naglalakihang hayop na nagagawi sa lugar.  Marami ng mga kalabaw, baka, kabayo, at kambing ang nangawala sa lugar na ito dahil sa paglamon ng lupa! Kaya't nakapagtataka kung paanong sa isang liblib na lugar na gaya ng Sityo Pulong Kumunoy ay sumulpot ang isang paslit sa katauhan ni Tatay. Dala marahil ng nararamdamang awa at pagtataka, kinupkop ni Lolo Martin ang itinuring kong ama. Inari itong kaniya na naging katu-katulong sa mga gawaing bahay at gawaing bukid.

Lumaking hindi nagsasalita si Tatay Pepe. Ang kapansanang ito ang naging dahilan upang maging tampulan siya ng panunukso sa buong sityo. Upang maiwasan ang pakikipagbabag at pakikipagbasag-ulo, pinili ni Tatay Pepe ang mapag-isa. Pinili niyang pumirmi na lamang sa bahay o sa bukid kaysa sa mag-aral. Laging kabuntot ni Lolo Martin si Tatay kahit saan ito magtungo. Hindi kailanman tumanggi ang Tatay Pepe sa anumang iutos ng

matanda. Bagaman lumaki sa poder ni Lolo Martin si Tatay Pepe, walang bahid ng pagkaama ang relasyong namamagitan sa kanila. Mas lutang na lutang ang relasyon ng amo sa kaniyang utusan — si Lolo Martin ang tagautos, si Tatay Pepe ang tagasunod!

Humikab muna ako at hinilamos ang aking kamay sa aking mukha nang silipin ko ang bangkay ni Lolo Martin. Ibang-iba ang itsura niya bago siya mamatay. Wala silang alam sa anumang iniindang karamdaman ng matanda. Maayos at masigla ang pangangatawan niya. Mabuti ang lagay ng kaniyang puso, normal ang dugo, maayos ang kolesterol na resulta ng kaniyang mga annual check-up. Kaya't nakapagtataka na ang isang matandang mas malakas pa sa kalabaw ay biglang sinaklot ng kamatayan. Namatay ito habang natutulog ngunit nang ilagak na ang katawan niya sa loob ng ataul, parang sinipsip ng kung ano ang kaniyang mga laman. Parang tuod ng patay na puno ang itsura ng kaniyang katawan. Kumakapit ang balat sa buto. Ang dating makisig na pangangatawan ay parang kandilang nalusaw at naupos. Bahagyang nakanganga ang kaniyang bibig. Lumubog nang husto ang pisngi niya. Numipis at pumuti ang buhok na dati-rati ay alaga sa pomada. Hindi ito si Lolo Martin...! Ang bangkay ay katawan ng isang matandang huklubang namatay sa labis-labis na katandaan!

Kung gaano katanda si Lolo Martin ay walang nakakaalam. Hindi pa nalalahiran ng sinasabing pag-unlad ang Sityo Pulong Kumunoy ay nanirahan dito ang matanda. Maaaring sabihing 'sing tanda nga ng Sityo Pulong Kumunoy si Lolo Martin. Kahit si Tatay; sa mga sandaling kalong-kalong niya ako ay madalas kong mapansin ang makabuluhang pagtitig niya sa kabuoan ni Lolo Martin. Nanunuri ang kaniyang mga mata. Hinihimay ng

kaniyang tingin ang bawat bahagi ng matanda. Nararamdaman ko ang napakaraming katanungan at pagtataka sa kaniyang pagkatao. Hindi nga nagbabago ang itsura ni Lolo Martin. Hindi tumatanda ang kaniyang nakagisnang ama. Waring napako ang edad niya sa sisenta. Kung nabubuhay pa ang matanda at sa edad ni Tatay na magsisingkuwenta y singko na, aminado si Tatay Pepe na 'di hamak na mas mukhang bata si Lolo Martin kaysa sa kaniya...

Sinasabing maraming itinatagong "galing" si Lolo Martin. Kahit sa tumpukan ng lamayan; pantanggal ng antok ang samu't saring kuwentong may kaugnayan sa kaniyang mga anting-anting at talisman. Ilang beses ko ng narinig ang kuwento ng pakikipagbuno ni Lolo Martin sa mag-asawang sawa na may dalawampung talampakan ang haba.

Nang kutkutin ng backhoe ang lupang kinakapitan ng ugat ng pinakamatandang punong akasya sa bukana ng Sityo Pulong Kumunoy ay lumingkis dito ang mag-asawang sawa. Nagtatakbo sa takot ang opereytor ng backhoe. Buong tapang naman na hinarap ni Lolo Martin ang mag-asawang sawa. Gamit lamang ang itak na pinatalim at inihasa sa pangil ng baboy ramo. Sa angkin niyang lakas na katumbas ng tatlumpung barakong kabayo; madaling nagapi ni Lolo Martin ang mag-asawang sawa. Kinatay niya ito sa harap ng maraming tao. Hinati-hati at pinarte-parte ang karne nito sa lahat ng naroroon. Sa laki at haba ng mag-asawang sawa, umabot ng isa't kalahating buwan bago tuluyang naubos ang karne nito. Siya nama'y nakuntento na sa dalawang pitsel ng maitim at mapait na apdo ng mag-asawang sawa na kaniyang ipinaliligo at iniinom para sa ibayong lakas ng pangangatawan.

Walang makalilimot sa tapang na ipinamalas ni Lolo Martin nang kaniyang masukol ang pinakamalaking bayawak sa kanlurang bahagi ng Sityo!

Ang "Talampas ng Buntot-Bayawak" ay naging maalamat na kuwento sa tatlong araw na pakikipagbuno ni Lolo Martin sa hayop na ito! Nagsimula ang lahat nang halos gabi-gabi ay hindi pinapatulog ng ingay ng mga manok, pato, pabo, at gansa ang buong sityo. Ang mga hayop ay waring binubulabog ng takot. Parang korong sabay-sabay na putak at tilaok sa kalaliman ng gabi ang nililikha nilang ingay.

Maingat ang pag-atake ng bayawak. Wala itong nalilikhang yabag o kaluskos man lamang. Mararamdaman nilang papatakas na ang bayawak kung nauulinigan na nila ang papahina nang papahina na tilaok at putak ng mga manok, pato, pabo, at gansa na tangay-tangay na ng bayawak. Kinaumagahan, magigitla ang buong sityo dahil sa tuluyang pagkaubos ng kanilang mga alaga.

Agad na humingi ng tulong ang mamamayan ng Sityo Pulong Kumunoy kay Lolo Martin. Natunton niya ang bayawak nang mapansin niya ang hindi karaniwang dami ng balat ng itlog na nakakalat sa daan. Pambihirang bayawak ito,maging ang itlog ng kanilang mga alagang manok, pato, pabo, at gansa ay hindi pinatawad! Sinundan niya ang mga bakas hanggang sa makarating sa bukana ng isang lungga sa paanan ng talampas. Sa laki ng butas ng lungga; maituturing itong pintuan ng isang yungib. Ngunit ang mas nakapanghihilakbot ay nang makita ni Lolo Martin ang napakalaki at napakahabang buntot ng bayawak na nakahambalang sa bukana ng lungga. Kung susukatin, kasinghaba ito ng isang

puno ng niyog na nasa kasagsagan ng pamumunga na mayroong animnapung talampakan!

Hinawakan ni Lolo Martin ang buntot ng bayawak. Sinubukan niyang hilahin ito papalabas ng lungga. Nakipagsukatan siya ng lakas dito. Buong araw at magdamag niyang hila-hila ang buntot nito. Kahit katumbas pa ng tatlumpung barakong kabayo ang kaniyang lakas, hindi nagpatinag ang bayawak! Nasa magandang posisyon ang bayawak. Ang ulo, katawan at mga paa nito ay nasa loob ng lungga at tanging buntot lamang ang nakalabas. Kaya't kahit anong batak dito ni Lolo Martin ay hindi niya mahila ang bayawak. Alam ito ni Lolo Martin, at kung ipagpapatuloy pa niya ang paghila ay alam niyang uubusin lamang nito ang kaniyang lakas at pasensya.

Binitiwan niya ang buntot. Nakaalpas ang bayawak at tuluyan nang pumasok sa loob ng lungga. Nakaramdam naman si Lolo Martin ng hindi maipaliwanag na pagod. Nagpasya siyang lisanin ang lungga habang iniisip ang paraan para mahuli ang bayawak. Naupo siya sa ilalim ng puno ng niyog upang makapagpahinga nang bumagsak sa kaniyang harapan ang bunga nito. Biglang may pumasok sa kaniyang isip. Inutusan niya ang mga tao na sungkutin ang lahat ng bunga ng niyog na nakatanim sa Sityo Pulong Kumunoy. Kinuha niya ang sabaw nito at ininom para muling manumbalik ang kaniyang lakas. Ang pinakabao at bunot naman nito ay kaniyang tinipon.

Nang sa tingin niya ay sapat na ang tinipong mga bao at bunot; sa ikalawang araw ay dinala niya ito sa bukana ng lungga katulong ang lahat ng kalalakihan ng Sityo Pulong Kumunoy.

*“Anong gagawin natin sa mga bao at bunot na ito Lolo Martin? Napakarami nito… halos kulang-kulang na dalawang libong sako…”* Tanong ng isang lalake.

*“Pauusukan natin ang buong lungga. Sa laki ng bayawak, makipot ang loob ng lunggang ito para umikot s’ya pabalik.”*

*“Kung ganun, papaano natin malalaman kung saan s’ya lalabas*?” Sabad ng isa.

*“Papausukan natin ito nang papausukan. Hahanap ang usok ng kaniyang lalabasan. Kung saang bahagi ng talampas lumabas ang usok, nakatitiyak akong doon din lalabas ang bayawak.”*

*“Papaano kung maraming nilabasan na butas ang usok?”* Tanong pa ng isa.

*“Ang ilan sa atin ay tatakpan ang butas. Isang butas lamang ang dapat daanan ng bayawak at doon natin siya tatambangan.”*

Ganun nga ang kanilang ginawa. Buong araw na pinausukan ng mga taga-Sityo Pulong Kumunoy ang buong lungga. Magbubukang-liwayway na nang makita nila ang nilabasan ng usok. Iisang lugar lamang ang nilabasan nito na malayo sa talampas na kinaroroonan ng lungga. Doon, sa bundok na kung tawagin ay “Bundok-Kuba” lumitaw ang usok. Tinakbo ni Lolo Martin nang napakatulin ang sinasabing lugar. Sa ibabaw ng butas siya nag-antabay. Hinintay ang paglabas ng bayawak. Sa kaniyang tagiliran ay nakasukbit ang itak na hinasa pa at pinatalim sa pangil ng baboy-ramo at sa kaniyang kanang kamay ay tangan niya ang espesyal na gamit para sa pagpatay sa bayawak. Isang mahabang buho ng kawayan na may tulos sa dulo. May anim na dipa ang haba

nito na pinahiran ng langis na binabaran ng balat ng mag-asawang sawa. Sa dulas at tulis ng buho ng kawayan tiyak na babaon ito sa makunat na katawan ng bayawak!

Matiyagang naghintay si Lolo Martin. Halos papalubog na ang araw nang lumabas sa lungga ang bayawak. Sa umpisa'y nakikiramdam ang hayop. Dahan-dahang naglalabas-masok ang dila nito. Pinakikiramdaman ang nagbabantang panganib. Kalmado ang isip ni Lolo Martin na pinagmamasdan ang bayawak. Halos hindi siya gumagalaw. Iniiwasang niyang lumikha ng anumang ingay na gagambala sa papatakas na hayop.

Nang ilabas na ng bayawak ang ulo nito sa bukana ng butas; ito na ang pagkakataong hinihintay ni Lolo Martin. Buong puwersa siyang tumalon habang hawak ng dalawang kamay ang buho ng kawayan na nakaumang sa ulo ng bayawak! Sa lakas ng puwersa ng ginawang pagtuhog ni Lolo Martin, binutas nito ang bungo ng hayop na tumagos hanggang sa ngalangala, at bumaon hanggang sa lupa! Hindi na nagawang magpipipisag pa ng bayawak at ang buong Sityo ng Pulong Kumunoy ay nagdiwang. Halos isang buwan na nanawa sa karne ng bayawak ang buong sityo!

Ngunit ang mas nakamamanghang "galing" na ipinakita ni Lolo Martin ay nang paahunin nito mula sa Ilog ng mga Igat ang labinlimang talampakang palos!

Nangyari ang lahat nang magsimulang magpakita ng kakaibang ikinikilos ang agos ng tubig sa ilog. Hindi karaniwan ang biglaang pagtaas at pagbaba ng tubig mula sa Ilog ng mga Igat. Dahil daw ito sa nagambalang engkanto na nananahan sa pinakamalim na bahagi ng ilog. Ngunit ang totoo, bunga ito ng pagdalisdis ng malalaking tipak ng bato buhat sa mga tinutungkab

na bundok ng mga minahan na nag-o-opereyt sa Bundok-Kuba. Nadiskubreng ang butas sa lungga na mula sa Talampas ng Buntot-Bayawak na nagdurugtong sa Bundok-Kuba ay isa palang kuweba na may halos isang milya ang haba. Sagana sa deposito ng bakal at ginto ang kuwebang ito na kalaunan ay naging pangunahing pinagkukunan ng ikabubuhay ng Sityo Pulong Kumunoy at ilan pang karatig na bayan.

Nagsimulang “manguha” ng buhay mula sa mga taong dumarayo ang Ilog ng mga Igat. Taon-taon kung “manguha” ang ilog. Hindi na mabilang kung ilang bata at matanda ang biglang nawala at nalunod. Hanggang dumating ang isang trahedya na ikinabigla ng lahat. Labimpitong estudyante na mula sa isang kilalang kolehiyo sa Maynila ang sabay-sabay na binawian ng buhay. Isang flashflood na mula sa Bundok-Kuba ang biglang umagos sa ilog na tumangay sa kawawang mga estudyante.

Gaya nga ng inaasahan, humingi ng tulong ang mamamayan ng Sityo Pulong Kumunoy sa angking “galing” ni Lolo Martin. Alas tres ng hapon nang hubad-baro itong nagtungo sa lugar na matatagpuan ang pinakamalalim na bahagi ng ilog. Makikita rito ang napakaraming puno ng lubilubi. Nakakaengganyong pitasin ang nangingintab na talbos ng halamang ito. Nilatagan niya ng abo mula sa sinunog na palapa ng niyog ang kaniyang kinatatayuan. Maging ang kaniyang katawan, binti, braso, at mukha ay nilagyan niya ng abo. Saka mula sa kaniyang sinturera ay binunot niya ang kaniyang sinturon.  Hindi karaniwan ang kaniyang sinturon. Hindi ito gawa sa kung anong klaseng balat ng hayop. Kumikintab ang ginto nitong kulay at nagsasabog ng napakabangong halimuyak

katulad ng malalanghap buhat sa namumulaklak na puno ng kalatsutsi.

Hawak ang magkabilang dulo ng sinturon; itinaas ni Lolo Martin ang kaniyang mga kamay. Pumikit siya at umusal ng kung anong bulong. Sa simula ay mahina ngunit habang tumatagal ay palakas ito nang palakas. Hanggang ang kanyang sinasambit ay magkahimig. Ang kaniyang ibinubulong ay maging isang awit. Umaawit nga si Lolo Martin!

Ang kaniyang awit ay binubuo ng tatlong salita na inulit-ulit. Malayo ito sa salitang Latin o Griyego ngunit ayon sa ilang nakasaksi at nakarinig; wikang Sanskrit ito na maituturing din na isang patay na wika.

Lumalakas ang himig ni Lolo Martin sa pagkanta at ang mga taong naroroon ay hindi maiwasang makisabay. May kung anong ligayang humahaplos sa kanilang puso. Lumulukso ang kaibuturan ng kanilang kalooban. Napapasunod ang kanilang katawan sa kung anong kapangyarihang dala-dala ng awit.

Nakalalasing ang awit na ito na binubuo lamang ng tatlong salita na inulit-ulit! Nagsisisayaw at umiindak na ang iba. Nakapikit at nakataas ang kamay nang marami. Umiiyak na ang ilan dahil sa labis na kagalakan! Maging si Lolo Martin ay hindi mapigilan ang umindak at maluha. Tumutulo pa ang laway dahil sa sobrang kalasingan! Ngunit ang nakapagpapanindig balahibo ay nang makibahagi sa pag-awit ang lahat ng mga elementong naroroon!

Umawit ang mga hayop, ang mga puno at halaman, ang lupa, maging ang pinakamaliliit at naglalakihang tipak ng mga bato, at maging ang hangin! Ang tubig na mula sa ilog ay tumigil

sa pagdaloy; umawit kasama ng mga lamang-tubig na doon ay naninirahan. Sa ligaya at kalasingang nararamdaman ng lahat mula sa awit na may tatlong salita na inulit-ulit ay umahon mula sa ilog ang labinlimang talampakang palos!

Nagpipipisag ito na waring sumasayaw kasabay ng nakalalasing na awit. Hanggang kumapit ang mga abo sa madulas nitong katawan. Abo ang panlaban sa madulas na isdang ito! Nang matapos na ang pag-awit, hindi na nagawang makabalik ng labinlimang talampakang palos sa ilog. Lalo na nang dambahan ito ni Lolo Martin at tuluyang mapatay gamit ang kakaiba nitong sinturon at pambihira nitong lakas. Nagbubunying sinalubong ng mga taga-Sityo Pulong Kumunoy ang papalubog na araw. Sama-sama silang naghapunan. Binusog sila ng halos anim na talyasi ng ginataang lubilubi! Sinunog nila ang isdang palos at ang abo nito ay ibinalik nila sa ilog pagsunod sa utos ni Lolo Martin.

Ngunit mula nang inalis sa bukana ng sityo ang pinakamatandang punong akasya na pinamamahayan ng mag-asawang sawa; kasimbilis din na nahawi ang masukal at magubat na lugar ng Sityo Pulong Kumunoy.

Sa tulong ng mga heavy equipment gaya ng *road roller* o pison, dump truck, concrete mixer, bulldozer, excavator o backhoe ng isang construction firm, nahawan ang daan sa sinasabi nilang pag-unlad. Nalatagan ng konkretong daan ang buong sityo. Parang bitukang nagsala-salabid ang mga kalsada. Parang kabuteng nagsisulpot ang mga subdibisyon. Nagawa nitong patagin ang mga bundok. Nagbukas ito ng bagong oportunidad ng pagkakakitaan tulad ng pagmimina at pagka-quarry. Wala nang nagtanim! Napilitang ipagbili ang mga palayan sa mga developer upang

gawing golf course o pabahay. Kahit ang sakahang nililinang ni Lolo Martin ay kaniya na ring ibinenta.

Dahil kilala ang matanda sa buong sityo at iginagalang ng lahat; nagmistulang ahente at tagasulsol ng malalaking kumpanya si Lolo Martin upang ipagbili na rin ng kaniyang kababayan ang kanilang mga lupain. Malaking porsyento ng salapi ang ibinibigay sa kaniya ng malalaking kompanya sa bawat ektarya ng lupang kaniyang naipagbibili. Mahusay magsalita at manghikayat si Lolo Martin. 'Ika niya'y; "*aanhin ninyo ang lupa? Wala sa lupa ang pag-unlad! Ang pagtatayo ng industriya at pabrika ang mag-aahon sa atin sa kahirapan. Ilang dekada na ba tayong nagsasaka? Mananatili na lamang ba na nakasingkaw ang ating mga pangarap sa pagbubungkal ng lupa? Ito ba ang ipamamana natin sa ating mga anak…? Makinig kayo… wala sa pagsasaka ang pagyaman…!*

Nilinlang ni Lolo Martin ang buong sityo. Halos lahat ay nagawang maipagbili ang kanilang lupa kapalit ng malaking halaga ngunit ang sinasabing kaunlaran ay hindi nangyari. Naging atrasado ang buhay ng kaniyang kababayan. Umasa ang mga tao sa ibinibigay na trabaho ng minahang nag-oopereyt sa "Bundok-Kuba". Kulang ang suweldo, wala pang benepisyo at ang kanilang buhay ay nakabingit sa kapahamakan!

At noong kalagitnaan ng dekada otsenta; sa kasagsagan ng pananalasa ng Bagyong Sisang, naging catch basin ng tubig-baha ang buong Sityo Pulong Kumunoy! Dumausdos mula sa kabundukan ang ragasa ng marahas na tubig. Tangay-tangay nito ang malalaking troso at tipak ng mga bato na dumagan sa halos lahat ng kabahayan ng Sityo. Sa halos isang libong patay na iniwan

ng Bagyong Sisang sa buong Luzon, kulang-kulang sa dalawang daan dito ay nasa Sityo Pulong Kumunoy. Sa mga minahan pa lamang ng "Bundok-Kuba," tatlumpu't anim na minero ang nailibing nang buhay!

Ang trahedyang ito'y nasaksihan ni Lolo Martin. Marami-rami rin sa kaniyang kababayan ang nailigtas niya. Ngunit ang kaniyang "galing" ay hindi umobra sa nag-aalimpuyos na galit ng kalikasan. Sumusulak sa sulok ng kaniyang konsensiya na malaki ang kaniyang naging bahagi sa trahedyang naranasan ng buong sityo—ang mag-asawang sawa, ang bayawak, ang palos—nang mawala ang mga nilalang na ito'y humarap sa samot-saring pagsubok ang buong Sityo!

Nakapanlulumong pagmasdan ang nakasalansang mga bangkay ng kaniyang kababayan. Nasaksihan niya ang pagdurusa ng mga nawalan. Narinig niya ang mga hagulgol at impit na mga dasal na sana'y huwag na muling mangyari pa ang ganung klaseng trahedya. Ngunit sa sulok ng pag-iisip ni Lolo Martin, malinaw sa kaniyang mga pangitain na nagsisimula pa lamang ang lahat! Isa sa kaniyang itinatagong "galing" ay ang makita ang mga darating na trahedya. Mula sa nakasalansang mga bangkay sa kalsada, pumitik sa kaniyang utak ang isang malaking oportunidad...

Sa unang bahagi ng pagbubukas ng taong 1990 nang itinayo ni Lolo Martin ang kaniyang funeral parlor business. Mula sa kuwartang naipon niya sa "pag-aahente" ng lupa, pinag-aral niya ang sarili. Sa ilang taong pagtitiyaga, nakuha niya ang titulo bilang isang licensed embalmer/mortician. Ginastusan niya ang lahat ng kinakailangang rekisitos sa pag-o-opereyt ng isang funeral parlor. Isang Stainless Steel Autopsy Table at Corpse Cabinet na may anim

na pinto ang kaniyang binili. Nakita niya ang serbisyo sa pag-aasikaso ng bangkay! Nakita niya ang pag-asenso sa paghahanap ng patay!

Mukhang “sinusuwerte”si Lolo Martin sa kaniyang bagong negosyo! Hindi nagkamali ang kaniyang mga pangitain!

Sa kalagitnaan ng taong 1990, isang napakalakas na lindol na may 7.7 na magnitude ang tumama sa Central Luzon. Tinatayang umabot sa 1,621 ang patay! Napasabak agad sa sagad-sagarang pag-eembalsamo ang matanda. Sabay-sabay ang dating ng mga bangkay sa kaniyang funeral parlor. Hindi siya magkandaugaga sa mga katawang sunod-sunod niyang nililinisan at inaayusan. Bagaman nakapapagod, lihim siyang nangingiti; sa isip-isip niya’y napakagandang “buwena mano” ito sa kaniyang negosyo!

Madalas siyang dalawin ng mga pangitain. Ang “galing” na malaman ang trahedyang mangyayari sa hinaharap ang nagtatakda rin ng tiyak na ganansya ng kaniyang negosyo! Kung sa iba ay napakalaking kamalasan ang mamatayan, kay Lolo Martin ay nag-aakyat ito ng sangkaterbang suwerte!

Hindi pa natatapos ang taon, buwan ng Nobyembre nang mag-iwan ng mahigit sa 748 na patay ang pananalasa ng Bagyong Ruping. Walang pagsidlan ng tuwa si Lolo Martin sa panay-panay na pagdating ng mga parokyanong humihingi ng serbisyo para sa kanilang mga patay! Hindi na nga maaawat ang pag-asenso ng kaniyang negosyo! Sa pagpasok ng 1991; dinalaw siya ng mga pangitaing tiyak na magbibigay sa kaniya ng limpak-limpak na tubo at ganansya!

Hunyo 15, 1991; sumabog ang Bulkang Pinatubo. Halos 20,000 pamilya ang nawalan ng tirahan at ikabubuhay; at ang

bilang ng mga namatay ay umabot sa 847. Nang sumapit ang buwan ng Nobyembre ng gayun ding taon, dinalaw ang Pilipinas ng Tropical Storm Thelma. Pitong araw na namalagi sa Philippine Area of Responsibility ang naturang bagyo. Nang lisanin nito ang teritoryo ng Pilipinas; 5,081 ang naitalang patay!

Nanlalaki ang mata ni Lolo Martin sa dami ng naging biktima ng trahedya! Wala nang natirang espasyo para paglagyan ng mga patay na katawan. Ang kaniyang Corpse Cabinet na may anim na pinto na dapat sana'y maglaman lang ng isang bangkay ay ginawa na niyang tig-dalawa. Katulong si Tatay Pepe, parang case ng softdrinks kung salansanin nila ang mga cadaver bag. Naghambalang ang patong-patong na bangkay sa sahig ng morge. Halos maubos ang gamot na pang-embalsamo sa sobrang dami ng bangkay kaya't pansamantalang binudburan muna ng apog ang mga patay na katawan upang maiwasan ang mangamoy.

Buti pa ang bangkay, wala nang pakiramdam; pero si Lolo Martin, buhay na buhay ngunit matagal na niyang natutunan na huwag maging emosyonal sa ganitong uri ng negosyo. Ano sa kaniya kung maraming nagdurusa? Ano sa kaniya kung marami ang naging ulila? Sa kaniya ay patuloy ang buhay kahit patay na ang katawan. Mamamatay ang katawan ngunit hindi ang buhay na nananahan sa katawan! Para kay Lolo Martin, ang katawan ay parang damit na kung sira na at hindi na sumusunod sa uso ay kailangan nang hubarin at palitan! Katulad ng damit, mabubulok ang katawan ngunit hindi ang buhay na pansamantalang nananahan dito! Kay Lolo Martin, hindi tayo ang katawan!

Ngunit para rin sa kaniya, dapat serbisyuhan nang maayos ang mga patay. Ang katawan ang templo ng kaluluwa; kaya't

marapat na bigyan ng dangal ang namatay na katawan. Ito ang misyon ng kaniyang negosyo; ang *St. Martin's Memorial Service: Nagseserbisyo Habang Naghihingalo!*

Ikinabubuhay niya ang mga patay! At sa ngalan ng tubo at ganansya; ang sandamakmak na bangkay ay katumbas ng limpak-limpak na kita!

Ngunit ano ba ang misteryo sa likod ng biglaang pagkamatay ni Lolo Martin?

Nagsimula ang lahat nang makita niya sa kaniyang mga pangitain ang kaniyang sariling kamatayan. Ang pagsisimula ng "Bagong Milenyo" ang hudyat ng kaniyang nalalapit na wakas!

Mula noon ay naging maingat si Lolo Martin sa kaniyang ikinikilos. Bagaman hindi dinadapuan ng anumang karamdaman at waring hindi tumatanda; batid niya sa kaniyang sarili na hindi maaaring magkamali ang mga pangitain niya. Batid niyang hindi mapipigilan ang kamatayan! Ngunit ang tagumpay ng kaniyang negosyo ang nagiging dahilan upang hindi niya maihanda ang sarili upang harapin ito. Dahil sa patay; nakita ni Lolo Martin ang kaniyang ikabubuhay ngunit kakatuwang isiping kamatayan rin ang nagbibigay ng takot sa kaniya!

Kaya't nang ipagdiwang ng buong mundo ang pagpasok ng bagong milenyo noong taong 2000; nagsimulang ikulong ni Lolo Martin ang kaniyang sarili sa bahay. Hindi siya lumalabas kung hindi rin lang kailangan. Pinipili niya ang taong kaniyang kinakausap. Hindi siya tumatanggap ng anuman o sinumang bisita. Laging nakasara at nakakandado ang lahat ng silid ng kaniyang tirahan. Sapagkat ayon sa kaniya "ang kamatayan ay umaatake tulad ng isang magnanakaw!"

Lumala ang takot ni Lolo Martin sa kamatayan nang mula sa kalye ay pulutin ako ni Tatay Pepe at iuwi sa bahay ng matanda.

Isang gabi ng Setyembre, taong 2006, bilog na bilog ang buwan at nagpaparamdam na ang isang malakas na bagyo. Bumangon sa pagkakahiga si Lolo Martin upang magtungo sa kusina. Nang buksan niya ang pinto ng kaniyang kuwarto, tumambad ako sa kaniyang harapan! Sa dilim ng buong kabahayan, parang apoy na nanlilisik ang aking mga mata na nakatingin sa kaniya. Nanindig ang balahibo ng matanda! Sa naramdaman niyang takot at pagkabigla ay agad itong nagsisisigaw! Dumagundong sa loob ng buong kabahayan ang hindi maipaliwanag na kilabot kasabay ng nakatutulig na kulog at pagguhit ng kidlat sa langit. Bumalik sa kaniyang kuwarto si Lolo Martin at parang batang nagtalukbong ng kumot.

Agad namang sumaklolo si Tatay Pepe. Binuksan niya ang ilaw at pinakalma ang takot na takot na si Lolo Martin.

*"Nakita ko ang kamatayan Pepe…nakita ko ang kamatayan…!"* Sumisigaw ito, habang itinuturo ng daliri ang labas ng kuwarto. Sinundan ito ng tingin ni Tatay Pepe. Nakita niya akong nakatingin sa kaniya. Nilisan niya ang kinaroroonan ng matanda at lumapit sa akin. Sinalubong ko siya at hinimas ng aking ulo at katawan ang kanyang mga paa at binti. Dumaiti sa kaniyang balat ang malambot at maitim na maitim kong balahibo!

*"Ilayo mo sa akin ang kamatayan Pepe! Ilayo mo ang pusang 'yan…! Alisin mo sa pamamahay ko ang kamatayan! Itapon mo ang pusang 'yan! At huwag na huwag mong hahawakan o hihipuin ang ilong ng pusa… 'sing lamig ng kamatayan ang ilong ng pusa…!"*

Agad akong dinampot ni Tatay Pepe. Yakap-yakap niya akong nagtungo sa kaniyang kuwarto. Iniwan namin si Lolo Martin na nagsisisigaw at patuloy pa ring sinasaklot ng takot!

Hindi mapagkatulog si Tatay Pepe ng mga sumunod na gabi.  Lapat na lapat ang kaniyang likod sa pagkakahiga sa papag na kawayan. Malalim ang kaniyang iniisip.  Dama ko, sapagkat naririnig ko ang pintig ng kaniyang puso sa kampante kong pagkakahiga sa kaniyang dibdib. Hinihimas ng kaniyang magkabilang palad ang aking ulo at katawan habang gising ang kaniyang mga mata na nakatitig sa inaagiw na kisame. Nararamdaman ko sa kaniyang paghinga ang pag-aalala at pagtataka. Gusto kong sagutin ang mga tanong na nagsasalasalabat sa kaniyang isip.

Humikab ako. Napapikit ako nang ngumanga nang pagkalaki-laki habang nakalawit ang mahaba ngunit matingkad na kulay ng aking dila. Napatingin sa aking mukha si Tatay Pepe. Muli niyang hinimas ng kaniyang mga palad ang aking ulo pababa sa aking katawan. Dumudulas ang kaniyang palad sa aking balahibo. Hinawakan ng kaniyang kaliwang kamay ang aking mukha at ipinatong niya ang dulo ng kanang hintuturo sa aking ilong...

“*Kasing lamig nga ba ng kamatayan ang ilong ng pusa?”*

Noong 1942, sa kasagsagan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig; mula sa masukal at magubat na bahagi ng Sityo Pulong Kumunoy, makikita ang paghabol ni Lt. Feliciano “Joe Borris” Lizardo ng ROTC Hunter sa noon ay papatakas na si Martin Borlongan. Misyon ni Joe Borris na tugisin ang lahat ng nagpahamak at “nagturo” sa noon ay lumalakas na hanay ng mga gerilya.

Mula sa intelehensiya na nakalap ng tropa ni Joe Borris, natukoy na si Martin Borlongan ang pinakaulo ng lahat ng MAKAPILI. Maraming ipinahamak na Pilipino si Martin. Kahit walang kasalanan ay itinuturo niya na may kaugnayan sa lumalakas na hanay ng mga gerilya.

Ganun na lamang ang sidhi ng hangaring matugis ni Joe Borris si Martin sapagkat tatlo sa kaniyang mga kapatid na lalake, kasama ang dalawa niyang bayaw at apat na pinsan ang itinuro ni Martin kahit walang mga kasalanan. Pinahirapan muna bago pinatay ng mga sundalong Hapon ang kaniyang mga kamag-anak. Kaya napakapersonal para kay “Joe Borris” ang misyong ito! May utang na dugo na dapat pagbayaran si Martin!

At sa mga sandaling iyon ay nagmumuntik-muntikanang masukol ni Joe Borris ang tumatakas na si Martin. Humahangos itong tumatakbo sa gitna ng kagubatan.  Duguan ang kaniyang katawan sa mga daplis ng bala mula sa rebolber ni Joe Borris. Napasubsob siya sa malambot na bahagi ng lupa na tumutubo ang mayabong na ng mga damong ligaw at talahib.

Halos mapugto na ang hininga ni Martin nang magpakita ako sa kaniya! Sa nanlalabo niyang paningin, naaaninaw niya ang liwanag na nagmumula sa aking katawan; at narinig ko sa kaniya ang basag na tinig ng pagsusumamo at pagmamakaawa; *“tulungan mo ako… tulungan mo ako!”*  Hanggang tuluyan siyang panawan ng ulirat.

Dahil sa pagdadalang-habag; kahit pa ipinagbabawal ay binuksan ko kay Martin Borlongan ang lagusang nagdurugtong sa materyal na mundo at ispirituwal na daigdig. Ako, si Maya, ang Diwata ng Sityo Pulong Kumunoy ay hindi nagdalawang isip na

tulungan siya! Ako ang diwatang tagabantay at may tangan ng susi sa lagusang maituturing na "spiritual expressway" ng ispirituwal na manlalakbay na si *Narada Muni* sa iba't ibang mundo; ng iba't ibang solar system ng iba't ibang galaxy; sa iba't ibang sansinukob na ga-butil na bahagi lamang sa kabuoang materyal na paglikha!

Si *Narada Muni* ay isang mabuting tagasunod at disipulo ng Diyos na si *Krshna*. Sa pamamagitan ng mga likha niyang lagusan na tulad ng Sityo Pulong Kumunoy, mabilis siyang nakapaglalakbay sa iba't ibang dimensiyon. Kipkip niya sa kaniyang paglalakbay ang isang *sitar*. Umaawit siya sa saliw nito, ng awiting naglalaman ng pangalan ng Diyos.

Hindi lamang basta lagusan ang Sityo Pulong Kumunoy. Sa lugar na ito ay itinayo ni *Narada Muni* ang tatlong suhay na sumusuporta sa balanse ng mundo.  Inatasan ko ang tatlong magigiting na tagabantay upang mangalaga sa tatlong mga suhay na ito:  ang mag-asawang sawa, ang bayawak at ang palos.

At ang isa sa mahalagang gampanin ng Sityo Pulong Kumunoy bukod sa pagiging lagusan, ay dito itinago ni *Narada Muni* ang isang banal na bagay na pag-aari ng Diyos na si *Krshna;* pumpon ng mga kuwintas na bulaklak na gawa sa bituka ng demonyong si *Hiranyakashipu*!

Tinalo ng Diyos na si *Krshna* ang demonyong si *Hiranyakashipu* sa isang labanan. Ang Diyos na si *Krshna* ay nagsaanyong si *Nrsimhadeva*—isang taong may mukhang leon, may paa at kamay na tulad ng agila at mga galamay na itsura ng mga ulupong. Nang mapatay ng Diyos na si *Nrsimhadeva* na dili't walang iba kundi ang Diyos rin na si *Krshna;* winakwak nito ang

tiyan ni *Hiranyakashipu* at dinukot ang bituka na siya niyang ikuwinintas sa kaniyang leeg.

Inalagaan ko ang halos wala nang buhay na si Martin Borlongan. Ginamot ko ang kaniyang mga sugat, inaruga at pinakain ng *prasadam;* mga pagkaing inialay ng buong debosyon sa Diyos na si *Krshna*. Nang tuluyan siyang gumaling, abot-abot hanggang langit ang kaniyang pasasalamat.

Nanatili siya ng halos tatlong taon sa lagusang ito. Minabuti niyang huwag na munang bumalik sa materyal na daigdig dahil na rin sa lupit ng digmaan. Sa panahon ng kaniyang pananatili, kapansin-pansin ang kaniyang pagiging mausisa hinggil sa hiwaga ng ispirituwal na mundo.

Madalas niya akong tinatanong hinggil sa Diyos na si *Krshna;* ang kaniyang buhay at pakikipagsapalaran. Madalas niyang usisain ang kagila-gilalas na paglalakbay ni *Narada Muni* sa iba't ibang planeta ng buong sansinukuban at ang mga dakilang tao sa ispirituwal na mundo na kaniyang tinuruan at ginabayan. Ibinida ko sa kaniya ang buhay ni *Hiranyakashipu* na kahit na maituturing na "demonyo ng lahat ng demonyo" ay nagkaroon ng anak na buong buo ang debosyon sa Diyos na si *Krshna*. Ang anak nito na si *Phralad Maharaja* ay tinuruan at ginabayan ni *Narada Muni*. Hindi ko malilimutan ang itsura ni Martin nang ipakita ko sa kaniya ang "bitukang kuwintas" ni *Krshna*. Nagniningning ang kaniyang mga mata na mukhang inalihan ng labis-labis na paghanga. Marami pa akong ibinahagi sa kaniya, at maging ang kinalimutang karunungan ng tunay na pagkilala sa esensya ng sarili ay ginising ko sa kanya...

*"Sino Ka?"* Parang natuka ng ahas si Martin sa aking tanong.

*"Ako si Martin... si Martin Borlongan... kilala ako bilang si Martin sa aking mga kaibigan...!"*

Humalakhak ako nang pagkalakas-lakas! *"Pangalan mo lang 'yan Martin... hindi ikaw 'yan! Huwag mong kilalanin ang iyong sarili sa pangalang itinatak sa iyong katawan! Hindi ikaw ang iyong pangalan, lalong hindi ikaw ang iyong katawan!"*

*"Kung ganon ay Sino Ako?"* Ang nagtatakang tanong ni Martin.

"*Ispirituwal na nilalang ka... ispirituwal ang iyong esensya na pansamantalang nananahan sa iyong katawan. Mawawala ang katawan ngunit ikaw ay mananatili!"*

*"At bakit mo sinasabi sa akin 'yan?"* Ang patuloy na tanong ni Martin.

*"Sapagkat nasa pagkilala ng tunay na esensya ng sarili ang katuparan ng iyong mga naisin sa mundo!"* Sandali akong tumahimik at tiningnan ang reaksyon ni Martin at saka muli ko siyang tinanong...

*"Ikaw Martin, bakit ka nabubuhay? Anong layunin mo sa mundong ito?"*

*"Gusto ko ng kaligayahan... gusto kong lumigaya! Wala naman sigurong tao ang ayaw ng kaligayan, 'di ba?"*

*"At ano ang makapagpapaligaya sa 'yo?"* Tanong ko.

*"Gaya rin ng kaligayahang hinahanap ng iba... kayamanan, imortalidad, kadakilaan.... Gusto kong makilala, gusto kong dakilain... at magagawa ko ito kung matatakasan ko ang kamatayan, hindi na tatanda o hindi magkakasakit...!*

Sa tinuran ni Martin, minabuti kong manahimik. Sa mga sandaling iyon, nakita ko ang paimbabaw niyang kabaitan. Nakita

ko ang "mantsa" sa mapagkunwari niyang puso. Nakita ko ang kamangmangan sa kaniyang mga mata. Binabalot ng materyal na talinong nag-aapoy sa hindi makontrol na katakawan at pagiging tuso.

Hindi ako nagkamali. Umalis sa lagusan ng Sityo Pulong Kumunoy si Martin nang walang paalam. Gayun na lamang ang aking panlulumo nang mapag-alamang bitbit ni Martin sa kaniyang pag-alis ang isang metrong haba ng kuwintas na pinutol niya sa "bitukang kuwintas" ng Diyos na si *Krshna*.

*"Sinasabi ko sa iyo, huwag mong ihahagis sa kawan ng baboy ang mga perlas, hindi nila ito papansin.*" Si Narada Muni habang ako ay mahinahong kinakausap.

*"Patawarin po ninyo ako, mahal na Narada Muni. Masyado po akong nagtiwala."* Ang malungkot kong tugon.

*"Ikaw, ang diwatang ang pangalan ay Maya ay nalinlang ng isang mortal?"* Ang nakangiti at nagbibiro niyang sagot sa akin.

*"Humihingi po ako ng kapatawaran at hayaan ninyong maituwid ko ang aking pagkakamali. Hayaan ninyong maibalik ko ang bahagi ng kuwintas na ninakaw ni Martin."*

*"May dahilan ang lahat. Wala kang kasalanan. Malinis ang hangarin mo sa iyong mga ikinikilos ngunit hindi natin kontrolado ang lahat; kahit ang likaw ng damdamin at pag-iisip ni Martin ay hindi natin kayang panghawakan. Ikinukumpas ng pagpapasya ang ating nagiging aksyon; at bawat aksiyon ay may katumbas na reaksiyon. Hayaan mong ang oras at panahon ang iyong maging kakampi sa kaniyang pagbabayad."*

*"Ngunit kailan ang panahong iyon, mahal na Narada Muni?"*

*"Malapit na, h'wag kang magmadali. Ang mabuti mong magagawa ay bigkasin ng buong puso at pagpapakumbaba ang pangalan ni Krshna."* Umalis si *Narada Muni* na kinakalabit ang bagting ng kaniyang sitar.

Ilang taon pa ang lumipas, natapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagbabanta sa lagusan ng Sityo Pulong Kumunoy ang pagguho ng isang suhay na binabantayan ng mag-asawang sawa. Nagambala ang mga elemento na aking nasasakupan nang iluwa ng kumunoy sa lagusan ang duguang katawan ni Lt. Feliciano "Joe Borris" Lizardo. May malaki itong sugat sa likod ng kaniyang ulo. Sa aking pagkabigla ay tinawag ko ang banal na pangalan ni *Narada Muni* upang ako ay saklolohan. Sa isang kisap-mata, dumating sa aking harapan ang dakilang lingkod ng Diyos na si *Krshna*.

Pinilit naming iligtas ang buhay ni Joe Borris ngunit kami ay nabigo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni *Narada Muni* na kontrolin ang oras at panahon; nakita namin ang tunay na dahilan sa pagkamatay ni Joe Borris.

Nang bumalik sa lupa si Martin Borlongan, napag-alaman namin na paghihiganti ang una nitong motibo. Binalikan niya ang lahat ng tao na may atraso sa kaniya. Si Joe Borris ang isa sa mga naging biktima! Tinadtad niya ng bala ang buong katawan nito at bago itapon sa masukal na bahagi ng Sityo Pulong Kumunoy ay pinalo niya ng matigas na bagay ang likod ng ulo nito na ikinabasag ng bungo ni Joe Borris.

Nakalulumo ang aming natuklasan. Ngunit sa pamamagitan ng awa na ipinagkaloob ng Diyos na si *Khrsna,* agad akong inatasan ni *Narada Muni* na balutan ng putik mula sa kumunoy ang

buong katawan ni Joe Borris. Buong puso at pagpapakumbabang tumalima ako sa kaniyang ipinag-uutos.

Matapos kong matakpan ng putik ang katawan ni Joe Borris; kinuha ni *Narada Muni* ang kanyang *sitar*. Kinalabit niya ang bagting nito, at saka inihimig ang *Om☐-kāra... Om☐... Om☐... Om☐... Om☐... Om☐... Om☐...* Ito ang Banal na Pantig ng salitang Sanskrit na kumakatawan sa hindi mapasusubaliang Katotohanan!

Maya-maya, mula sa katawan ni Joe Borris na binalot ng putik; pumintig at umusbong ang isang buhay! Isang sanggol na halos hindi pa napuputulan ng pusod at may sugat sa likod ng ulo ang isinilang...

*"Sino siya, mahal na Narada Muni?"* Tanong ko.

*"Siya si Joe Borris... sa bagong katawan! Siya ang tatapos sa kahangalan ni Martin. Tungkulin mo na ihatid ang sanggol na ito sa kubakob ng taong iyon. Lalakí ang batang ito na walang maaalala sa kaniyang nakaraan at walang kakayahang magsalita upang manatiling lihim ang kaniyang misyon. At ikaw, Maya... ang Diwata ng Sityo Pulong Kumunoy ang magpapaalala sa kaniya ng lahat-lahat pagdating ng itinakdang oras....!*

Nasa ibabaw ako ng ataul ni Lolo Martin nang buhatin ako ni Tatay Pepe. Umupo siya sa isang monoblock chair na nasa dulong bahagi ng kuwarto at ako naman ay umupo rin sa kaniyang mga hita. Pipikit-pikit ako habang hinihimas ni Tatay Pepe ang maitim na maitim kong balahibo. Napansin kong nakasuot na sa sinturera ng kaniyang pantalon ang sinturon ni Lolo Martin. Nakatitiyak akong bahagi ito ng "bitukang kuwintas" na inumit ng matanda. Nakasulat dito ang tatlong salita na madalas ulit-uliting bigkasin ni

Lolo Martin: *Hare, Krshna, Rama*. At ako ay napangiti at taimtim na nagpasalamat. Sa lakas ng hagupit ng Bagyong Milenyo na nag-iwan ng 213 patay, 660 sugatan at 48 na nawawala; tanging si Lolo Martin lamang ang naitalang nag-iisang biktima ng Bagyong Milenyo sa Sityo Pulong Kumunoy.

-wakas-

# CLARISSA CESTINA

Si Carissa ay isang manunulat na lumaki sa Albay. Siya ay nagtapos ng kursong AB Audio Visual Communication sa Bicol University. Bata pa ay mahilig na siyang magsulat at sumali sa mga patimpalak sa pagsusulat sa eskwelahan. Ngayon ay kabilang siya sa mga  rehistradong manunulat/ awtor sa National Book Development Board of the Philippines.Ang kaniyang unang akda na Si Larry Arao at ang Mangkukulam ng Poblacion nainilimbag ng 8Letters Bookstore and Publishing ay bunga ng sariling karanasan at makulay na kultura ng kaniyang probinsiyang pinagmulan.. Kasalukuyan siyang naninirahan sa Pasay City kasama ang kaniyang apat na mga pusa na sina Potpot, Bubwit, Babi, at  Batit. Mababasa ang iba pa niyang akda sa https:// mgatinigsaulan.blogspot.com/.

# NANG MAGALIT SI JOS

"Mas lumakas pa ang bagyong Olga na may bugso ng hanging umaabot sa 260kph at lakas na 225kph. Gumagalaw ito patungong hilagang-kanluran sa bilis na 39kph. Isinailalim na sa typhoon signal number one ang mga sumusunod na lugar..."

Lalong hinapit ni Alex ang kumot sa kaniyang katawan. Paunti-unti nang lumalakas ang ulan sa labas. May kasama na ring hangin. Malamig ang paligid kahit sa loob ng kanilang *bungalow*. Sa kabila niyon, masaya si Alex dahil suspendido ang klase. Makanonood siya ng paboritong animé sa TV habang kumakain ng mainit na champorado.

"Alex, bilisan mo na riyan at tulungan mo ako rito!" Narinig niyang utos ng kaniyang ina mula sa katabing bakanteng lote. Doon nila binibigyang laya na maglakad-lakad ang mga alaga nilang manok.

Nagmamaktol na ibinaba niya ang kumot at binitiwan ang remote ng TV saka lumabas ng bahay. Nadatnan niya ang kaniyang ina sa bakanteng lote na hinahabol ang isang inahing manok. Mukhang nakatakas ito mula sa kulungan.

Huminto sa pagtakbo ang kaniyang ina para maghabol naman ng hininga. Hindi pa naman ito ganoon katanda. Ang edad na tatlumpu't lima ay bata pa, subalit sadyang hingalin ito at madaling mapagod.

"Hulihin mo nga 'yang manok. Nakatakas na naman, eh. Habang hindi pa gaanong malakas ang ulan," utos nito bago bumalik sa loob ng bahay para maghanda ng kanilang mga gamit kung sakaling kailanganin nilang lumikas.

Hindi na bago sa kanila ang bagyo; silang nakatira sa kung tawagin ay daanan nito. Kung kaya't alam na nila ang dapat gawin: lagyan ng pabigat ang bubong, ipasok ang mga halamang nasa paso at itali ang mga nakatanim sa lupa, ikulong ang mga alagang manok, mag-imbak ng sapat na pagkain at tubig na maiinom, at maghanda sa pag-bakwit.

Sa wakas ay nahuli na ni Alex ang inahin. Ibabalik na sana niya ito sa kulungan nang mapansing huminto ang ulan at nawala ang hangin. Inilibot niya ang kaniyang paningin at pinakiramdaman ang paligid. Tahimik ang mga puno. Nangibabaw ang ingay ng pagpukpok ng martilyo sa yero mula sa hindi kalayuan at ang boses ng komentarista sa radyo ng kapitbahay. Unti-unti, nawala ang makakapal na ulap na may dalang bagyo at lumiwanag ang kalangitan. Natigil ang pagpukpok ng martilyo sa yero.

"...inuulit ho namin: signal number four na sa atin kaya't maghanda na kayo, mag-evacuate na kung kailangan..."

Naalala niya ang bagyong tumama sa kanilang lalawigan noong limang taon lamang siya. Signal number four na rin noon, ngunit tirik na tirik pa rin ang araw. Kinaumagahan, nakipagbuno sila ng kaniyang ina't ama sa napakalakas na hangin at ulan para makalikas at magpalipas ng bagyo sa kapitbahay.

Subalit tila kakaiba ito. Tila ba biglang nagbago ang isip ng bagyo at nagdesisyon na lamang na maglahong parang bula. Humalili ang araw; matinding sikat ng araw.

Nagsilabas ang mga tao sa kani-kanilang bahay, nagtataka. Ano't biglang uminit? Hindi naman sa mas nais nila ang bagyo, subalit...ano nga ba ang nangyari?

Walang nakasagot sa nag-iisang katanungan ng lahat. Maging ang PAG-ASA ay walang naibigay na paliwanag sa biglang paglaho ng bagyo o sa biglaang matinding init. Kaniya-kaniyang haka-haka ang bawat isa. Katapusan na ba ng mundo? Ito na nga ba ang pagbabalik ni Hesu Kristo? Parusa ng mga kasalanan ng sangkatauhan?

Subalit wala nang mas mahiwaga pa nang kahit sumapit ang gabi ay may araw pa rin. Hindi lumubog ang araw!

"Nasaan na ba ang papa mo? Kung ano na ang nangyayari sa mundo, hindi pa rin siya umuuwi," himutok ng kaniyang ina na puno ng pag-aalala.

Maagang umalis ang kaniyang ama para mamili ng dagdag sana nilang pagkain sa mga susunod na mga araw na brownout dala ng bagyo. Ngunit nawala ang bagyo at nawala rin ang tiyansang mag-brownout. Pati ba naman ang kaniyang ama ay nawawala. Bagaman panatag siya dahil madalas naman itong mawala ng buong araw para katagpuin at bisitahin ang kaniyang kaibigan. Kaya't sigurado siyang uuwi rin ito bago ang oras ng kanilang pagtulog—kung makatutulog sila sa gabing iyon na mataas pa rin ang sikat ng araw.

Pero hindi umuwi ang kaniyang ama. Hindi na muling umuwi.

Kinabukasan, tirik pa rin ang araw. Maalinsangan ang paligid. Matapat lang sa ibang dako ang hanging buga ng electric fan ay pinagpapawisan na agad siya. Mas lalo pa siyang pinagpawisan nang dumating ang kanilang kapitan, taranta, hinahanap ang kaniyang ina.

"Dayang! Si Andong! Natagpuan sa baybay! Wala nang buhay!"

Sa pagkakataong iyon, tila ba napunta sa kaniyang dibdib ang delubyo. Naghalo ang  pagkabigla, hindi pagkapaniwala at pagluluksa. Ang tindi ng sikat ng araw, ngunit ang damdamin niya'y binabagyo. Rumaragasa ang baha-bahang emosyon, ngunit walang luhang  kumawala sa kaniyang mga mata. Dulot marahil ng matinding init ng panahon.

***

Labing-isang taon na ang nakalilipas nang mangyari iyon, subalit hindi pa rin niya  nalilimutan. Paano ba naman, mula noong araw na mamatay ang kaniyang ama't biglang  maglaho ang bagyo, isang buwan ding tumangging lumubog ang araw. Isang buwan silang  walang gabi, walang buwan. Nangatuyo ang mga balon, ilog at sapa. Ang mga pananim ay kung  hindi man natuyot, napeste naman. Nangamatay ang mga alagang hayop. Unti-unting naubos ang  pagkain at nagutom ang mga tao. Mayroon pa ngang kumalat na sakit—epidemya.

Walang makapagsabi kung ano ang nangyari. Kahit pa ang mga dalubhasa ay bumalik sa  pag-aaral para lamang malutas ang kababalaghang nangyayari sa bayan ng Sinukuan. Nagdasal  ang mga tao sa lahat ng diyos, sumangguni maging sa mga albularyo makakuha lang ng sagot,  pero wala silang nahita.

Hanggang isang araw ay nakilala niya ang kaibigan ng kaniyang namayapang ama—si  Jos, ang diyos ng araw. Noong una ay hindi niya ito pinaniwalaan. Bigla ba namang sumulpot sa  labas ng kanilang tahanan at hinahanap siya. Hindi niya malilimutan ang suot niya—naka-coat and tie at nakaitim na salamin sa mata.

Mahaba ang buhok niya na kulay ginto at nakapusod. Sa kanang hinlalato niya ay may gintong singsing na may disenyong araw.

Matapos siyang masilayan ay hinarap naman niya ang mga kapitbahay nilang kapwa nahihiwagaan sa bisita.

"Isa lang ang makapagpapahupa ng galit ko at makapagbabalik sa gabi, iharap niyo  sa akin ang pumatay sa aking mabuting kaibigan. Kapag nangyari iyon, ibabalik ko sa dati  ang lahat. Dalhin niyo siya sa dalampasigan, kung saan natagpuan ang katawan ng aking kaibigan." Iyon ang mga salitang binitiwan ni Jos bago naglahong bigla.

Hindi agad nakakibo ang mga nakarinig, subalit dala marahil ng matinding init  nakumbinsi na rin silang kumilos. Kinahapunan, alam na ng buong bayan angkondisyon at nais ni Jos.

Pagsapit ng makalawa, nahuli ang nagpapatay sa kaniyang ama—, si Santiago, ang mayor ng kanilang bayan. Ang dahilan nito, masyadong maingay si Andong, mapagmalasakit sa tao, maprinsipyo, at matuwid. Galit si Santiago kay  Andong, dahil pinupuna nito ang maling gawain ng mayor, katulad ng pag-apruba sa sabungan  ngunit pagtutol sa pagtuturo sa kultura at literatura ng bayan. Hindi rin nagustuhan ni  Santiago nang minsang itanong ni Andong kung saan napunta ang perang donasyon ng isang banyagang organisasyon para sana sa mga batang mag-aaral. Nagamit naman daw sa  proyektong libreng pandesal para sa mga estudyante, proyektong inorganisa at pinondohan ng  isa pang organisasyon.

Si Gerardo na isang pulis ang nakahuli kay Santiago. Si Noli na kanang-kamay ni Mayor ang nagbigay ng impormasyon ukol

dito, na siya ring kumalabit ng gatilyo ng baril na kumitil ng buhay ni Andong.

Nang mahuli si Santiago ay agad itong dinala sa baybay, kung saan nakita ang bangkay ni Andong. Matiyagang naghihintay roon si Jos, ngunit hindi tulad noong una nila itong makita—naka-sando, shorts at tsinelas lamang ito, bagaman nakashades pa rin siya..

Kapalit ng gabi, inialay ng taumbayan si Santiago, na ama ni Gregory. Si Gregory na siyang nanalong mayor ng kanilang bayan makalipas ang labing-isang taon.

...

"Hindi totoo 'yon! 'Yung sinasabi nilang ilang linggong hindi lumubog ang araw, walang gabi', metaphorical. Ang ibig sabihin, sadyang mainit ang summer. Nagpapaniwala ka sa mga sabi-sabi."

"Golden sun kasi 'yon kaya ganoon, talagang mainit."

Iyon ang paulit-ulit na retorika ng mga tagasunod ni Gregory sa kampanya. Hindi raw totoo ang nangyari noon.

Kahit siya, pinagdududahan ang sariling memorya. Totoo nga ba ang mga nangyari labing isang taon na ang nakalilipas? Totoo nga bang pinatay ang kaniyang ama at may kaibigan itong diyos at ang diyos na iyon ay ipinaghiganti ang kamatayan ng kaibigan nito?

Sa tatas ng pananalita ng mga sumusuporta kay Gregory, maging siya ay nakukumbinsi na. Sino ba naman kasi ang maniniwalang ang diyos ng araw ay Jos ang pangalan? Dagdag pa na mula noong manumbalik ang gabi ay hindi na ito muling nagpakita kanino man kahit pa sa kaniya.

Sa kabila niyon, marami pa rin namang naniniwala sa nangyari noon, katulad ng kalaban ni Gregory na si Jamila, ang anak ng pulis na si Gerardo na siyang nakahuli noon sa ama ni Gregory na si Santiago. Maging siya nga na isa na ngayong guro ay inuudyok ng ilang kapitbahay na kumalaban din kay Gregory at ipaglaban ang kanilang katotohanan. Kaya lamang ay mahina ang loob niya hindi tulad ng kaniyang ama.

Buong panahon ng kampanya, walang nangyaring kakaiba. Normal na lumulubog at lumilitaw ang araw. Kahit pa nga nang manalo si Gregory, normal naman ang lahat—kung normal nga bang iluklok bilang pinuno ng bayan ang anak na nakinabang sa ninakaw ng ama mula sa kaban nito.

“Parang nawalan ng saysay ang kamatayan ng papa mo,” narinig niyang turan ng kaniyang ina habang nakatanaw sa entablado kung saan abot tainga ang ngiti ni Gregory habang kumakaway. May himig ng kalungkutan sa tinig ni Dayang.

Galing sila noon sa palengke para mamili ng ipanghahanda sa paggunita ng kamatayan ni Andong sa susunod na araw. Sakto namang may pasasalamat ang kampo ni Gregory sa plaza dahil sa pagkapanalo nito sa halalan. Maraming dumalo, sila ring nakaranas ng matinding sama ng loob ni Jos.

Napatingala si Alex, alas tres na ng hapon, subalit mataas pa rin ang sikat ng araw. Maalinsangan ang paligid at walang anumang banta ng ulan. Napaisip siya—maghihiganti bang muli si Jos?

Parang dasal na napagbigyan, biglang lumitaw sa kaniyang paningin ang diyos ng araw. Naroon ito sa kalapit na kainan, naka-dekwatro habang kumakain ng haluhalo. Ang suot nito ay tulad

noong una nilang pagkikita, coat and tie pero wala na ang itim na salamin sa mata.  Ang hitsura niya'y walang pinagbago, ganoon pa rin katulad ng dati. Hindi nga ito tao.

"'Ma, mauna ka nang umuwi. May bibilhin pa pala ako," aniya.

Pinayagan naman siya ng kaniyang ina. Hindi na nito hinintay magsalita si Gregory at umalis na patungo sa parada ng padyak. Inihatid niya lamang ito ng tingin bago tumawid ng kalsada para puntahan si Jos.

"Jos, ikaw ba 'yan?" bati niya rito.

"Na-miss ko itong haluhalo," ang tugon naman nito.

Naupo siya sa bakanteng upuan katapat nito. "Kumusta?"

Bumuntong-hininga siya at sa unang pagkakataon ay sinalubong ang tingin niya. Wala  itong suot na itim na salamin kaya't malinaw niyang nakikita ang kulay abong mga mata niya na  tila maiitim na ulap sa kalangitan. Para bang nakatingin siya sa mata ng bagyo.

"Bakit ganyan kayong mga tao? Bulag sa kabutihan; sinusuportahan ang kasakiman." Hindi siya nakasagot. Maging siya man ay biktima ng pagkabulag na iyon.

"Ang bawat minuto ng kalayaang inyong tinatamasa ngayon, nawa'y maalala ninyong  resulta ng sakripisyo ng hindi lang isa, kung hindi maraming mabuting buhay. Huwag niyong  ialay sa demonyo ang kalayaang iyon dahil darating ang araw anumang dasal ninyo ay hindi na  pakikinggan."

Hindi naman siya ang kumakain ng haluhalo, pero may kung anong lamig ang bumalot  sa kaniyang buong pagkatao dahil sa sinabi ni Jos. Nais man niyang itanong kung ano ang ibig  sabihin

nito ay hindi niya nagawa. Naduduwag siyang malaman kung ano ang mangyayari sa susunod na mga araw, bagaman batid na niya.

Nagpatuloy ito sa pagkain hanggang maubos ang isang baso ng haluhalo. Tumayo ito at saka pinulot ang itim na payong na noon lang din niya napansin.

"Ang tanging maipapayo ko sa iyo, Alex ay lumisan na kayo ng iyong ina habang maaga pa. Dahil aking sisiguruhing magbabayad ang bawat isang nagkakautang sa akin."

"Bakit kailangan naming umalis? Paano ang bayan?"

Nilingon siya nito. "Ang bayan? Ang bayang nagluklok sa anak ng taong pumatay sa iyong ama?"

"Hindi ba pwedeng magpatawad na lang?"

"Hindi ako ang diyos na nagpapatawad, Alex."

Mukhang may unos na paparating. Nagbabadya ang mga mata ni Jos. Katulad din ba ng dati?

"Siya nga pala, nalipat na ako ng departamento. Nagalit kasi ang Bathala sa ginawa ko noon. Hindi na raw niya ipagkakatiwala sa akin ang araw."

Hindi na siya naghintay ng kaniyang tugon at lumabas na ng kainan. Paglabas niya ay binukasan niya ang dalang payong.

Kumunot ang noo niya nang makita ang mga butil ng tubig na tumutulo sa bawat kanto ng payong nito. Hindi naman umulan. Bakit basâ ang payong ni Jos? Wala na siyang pagkakataong itanong iyon sa dating diyos ng araw dahil bigla na lamang itong naglaho.

Tsaka siya napaisip. Kung nailipat na ito ng departamento…

Unti-unti, ang kaninang maliwanag na kalangitan ay binalot ng maitim na mga ulap. Lumalakas din ang hangin, halos liparin si Gregory na hindi pa rin umaalis sa entablado kahit magkanda-puwing na. Nakikipagkompetensiya ang ingay ng mga speaker sa palahaw ng hangin. Sampung minutong ganoon ang paligid bago natahimik muli ang lahat. Nawala ang malakas na hangin, subalit nababalot pa rin ng maitim na mga ulap ang himpapawid.

Umuwi na ang mga tao dahil sa takot na baka umulan ng malakas. Si Alex, walang sinayang na oras. Dali-dali siyang pumara ng padyak at nagpahatid sa kanilang bahay. Pagdating niya, naabutan niyang nangunguha ng mga sinampay ang kaniyang ina.

"Ma, umalis na tayo! Nakita ko si Jos. Nagbabala siya."

Hindi na niya kinailangang kumbinsihin pa nang masinsinan ang kaniyang ina. Pangalan lang ni Jos ay sapat na para magkumahog ito sa pag-iimpake ng mga gamit nila.

Siya nama'y ipinaalam sa mga kaibigan at kakilala ang tungkol sa pagpapakita ng dating diyos ng araw. May mga naniwala, mayroon din namang hindi. Dahil hindi nga naman daw totoo ang mga nangyari noon; nasiraan daw ng bait ang kaniyang ama noon; na hindi raw totoo si Jos.

Bagaman insulto para sa kaniya ang sinabi ng ilan tungkol sa kaniyang ama, hindi na siya pumatol pa. Ang mahalaga sa kaniya ay batid niya ang katotohanan at ililigtas niya ito kasama ng kaniyang sarili.

Nilisan nila ang kanilang bayan at nagtungo sa kabisera ng lalawigan. Muntik pa silang abutan ng malakas at nangangalit na ulan at hangin. Parang bagyo, kasalungat ng nangyari labing-isang

taon na ang nakararaan. Dahil ngayon si Jos ay hindi na ang diyos ng araw, siya'y diyos na ng ulan.

"@NewsOK: Tignan: biglang buhos ang malakas na ulan sa bayan ng Sinukuan ngayong Miyerkules, May 25. #BalitangHapon"

"@ABTNews: Lubog sa baha ang mga kabahayan sa bayan ng Sinukuan dala ng matinding ulan. #Baha #Ulan #Sinukuan"

# LAILA A. CUNTAPAY

Si Laila A. Cuntapay ay nagtapos sa kursong Batsilyer ng Sining sa Malikhaing Pagsulat sa Bulacan State University. Pagsusulat ng maiikling tula at prosa ang kaniyang ginagawa sa tuwing maraming iniisip. Madalas siyang magtangka na talakayin sa mga sulatin ang politika at iba pang isyung panlipunan.

Maaari siyang kontakin sa kaniyang e-mail na lailaanoche@gmail.com at Facebook na www.facebook.com/cheyonnibapps.

# HELEK SA PAA

Matinis pa ang katahimikan, at bagaman wala pang masilayan ni katiting na sinag sa paligid, mulat na si Tura. Tila sadya nitong inuunahan ang araw sa pagbangon. Pagtayo, hawak na ng kaliwang kamay niya ang timba na may tatak na Boysen, samantalang ang kanang kamay naman ay kinukusot-kusot pa nang salitan ang kaniyang mga mata. Patungo siya sa poso ngayon upang mag-igib ng tubig.

Nang mapuno na ang timba ay nagsimula na niyang iuwi ang naipon. Kasabay naman ng pagtalsik ng tubig ang pagpatak ng kaniyang pawis—sa kabila ng hamog na mamamataan sa paligid. Nang makabalik, hindi na siyang nagsayang pa ng isang minuto at nagningas na siya ng kahoy upang isalang ang mais na bitbit ng kaniyang ina kagabi bago niya nilinis ang mga platong ginamit naman ng kaniyang mga magulang sa hapunan.

Ganito simulan ni Tura ang kaniyang araw sa tuwing may pasok sa paaralan; mag-aasikaso sa mga gawaing bahay bago gisingin ang mga kapatid niyang ang hilik ang nagsisilbi niyang orasan. Ang mga magulang naman niya ay mas maagang bumabangon upang magtungo sa baba at magbenta ng kanilang mga naaani sa munting pananim sa tabi ng kanilang bahay Pagkatapos niyon ay tutungo naman ang mga ito upang mag-asikaso ng mga turista sa Guno Bong.

Bago matapos ang malakas na paghilik ng kapatid niyang si Yayo ay tapos na si Tura. Nalinis na niya ang mga laging hinahabilin sa kaniya ng ama—ang mga hugasin, pag-iigib, paglalaba, pagsasampay ng t'nalak na ginagamit nila sa Guno Bong, at pagluluto ng mais.

Ginising na niya sina Yayo at Puma. Habang nagliligpit ng higaan ang kaniyang mga kapatid ay inilalagay na niya sa mesa ang luto nang almusal, gayundin ang kuwaderno niyang may mukha ng alkalde sa pabalat, kailangan niya pang gawin ang kaniyang takdang-aralin. Isa lang naman ang kailangan niyang sagutan doon: Paano mo mapauunlad ang inyong komunidad?

Hindi magawang tapusin ni Tura ang nasa kuwaderno niya kaya niligpit na niya iyon nang matapos silang kumain. Kinuha nila ang kani-kanilang gamit sa paaralan bago magsimula sa paglalakbay. Nagbitbit din sila ng tig-iisang mais na kanila namang isinulod sa maliit na supot. Nang makasigurong handa na ang lahat ay lumabas na sila, at tinali na ni Tura ang pinto gamit ang tinirintas na tela upang masigurong walang magtatangkang pumasok dito.

Sa paglalakbay sa paaralan ay kailangang tawirin ng magkakapatid ang bundok. Kadalasan ay nagtatalo sina Yayo at Puma kung sino ang magpapabuhat kay Tura. Minsan ay humihinto sila sa puno ng saging upang kumuha ng dahon gamit ang ibinaon ni Tura na pamutol nito. Nakuha niya ito mula sa mga gamit ng kanilang mga magulang sa taniman. Iyon ang nagsisilbi nilang transportasyon at libangan sa pagbaba. Minsan naman ay nasisira ang kanilang tsinelas, gaya na lamang ng nangyari ngayon kay Puma.

“Sabi ko sa ’yo, hiramin mo na lang ’yong akin, eh!” saway ni Tura.

Dahil sa aberya ay napakamot na lamang ng ulo si Puma, subalit maya-maya rin ay sabay-sabay na silang nagtawanan sapagkat katulad ng madalas na nangyayari ay nakapaa na naman

ang isa sa kanila. Hindi naman iyon ininda ni Puma, sa halip ay kinaaliwan pa dahil madulas na bahagi na ang kanilang nilalakaran ngayon at sadyang maputik—maaari na siyang magpadulas at magpahila sa kapatid.

Halos sakupin na ng halakhak ni Puma ang lugar na iyon. Si Tura naman ay walang maliw sa pagpapaalala na mag-ingat ang kapatid. Samantala, si Yayo ay pabirong tinutulak si Puma lalo't gusto rin niyang gayahin ito. Wala na lamang nagawa si Tura kundi patigilin si Puma dahil malapit na nilang maaninag ang araw na siyang senyales ng pagsisimula ng klase.

Pagtawid sa sapa, nasisilayan na nila ang paaralan. Bakas sa mga mata ng magkakapatid ang kinang na epekto rin ng sinag.

Nilingon ni Tura ang dalawa at nginitian. Tumango naman ang mga ito at nag-unahan nang tumakbo patungo sa balon. Muling ngumiti si Tura, subalit tipid na. Naglakad na lamang siya patungo sa mga kapatid habang pinapanood ang mga ito na maghugas ng mga paa at ng mukha.

Bago pumasok sa paaralan, tila may naiisip nang sagot si Tura para sa kaniyang takdang-aralin, at isa iyon sa mga dahilan kung bakit nagsisikap siyang gumising nang maaga gaya na lamang ngayong araw.

# U Z. ELISERIO

Si U Z. Eliserio ay awtor ng walong libro, pinakabago ang *Tatlong Larawan* (UP Press, 2022) at ang *Shooting the Zombie Apocalypse* (UST Publishing House, 2022).

# SI SARAH TUSTRA

Sigurado si Sarah Tustra na inlab sa kaniya si Nilo. Lagi kasi siya nitong binibiro. Hindi iyong uri na wala sa hulog. Hindi bastos si Nilo. Hindi aaminin ni Sarah, pero ang dating nga noong una ng lalake sa kaniya ay masyadong politically correct. Kinuwestyon tuloy niya ang sinseridad ng mga pahayag nito sa mga isyu. Totoo bang A ito ng mga LGBT? Totoo bang inihihiwalay nito ang nabubulok sa di-nabubulok na basura? Saka lang niya natanto kung bakit masyadong maingat ang lalake ’pag binibiro siya. Nagbibiro ito dahil gustong magpapansin, at nagpapakabait dahil gusto siya nito.

Bukod sa pambibiro, lagi rin siyang inaalok ni Nilo ng tubig ’pag nagkukwentuhan sila sa grupo. Lagi silang apat o lima na magkakasama, pero siya lang ang inaalok nito. Sa simula, tumatanggi siya kasi nga inuman. Hindi naman siya malakas uminom, pero hindi rin siya tulad ni Nilo na killjoy. Panay ang inom nito ng tubig. Iniisip nga ni Sarah kung nagagalit ang staff sa kanila dahil panay ang inom ni Nilo ng tubig. Isang galon ’ata ang nauubos nito tuwing nagkikita sila. Pero return customer naman sila, at malakas namang uminom ang ibang kasama.

Tuwi-tuwina ang pagtayo ni Nilo—kung hindi babanyo, irerefill ang baso. Kada tayo, aalukin nito si Sarah ng tubig. Noong una, lagi lang ipinapakita ni Sarah ang may laman pang bote ng beer. Nang matanto niyang may pagnanasa si Nilo sa kaniya, saka lang niya tinanggap ang alok. Dahil nakahihiya namang pinakuha niya ito ng tubig pagkatapos hindi niya iinumin, panay rin tuloy ang banyo niya ngayon.

Hindi naman niya pinoproblema na may asawa na si Nilo, kasi alam naman nilang lahat na hiwalay na ang dalawa. Magkasama na lang sila sa bahay para hindi nakakahiya. Panay lang ang banggit ni Nilo sa babae para pagtakpan na nanlamig na sila sa isa't isa noon pa. Paminsan lang nakokonsensiya si Sarah 'pag binibiro siya ni Nilo sa harap ng babae. Madalas kasi isinasama ng lalake ang asawa sa pagkikita nilang grupo. Napipilitan tuloy sumimangot si Sarah kahit na sa loob ay kinikilig siya. Pero kailangan pa ba niyang magtago ng nararamdaman, kung si Nilo mismo lantad na lantad ang pang-aakit sa kaniya? Ano ba naman ang kaniyang magagawa kung panay ang alok ni Nilo sa kaniya ng tubig, pero sa asawa hindi?

Nang matanto niyang mahal na mahal siya ni Nilo, ang unang instinct ni Sarah ay tawagan ito para makapagkita sila nang sila lang talaga, at masabi nito nang diretso ang gustong sabihin. Maraming motel sa Quezon City. Pero naisip niya, naghanap nga ng malikhaing paraan si Nilo para ipadama ang nararamdaman, siya rin dapat! Sayaw ito. Dapat, sabayan niya ang musika.

Naghanap siya ng paraan para iparating sa lalake ang pagtanggap niya dito. Simula na nga ang pag-inom niya sa tubig na laging inaalok nito. Sinabayan na rin niya ang pambibiro. Para hindi halata sa mga kasama nila, tinindihan niya ang pang-aasar. Alaska kung alaska. Minsan nga minumura na lang niya ito. Isang beses, binatukan niya. Hindi na rin napigilan ng asawa ni Nilo ang magselos. Sinimangutan nito si Sarah, at hinimas-himas ang ulo ni Nilo.

Ngayon pa! sigaw ni Sarah sa isip niya. Ngayon pang iniwan mo na siya, saka ka nagpakita ng aruga. Iiwan mo pagkatapos magagalit ka ’pag may nag-alagang iba.

Sira-ulo rin ang babaeng iyon. Ito ang dahilan kung bakit dumadalang ang pagsama ni Nilo sa inuman ng grupo. Humanda siya! Hindi si Sarah iyong uri ng taong isinusuko ang pag-ibig.

May lihim si Sarah Tustra. Hindi niya ito dapat sabihin kahit na kanino. Alam niyang kung madulas siya, marami ang magugulat. Marami ang magagalit. Marami ang malulungkot. Mayroong matutuwa, oo, pero ililihim nila ang kanilang tuwa. Sa harap ng ibang tao, makikiisa sila sa manunuya at tatawa kay Sarah. Alam ni Sarah ang katotohanan.

Noon pa man, alam niya na ito. Bata pa lang siya, naroon na ang kutob. Espesyal siya. Tuwing napapagalitan siya ng kaniyang mga magulang, tumitindi ang kaniyang suspetsa. Sa eskwelahan din, ’pag napapaaway siya, alam niyang mayroong dahilan na hindi nababanggit ng iba. Malamang, wala naman silang alam. Wala sa hinagap nila ang unti-unting natutuklasan ni Sarah. Hindi niya ito mababahagi sa kaniyang mga kaibigan. Hindi ito maiintindihan ng mga mahal niya sa buhay. Siya mismo, ikinaila ang rebelasyon sa kaniya. Ayaw niyang maging kakaiba! Ayaw niyang mabuhay dala-dala ang lihim na ito. Inaalok pa lang sa kaniya, tinatanggihan na niya. Pero walang silbi ang kaniyang paglaban. Sa huli, kinailangan niyang aminin na mas malaki ito kaysa sa kaniya. Niyakap niya ang realidad. Niyakap din niya ang responsibilidad.

Sa unang buwan ng taon ng kaniyang pagtapak sa kolehiyo, noon niya natanto kung ano ang peke at kung ano ang tunay. Nag-iba ang kaniyang kapaligiran. Muntik na siyang mabuwal,

tila ba umiikot ang kaniyang paligid. Nawalan siya ng hininga, at kinailangang uminom nang uminom ng tubig. Buong araw siyang humiga lang sa kwarto. Dumating ang gabi at sinikap niyang 'wag matulog. Nagpamalas sa kaniyang panaginip ang katotohanan..

Hindi niya ito maisalin sa salita. Kahit sa kulay, o tono, hindi niya magawang maiusal ang kaniyang lihim. Kailangan itong malaman ng lahat. Kailangan niyang subukan ang imposible. Ilang taon na rin niya itong tinatangka.

Madalas ngayon, humaharap siya sa salamin. Nagsasanay siya, nagkunwaring matanda, o bata, o lalake. Nagpapanggap na mahirap, o mayaman. Taong-grasa, haciendero. O 'di kaya'y bakla, o. tomboy. Pagkatapos, ibinubulong niya ang lihim sa kaniyang sarili. Hindi niya kinakaya! Ang bata, nagdadabog. Ang mayaman, tila ba mas gugustuhin pang mawala ang lahat ng pera. Lahat sila, sa huli, humihikbi. Tanging siya, si Sarah, ang may lakas para pasanin ang katotohanan.

Nasubukan na rin niyang iparamdam ito sa kaniyang mga kasama. Malakas ang loob nila, at hindi sila iyong uri na magpapanggap para lang manatiling nakatawa. Pero hindi dinidiretso ni Sarah. Ikinukubli niya, sa anyo ng patawa, ng kwento. Kaya siya nagkakaroon ng kaunting tagumpay. Tinatawanan nila, syempre. Naiiyak sila, at natatakot. Pero, sa huli, kwento lang ito para sa kanila. Kaya hindi sila nagagalit sa kaniya. Hindi sila nasusuklam. Pero alam ni Sarah, kung matuklasan ng iba ang kaniyang lihim, kung marinig nila ito sa diretsong paraan, ang mga kasama niya ang unang kukuha ng tabla at martilyo para ipako siya sa krus. Mas mainam nang itago ito. Hindi pa siguro hinog ang panahon para maisiwalat ang kaniyang lihim. Gaano man siya

kamuhian ng mga kapwa tao, poprotektahan pa rin silang lahat ni Sarah. Itatago niya ang kaniyang lihim. Walang ibang makaaalam.

Nagseselos na naman si Sarah. Sinabi na niya kay Nando na dapat nagtetext ito pagkagising, pero hindi ito sumusunod. Nakikita niya, gising ito at nasa Internet, green ang kulay nito sa Facebook Messenger, pero wala siyang natatanggap na text. Ilang beses na itong nangyayari. Dapat yata, patawagin niya ito ’pag umaga para masiguro niyang wala itong kasama, wala itong ibang kausap.

Hindi naman kagwapuhan si Nando. Hindi rin ito magaling magpatawa. Bugnutin ito, at nagdadabog ’pag nahuli lang sa pagbigay ng gusto si Sarah. Payat ito, walang pinag-aralan, at tambay lang sa kanto. Malakas itong manigarilyo, at mas malakas uminom. Si Nando na dapat ang perpektong boyfriend pero hindi maalis ni Sarah ang pagdududa sa kaniyang puso.

Tuwing magkasama sila, kailangan pa niya itong utusang tumitig sa kaniya. Kesyo raw nakakabangga ito ng ibang tao sa daan. Kesyo raw nadadapa ito. Suspetsa ni Sarah, may hinahanap ito, may sinusulyapan, may tinatanaw. Sino? Iyong dalagang maitim ang singit? Iyong nanay na lawlaw ang dibdib? Iyong mamang mapintog ang mga masel? Progresibong mag-isip si Sarah. Alam niyang fluid ang sexualidad. Alam niyang mag-isip ang mga lalake.

Kaya ngayon, nagpapahatid siya mula opisina. Ang utos niya kay Nando, dumiretso ito ng uwi, at tumawag agad para alam niyang nasa bahay na. Video call dapat, para alam niyang nasa bahay talaga ito. ’Pag nagsasabi itong iinom kasama ang mga kaibigan, naroon din dapat ang cellphone nito, para kasama si Sarah. Napapansin nga niya, madalas itong magpaalam na

babanyo. Unang beses na nagtagal ito, kinutuban na siya agad. Anong ginawa ni Nando sa inodoro, nanganak?

Malapit si Nando sa pamilya. Noong simula, positibo ang tingin dito ni Sarah. Masunuring anak, malambing na kapatid. Pero baka naman, kahit anong iutos ng nanay ni Nando, ginagawa ng lalake? Nagmana sa kaniyang tatay si Nando. Magandang babae ang kaniyang nanay. Magandang babae ang kaniyang kapatid. Dalawa ang kapatid na lalake ni Sarah. Asiwa siya sa kanilang panganay, asiwa siya sa kanilang bunso. Itong si Nando, kung makipag-usap sa ate, akala mo magkaibigan lang sila. ‘Yang mga magkakaibigang ganyan, ’yan ang hindi pinagkakatiwalaan. Kung saan-saan nauuwi ang ganyan.

Nire-reverse psychology siya ni Nando. Wala itong pakialam kung nakikipag-usap siya sa mga waiter. Hindi ito nagagalit ’pag nanonood si Sarah ng sine kasama ang mga kaibigang lalake. Nagkibit-balikat lang ito nang minsang ibang pangalan ang isinigaw niya habang nagtatalik sila. Halata ni Sarah, nagpapanggap itong hindi seloso, para hindi pagselosan. Tuso ito, hindi man aral.

Limang taon na sila ni Nando. Dalawang beses na siya nitong inaalok ng kasal. Malaki-laki rin naman ang bato ng singsing na pinamana ng nanay nito. Noong huling beses na tumanggi si Sarah, inalok siya nito na mag-live in para daw lagi silang magkasama. Tuso talaga. Syempre, ’pag nasa isang bahay na lang sila, mas lalo itong may palusot na hindi sila magkita. Magkasama naman silang matutulog e, bakit kailangan pa nilang mag-usap lagi? Gusto ni Nandong malaman kung nasaan si Sarah lagi-lagi, para alam nitong ligtas makipagkita sa kaapid. Hindi martir si Sarah. Abutin man ng sampung taon, malalaman niya kung sino ang kabit ni Nando.

Nahuhumaling si Sarah sa larong “Salit Salita.” Gusto pa niya ang tagline nito: “Pinoy Words with Friends.” Parang Scrabble, pero Filipino ang mga salita. Dinownload pa niya ang APK nito kahit na takot siyang mavirus. Ang maganda pa, hindi ito uso sa opisina. Ang problema nga lang, dinadaya siya. Nasa level 10 siya e. Ito ang pinakamataas na level. Pero siya lang ang pangalawa sa leaderboard. May isang manlalaro, tuwing nakakaharap niya, tinatalo siya. Imposible ang ginagawa nito. Lagi siya nitong nadadaan sa ubusan ng oras, kasi napakabilis nitong sumagot. Pinag-iisipan kasi in Sarah bawat tira niya. Ang kalaban niya, bira lang nang bira. Noong una. hinala niya may diksyonaryo itong hawak. Kay Panganiban pa yata, kasi ubod ng luma ng mga salita. Pagkatapos, naisip niya, hindi, gumagamit lang ito ng website. Diksyonaryo pa rin, pero high tech. Nito lang niya napagtagni-tagni lahat. High tech talaga ang mandaraya niyang kalaban. Pero ang gamit nito, hindi diksyonaryo, kundi anagramer. Pakiramdam niya, isa sa mga kaopisina niya. May humahagikhik sa tuwing matalo siya e. Hindi lang niya malaman kung saang cubicle ito nakalungga.

Hindi sa may panahon siya para hanapin pa ito. May mas malaki siyang problema. Dahil nga nag-install siya ng laro gamit ang APK nito, at wala namang nangyaring masama, nawili siya. Install na lang siya nang install. Nakainstall yata siya ng spyware ng hindi niya namamalayan. Bumagal kasi ang cellphone niya. Noong una nga, akala niya, malware lang. May ganun daw e. Cryptocurrency miner. Ginagamit ang utak ng cellphone niya para yumaman sila, pagkatapos kailangang niyang maghintay ng minuto para lang makapagtext. Mas malala pala. Magtext lang siya ng kahit ano, tinatype na agad ng keyboard para sa kanya ang salita.

Magwindow shopping lang siya sa Amazon, nagkakaroon na ng ads tungkol sa mga produktong tiningnan niya sa Facebook at Google.

Sana kung natapos na doon. Pwede naman niyang ireset ang cellphone niya. Ibalik sa factory settings. ’Pag nagkabonus, bibili siya ng bagong cellphone. Kaso, hindi na lang siya sa Internet minamanmanan, may sumusunod sa kaniya. Una niyang napansin nang madaan siya ng kapehan. Isang lalakeng nakajacket, nakataas pa ang hoodie. Ang init-init sa Pilipinas, naghu-hoodie! Pakiramdam niya kasabwat nito ang babaeng nagtangkang agawin ang kape niya. “Sarah” din daw ang pangalan nito. Pero hindi naman “Sarah” ang sinabi niyang pangalan niya, kundi “Sarah Tustra.” Gusto niyang tapunan ng kape ang mukha ng babae, kaso iced coffee ang naorder niya.

Buong linggo siyang sinundan ng lalakeng iyon. Hindi siya pwedeng magkamali, kasi sino ba naman ang maghu-hoodie araw-araw sa Pilipinas? At nasa parehong pila sa parehong kapehan na pinupuntahan niya? Ang tangi lang niyang naisip na pwedeng paliwanag, foreigner ito na sa Pilipinas nagpa-plastic surgery. Sinabihang lumabas-labas ng doktor, pero hiyang-hiya pa rin dahil hindi pa tapos ang procedure.

Naisip ni Sarah, magpalit na lang ng routine. Sa ibang oras dumaan sa kapehan. O kaya, magpalit ng branch na binibisita. Pero siya naman ang nahiya sa kaniyang sarili. Ano bale, magpapabuyo siya? Hindi siya iyong uri na nadadaan sa ganitong klase ng taktika. Pero tuso pa rin siya. Bumili siya ng thermos. Pumasok iyon sa isip niya isang hapon na hindi tama ang timpla ng kape. Mang-aaway na sana siya, kasi sobrang tamis! Request nga niya, kalahating asukal lang. Nasa counter na talaga siya nang magpakita sa kaniya

nang sabay ang bugtong at ang sagot dito. May nagtatangkang lumason sa kaniya. Unti-unti ang ginagawa nila. Una, nahihilo siya 'pag nakikipag-inuman sa mga kasama. Pagkatapos, mabigat ang katawan niya 'pag napuyat. Noon pa siguro nila sinimulan ang panlalason sa kaniya! Malaman lang talaga niya kung sino ang nasa likod ng lahat ng ito, magbabayad sila. Nawala na ang lalakeng naka-hoodie e. Natunugan na rin na alam na niya ang tungkol sa pangmamanman nito. Huli na. Alam na niya ang figura ng lalake. Mas matangkad lang nang kaunti sa kaniya. Malapad ang balikat. Nakatungo lang, kunwaring nakatitig sa cellphone. Isang araw, magkakamali ito. Pagkatapos, si Sarah naman ang magmamanman. Si Sarah naman ang maniniktik. Si Sarah naman ang manlalason.

May nagpalit sa aso ni Sarah. Bata pa lang siya gusto na niya ng Chow Chow. Naalala niya nang una siyang makaengkwentro ng ganitong breed. Nasa mall siya, nang una niyang makita ang Chow Chow akala niya stuffed toy ito. Sabi pa niya sa sarili, ang galing naman dahil naglalakad. Kakawag-kawag pa ng buntot. Iyon pala, buhay!

Pinag-ipunan niya si Tony. Murang-mura lang niya itong nabili, 35,000 lang. Dalawang taon din siyang nagpigil sa ibang luho, at palaging naghahanap sa Facebook ng listing. Swerte nga at nang mabasa niya ang for sale post para kay Tony, sineryoso niya. Paano ang dating, nagpapatawa ang seller. Nakalista sa RFS nito: "malakas sa shampoo, magastos sa kuryente, kakapaligo pa lang, mabantot na agad, humihiga sa sariling ihi." Akala nga ng mga kaibigan ng seller, nagpapatawa lang ito. Pero nang imessage ni Sarah ang nagpost, nagbigay naman ito ng presyo. Kinailangan pa

niyang tumawad, pero dalawang araw pagkatapos, nagkaliwaan na sila.

Tatlong buwan pagkatapos nang palitan ni Tony.

Napansin agad ni Sarah ang pagkakaiba. Dahil nga may matagal nang amo si Tony, hindi naman ito malambing sa kaniya. Ang pumalit kay Tony, hindi rin siya pinapansin kung di niya aambahan. Totoo ang sinabi ng seller, mabaho nga si Tony. Lalo na't hindi kasipagan si Sarah sa pagpapaligo, at wala naman siyang aircon sa bahay. Ang ipinalit kay Tony, mas madalas humiga sa sariling ihi. Mas mahina rin itong kumain kumpara sa asong binili ni Sarah.

Ang indikasyon talaga ng pagpapalit, lumalapit na sa kaniya si Tony 'pag tinatawag niya. Ayaw ng tunay na Tony na tinatawag niya itong Tony! Ang gusto nito, "Aso!" O 'di kaya, "Bantay!" "Tony!" sisigaw siya ngayon, hawak ang tsinelas. Lalapit sa kaniya ang aso, hihiga sa harap niya, bahag ang buntot. Ang Tony na binili niya, magpapahabol muna. Mas gugustuhin pa nitong isaksak ang ulo sa ilalim ng hagdan kaysa lumapit sa kaniya. Kaya nga niya laging dinidisiplina.

Hindi naman nagrereklamo si Sarah. Chow Chow pa rin naman ang aso niya, pwede pa ring ipagmalaki sa Insta. Sa totoo lang, mas gusto niya ang asong ito. Hindi man malambing, masunurin at mas tipid sa pagkain, pero kailangan pa ring alisto siya. Kasi hindi naman ito pinalitan ng nagpalit para lang pagtripan siya.

Madalas niyang pag-isipan ang utak ng taong pinalitan si Tony. Hindi man sikolohiya ang pinag-aralan niya sa kolehiyo, interesado pa rin siya sa takbo ng pag-iisip ng mga baliw. Ito ang

mga nailista niyang posibleng dahilan: Una: walang kinalaman sa kaniya ang pagpapalit. Tungkol itong lahat kay Tony. Maaaring half-breed lang ang bagong Tony at obsessed sa "pagkadalisay" ang kriminal. Pangalawa: bahagi ito ng isang eksperimento. Minamanmanan siguro siya ng isang team ng siyentista, tinitingnan kung ano ang magiging reaksyon niya sa ginawa nila. Pangatlo: bahagi ito ng mas malawak na psywar laban sa kaniya. Itinatala na nga niya ngayon ang lahat ng kaniyang pag-aari. Baka pinalitan din nila ang kaniyang mga damit, lalo na ang kaniyang underwear. Sinisipat niya ang mga kubyertos sa kusina. Ganoon ba talaga kalinis ang kanilang mga tinidor? Kailan pa nagkaroon ng pingas ang kanilang malaking bowl? Sa banyo rin pwedeng may pagpapalit na nagaganap. Sinusukat niya ngayon ang shampoo niya. Bakit ambagal nitong maubos, e mas mahaba na ang kaniyang buhok. Ang shampoo naman ni Tony, mas mabilis maubos. Kada dalawang linggo siya magpaligo, minsan nga kada isang buwan lang! Bumabalik ang lahat kay Tony. Kung maiintindihan niya ang pagpapalit sa aso, maiintindihan niya ang kampanya laban sa kaniyang katinuan. Saka siya makapaghihiganti.

May isang malaking pagkakamali ang kaniyang kalaban. Mas gusto niya ang bagong aso. "Two-ny" ang naging tawag niya dito. Problema nga lang, nahahawaan siya ng baho nito. Dalawang beses siyang naliligo 'pag may trabaho, pagkagising at bago matulog. 'Pag Sabado at Linggo, tatlong beses siyang naliligo—agkagising, pagkatapos kausapin si Two-ny, at bago matulog. Noong una, amoy pawis lang siya. Mainit talaga sa bahay. Natural lang naman ang amoy-pawis, kaya wala siyang paki. Pero nang lumaon, para nang kinikiliti ang ilong niya at hindi iyong masayang klase ng kiliti.

Ang kiliting ’to, hindi niya gusto. Iyon bang kilitng alam niyang pwersado ang tawang lumalabas sa kaniyang bibig. Amoy-ihi, pero sa pawis niya.

Ilang beses na siyang nagpaamoy kay Nando, wala naman daw. Pero si Nilo, nang magkatabi sila nitong huling sesyon nila ng inuman, lumipat agad ng silya. Nang habulin niya, umalis na lang, hindi man lang nagpaalam sa kanilang lahat. Ang mga kasama ni Sarah, hindi maitago ang pag-iling. Nagpunta siya sa banyo para amuyin ang kaniyang sarili pagkatapos. Lumalala.

Ayaw niyang sisihin si Two-ny, pero mukhang ito talaga ang may kasalanan. May kuto siguro ito. Dahil makapal ang buhok, may patse-patse lang sa katawan na nalagasan, hindi niya makita ang mga insekto. Pero kung makapagkamot ang aso, wagas. Hindi nga makapaniwala si Sarah na nagkakamot ang isang Chow Chow, para tuloy itong walang breeding.

Isang beses siguro, humiga ang aso sa kaniyang kama. Naglipatan malamang ang mga kuto, nagtago sa ilalim ng kumot niya. Umuwi siguro siyang nakainom noong gabing iyon, kaya dumiretso sa kama. Kaya hindi niya namalayan ang paggapang nila sa kaniyang balat.

Pero ngayon, ramdam na niya. Para din siyang kinikiliti ng mga kuto. Madalas sa may batok siya ginagapangan ng mga ito, o di kaya sa likod. Nagkanda-bali na nga ang leeg niya kakatingin sa salamin para mahuli sila.

Kaya naman niya sana ang sitwasyon, kung iyon lang ang problema. Kaso, noong huling inuman, kumain siya ng isaw. Hindi naman siya nasuka. Hindi naman siya nagtae. Masarap pa nga.

Pinasok nga lang ng parasite ang tiyan niya. Nasa loob niya ngayon ang hindi kanais-nais na kiliti. Naduduwal tuloy siya madalas.

Naapektuhan din ang kaniyang katawan—ng leeg niya kumukulubot at pwera sa ihi wala na siyang ibang maamoy. Ang hirap tuloy kumain. Nalalasahan niya ang anghang, ang tamis, ang alat, kahit ang pait, pero hindi niya maamoy ang pagkain. Ang beer, hindi niya maamoy. Bumili nga siya ng hugis Christmas tree na ginagamit ng mga taxi driver sa aircon, na alam niyang mabaho para lang maehersisyo ang kaniyang ilong. Wala talaga siyang maamoy. Noong isang gabi, umihi siya sa inidorong puno ng suka. Wala siyang naamoy. May bentahe ring dulot ang parasite. Natanggap na rin niya na amoy-ihi siya. Ang amoy na ito na nga lang ang natira sa kaniya. Parang kaibigan, ito na ang lagi-lagi niyang kasama. Plano nga niya ngayong gabi, isama na si Two-ny sa kama. Isang beses pang humiling ng rimming si Nando, pagbibigyan na niya.

Nagsimula na ang kampanya ni Sarah para isiwalat ang katotohanan. Sinabi niya kay Nando ang kaniyang lihim, at tipikal na Nando ang unang reaksyon nito'y negatibo. Ganoon yata talaga ang maraming lalake, ang maraming tao. Makikipagtalo sila hindi dahil gusto nilang makipagtalo. Nakikinig lang sila para humanap ng puntong babarahin. Hindi pa nga nakakahabol ng hininga si Sarah, arya na si Nando sa mga argumento. Ang maganda kay Sarah, hindi tulad ni Nando, marunong siyang makinig. Makinig hindi para makipagtalo, pero para makaintindi. Inamin niya ito mismo kay Nando, may punto ang kaniyang kasintahan. Totoo, marami sa sinabi ni Sarah ay walang saysay, imposible, o di kaya'y kwentong bayan (ayaw niya ng terminong "kwentong kutsero").

Totoo, marami din sa kaniyang sinabi'y halata naman talaga. Sentido kumon, kumbaga. Totoo, maraming kontradiksyon sa kaniyang sinabi, at may mga pangungusap siyang sinasalungat at kakasabi lang niya. Totoo rin na wala namang "fake news" at "alternative facts," dahil kung peke ang isang kwento, hindi ito balita. Wala nga namang alternatibo sa datos.

Lahat ito ay tinanggap ni Sarah.

Pero iyon mismo ang dahilan kung bakit nasa mali si Nando. Walang saysay ang marami sa kaniyang sinabi, dahil ang kahulugan mismo ng mga salita ay dumaan na sa korapsyon. Imposible ang kaniyang mga sinabi, dahil ang realidad mismo ang nalimitahan. Kaya nga mayroong kwentong bayan, dahil hindi masupil ang katotohanang ito. Kaya nga sentido kumon ang marami sa kaniyang sinabi. Kung mayroon man siyang sinabing kabaliktaran ng iba niyang sinabi, hindi ito dahil sa kaniya, kundi dahil sa pabago-bagong kalikasan ng kaniyang kalaban. Ang kalaban niya ay hindi lamang fake news, kundi kasinungalingan mismo.

Sinukuan na lang niya si Nando. Siya rin naman ang may kasalanan. Kinonsinti niya ang hilig, ayan tuloy, lumaki ang ulo.

Kung magtatagumpay ang kaniyang paglalantad ng katotohanan, hindi pwedeng manghina ang kaniyang loob dahil lamang sa iisang tao. Hindi lang naman siya nakadepende sa iisang tao lamang. Kailangan niya ng grupo, ng resbak pero hindi mga ordinaryong tao. Pangkaraniwan ang kanilang buhay, kaya pangkaraniwan ang kanilang pag-iisip. Dahil dito, walang kwenta sa kaniya ang social media. Sinubukan na rin naman niya ito ng ilang araw, at tulad ng hinala niya puro lang ito nagsasayawang teenager at mga hambog. Hindi, hindi para sa Internet ang kaniyang lihim.

Tawagin nang makaluma o baduy, pero ang paraang napili niya, pagsusulat. Saktong-sakto, mga liham para sa kaniyang lihim. Una niyang naisip na sumulat sa Presidente, pero agad din niyang iwinaksi sa kaniyang isip ang Malakanyang. Masyadong maliit. Parochial ni Edgar. Hindi, ang susulatan niya'y ang Pangulo ng Estados Unidos. Ang pinuno ng malayang mundo! Saktong-sakto, pamagat ng pelikula ang address nito. Hindi lang iyon, mura lang ang magpadala sa pamamagitan ng koreo. Hindi naman siya nagmamadali, mabagal na proseso ang pagsiwalat ng katotohanan, kaya regular imbes na priority mail ang kaniyang gamit. Tipid din sa stamp. Isa pa, masarap magsulat. Bumili siya ng Parker para sosyal ang dating, at mabangong stationary ang piniling papel para mapanghalina ang kaniyag liham. Hindi naman siya galit sa marketing.

Sa unang linggo ng kaniyang kampanya, pitong liham ang ipinadala niya. Sa ikalawang linggo, tatlo lang, kasi nararamdaman niyang pinagnanasaan siya ng cashier sa post office. Ang mga lalakeng 'to! Usapin ng kamatayan at buhay ang kaniyang misyon, puro lang libog ang nasa isip nila!

Madali naman niyang nasolusyonan ang problema kay Nando. Tinigil na lang niya ang pakikipag-usap dito tungkol sa kaniyang lihim. Marami naman siyang hindi sinasabi dito, tulad ng pagnanasa sa kaniya ni Nilo, pati na rin na alam niya ang pagtataksil nito, kaya bakit sasabihin dito ang tungkol sa katotohanang siya lang, si Sarah, ang nakakaalam sa kasalukuyan? Mabilis din naman ang pick up ni Nando. Ni hindi nga nito tinatanong kung bakit "Two-ny" imbes na "Tony" ang tawag ni Sarah sa kaniyang Chow Chow.

Ang maganda kay Nando, ’pag nagbubulag-bulagan si Sarah, mistulang normal ito. Para lang itong ordinaryong boyfriend na malambing, thoughtful, at madaldal. Para lang din itong iyong lalakeng nagpaibig sa kaniya, ilang taon na rin ang nakalilipas. Hindi si Sarah iyong uri ng tao na igigiit pa na siya ang tama kung nagkaroon na naman ng kapayapaan. Marami na nga siyang ibang problema, sa opisina, sa mundo, syemre pagdating sa pag-ibig, gusto na lang niya na mag-enjoy.

Naging polisiya na nga niya ito hindi lang pagdating kay Nando, kundi pati sa iba pang taong nasa paligid niya. Nagkunwari na lang siyang hindi siya nilalandi ni Nilo, at ang nangyari, nagkakasarapan na silang ulit magkakasama sa mga sesyon nila ng inuman.

Sa tatlo na lang siya naglalantad ngayon ng nangyayari sa kaniya. Sa reddit, kung saan walang nakakakilala sa kaniya, sa Presidente ng Estados Unidos, at kay Two-ny.

May kani-kaniya pa ring panganib ang mga ito—a reddit, baka may makaalam ng IP address niya, at malamang siya ang naglalantad ng sikreto ng gobyerno. Gayundin, baka may nakakaharang ng mga liham niya sa Presidente. ’Pag nabasa ang mga datos na siya lang ang may alam ng maling tao, baka mapahamak siya. Gusto niya tuloy ngayong bumili ng stamp na “For Your Eyes Only,” para may dagdag na seguridad ang kaniyang mga liham. Nagsusubok din siyang magbago ng handwriting. Natuto na nga siyang maging ambidextrous, bagaman kahit siya mismo aamining hindi mabasa ang kaniyang sulat na kanang kamay niya ang ginamit. Dagdag sa pagpapahusay ng skill na ito, nag-iikot na rin siya sa Maynila, at paminsa’y umaabot pa nga sa

CAMANA area, para mula sa iba't ibang post office manggaling ang mga liham niya. Ang nakatatawa, dahil sa kaniyang pagiging maingat sa pagpapadala ng mga liham niya, hindi na rin siya masundan ng mga nagtangkang lumason sa kaniya. Naniniwala na siya ngayon sa serendipity.

Si Two-ny ang problema. Mabait ang kaniyang aso. Nakikinig ito sa kaniya. At, ito sasabihin niya sa ibang tao at wala namang magsasabing loko-loko siya, pakiramdam talaga niya, naiintindihan siya nito. Tumatango ito 'pag sang-ayon sa kaniyang mga opinyon at plano, tumatahimik o 'di kaya'y tumatahol naman ito 'pag masyadong padalos-dalos si Sarah. Bilang tanda ng kaniyang pagrespeto sa aso, pagrespeto sa talino nito, at sa affection nito sa kaniya tinitimbang din talaga niya ang mga payo nito. Hindi naman sa naging sunod-sunuran siya. Siya pa rin naman ang amo. Pero 'pag wala namang mawawala sa kaunting dagdag na pag-iingat na igigiit ni Two-ny, sumusunod na rin si Sarah.

Ang problema, napapansin niyang masyado yatang matalino ang aso. Matalino naman talaga ang mga aso. Ang talino ni Two-ny, pansin niya ngayon, iyong bang parang alam nito ang hindi naman dapat talaga nito alam. Para tuloy may nagbibigay dito ng impormasyon, impormasyong hindi man si Sarah lang ang nakakaalam ay dapat iilan lamang bukod sa kaniya ang may alam—at hindi kasama sa iilang itong si Two-ny.

Ang mga taong nagbibigay kay Two-ny impormasyon din kaya ang mga taong dumukot kay Tony?

Ano na ang nakalap nila mula kay Two-ny? Marami-rami na ring nailahad si Sarah sa aso. Nagtiwala siya rito. Hindi pa naman siya nalalagay sa panganib. Posible din kasing hindi nito inuulat

ang mga nasabi ni Sarah sa mga tunay nitong amo. Kung iyon ang kaso, ibig sabihin ay nakumbinsi ni Sarah si Two-ny na hindi lang niya kakampi ang katotohanan, kakampi din niya ang mabuti at tama.

Pero may isa pang posibilidad, maaaring naiulat na nga ni Two-ny ang lahat ng nasabi ni Sarah, pero meron pa rin itong hinahanap na hindi pa naibibigay ni Sarah. Ito siguro ang susi sa lahat. Alin kaya ito? Ang katotohanan, alam ni Sarah, ay hindi iisang bagay, kundi sala-salabat. Para itong sangang-daan, hindi, para itong bahay ng gagamba. Magkakakonekta ang lahat. Galawin mo ang isang bahagi, gagalaw din ang isa pa.

Ano si Two-ny, ano si Sarah? Gagamba ba si Sarah, at nabihag na niya ang katapatan ng kaniyang aso? O si Sarah ba ang langaw, galaw pa rin nang galaw, iyon pala'y binabalot na ng sapot, malapit nang kainin, at tunawin gamit ang asido?

Kailangan niyang paaminin ang kaniyang aso. Ito lamang ang paraan. Marami siyang teknik na nakuha mula sa Internet. Para sa mga tao ang marami dito, pero walang dudang pwede ring gawin isang tao. Hayop din ang tao, nakakaramdam ng sakit, ng takot. Nalulunod din ito, napapakislot ng kuryente.

Kailangan niya itong paaminin. Kung tapat ito, hihingi siya ng patawad. Hindi siya dapat nagduda. Pero kung taksil ito? Marunong siyang magluto, at hindi naman mahirap imbetahan ang kaniyang mga kasama na sa bahay naman nila mag-inuman.

# MARK BENEDICT LIM

Si Mark, o Maki sa mga kakilala, ay kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Panitikan sa Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng PhD ng Malikhaing Pagsulat sa University of the Philippines Diliman. Nalathala ang ilan sa mga kuwento niya sa mga antolohiyang tulad ng *Transfiksyon*, *Wagi/Sawi*, at *Remembering/Rethiking EDSA*. Kasalukuyan siyang direktor ng Ateneo Institute of Literary Arts and Practices.

## HERE AT SM

Walang espesyal sa araw na iyon sa SM Luzon nang maging bata muli ang tatay ko. Wala akong maalalang ikinagitla kong notipikasyon mula sa Inquirer app; walang bagong patalastas o palabas sa mga pangmasang LED screen; wala rin namang biglaang pagtigil sa mga patalastas at palabas upang makapag-anunsiyo ang Board ng bagong polisiya; at lalong walang rali sa mga convention center sa anumang seksiyon ng Mall—isang payapang Linggo na noong una'y ikinabahala ko lamang dahil araw na naman iyon ng pagtitipon naming tatlo ng nanay ko.

Kung bakit niya ipinasiya iyon, hindi ko pa rin alam, hanggang ngayon. Ang natitiyak ko lang, narito siya sa tabi ko, naglalaro na naman ng bagong download na app sa aming iPad, habang nakatambay kami sa north foodcourt ng Manila Wing, hinihintay ang labas ng asawa kong si Tiffany mula sa kaniyang trabaho sa BDO-Manila Wing.

Nanggigil siya ngayon. Niyuyugyog niya ang gadget. Mukhang di na naman siya makalagpas sa isang level. Mukhang maya-maya ay iinit ang kaniyang ulo. Medyo bago lang ito. Mabilis na siyang mairita tuwing nahihirapan na sa paglalaro. Noong mas bata nga siya, hindi niya iniinda ang mga ito. Wala siyang kaimik-imik. Maglalaro lang siya nang maglalaro, kahit na daan-daang beses na niyang inuulit ang isang level. Kung alam lang niya, kung natatandaan lang niya ang galit niya, mula noong bata pa ako, hanggang sa kaniyang pagretiro, hindi nga lang sa mga laro niya, kundi sa amin ni Mom, hihinahon kaya siya?

Pero wala na talaga iyon sa alaala niya, kahit na ilang beses ko nang naipakita iyong mga larawan naming tatlo ni Mom na

naitago ko sa iCloud o naipaskil namin sa Facebook. At kahit pa bisitahin namin ang dating FB timeline niya, na puno ng larawan ng mga relong kinolekta niya mula nang magtrabaho siya, wala pa ring bahid ng pagtataka. Para sa kaniya, iyon ang timeline ng Tatay Isko niyang pumanaw bago pa siya naisilang. Siya ang lolong nakikilala lang niya sa mga di-matapos-tapos na kuwento ni Mom tungkol sa amin, na kinakailangan ko ngang suportahan—dahil din sa pangungulit ni Mom—sa pamamagitan ng pagkalkal ng mga larawan at paisa-isang video. Siya ang Tatay Isko niyang bihira din niyang itanong sa akin, di katulad ng pangungumusta niya sa kaniyang Lolo Buboy, ang tatay ni Tiffany, na lagi siyang pinapayagang maglaro ng PS4 tuwing dumadalaw kami sa yunit nito, at lagi siyang binibilhan ng action figures nina Spiderman at Batman tuwing namamasyal kami.

Sa mga pagkakataon din kasing nagtatanong siya, maiigsi lang ang mga tugon ko. Paano ko masasabi sa kaniyang hindi ko kaya ang ginagawa ng kaniyang Nanay Beth, na kapag aalalahanin ko ang buhay naming tatlo, maging ang masasayang sandali ay malalamatan ng lungkot at poot? Paano ko masasabing matagal na akong galit sa kaniya? Na kung hindi lang ako laging pinapakiusapan ni Mom noong nakahiwalay na ako, hindi ako sisipot sa mga buwanang pagtitipon namin? Paano, paano ko nga ba maikukuwento sa kaniya, aaminin sa kaniya, na ako ang nakasaksi sa kaniyang pagkamatay?

Tulad ng halos laging nangyayari sa mga pagkikita namin, sa Emerald Gardens Cavite Wing kami kumain noon. Iyon ang restorang pinakapaborito ni Dad na magpatalastas; parati daw kasing awtentiko ang imahen ng pagka-Tsino nito. Sa mga

pagkakataong hindi kami doon kumakain, sa ibang seksiyon kami, pero sa Emerald Gardens pa rin. Ayaw man namin ni Mom sa mga patalastas nito, si Dad ang nasusunod sa mga ganoong bagay.

At tulad din ng laging nangyayari, wala pang isang oras, tapos na ang kainan namin. Magsisiuwi na dapat kami pagkatapos kaso gusto na namang tumingin-tingin ni Mom ng mga bestidang pansimba at mga kasangkapan para sa yunit nila. Laging walang tiyagang sumama si Dad sa mga hilig ni Mom, kaya't humihiwalay siya ng lakad. Hindi ako pinapayagan ni Mom na umuwi na lang agad o kahit man lang sa kaniya sumama. Kailangan kong sumama sa tatay ko.

Hangga't maaari, iniiwasan ko noon ang mga ganoong pagkakataon. Ayoko lang suwayin si Mom pero tiyak ako noon na hindi mangyayari ang pinapangarap niya. Hindi ko nga rin alam kung bakit niya iyon pinapangarap. Mula nang magkaroon ako ng sarili kong pag-iisip at kaya nang mangatwiran, bihira na kaming mag-usap ni Dad. Wala naman talaga kaming mapag-uusapan. Wala na kaming dapat pag-usapan. Tulad ng dati, iyon nga ang nangyari sa araw na iyon. Naglalakad kami nang walang sinasabi sa isa't isa, nakatingin lang sa mga phone namin, nagbabasa o nag-aabang ng mga artikulo upang mapalipas ang oras. Sa tinatahak niyang kalsada, mukhang papunta siya noon sa 50-pisong pagpapalabas ng Abenson ng mga pelikula ni Lito Lapid sa kanilang mga binebentang telebisyong HD.

Kabisado ko naman ang daan dahil ilang beses na ring iyon ang pinupuntahan namin tuwing hihintayin si Mom, kaya't hindi na ako gaanong lumilingon sa kaniya. Ilang minuto rin ang lumipas bago ko namalayang wala na siya sa tabi ko.

Binalikan ko ang nilakaran ko. Baka may binili lang, isip ko. Baka may pumukaw ng pansin niya. Pero hindi niya iyon ginagawa; hindi iyon nangyayari sa kaniya kapag tiyak na siya sa kaniyang pupuntahan. Tumingin-tingin ako sa mga tindahan. Wala akong nakikitang kamukha niya. Kung patuloy naman siyang naglalakad, inisip kong baka nagkasalisi na kami sa dami ng tao. Sumigaw ako nang sumigaw. Dad. Isko. Dad. Francisco. "Dad."

Maraming napapatingin, napapasimangot, naiirita. Ngunit wala siya.

Hanggang sa mapansing kong may balakid sa sahig na iniiwasan ng mga tao. At paglapit ko ay natiyak kong tatay ko nga iyon, nakahiga sa sahig na parang nasa bahay-bata. Lumuhod ako. Sinubok ko siyang kausapin, gisingin, kahit na alam ko nang hindi na siya humihinga at wala nang pulso. Binubulyawan na ako ng mga dumaraan. "Ano ba, patay na iyan."

"Sagabal ka."

"Wala ka nang magagawa diyan, pabayaan mo na."

"Hoy, tanga, may guwardiya namang mag-aasikaso niyan."

Alam ko namang kinaiinisan ng lahat ang mga nananatili pa sa piling ng mga bigla na lang nasawi habang naglalakad sa kalsada. May paulit-ulit na paalala pa ngang lumalabas sa mga LED screen na huwag itong gawin. May ilang pagkakataon ding kasama ako sa mga bumubulyaw.

Pero hindi ko talaga maiwasang manatili noon. Kailangan ko siyang dalhin kay Mom, isip ko. Kasabay ng hiling na iyon ang isa pa, na sana hindi ko na kailangang gawin iyon dahil buhay pa siya, kahit na ilang beses ko na ring nahiling noong nasa hay-iskul at

kolehiyo pa ako na sana mawala na lang siya sa buhay namin, kahit pa mamatay siya ay ayos lang.

Nangingilid na ang luha ko at tuloy pa rin ang pagtawag ko sa pangalan niya nang biglang may nagring na phone sa bulsa niya. Kinuha ko. Hindi iyon ang phone niya. Hindi rin ipinapakita ang numero ng tumatawag. Sinagot ko.

"Hello, is this Mr. Joshua Christopher Gotangco?"

"Yes. Who is this?"

"Oh, that's good, Sir. This means that you've stayed with the body?"

"Yes. But who is this?"

"Ok. First and foremost, Sir Joshua, we're sorry for your loss. We hope you're doing fine. This is Mary Anne Salvacion, from the Special Services Division of Hallmark Cards. And I'm calling because your father purchased a particular service from us. As you may know, Sir Joshua, we at Hallmark Cards, always dream of a more emotionally connected world by making a genuine difference in every life, every day. When your father approached one of our stalls a long time ago, we knew, right there and then, that no card could suffice what he yearns for. So we showed him our catalog of special services. He was so happy to avail of our Youth Rewinder Program. Your father chose to be young again, Sir. And congratulations, since you answered our protocol phone, company and Mall policy state that you are now part of that said program. Please leave your father now and approach the nearest Hallmark stall. It seems that you are in Cavite Wing? There's a Multinational Bookstore near

Bench and Karimadon. And when you are there, please ask for Joanna, and tell her that you have come for Order Number JOB1414-16. The official receipt is already there on the phone. A detailed map and instructions will also be forwarded there. Thank you, Sir Joshua. Good day and may you have a meaningful life."

Nakita ko ang PDF ng opisyal na resibo. Mukhang tunay. Nakatanggap din nga iyong phone ng email at nakalakip na nga roon ang mapa at gabay. Nang matanggap ko nang wala na akong magagawa sa bangkay ni Dad, pinuntahan ko na ang sangay ng Hallmark Cards sa Multinational. Maliit lang ang stall. Isang estante lang ng mga kard at nasa gilid ang nag-iisang kahera. Nawala sa isip ko na ganoon nga pala kaliit iyon, nasa sulok at di mapapansin, sa daan-daan ba namang binebentang school supplies, o books kung tawagin ang mga ito ng Multinational, kahit na hindi ito sumikat. Sa katunayan, halos wala na akong maalala sa stall na iyon. Isang beses pa lang kasi ako pumunta roon, noong hinanapan ko ng kard si Dad. "Excuse me. Ikaw ba si Joanna?" tanong ko.

"Ay, opo. Ano pong kailangan niyo?"

Binigay ko sa kaniya ang phone at sinabing kukunin ko iyong JOB1414-16. Siniyasat niya ang laman ng phone at nang makompirma ang mga dokumentong naroon, wika niya, "Condolence po pala. Pero congrats na rin po. Sandali lang po at tatawagan ko lang si Carding para dalhin dito iyong order. Baka gusto niyo pong tumingin-tingin muna ng kard na maibibigay sa kaniya pagdating."

“Ano naman ang maibibigay ko sa taong namatay at nabuhay ulit bilang bata?” Ngumisi ang kahera, “Ay, dyoker po pala si Ser. Naku, Ser, magugulat kayo sa seleksiyon namin.”

Nagulat na ako agad sa kakayahan kong magbiro, bagaman kamamatay nga lang ng tatay ko. Pero hindi ko na rin maramdaman noon ang lungkot, gulat, galit, at kung ano pang dumapo sa akin. Nasasabik na ako, nag-aabang, at marahil umaasa pa nga.

Pinaunlakan ko ang paanyaya ng kahera na maghanap ng kard. Nawili agad ako. Totoo nga ang sinabi ng kahera. Hindi nga lang pala para sa kaarawan, anibersaryo, Araw ng mga Puso, Fathers Day, at Mothers Day ang mga ibinebenta nila. Una ko ngang nakita ay para sa matagumpay na plastic surgery. Mayroon pang para sa unang inom ng gin bulag, o ng Bacardi 151, para sa isang buong semestreng walang cut sa klase, sa unang pagbinyag ng puting Nike, sa tatlong sunod na relasyong tatlong buwan lang ang itinagal, sa unang pagka-crush sa isang litrato ng kalabaw, sa pakikipagrelasyon sa isang profile picture, sa ika-1,000,000 tweet, sa unang litrato sa Snapchat ng sariling ari, sa unang pagkakita ng pulubi, sa ika-373 alok na sumali sa networking, sa unang tsekeng pinatalbog, sa unang pagkakulong, sa unang pakikipagtalik sa isang Koreanong may damit na Francis M, sa ika-67 selfie na nakalabas ang dila, sa unang pagkain ng tira ng iba sa foodcourt, sa ika-100 ekstrang kanin, sa unang pagsuka sa kalsada ng pangmayamang A01, sa pag-ihi sa lababo ng Jollibee nang anim na sunod na araw, sa ika-10 kaibigang Tsinoy, sa unang kaibigang Muslim, sa unang kaaway na konyong taga-SM Ateneo na hindi alam kung ano ang ibig sabihin ng salitang “magulang”, sa unang

panaginip ng alternatibong unibersong hindi SM Luzon, Ayala Visayas at Robinsons Mindanao ang tawag sa tatlong Mall, kundi Luzon, Visayas at Mindanao lang, at ang mga Mall na ito ay walang dingding at kisameng patuloy na nagpapalabas ng mga tanawin ng langit at dagat dahil kayang makita ang tunay na langit at dagat—napakarami, at sa labis na pagkaaliw, hindi ko namalayang ang liit nga pala ng estanteng pinagtitingnan ko. Ilang taon din ang nagdaan bago ako namangha kung paano ko nakita ang lahat ng iyon, na kung babalikan ko nga ay napakatagal ko ring ginagawa, subalit nang kalabitin ako ni Joanna para sabihing dumating na ang order ko, kulang pa sa 15 minuto ang lumipas. Napakaganda at napakaepisyenteng estratehiyang pangnegosyo niyon. Pakiramdam ko, may mahahanap muli ako para sa tatay ko, kung may sapat lang na panahon o kung mas episyente pa ang makinarya ng Hallmark. Pero hindi ko naman naisip iyon noon. Mas mahalagang makita muli ang tatay ko.

Paglingon ko kay Joanna, katabi na niya si Carding, dala-dala ang isang sanggol. Binigay ni Carding sa akin ang bata, at nang maramdaman ko ang init niya sa aking bisig, dumapo sa akin ang galak na noon ko lang nadama. Pagtingin ko sa kaniyang mata, tiyak na tiyak akong mata iyon ng tatay ko, at muntikan na naman akong maiyak. "Hi, Dad," wika ko.

"Congrats po ulit, ser. Heto rin po ang baby carrier na kasama sa package ng order. Nasa bulsa na rin po iyong instruction manual," bati ni Joanna habang todo-ngiti si Carding. "Maraming salamat."

"Sige po, Sir. May aalagaan ka nang anak ngayon."

"Sige, Joanna, sayang, wala akong nakitang kard."

"Hindi pa lang po siguro takdang panahon."

"Next time," ang huli kong tugon.

At wika ko sa tatay ko, "Uwi na tayo, anak."

Tinawagan ko si Mom para sabihing nauna na ako dahil may kailangan akong asikasuhin at nasa Abenson si Dad. Hahayaan ko na lang na magpadala ng anunsiyo ang Kagawaran ng Seguridad hinggil sa pagkamatay niya. Iyon naman ang tamang hakbang na dapat gawin ng lahat sa tuwing may namatay. At tiniyak naman ng manwal na naging bata man ulit ang tatay ko, ituturing pa rin ng awtoridad na namatay siya.

Mula noon, pinalaki ko na ang tatay ko. Ilang araw bago ko napagpasiyahan ang magiging bago niyang pangalan. Natuwa naman ako sa Matthew Francis. Matt ang naging tawag ko sa kaniya, kahit na Isko ang gustong-gustong gamitin ni Mom. Nangapa ako noong una, lalo na't hindi ko pa naman talaga inaasahang magkaanak. Maliit pa lang ang suweldo ko noon sa pagtatrabaho sa tech support ng Globe. Di ko pa kayang bayaran ang serbisyo ng Belo Nursery and Day Care o kahit man lang umupa ng yaya mula sa Cebuana Lhuillier Pawnshop.

Malaki ang pasasalamat ko kay Mom. Siya ang tumulong sa pag-aalaga kay Matt. Hindi tumagal ang pagdadalamhati niya kay Dad dahil ibinalita ko na agad na may anak na ako. Ang kuwento ko, anak ko siya kay Chelsea, iyong ex ko na nangibang-Mall; hindi niya kayang akuin dahil sinusuportahan pa niya ang mga magulang at kapatid niya. Hindi na niya nakuhang magtanong pa. Nang kinarga niya sa unang pagkakataon ang kaniyang apo, natuwa agad siya.

“Kamukhang-kamukha ng tatay mo. Kamukhang-kamukha mo,” wika niya habang hinehele si Matt.

Tumira ulit ako sa yunit namin sa Cavite Wing at si Mom ang nag-aaruga kay Matt habang nasa trabaho ako. Dahil ayaw niya muna itong mag-powdered milk, humihingi siya ng gatas sa dating kabit ni Dad, na nasa kabilang yunit lang naman at kapapanganak lang sa ikalawang anak nila ng kaniyang asawa. Tututol sana ako dahil ayokong makipag-ugnayan doon sa babae, pero wala akong magawa. Mamumulubi kami kung bibili kami nang bibili ng Bonakid Breast Milk, at nalaman ko noon na magkaibigan at magka-mahjong-an na pala sila ni Mom. Halos isang taon ding naging gayon ang lagay namin.

Hindi pa nakapagsasalita nang maayos si Matt nang matanggap ako sa mas mataas na posisyon sa Smart. Makakaya ko na sanang magsarili, pero nakiusap si Mom na huwag muna kaming umalis. Pumayag naman ako dahil bawas pa rin naman sa gastos.

Sa Smart ko nakilala si Tiffany. Lumabas kami nang ilang beses at dahil kapuwa malapit na kaming umabot sa palugit ng Board para magpakasal, at ayaw naming sumabak sa sapilitang pamimili ng mamahaling produkto, o magpakulong sa labas ng Mall, napagpasiyahan naming magpakasal agad, kahit na hindi naman namin gustong-gusto ang isa't isa.

Saktong-sakto, ilang araw pa lang matapos ang kasal, nakuha ni Tiffany ang kasalukuyang trabaho niya ngayon sa BDO. Dahil may shuttle service naman ang Smart sa Manila Wing na dumadaan sa Cavite Wing, umupa na rin kami ng yunit sa Manila Wing, at mula nang mag-aral na si Matt, naging rutinaryo na ang buhay naming tatlo.

Isa nga itong pagtambay sa foodcourt sa kinagawian namin ni Matt tuwing Sabado. Wala na kaming pasok pareho at hindi pinapayagan ng Board na manatili sa yunit ang mga tao tuwing dulo ng linggo. Hindi naman mahilig si Matt sa mga larong pisikal kaya't dito na lang kami, nakaupo sa sahig ng isa sa mga sulok kung saan maraming saksakan. Siksikan dito; kaya nang maamoy, at maramdaman pa nga, kung sino ang naligo at hindi. May mga manlalarong itinuturing nang totoong buhay ang video game; may nagpe-FaceTime o Skype dahil nadestino sa ibang Mall ang kanilang mahal sa buhay; may simpleng tulad namin na kinakargahan lang ang baterya ng mga gadget; mayroon din namang iba na nagdala na ng kalan at kawali para makalibre na rin pati sa pagkain; at mayroon pa ngang dito na rin tumitira upang mamenos pati upa sa yunit.

Sa dami ng tao, kahit dito pa lang sa sulok, wala na rin namang nakikialam kung ano-ano ang pinagkakaabalahan ng iba. Kaya't hindi ako nahiya nang sumigaw si Matt, "Dad, namatay na naman ako."

May mga napalingon, subalit bumalik naman agad sila sa kanilang ginagawa. Tinabihan ko siya. Ako na ngayon ang naglalaro sa iPad, ipinapakita kung papaano hindi na muling mamatay.

Halos ganito rin ang ginagawa niya sa akin noong bata-bata pa ako kapag naglalaro ako sa Maragondon Playground Plaza tuwing namimili si Mom. Madalas akong masugatan at pagtawanan ng mga kasama ko sa palaruan na hindi ko naman talaga kilala. Kaya't iika-ika akong babalik sa kaniya at sasabihin, "Dad, nasugatan na naman ako."

Ngingiti lang siya, kakalungin ako, at kukunin mula sa kaniyang bag ang baon niyang Absolute, Betadine, at Band-aid. Pagkatapos, kaming dalawa na ang maglalaro. Hawak-hawak ang kamay ko, at iniingatang hindi lumala ang aking sugat, dahan-dahan niya akong gagabayan sa playground at tuturuan kung paanong hindi na muling masugatan.

Masasayang panahon pa namin iyon. Minsan pa nga, hindi lang kaming tatlo ang kasama. Paminsan-minsan, halos buwan-buwan, sinasamahan kami ng mga tito at tita ko, mga kaibigan ni Dad, mula raw sa mga paglalakbay niya noong kabataan pa niya. Nagbibiro pa siya noon na kahit nga raw sa Islamic Mall of Gaisano ay nakapunta siya. Sa isang buwan, posibleng si Tito Chris ang dadalaw. Sa susunod, si Tita Beverly naman, o kaya si Tita Marivic, o si Tito Joel. Kapag dumarating sila, laging napakasaya namin. Pero paglaki ko, paisa-isa na rin silang hindi dumadalaw. Siguro dahil ito na rin iyong panahong nagsimulang maglasing si Dad. Ito iyong panahong nasisante siya bilang tagaayos ng relo sa Rolex, ang tanging trabahong pinakaminahal niya. Ito iyong panahong nangaliwa siya.

Sa pagpapalaki sa kaniya, lagi kong pinapaalala sa sarili ko na hindi ko siya tutularan, na kung may uulitin man ako sa naging kasaysayan namin, iyon ang panahon ng pagkabata ko. Kaya ngayon, natutuwa pa rin naman ako, kahit papaano, kapag naaalala kong katulad ng pag-aalaga niya sa akin noong bata ako ang pag-aalaga ko sa kaniya ngayon.

Natapos ko ang level at siya naman ang muling naglaro. Hindi pa rin niya nalalagpasan, pero sinasabi ko na kung saan siya

nagkakamali. Sa ikalimang ulit, umusad na siya sa wakas. Naisipan kong panahon na para sa paglalakad namin.

"Ayun, o. Ayos. Game, anak, nangangalay na rin binti ko dito. Ice cream na tayo," aya ko kay Matt.

At humirit naman siya, "Tingnan natin kung hanggang saan aabot ang twenty pesos mo, Dad."

"Siyempre, malayo ang mararating n'un."

Matagal-tagal na rin naming biruan iyon mula nang sumikat ang mga patalastas ng Cornetto. Maghahanap kami lagi ng paraan para maisingit ang linyang tungkol sa beynte pesos. Paminsan-minsan, bibigyan ko siya ng baon pagpasok, pero beynte lang. At sasagot naman siya, "Hanggang saan naman ba aabutin niyan?"

May mga pagkakataon naman, mag-oorder kami ng pagkain at siya ang pagbabayarin ko. Bibigyan ko siya ng beynte at tatanungin niya sa kahera habang nilalahad ang pera, "Hanggang saan po ang aabutin nito?"

May mga maiinis, pero mayroon din namang matatawa. Kahit maipilit lang, ipipilit pa rin. Isang beses, papasok na si Tiffany sa trabaho. Siyempre, tulad ng lagi niyang ginagawa, sasabihin niya kay Matt, "Anak, pasok na ako sa work. Kiss mo na si Mommy."

Banat naman ni Matt, "Ito, Mom, twenty, hanggang saan ang aabutin nito." Napabuntong-hininga na lang si Tiffany, saka siya hinalikan ni Matt.

Tulad ngayong bata na siya, mayroon din kaming ginagayang patalastas noong bata pa ako, sa Rejoice naman. Tuwang-tuwa ako dati sa patalastas na may babaeng nagmamadali para maabutan iyong elevator. Pagdating niya, tinanong siya ng isang lalaki,

"Mahangin ba sa labas?" Saka niya natantong buhaghag ang buhok niya.

Kaya't pinasimulan ni Dad iyong hiritan noong umuwi akong pawisan at magulo ang buhok. Pagkakita niya sa akin, tinanong na niya sa akin iyong linya. Natawa kaming dalawa at tinuloy-tuloy na namin sa halos lahat ng pagkakataon, kahit na dumating na iyong panahong naiirita na sa amin si Mom. Paulit-ulit namin iyong hinihirit, hanggang sa iyon na lang talaga ang kayang tanungin sa akin ni Dad, kahit noong tumanda na ako.

Noong hay-iskul, tumigil na ako sa pakikipag-usap sa kaniya, lalo pa't bihira na rin naman siya sa yunit. Hindi pa namin alam noon na may kabit na siya at iyon pang nasa katabing yunit lang namin, na sa mga pagkakataong wala siya sa amin ay nasa kabilang panig lang siya ng dingding. Pero sa tuwing nasa yunit naman siya, langong-lango lagi siya sa alak, galit na galit, pasigaw kung makipag-usap, nagdadabog. Kapag may nakita siyang hindi niya gusto, tatangkain niyang sirain—lorerang hugis-babae, santong inukit ng mga makinang Paete, salaming Oakley, bisikleta ko noong nakasali ako sa Palarong Inter-Mall, Coke maker namin, Gameboy ko, mga amerikana niyang sinusuot sa dati niyang trabaho, mga iniingatang Hello Kitty ni Mom na mula pa sa kaniyang pagkabata, maging iyong mga Cattleya kong kuwaderno, at McGraw-Hill na textdisc.

Noong mga unang pagkakataong ganoon, nakikiusap pa ako sa kaniya. "Dad, awat na. Humiga ka na lang muna. Lasing ka na."

Kahit na walang kaugnayan, sasabihin niya pa rin, "Bakit, mahangin ba sa labas?" At matatawa siya. Matatawa siya nang matatawa.

Noong sumuko na ako sa kaniya, nagkukulong na lamang ako sa kuwarto ko kapag alam kong naroon siya. Maririnig ko pa rin siya paminsan-minsang sumisigaw, "Bakit ayaw mong lumabas, Joshua, mahangin ba dito?"

Kung kaya't hindi ko maatim kung bakit noong nagtitipon na lang kami kada buwan—bagaman tumigil na siya kaiinom dahil bumibigay na ang atay niya—hindi pa rin niya nilulubayan ang linyang iyon.

Kapag dumating na kaming tatlo sa pinareserba ni Mom na mesa, tiyak na tahimik sa mga unang sandali. Wala naman akong problema doon. Pero si Dad, sinusubok pa rin sa simula ng kainan—bago dumating ang mga order namin—na magpasimula ng kuwentuhan. Halos walang mintis, tatanungin niya ako kapag nakaorder na kami, kahit na maayos na maayos ang buhok ko, "Mahangin ba sa labas?"

Iiling na lang ako, papakalmahin nang sandali ang sarili, titingin sa SMAGASA app, at tutugon, "Hindi ko alam, pero ayon sa SMAGASA, hindi pa rin humihina iyong bagyo." Hindi ko alam kung nababastos siya doon, pero wala naman akong sinasabing mali. Sinasagot ko lang ang tanong niya at iyon naman talaga ang tanging sinasabi ng SMAGASA mula pa noong sinaunang panahon.

"Ay, ganoon ba. Grabe." At titigil na ang usapan namin ng tatay ko, hanggang sa magsiuwi na kami.

Tiyak ako, hindi na iyon mangyayari sa amin ngayon. Hindi ko na patatagalin ang biruan namin ni Matt, lalo na't di ko naman kakailanganing umasa doon. Kahit ngayong naglalakad na kami habang kumakain ng Cornetto Tiramissyou na 30 piso, nakikipagkuwentuhan ako sa kaniya.

"Kumusta ang lessons mo kahapon?"

"Okey naman. Madali."

"Talaga? Bakit sabi ng Mommy mo, naka-B ka lang daw sa Math?"

"Kaya nga, Dad. Madali kasi, kaya naka-B ako."

"Okey ka na doon sa B mo? Di ba dapat A?"

"Good ang meaning ng B, di ba? Lagi niyo kayang sinasabi na gusto niyo akong maging good boy. Kaya okey ang B."

"Ay, pilosopo na ang anak ko. Sa grades, dapat excellent, anak."

"K."

"Wow, alam mo na rin iyang K-K na iyan, a. Saan mo natutunan iyan?" "Sikretong malupet."

"Aba, aba, aba. Kailangan ka yata naming kausapin ng Mommy mo sa yunit. Sumasagot ka na."

"Nagtatanong kayo, e."

"Sige na nga, tama ka na."

"K."

At nagtuloy-tuloy pa kami sa kuwentuhan namin. Tinitiyak ko lagi na hindi lang makulong sa mga biruan namin at magkuwentuhan pa rin kami na parang magkaibigan lang. Hindi katulad ng pag-uusap namin dati. Kung hindi kami nagbibiruan, laging iniisyu ni Dad ang mga marka ko sa klase. Kahingian lagi na pinakamataas ang makuha ko. Hindi siya kontento sa mataas na. Kapag nangangatwiran ako sa kaniya, pinagsasabihan niya akong hindi dapat sumagot sa magulang at huwag na akong sumama sa mga kaibigan kong masasama ang impluwensiya. Hindi ko iyon

gagawin sa kaniya ngayon. Hindi ako matutulad sa kaniya noong tumanda siya.

Doon nagsimula ang lahat. Sa paniniwala niyang siya dapat ang masunod. Sa paninindigan niyang alam na alam niya ang nararapat para sa akin at para kay Mom. Sa pagturing sa amin na parang alagang sumusunod lamang sa dikta ng mas nakatataas at mas makapangyarihan. Sa pag-iisip na siya ang makapangyarihan. Kaya nang tinanggal siya ng boss niya sa Rolex, hindi niya kinaya, hindi niya matanggap na hanggang sa yunit lang namin ang kaniyang kapangyarihan. Hindi ako matutulad sa kaniya. Palalakihin ko siya, hindi katulad ng pagpapalaki niya sa akin.

Bawat buwan, nagbi-video call ang Hallmark upang kumustahin si Matt, ang kanilang kliyente. Magiliw naman lagi ang kumakausap sa amin, at nagbibigay rin ng mga payo tuwing may napapansin silang pagkakamali o pagkukulang sa pagpapalaki ko. Buong araw din silang magmamasid. Tinitiyak nilang nasa mabuting kalagayan si Matt. Iyon kasi ang nakasaad sa kasunduan. Sinasabi ko na lang kay Tiffany na katrabaho ko sila. Kailangang siguruhin ang kondisyon ng kliyente hanggang umabot siya sa legal na edad. Kung pabaya ang nangangalaga, o hindi sumusunod sa kanilang payo, kailangan siyang dumalo sa mga Nestlé Reeducation, Unilever Indoctrination, o Pfizer Conversion, depende sa lala at pangangailangan. Kung pumalya ang mga ito, kukunin na nila ang kanilang kliyente at ipapadala sa Princess Sarah Sanctuary for the Unloved. Samantala, papatawan ng #blessed ang customer ID ng nangangalaga, na nangangahulugang hindi na siya puwedeng magkaanak, ampon man o biyolohikal.

Sa kabutihang palad, hindi sa amin nangyari ang kahit alin doon. Lumaking masaya si Matt. Nasaksihan ito ng mga taga-Hallmark. Lahat ng mga eksena ng masayang pamilya sa mga patalastas, nagagawa namin. Tinuruan ko siyang maglakad sa pag-alalay sa kaniyang mga kamay. Inaliw namin siya para makakain sa pamamagitan ng pagpapanggap na Cebu Pacific ang kutsara. Tinuruan ko siyang lumangoy. Tinuruan siya ni Tiffany na magbisikleta. Pagkatapos naming magsimba sa Mr. Clean Parish of Holy Sacrifice tuwing Linggo, dederetso kami sa Jollibee para pakainin siya ng Chickenjoy at Jolly Spaghetti. Kompleto rin siya noon ng mga damit para sa isang mabuting bata—Osh Kosh B'Gosh, Gingersnap, at Big and Small Co. Pinag-aral din namin siya sa Henry Sy Global, kahit na dumoble na ang matrikula mula noong ako ang nag-aral doon. Marami kaming biniling mga kaibigan sa kaniya, at multikultural pa. Naging matalik niyang kaibigan si Shonda, isang African American. Kabarkada nila sina Zhaopei, Amanita, Klaus, at Bhopele. Si Bhopele pa ay trans na nagpabago noong Grade 1 siya. Aprubado ang lahat ng ito sa Hallmark. Katunayan pa nga, parang naging bahagi na rin ng pamilya ang mga kausap namin. Nakatataba rin ng puso minsan, kapag may buwan-buwang nagsasabing tama ang ginagawa ko para kay Matt. Pero minsan din, gusto kong ako mismo ang makatantong mabuti akong ama.

Kaya nang mag-text si Tiffany na kailangan niyang mag-overtime at gabi pa siya makakalabas, naisip kong patunayan sa sarili ko na hinding-hindi ako katulad ng tatay ko.

"Matt, male-late si Mommy. Punta muna tayong Padi's," sabi ko.

"Dad, huwag na. Balik na lang tayong foodcourt."

"Hindi, twenty pesos lang."

"Kung saan-saan na naman aabutin iyang twenty pesos mo, Dad. Malalasing ka na naman."

Natawa ako. Nagbiruan na naman kami. "Kailan ako nalasing?"

Hindi ako katulad ni Dad. Kung uminom ako, hindi Emperador, hindi Ginebra, hindi Bacardi. San Mig Light lang, at kaunti lang. Hindi katulad noong mga panahong sinasama niya ako sa Distillery. Tungga nang tungga nang tungga. Tinatanong ko siya kung bakit niya ako dinadala doon. Ang sinasabi niya, para malaman kong mabuti siyang ama.

Paano siya naging mabuting ama noong mga gabing iyon? Nagsimula siya sa pagtataas ng boses niya sa akin, na noon niya unang nagawa. Hindi niya ako pinapasagot. Wala raw ako sa katwiran. Wala akong alam. Bata pa lang ako. Huwag akong sumagot-sagot. Anak lang ako; ama siya. Hanggang sa sinusumbatan na niya kami ni Mom. Kesyo hindi namin siya sinuportahan. Kesyo napakarami naming luho. Hindi kami makontento. Hindi kami makatanaw ng utang na loob. Pinatira niya kami sa kaniyang pamamahay, pero wala kaming kahit katiting na respeto. Siya ang nagpaaral sa akin sa Henry Sy Global. Siya ang bumili sa akin ng Gameboy ko, ng Playstation ko. Ni hindi ako nagpasalamat, kahit na dugo't pawis niya ang ipinuhunan niya. Hanggang sa minumura na niya ako. Tanga. Bobo. Walang modo. Gago. Putang ina mo. Putang ina ka. Bastos. Putang ina mo, Joshua. Kapag naluluha na ako, paulit-ulit, bakla, bakla. Bakla.

Hanggang sa pinagbubuhatan na niya ako ng kamay pag-uwi. Noong una, nakokontento na siya sa isang sampal, para lang makita niya akong nasasaktan. Saka siya dederetso sa kuwarto niya para matulog. Paglaon, sinubok niya akong sapakin sa tiyan. Natuwa siya. Mula sa isa, naging dalawa, naging tatlo. Natuwa ulit siya nang makita niyang dumura ako ng dugo. Hanggang sa binubugbog na niya ako. Sapak at sipa para sa bawat tungga niya.

"Mabuti akong tatay, di ba?" Sapak.

"I'm your good dad, Joshua." Sipa.

"I'm the best dad." Sapak.

"Ako ang pinakamabuting ama sa mundo, anak." Balat ng sinturon.

"Ako, di ba, Joshua? Ako iyon, di ba?" Bakal ng sinturon.

Hanggang sa nakakatulog na siya sa sahig sa pagod, tumutulo ang laway, lawit ang dila, na parang aso, habang humahagulgol pa ako, o kung hindi man, nawalan na rin ng malay.

Pero ngayong nasa Padi's kami ni Matt, habang kumakanta ang hologram ni Jolina Magdangal ng Paper Roses, at nakakasampung bote pa lamang ako, tinitiyak kong hindi na iyon mauulit.

"Ayan, wala pa akong tama, anak, pero titigil na ako. Ganiyan ang dad mo, mabait." "K."

"Ano'ng sabi mo?"

"Wala po."

"Kanina ka pang ganiyan, a. Di ba, ilang beses naman naming sinasabi ng Mommy mo na sumagot ka nang maayos?"

"Nag-agree naman po ako sa inyo, Dad."

"At nangangatwiran ka pa ngayon? Ha? Ha?"

“Dad, sorry na po. Sorry. Sorry.”

“Sige. Sabi ko naman sa iyo, anak, hindi kita pinipigilang mangatwiran, basta tama ang katwiran mo.”

“Ok po, Dad. Thanks po.”

“Ok, tara na, anak. Maglakad-lakad na ulit tayo.”

Natuwa ako sa sarili ko. Hindi ako naglasing. Naging mahinahon ako. Napatunayan ko na namang hindi ako katulad ng tatay ko. Tahimik na lang kaming naglalakad ngayon ni Matt. Bihira na siyang magpahawak ng kamay dahil malaki na raw siya. Pero ngayon, hinawakan niya ang kamay ko. Kahit na ako ang mas matanda, parang siya ang gumigiya sa akin. Kung tutuusin, totoo iyon. Ang paglitaw ni Matt sa buhay ko ang nagbigay at nagbibigay sa akin ng direksiyon. Baka nga iyon ang dahilan kung bakit siya nagpasiyang maging bata ulit. Para maging mabuting tatay na sa akin.

Nang di ko gaanong namamalayan, marahil sa dami ng tao sa kalsada, nakarating kami sa Multinational Bookstore-Manila Wing. Tulad din ito ng sa Cavite Wing. Kung ano ano ang hinahawakang school supply ni Matt—Best Buy na gunting, kuwadernong may picture nina Donald Trump at Kim Chiu na magkayakap, Bic tablet pen, Sennheiser teacher silencer ear pods, banig ng Ambien for students, At Grindr update classroom bulletin board. Hinahaplos lang niya ang iba habang naglalakad at di na tinitingnan. Pero napahinto siya sa isang sulok. Napansin niya ang maliit na stall ng Hallmark Cards, katulad na katulad din ng sa Cavite Wing. Kamukha rin ni Joanna ang kahera. Tumingin-tingin si Matt sa estante at lumapit naman ako sa kahera.

“Ikaw ba si Joanna?” tanong ko sa kaniya.

"Ay, si Ser na dyoker."

"Kailan ka pa nandito?"

"Matagal-tagal na rin, ser. Hindi ko na nga maalala kung saan ako dati. Napabalik kayo, Ser?"

"May tinitingnan lang iyong anak ko."

"Siya na ba iyon? Ang laki na, a. Nakakita na ba kayo ng kard para sa kaniya?" "Ha? Anong kard?"

"Natatandaan niyo pa ba, sabi ko sa inyo dati, sa takdang panahon, makakahanap din kayo ng kard para sa kaniya? Baka ngayon na iyon, Ser."

"Sa susunod na lang ulit. Nagmamadali kami."

"Naku, Ser, baka hindi kard ang kailangan niyo. Heto, Ser, baka may gusto kayo rito," sabay abot ng katalog ng Hallmark Special Services.

At bigla, nakikita ko na ang katalog na nakita ni Dad noon. At walang ibang laman kundi ang Youth Rewinder Program.

Nakatitig pa ako sa papel nang kalabitin ako ni Matt. May kard siya para sa akin. Binasa ko ang nakasulat: Kung ang tao ay mamatay, siya kaya'y muling mabubuhay? Paglaya ko sa hirap ay aking hihintayin. Ikaw ay tatawag at ako'y sasagot, sa iyong nilikha, ikaw ay malulugod. Kung magkagayon, bawat hakbang ko'y iyong babantayan, di mo na tatandaan ang aking mga kasalanan.

Iyon. Hindi ako makapaniwala, ngunit tuwang-tuwa. Damang-dama ko, tiyak na tiyak ako, iyon ang hinahanap kong kard na para sa kaniya, noong kamamatay lang ni Dad, noong kasisilang pa lang ni Matt.

"Paano mo ito nahanap, anak?"

"Dad, gusto ko pong maging tatay."

“Anak, para sa iyo dapat ito.”

At nagsalimbayan ang mga alaala at kasalukuyang damdamin, sapagkat natatandaan ko iyong kard na hinanap ko para kay Dad at kung bakit ako naghanap. Binigay ko rin iyon sa kaniya sa mismong stall ng Hallmark. Pero iba ang nakasulat at natatandaan ko pa iyon.

“Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya? Lahat ng araw ng aking pakikipagbaka ay maghihintay ako, hanggang sa dumating ang aking pagbabago. Ikaw ay tatawag, at ako’y sasagot sa iyo: ikaw ay magtataglay ng nasa sa gawa ng iyong mga kamay. Ngunit ngayo’y binibilang mo ang aking mga hakbang: hindi mo ba pinapansin ang aking kasalanan?”

Lasing na lasing siya noon at gusto kong ipamukha sa kaniya, noon pa lang, na hindi ako magiging katulad niya. Na mangangarap akong maging tatay upang ipamukha sa kaniya na kaya kong gawin ang hindi niya nagawa, na kaya kong itama ang kaniyang minali. Pagkabigay ko sa kaniya, sinabi ko, nanindigan ako, gusto kong maging ama. Sa labis na pagkalasing, parang hindi niya naintindihan. Hindi niya ako kinausap. Iyong kahera pa ang kinausap. Nakuha pa niyang lumandi. Sinulat pa yata niya ang numero niya. Nang matapos siya sa kaniyang kamanyakan, lumingon siya sa akin, nakangisi, at binigay ang papel na pinagsulatan niya. Unti-unti siyang lumapit sa akin, at bumagsak siya sa maliit kong katawan at nakatulog.

Ngunit ngayon, naitatama na ang lahat. Napalaki ko nang maayos si Matt. Naiintindihan niya ang halaga niya sa akin. Hindi lang iyon, gusto rin niyang maging mabuting ama, tulad ko. Salamat, Matt at nakita mo ang ginawa ko para sa iyo. Salamat

din siguro kay Dad, bago pa siya maging si Matt, sapagkat tama ang pasiya niya. Hindi ko mapigilan ang saya ko, at sa tingin ko, nararapat na may gawin din ako para sa sarili ko. Gusto ko ring magkaroon ng mabuting ama. Tiyak kong si Matt iyon.

Kinausap ko si Joanna. "Sige na nga, paano ba itong Youth Rewinder Program ninyo?"

"Napakasimple, Ser. Fill-up-an niyo lang itong form namin."

Inabot niya ang tablet niya, at isang pen. Sinulat ko ang personal kong impormasyon. Nakasaad na kailangan kong itakda kung kailan magsisimula ang programa. Inalala ko kung ilang taon si Dad namatay; 67. Nag-isip ako ng kung anong petsa sa ika-67 taon ko. Sumunod ang gusto kong edad ng muling pagkabuhay. Tatlong buwan ang nilagay ko. Pinakahuli, kung ano-anong katangian ang gusto ko para sa aking pagkatao. Tiningnan ko si Matt. Napangiti ako. Naisip ko, mabuti akong ama kay Matt, at tiyak kong magiging mabuti rin siyang ama sa akin; ano pa ba ang mimithiin ko sa susunod kong buhay kundi maging mabuti ring ama sa anak ko? Isinulat ko: ang maging pinakamabuting ama sa mundo.

Binalik ko kay Joanna ang tablet at tumungo sa anak ko. Niyakap ko ang Dad kong si Matt.

Tamang-tama, parang tadhana, parang biyaya ng uniberso, parang nakatakda ang panahon, nasa LED screen ang patalastas ng SM Luzon na may mag-ama ring nagyayakapan dahil kabibigay lang ng anak ng kaniyang regalong kard. Payapa akong napapikit.

Walang rali ngayong araw sa mga convention center sa anumang seksiyon ng Mall; walang biglaang pagtigil sa mga patalastas at palabas upang makapag-anunsiyo ang Board ng

bagong polisiya; walang bagong patalastas o palabas sa mga pangmasang LED screen; wala akong ikinagitlang notipikasyon mula sa Inquirer app.

Subalit, naniniwala ako, may espesyal na nangyari ngayong araw sa SM Luzon.

# SHUR C. MANGILAYA

Si Shur C. Mangilaya ay isang multilingguwal na manunulat, tubong Bagacay, Ibajay, Aklan. Ang kaniyang mga akdang tula, tulang pambata, maikling kuwento, kuwentong pambata, dagli, komiks iskrip, at sanaysay ay nalathala sa mga journal, antolohiya, pahayagan, magasin at e-book, gaya ng *Ani 36, Ani 37, Ani 38, Ani 39, Ani 40 at Ani 41* ng Cultural Center of the Philippines, *SaNag 11* ng University of San Agustin Press, *Wagi/Sawi,* ng University of the Philippines Press, *Peter's Prize* ng TPSN Foundation, *Poetika 2, Kasingkasing 4* at *Batinggilan* ng Kasingkasing Press, *PangMasa* ng The Philippine Star, *Liwayway, Philippine Panorama* at *Hiligaynon* ng Manila Bulletin, *Hindi ito ang Panahon para Mamayapa* ng Kataga, *Nostalgiya* ng Samahang Lazaro Francisco, *Alaala ng mga Pakpak* ng Komisyon sa Wikang Filipino, at *Kathang Haka* ng UST Publishing House. Siya ay nagkamit ng mga parangal at pagkilala sa larangan ng literatura. Ang kaniyang unang aklat ng Tula sa Akeanon/ Aklanon na *Hae-o ag Eusong* ay inilathala ng Kasingkasing Press noong 2019.

## MGA AHAS SA LUNGSOD

"ISASAMA ko na lang si Obet sa Maynila, Ate," paalam ng tito Nardo ni Obet sa kaniyang ina.

"Ikaw ang bahala, Nardo," sagot ng kaniyang ina.

"E, p-paano, Kuya, okey lang ba sa 'yo?" tanong ng tito Nardo niya sa kanyang ama.

"Kaysa naman magpapastol lang s'ya ng kalabaw dito. Mas makabubuting makipagsapalaran na lang s'ya sa s'yudad," tugon ng kaniyang ama.

"Sige ho, tamang-tama at maisasama ko s'ya sa aking trabaho," sabi ng kaniyang tito Nardo.

Nakikinig lamang si Obet sa usapan ng kaniyang mga magulang at ng kaniyang tito Nardo habang kumakain sila ng tanghalian.

Umuwi ang kaniyang Tito Nardo sa Aklan dahil sa pagkamatay ng kaniyang lola. Kasama nilang nakatira sa bahay ang kaniyang lola. Noong isang araw lang ito nailibing.

Halos mahigit isang taon na rin nang makapagtapos ng haiskul si Obet. Hindi na siya nakapagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo dahil na rin sa kanilang kalagayan sa buhay. Siya ang panganay sa limang magkakapatid. Tanging sa mga gawaing bukid lamang umaasa ng ikinabubuhay ang kanilang pamilya. Kapag panahon ng anihan, tumutulong siya sa sa kaniyang mga magulang. Halos araw-araw din siyang nagpapastol ng kanilang kalabaw at baka.

Dalawang magkapatid lang ang kaniyang nanay at tito Nardo. Napunta ng Maynila ang kaniyang tiyuhin noong binata pa ito. Dati itong kasapi ng NPA sa kanilang bayan. Pagkaraan ng

pagsuko nito sa gobyerno na magbagong-buhay, ipinasya nitong magtungo sa Maynila. Nakapagtrabaho ito sa isang konstruksiyon. Hanggang sa nakapag-asawa at nagkaroon ng isang anak na babae. Nangungupahan kasama ng pamilya sa Pandacan.

May bigat sa dibdib ang pamamaalam ni Obet sa kaniyang mga magulang at mga kapatid sa araw ng pag-alis nila ng kanyang tito Nardo. Naisip ni Obet na wala siyang mapapalang magandang kinabukasan kung mananatili siya sa probinsiya. Hindi rin niya gustong manatiling maging pastol, tagagapas ng palay, at tagapag-araro na lamang sa bukid sa kanilang nayon. Pangarap din naman niyang makapaghanap ng isang magandang trabaho.

Dumaong ang barkong sinakyan nila sa pier 8 sa North Harbour sa Maynila na halos mag-aalas diyes ng umaga. Habang sakay sila ng kaniyang tito Nardo sa taxi, panay ang tingin niya sa paligid. Hindi siya nagsawang tingalain ang nagtataasang mga gusali sa kanilang dinadaanan. May hatid na kasiyahan kay Obet ang unang pagtapak niya sa Maynila. Iyon ang pangarap ng halos karamihan sa kanilang nayon. Ang makapunta at makipagsapalaran sa Maynila. Tila may kung anong gayuma ang lungsod na ito na parating bukambibig ng mga tagaprobinsiya na nangangarap ng magandang buhay.

Huminto ang taxi sa tapat ng riles ng tren. Bumaba sila ng kaniyang tito Nardo. Sinabi ng kaniyang tiyuhin na sa nasabing lugar ito nakatira. Pinasan niya ang kalahating sako ng bigas, habang bitbit sa kaliwa ang kaniyang bag ng mga gamit. Sumakay sila sa nakahimpil na sakayan ng mga pasahero sa gitna ng riles, na ayon sa kaniyang tito Nardo ay tinatawag na trolley. Ito raw ang nagsisilbing sasakayan ng mga taong nakatira sa gilid

ng riles at tabing-ilog. Habang tumatakbo ang trolley, tahimik niyang pinagmamasdan ang dikit-dikit na mga barumbarong sa magkabilang gilid ng riles. Mga barumbarong na yari sa pinagdugtong-dugtong na kahoy at playwud na iba't iba ang haba, lapad at laki. May ibang dingding na yari sa mga lumang tarpaulin ng mga kandidato sa nakaraang eleksiyon. Mga bubong na naaatipan ng mga kupi-kupi at kalawanging yero.

Ibang-iba ang paligid na kaniyang nakikita ngayon, kumpara sa kanilang nayon. Napapatingin siya sa mga taong akyat-baba at paroo't paritong naglalakad sa itaas ng riles na tila walang pakialam sa isa't isa. Mga ilang kalalakihang naghihimas ng mga sasabunging manok at mga hubad-baro na tila mga mapa na ang katawan dahil sa naglalakihang mga tattoo sa braso, katawan at binti. Mga inang may kalong na sanggol habang abala sa pakikipagtsistmisan sa tapat ng tindahan. Mga ilang kalalakihang nag-iinuman sa harap ng isang tindahan. Napaisip nang malalim si Obet. Ganito ba talaga ang tirahan ng mga tao sa lugar na ito? Pero napagtanto niyang sa lugar na ito nakatira ng halos ilang taon ang kaniyang tito Nardo. Kaya masasanay din siyang manirahan sa lugar na ito.

Umibis sila ng trolley sa may bungad ng tulay na riles. Pasan-pasan na naman ni Obet ang kalahating sako ng bigas at bitbit ang bag. Bumaba sila sa riles at tinalunton ang masikip na eskinitang patungo sa bahay ng kaniyang tito Nardo. Magkabilaan ang magkakadikit na mga barumbarong. Dahan-dahan ang kanilang lakad sa tuwing may makakasalubong sa daan. Paliko-liko ang masikip na eskinitang kanilang dinadaanan. May ilang mga taong bumabati at nangungumusta sa kaniyang tiyuhin na kanilang nakakasalubong, maging sa mga taong nasa bungad ng

pinto o sa bukas na bintana ng mga bahay. May nagtatanong kung may dala itong inuming tuba. May nagyayayang mag-inuman. May nang-aasar na lumayas na raw ang asawa nito. May humihingi ng pasalubong.

Hanggang sa sapitin nila ang dike sa tabing-ilog. Tinalunton nila ang maliit na daanan sa ibabaw. Mula sa ibabaw ng dike ay katabi ang ilog-Pasig. Makikita rin ang tulay na riles sa ilog na ayon kaniyang tiyuhin ay nagdurugtong sa lugar ng Pandacan at Sta. Mesa. Matatanaw sa kabilang ilog ang maliliit at magkakadikit ding mga barumbarong ng mga iskwater sa Sta. Mesa. Matatanaw rin sa kabila ang ilang malalaking gusali at mga pabrika sa tabing-ilog.

Huminto sila sa tapat ng isang hagdang yari sa pinagdugtong-dugtong na kahoy. Umakyat sila patungo sa pangalawang palapag at kumatok ang kanyang tiyuhin sa pinto. Walang nagbukas, pero nang pihitin ng kaniyang tiyuhin ang doorknob, bukas naman pala ito, at sila ay pumasok. Walang tao sa loob ng bahay. Inilapag ni Obet ang pasan-pasang kalahating sako ng bigas sa sahig. Sahig na yari sa pinagdugtong-dugtong na playwud. Ganoon din ang ginawa ng kaniyang tiyuhin sa dalang mga bagahe. Habang naghuhubad si Obet ng sapatos ay pumasok ang isang babae na may kargang batang babae na halos mahigit isang taong gulang.

“Nabalitaan ko sa labasan, na dumating na kayo, ‘Pa,” sabi ng babae.

“S’an ka ba galing?” tanong ng kaniyang tito Nardo.

“Do’n kina Aling Ester, may binili lang,” sagot nito.

Kinuha ng kanyang tito Nardo ang bata at kinarga. Humalik ito sa pisngi ng bata.

“A...si Obet nga pala,” baling at pakilala sa kaniya ng tito Nardo niya. “Iyong sinasabi ko sa ’yong pamangkin ko, na isasama ko pagbalik dito.”

“E, siya ba? G’wapo, a!”

“A, ‘Bet...ang tita Bing mo nga pala,” pakilala ng kaniyang tito Nardo.

Magmamano sana si Obet sa kaniyang tita Bing, ngunit sinaway siya nito.

“Nakapagsaing ka na ba?” tanong ng kaniyang tito Nardo.

“Naku! Hindi pa,” sagot ng tita Bing niya. “E, konti pa naman ang bigas natin.”

“Me dala kaming bigas,” sabi ng kaniyang tiyuhin. “E, kaso magtatanghali na pala. Bumili ka na lang ng kanin at lutong ulam sa karinderya sa labasan.”

Inabutan ng pera ng kaniyang tito Nardo ang kaniyang tita Bing. Pagkalabas ng bahay ng kaniyang tiyahin, inutusan siya ng kaniyang tiyuhin na ipasok sa loob ng kuwarto ang kanilang mga dalang gamit at bigas. Isang maliit na silid na natatabingan lamang ng malapad na kurtina na nagsisilbing harang sa sala.

May kaliitan lang ang inuupahang bahay ng kaniyang tito Nardo. Yari sa playwud ang sahig at dingding nito. Nakalatag lang ang banig sa maliit na silid at nasa uluhan ang wala sa ayos na tatlong unan at kumot. May ilang mga nakasalansang mga nakaplastik at nakakartong gamit sa tabi ng dingding. Sa pagpasok ng pintuan ay ang sala at kusina. May tatlong lumang upuang plastik at de-tiklop na mesa. May maliit na lababo ng mga kubyertos at lutuang de-gas. Sa may lababo ay may bintanang nakaharap sa ilog. Mula rito, kitang-kita ang tulay na riles sa ilog-

Pasig. Itinuro naman ng kaniyang tiyuhin ang kubeta, pagkababa ng hagdan. Nagsisilbi raw itong kubeta ng may-ari ng bahay at ng ilang nangungupahan.

Napansin ni Obet na may dinudukot sa ilalim ng bigas ang kaniyang tito Nardo. Nagtaka siya nang makita ang iniahong nakaplastik. May ilan pang mga nakadikit na bigas sa plastik na pinagpag muna ng kaniyang tiyuhin. Tinanggal nito ang nakabalot na plastik. Nang matanggal, nagulat si Obet nang malaman niyang isa pala itong may kalumaang kalibre ng baril na .45. Kinasa ito ng kaniyang tiyuhin at ikinasa uli. Ibinigay ito sa kaniya na bigla niyang ipinagtaka.

"O, itago mo, 'Bet," pabulong na utos ng kaniyang tito Nardo.

"Ho?" nagtatakang sambit ni Obet. "Bakit po ako, Tito?"

"Sige na, itago mo muna sa ilalim ng mga gamit mo sa 'yong bag," pakiusap ng kaniyang tiyuhin. "'Di puwedeng ako ang magtatago nito. Mahilig kasing humalungkat ng mga gamit ko ang tita Bing mo."

Bantulot na tinanggap ni Obet ang baril at mabilis na itinago sa ilalim ng mga damit ng kaniyang bag. Naisip niyang baka datnan pa sila ng kaniyang tita Bing.

"E, 'Bet, h'wag mo itong ipagsasabi sa tita Bing mo at kahit kanino, ha?" pabulong na pakiusap ng kaniyang tiyuhin.

"O-Opo, Tito," sang-ayon ni Obet.

Pagkatapos nilang kumain ng pananghalian, sinabi ng kaniyang tito Nardo na magpahinga muna sila. Nagpaalam na umalis ang kaniyang tita Bing sa kaniyang tiyuhin. Ayon sa kaniyang tito Nardo, tiyak na sa sugalan na naman sa labasan ang punta niyon. Na aabutin na naman ng paglubog ng araw bago

makauwi. Lalo na at alam nito na may nagbabantay kay Maymay. Tinuruan siya ng kaniyang tito Nardo kung paano ang pagbukas ng TV, kung sakaling gusto niyang manood. Binigyan siya nito ng unan at kumot. Na kung gusto rin niyang matulog muna ay ilatag lang daw ang banig sa sala na kanilang dala.

Nakatulog ang kaniyang tito Nardo sa silid na katabi ang anak nitong si Maymay. Inilatag ni Obet ang banig at humiga. Hindi siya nakaramdam ng antok, dahil tila naninibago pa siya. Habang nakahiga ay sumasagi sa balintataw ni Obet ang mga nakaraan niya sa probinsiya ng Aklan. Ang mga araw na kapiling niya ang kaniyang mga magulang, kapatid, kamag-anak, at mga kaibigan. Ang masayang pagsasama ng kanilang buong pamilya, kahit naghihikahos sa buhay. Naalala niya ang kanilang mga pakikibaka sa kahirapan. Kaya naipangako niya sa sarili na tutulungan niyang makaahon sa kahirapan ang kaniyang pamilya sa probinsiya. At umaasa siya na sana rito sa lungsod ng Maynila, makatatagpo siya ng magandang kapalaran. Namalayan na lamang niya na nangingilid na ang kaniyang mga luha. Pinahid niya ito ng kaniyang kamay. Pumikit at nagpatianod sa karimlan.

KINABUKASAN ng hapon, nagpaalam ang kaniyang tito Nardo na maghahatid ng padala mula Aklan sa isang kababayan. Pagkaalis ng kaniyang tiyuhin, nagpaalam siya sa kaniyang tita Bing na may bibilhin sa tindahan. Kasalukuyan itong nanonood ng TV habang nagbabantay sa nakahigang si Maymay. Bumaba siya ng bahay at bumili ng tsitsirya sa tindahan sa may labasan. Gusto rin niyang sanayin ang sarili sa bagong lugar na kaniyang kinasadlakan. Bumalik siya, pero hindi pumasok sa bahay. Naglakad-lakad siya

sa ibabaw ng dike at napaupo na di kalayuan sa kanilang bahay. Napatingin siya sa mga inaanod na mga basura sa nangingitim na tubig ng ilog. Langhap niya ang amoy ng mabahong daloy ng tubig. Napatingala siya sa dalawang kabataang lalaki sa itaas ng tulay na riles na may sinasalap na mga inaanod na plastik sa ilog. Sa di kalayuan, tanaw niya ang tatlong bata na nangangalaykay sa nagkalat na mga basura sa tabing-ilog. Halos nakabaon na ang mga binti ng mga ito sa burak. Malapit sa nagkalat na mga basura ay ang nakabalandrang luma at kalawanging barge, na tila matagal nang inabandona.

Habang nakaupo sa ibabaw ng dike, naikukumpara ni Obet ang kanilang probinsiya at ang lungsod na kaniyang kinasadlakan sa ngayon. Malaki ang pagkakaiba nito. Naisip niyang dito ba sa lugar na ito matutupad ang kaniyang magagandang pangarap sa buhay?

Hindi naman nagtagal si Obet nang maisipang umuwi na. Habang naglalakad, napansin niya na may tatlong lalaki sa tapat ng kanilang bahay, habang kausap ang kaniyang tita Bing. Hindi napansin ng tatlong kalalakihan na paparating siya.

“Pre, ang bango na naman ni kumare, a,” dinig niyang sabi ng isang lalaking medyo payat.

“Oo nga, sarap na namang papakin, P’re,” sabi naman ng isang lalaking pandak, na tinapik sa braso ang isang poging lalaki.

“Kaya nga hindi ko pinagsasawaan ’yan, e” sabi naman ng isang poging lalaki.

“Hoy! Mga gago, me nakakarinig sa inyo,” sabi ng kaniyang tita Bing na biglang napasulyap sa kaniya.

“Pagsasawaang tingnan. Ikaw talaga, Mare, ha,” sabi ng poging lalaki.

“Huwag kang maniwala sa mga pinagsasabi ng mga ’yan, ’Bet, ha,” sabi ng kaniyang tiyahin.

“O-Opo…Tita,” tugon ni Obet.

Ipinakilala siya ng kaniyang tita Bing sa tatlong bisita na mga kumpare nito; sina Didoy Pogi ang pogi, Tikyong Butiki, ang payat at Danny Surot. Nang malamang nakauwi na mula sa probinsyia ang kaniyang tiyuhin, agad na nagpuntahan ang mga ito sa kanila.

May dalang kalahating kahong beer ang mga ito at nagpaalam sa kaniyang tita Bing na mag-inuman sa itaas ng dike. Uumpisahan na raw kaagad nila kahit wala pa ang kaniyang tito Nardo. Inalok din siya ng tagay ngunit tumanggi si Obet. Sinaway din ang mga ito ng kaniyang tita Bing. Baka raw pagalitan siya ng kaniyang tito Nardo, pero ang kaniyang tita Bing ay kasama ng mga ito sa inuman. Nakasusulasok ang amoy ng usok mula sa sigarilyo ng mga ito.

Siya muna ang pinagbantay ng kaniyang tiyahin kay Maymay. Natutulog naman ang bata kaya nanood na lang ng TV si Obet. Nabigla siya sa amoy ng marijuana. Alam niya ang amoy ng marijuana, dahil may kaklase siya dati na gumagamit nito. Pero kahit kailan, hindi siya tumikim nito.

Hindi naman nagtagal, dumating ang kaniyang tito Nardo. Dinig niya ang kumustahan at balitaan ng mga ito. Nakipag-inuman na rin sa mga kumpare nito ang kaniyang tiyuhin. Sa una ay mahinang pag-uusap lang ang maririnig sa mga ito. Pero habang tumatagal ang inuman, nagkakalakasan na ang mga boses sa mga

diskusyon ng mga ito. May pagkakataong mag-aalsaskahan, mag-aasaran, at magtatawanan.

Habang nononood si Obet ng TV, pumasok ang kaniyang tita Bing. Nakisuyo ito na siya na ang magsaing at magprito ng tinapa. Napatingin si Obet sa relong pandingding, lagpas na sa alas sais. Sumunod naman si Obet, dahil sabi ng kaniyang tiyahin medyo natamaan na ito sa nainom na beer. Sa silid, habang kumukuha ng bigas sa sako si Obet, napasulyap siya sa kaniyang tiyahin na nakahilatang katabi ni Maymay. Dahil sa manispis at maigsing suot nitong short, hindi niya maiwasang mapatingin sa mga mapuputing hita nito.

Habang nagkakasiyahan ang grupo ng kaniyang tito Nardo, mag-isang naghapunan si Obet. Mauna na lang daw siyang kumain sabi ng kaniyang tiyuhin. Hindi na rin niya ginising ang kaniyang tita Bing. Habang mag-isang nanonood ng TV, napagtanto niyang lumalalim na rin ang gabi, kaya inilatag na niya ang banig.

SABADO ng magtatakipsilim, isinama si Obet ng kaniyang tito Nardo sa bahay ng foreman nito sa konstruksiyon na si Mang Isko. Nilakad nila ang kahabaan ng riles patungo sa bahay ni Mang Isko na malapit sa highway. Marami silang nakakasalubong na mga nagsisiuwi galing eskuwelahan at trabaho. Katulad din sa kanilang lugar sa may tabing ilog, ang lugar nina Mang Isko. Barumbarong din ang mga bahay sa magkabilang eskinita. May nadaanan silang nag-iinuman sa eskinita at inalok ng tagay ang kaniyang tito Nardo. Mga kakilala naman ng kaniyang tiyuhin ang mga ito kaya nakitagay din ito. Naratnan nila sa loob ng bahay na nag-iinuman sina Mang Isko at ang dalawang kasamahan sa

trabaho. Na kasamahan din pala ni Tito Nardo sa konstruksiyon. Ikinagulat naman ng mga ito ang pagdating nila. May ibinigay na pasalubong ang kaniyang tiyuhin kay Mang Isko. Mga daing at tuyo na ikinatuwa naman ni Mang Isko. Ipinakilala rin siya ng kaniyang tiyuhin kina Mang Isko, Mang Ben, at Kaloy. Inabutan ng isang boteng beer ni Mang Ben ang kaniyang tito Nardo. Inabutan din siya ni Kaloy. Napalingon muna siya sa kaniyang tiyuhin at tanging tango lang ang tugon nito.

Ipinakiusap ng kaniyang tito Nardo kay Mang Isko, na kung maaaring ipasok si Obet bilang piyon sa kanilang trabaho.

“Ilang taon ka na ba, Obet?” tanong ni Mang Isko.

“Disiotso na po, Mang Isko” tugon ni Obet.

Naitanong ni Mang Isko kung makakayan niya ang pagpipiyon dahil napakabata pa raw niya. Pero ang tito Nardo na niya ang sumagot, na sanay na siya sa mabibigat na gawaing bukid sa probinsiya kaya makakaya niya ito. Wala nang iba pinag-usapan at tinanggap naman ni Mang Isko si Obet na magsisimula na sa Lunes. Nagpasalamat ang kaniyang tiyuhin at nagpatuloy sila sa kanilang inuman.

“Maiba ako, Nardo. Nabalitaan ko kasing sinapak daw si Intoy Bato ni Didoy Pogi noong isang gabi, nasabi na ba sa ’yo?” tanong ni Mang isko

“Oho, kararating nga lang namin noon ni Obet galing Aklan,” sagot ng kaniyang tito Nardo.

“I-Ibig mong sabihin… kayo ang nag-inuman no’ng gabing mangyari ang sapakan?” tanong ni Mang Doming.

“G-Gano’n nga ho. ‘Buti at naawat namin. Kasi, muntik nang saksakin ni Edong Palaka si Didoy,” sagot ng kaniyang tito Nardo.

“Dapat nga sinaksak na niya ng tuluyan ang Didoy na ’yan. Perwisyo na ’yan sa ating barangay,” sabi naman ni Mang Ben.

“Traidor ’yan, Nardo. Mag-iingat ka sa taong ’yan… baka ikaw ang tatraidorin n’yan,” may diin ang pagkakasabi ni Mang Isko habang nakatitig sa tito Nardo niya.

“N-Nakikisama naman ho ako sa kaniya,” sabi ng kaayang tiyuhin at sunod-sunod na lumagok ng beer.

“Ang sa akin naman, e, paalala lang, Nardo,” sagot Mang Isko.

Sa mga kuwentuhan nila, maraming napag-alaman si Obet sa tunay na pagkatao ni Didoy Pogi. Ito raw lagi ang pasimuno sa tuwing may gulo sa labasan. Walang makapipigil, dahil matapang na kumakasa sa sinomang kumalaban. Isa pa maraming kasangga. Kapag naagrabyado, hindi titigil hangga’t hindi nakagaganti. Laging nagbabanta sa kalaban na papatayin. Labas-masok na rin sa kulungan, dahil laging sangkot sa gulo, at sa bentahan at paggamit ng iligal na droga.

Ito rin daw ang gumulpi noong isang linggo sa taga-Sta. Mesang dumalaw sa isang kamag-anak sa Beata. Kaya tuloy nagbanta ang grupo ng nabugbog na taga Sta Mesa, na reresbak ang mga ito. Napag-alaman na si Jun Bakulaw daw ang nabugbog na siga rin ng Sta. Mesa. Kaya tuwing gabi, nagbabantayan ang magkabilang grupo sa tulay na riles. Lalo na kapag hatinggabi na raw ay nagbabatuhan ang magkabilang grupo. Ang nakatatakot ay may mga kani-kaniyang dalang patalim, pana, at sumpak ang bawat grupo.

UNANG araw ni Obet na pagtatrabaho sa konstruksiyon. Gumagawa ng andamyo at porma ang mga karpintero sa gagawing ikalawang palapag na bubuhusan ng semento. Tagahakot ng mga cocolumber at semento ang mga piyon. Sinabi ng kaniyang tito Nardo na stay-in sila sa trabaho sa isang subdibisyon sa Muntinlupa, mula Lunes hanggang Sabado. Sabado ng hapon ang kanilang sahod, at uwian. Sa isang kubol sila natutulog na yari sa cococlumber at playwud. Kasama niya sa isang kubol ang kaniyang tito Nardo, si Mang Ben, at ang pamangkin nitong si Kaloy, na isa ring piyon na katulad niyang binata. Si Kaloy ang lagi niyang kasa-kasama sa trabaho. Kapag tapos na ang trabaho sa hapon, nagkakayayaan ang ilang trabahador na mag-inuman. Medyo nanibago si Obet sa trabaho sa konstruksiyon. Pero naisip niya na masasanay din siya sa ganitong uri ng trabaho.

Isang umaga habang naghahakot sila ng mga cocolumber ay nakatapak ng tae si Kaloy. Nagtawanan ang ilang kasamahang piyon, habang pinagpupunas nito ang tsinelas sa malagong damuhan.

“Malas ko naman, umagang-umaga, e, umaalingasaw na ang baho,” sabi ng nandidiring si Kaloy. May mga dumikit pa kasi sa paa niya.

“’Buti nga ’yan sa paa lang… p’wede pang hugasan, tiyak tanggal ang baho,” sabi ng isang karpintero.

“Kaya nga, e … ang mahirap ’yong taehan ka sa ulo,” sabi ng isang mason.

“Aba! Mas matindi ’yon, kahit anong hugas mo, tiyak hindi maaalis ang baho,” dugtong naman ng isang karpinterong kapartner ng kaniyang tito Nardo.

"Kaya nga, e. Nakadikit na ang baho at alingasaw," dugtong naman ng mason. Nagkatinginang napangiti ang mason at karpintero.

Nagtawanan ang halos lahat ng nakarinig, bukod kay Nardo. Napatingin si Obet sa kaniyang tiyuhin, ngunit patuloy lang ito sa paglalagare ng cocolumber.

Sabado. Araw ng suweldo ng mga trabahador sa loob ng isang linggong pagtatrabahao sa konstruksiyon. Pagkatanggap ng sahod, hindi muna dumiretso ng uwi sina Obet at ang kaniyang tito Nardo. Humiwalay sila sa kanilang mga kasamahan. Dumaan muna sila sa Baclaran. Gusto ng kaniyang tito Nardo, na mayroon siyang mabibiling gamit bilang souvenir sa kaniyang unang sahod. Bumili ng mumurahing pantalon at sapatos si Obet. Pudpod na rin kasi ang nag-iisa niyang sapatos mula pa sa probinsya. Bumili rin ang kanyang Tito Nardo ng mga grocery at ilang mga damit ni Maymay. Halos inabot na sila ng dilim sa kaiikot. Nagpasya ang kaniyang tito Nardo na maghapunan muna sila sa isang karinderya.

Sumakay sila ng jeep na may rotang Quiapo. Imbes na sa may Pedro Gil St. sila bababa na paradahan ng mga jeep papuntang Pandacan ay bumaba kaagad sila sa may Rotonda sa Pasay. Sunod-sunuran lang si Obet sa kaniyang tiyuhin. Pumasok sila sa isang hindi kalakihang beerhouse. Pumuwesto sa isang sulok at umorder ang kaniyang tito Nardo ng tig-isang bote ng beer. Mangilan-ngilan pa lang ang mga kustomer sa loob. Hindi mapakali at mapalagay si Obet sa pagkakaupo. Ito ang kauna-unahan niyang pagpasok sa isang beerhouse. Tanging sa mga pelikula lang niya napapanood kung anong lugar ito. May ilang mga waitress na nagsisilbi sa mga kustomer. Medyo may kadiliman ang ilaw-dagitab sa loob.

Napapatingin si Obet sa mga naggagandahan at seksing mga waitress.

Nakadalawang bote na ang kaniyang tito Nardo pero si Obet ay hindi pa nakauubos ng isa. Nagtataka siya dahil may ilang mga nakakakilalang waitress na bumabati sa kaniyang tito Nardo, may nangungumusta. Napansin niya na malalambing ang mga waitress na lumalapit sa kanila.  Ayon sa kaniyang tito Nardo, madalas daw siya noong pumupunta sa lugar na ito.

Ikinuwento ng kaniyang tito Nardo ang lahat, kung papaano nito napangasawa ang kaniyang tita Bing. Sa beerhouse pala dating nagtatrabaho bilang waitress ang kaniyang tita Bing, na mula pa sa probinsiya. Nagustuhan daw ito ng kaniyang tito Nardo at niligawan. Hindi naman nagtagal at tuluyan na silang nagsama bilang mag-asawa. Umalis na sa pinagtatrabahuhang beerhouse ang kaniyang tita Bing. Nangupahan ang mga ito sa isang barumbarong sa lugar ng mga iskwater sa may Beata sa Pandacan. Ang kaniyang tito Nardo ang mag-isang nagtatrabaho at ang tiyahin naman niya ay naiiwan sa bahay. Hanggang sa mabuntis ang kanyang tita bing at ipinanganak si Maymay.

May umupong dalawang waitress sa mesa nila. Ipinakilala sa kaniya ng kaniyang tito Nardo sina Malou at Cathy, dating katrabaho at malalapit na kaibigan raw ang mgaito ng kaniyang tita Bing. Sa kalaunan ay naging malapit na ring kaibigan ng kaniyang tito Nardo.

"Pareng Nard's, musta ka na?" malakas na tanong ni Malou.

"Okey lang naman. Kayo, musta na rin?" ang kaniyang tito Nardo.

“Heto, buhay pa… at bumubuhay pa rin ng mga patay sa dilim!” pilyang sagot ni Malou.

“Uy! Sinong kasama mo? Pogi, a,” tanong naman ni Cathy.

Napatingin si Obet dito na may kaliitan, pero cute.

“A, si Obet nga pala, pamangkin ko mula Aklan,” sagot ng kaniyang tito Nardo.

“Ano mo?” tanong ni Malou.

Napasulyap si Obet kay Malou na balingkinitan ang katawan at matangkad.

“Pamangkin ko,” sagot ng tiyuhin niya.

“Si Mareng Bing nga pala, Par’s, musta na?” tanong ni Malou.

“Do’n sa bahay, nag-aalaga sa anak n’ya,” sagot ng kaniyang Tito Nardo.

“Nagsasama pa rin ba kayo?” sunod na tanong ni Malou.

“S’yempre naman, b-bakit?” sagot ng kaniyang tito Nardo.

“Balita kasi namin, P’re, nagkahiwalay na raw kayo?” tanong ni Malou.

“S-Sinong nagsabi?” gulat na tanong ng kaniyang tito Nardo.

“Basta… n-nabalitaan kasi namin. ‘Di ba, Mar’s,” baling ni Malou kay Cathy.

“Korek ka d’yan, Mar’s,” sang-ayon ni Cathy.

“Umuwi ka na nga raw ng probinsiya. At si Mareng Bing naman daw, e, me bago na raw kinakasamang poging lalaki,” sabi ni Malou.

Matagal na hindi nakaimik ang kanyang tito Nardo. Tinitigan nito nang tuwid si Malou na tila sinusuri kung totoo ang mga pinagsasabi nito. Sunod-sunod itong lumagok ng beer. Tahimik

lang si Obet at nakikinig sa usapan ng mga ito. Paminsan-minsan ay nilalagok ang bote ng beer. Patingin-tingin sa dalawang waitress at sa bagong nagdadatingang mga kustomer.

“A, wala ’yon, paanong mangyayari ’yon, e, kababalik ko nga lang noong nakaraang linggo,” mariing sagot ng kaniyang tito Nardo.

“Sabagay... tama nga rin, baka tsismis lang ’yon,” pampalubag loob ni Malou.

Umorder pa ang kaniyang tito Nardo ng apat na boteng beer. Inalok ang dalawa ng ladies drink, pero tumanggi ang mga ito. Sa ibang kustomer na lang daw babawi ang mga ito.

“Bagong salta pala ‘tong si Obet sa Maynila, Pareng Nards?” tanong ni Cathy.

“Oo, no’ng ’sang linggo lang. Sinama ko pagbalik,” sagot ng kaniyang tito Nardo.

“Me itsura s’ya... kahit kayumanggi. Samantalang ikaw...” sinundan ng pilyang tawa ni Malou at nakitawa na rin si Cathy.

“Ikaw talaga, Mare, ha, hanggang ngayon wala ka pa ring ipinagbago.”

Kinurot sa hita ng kaniyang tito Nardo si Malou. Napahiyaw ito at humalakhak. Napasulyap si Obet sa paghawak ni Malou sa kamay ng tito Nardo niya. Umusod ito sa kaniyang Tito Nardo at may ibinulong. Napansin niyang nakatitig sa kaniya ng malagkit si Malou. Napangiti ang kaniyang tito Nardo. Tumungga uli ng beer.

“Uy! ’Yang beer mo, ’Bet, o, tinutubuan na ng ugat,” sabi sa kaniya ni Cathy, habang inaangat ang kaniyang bote ng beer.

Lumagok uli ng beer si Obet.

Napansin niyang medyo may tama na rin ang kaniyang tito Nardo. Dahil nakikipaglambingan na rin ito kay Malou.

"'Di nga p'wede 'yan," narinig niyang sabi ng kaniyang Tito Nardo.

"Hmmn... ayaw mo lang yata na ako ang magbinyag," umirap na sabi ni Malou.

"Sige na, atupagin n'yo na ang mga kustomer n'yo. Ayan at may mga bagong dating na naman," sabi ng kaniyang tiyuhin.

Tumayo si Malou at saglit pa itong nakipag-usap sa kaniyang tito Nardo. Nagpaalam na rin si Cathy. Nakipagkamay uli si Cathy kay Obet at bago tuluyang umalis ay mariing pinisil nito ang kaniyang palad.

Nakailang bote pa sila ng beer. Hindi na nila namalayan na lumalalim na ang gabi. Mag-uumpisa na sana ang show ng mga dancer, pero dahil malalim na ang gabi, nagpasiya na ang kaniyang tito Nardo na umuwi.

KAHIT medyo mabigat sa loob ni Obet ang magtrabaho sa konstruksiyon, wala na siyang magagawa. Kaysa naman palamunin lang siya sa bahay na walang ginagawa. Isa pa, hindi naman siya makakapamili ng magagandang trabaho, dahil haiskul lamang ang kaniyang natapos. Sadyang naiinggit din siya sa mga nakapagtapos ng kolehiyo na nagtatrabaho na sa magagandang posisyon sa gobyerno o sa pribado man.

Sa araw-araw na pagtatrabaho bilang isang piyon, nakasanayan na rin niya ito. Tuwing Sabado ng hapon sila umuuwi ng kaniyang tito Nardo sa Pandacan, tuwing Lunes naman ng umaga sila bumabalik sa trabaho.

Nakagawian na rin ng kaniyang tito Nardo na kapag araw ng sahod tuwing sabado, dumadaan muna silang dalawa sa beerhouse sa Pasay. Dito sila malimit magpalipas ng oras habang umiinom ng beer. Minsan ka-table at kainuman nila sina Malou at Cathy. Masarap kasing kainuman ang dalawang waitress dahil bukod sa malalambing ay mga kalog din. Nagkamabutihan na nga rin sila ng loob ni Cathy.

Ayon sa kanyang tito Nardo, mas mabuti pang sa beerhouse na lang sila magpalipas ng oras kaysa umuwi kaagad. Sadyang umiiwas na ang kaniyang tiyuhin sa mga kumpare nitong kainuman na sina Didoy Pogi, Tikyong Butiki, at Danny Surot. Halos tuwing mag-iinuman na lang kasi ay ang tiyuhin na lang lagi ang bumibili ng alak. Isa pa, kapag nalasing na ang mga ito, makukulit, maiingay, at laging nauuwi sa gulo.

Dumating ang araw ng pagbubuhos sa ikalawang palapag ng bahay. Nanibago si Obet sa bigat ng trabaho. Pagbubuhat ng semento o di kaya ay paghahakot ng buhangin at graba. Walang patid ang kanilang trabaho hanggang sa inabot ng gabi.

Kinaumagahan, masakit ang katawan at naghihina si Obet. Sinabi niya sa kaniyang tito Nardo na masama ang kaniyang pakiramdam. Hindi na siya pinapasok ng kaniyang tiyuhin. Magpahinga na lamang daw siya. Ayon sa kaniyang tiyuhin, nanibago lang siya sa bigat ng trabaho. Ito na raw ang magpapaalam sa foreman na si Mang Isko.

Araw pa lang ng Miyerkules, pero nagpasya ang kaniyang tito Nardo na pauuwiin siya sa Pandacan para makapagpahinga. Uuwi rin naman daw si Mang Doming pagkatapos ng trabaho. Minsan, dalawa o tatlong beses sa isang linggo kasi ito umuuwi sa Pandacan.

Binigyan siya ng pera ng kaniyang tiyuhin para pamasahe, pambili ng gamot at lutong ulam para sa hapunan.

Nakarating sila sa Beata, na mag-aalas tres ng hapon. Naghiwalay sila ni Mang Isko sa riles. Parang giniginaw ang pakiramdam ni Obet. Dumating siya sa bahay na nakasarado ang pinto. Naisip niyang baka wala ang kaniyang tita Bing. Ngunit nang pihitin niya ang doorknob ay hindi naman ito naka-lock. Marahan niyang binuksan ang pinto. Tuloy-tuloy siyang pumasok pero walang tao sa sala. Hinawi niya ang kurtina ng silid para silipin kung nasa loob ang kaniyang tita Bing at si Maymay. Nabigla siya sa kaniyang nakita. Magkaulayaw ang kaniyang tita Bing at si Didoy sa higaan na hubo't hubad. Biglang nagulat ang dalawa nang makita si Obet. Dali-daling bumangon ang kaniyang tita Bing na binalot ng kumot ang kahubdan nito. Lumabas ito ng silid na nanlilisik ang mga matang nakatitig kay Obet.

. "Putang-ina mo, Obet! Kumatok ka naman bago ka pumasok!" gigil na sabi ng kaniyang tita Bing.

Imbes na ang kaniyang tita Bing ang mahiya sa ginawa, siya pa ang nahiya.

Hindi siya makatingin nang diretso rito, nakayuko lamang siya at naghihintay kung ano ang gagawin sa kaniya ng kaniyang tiyahin.

"S-Sorry po, Tita," paumanhin ni Obet.

Inirapan at sinimangutan lang siya ng kaniyang tita Bing at pumasok sa silid.

"E, Mare… s-sige ha, aalis na lang muna ako," sabi ni Didoy na nakabihis na at papalabas na ng silid.

“S-Sige, Pare… salamat sa lahat. Bawi ka na lang sa sunod,” sabi ng kaniyang tiyahin na parang walang anumang nangyari.

Hindi nakakilos si Obet sa kinatatayuan. Naisip niyang siya ang sagabal sa naudlot na kaligayahan ng mga ito.

“Alis d’yan! Haharang-harang ka d’yan,” matigas na sabi ni Didoy, sabay balya sa kaniya na muntik nang madapa sa sahig.

Kinakabahan man ay inilapag ni Obet sa mesa ang dalang lutong ulam at napaupo sa mahabang bangko na hindi alam ang gagawin. Mas lalo siyang nanlamig. Tinatantiya niya kung mas lalo siyang pagagalitan ng kaniyag tita Bing dahil wala na si Didoy.

Maya-maya ay lumabas ng silid ang kaniyang tita Bing na nakabihis na ng duster. Napayuko uli siya at nakiramdam sa bawat kilos ng kaniyang tita. Lumapit ito sa kaniya at tumabi ng upo.

“Tang-ina mo! Huwag na huwag kang magkakamaling magsumbong kay Nardo, ha?” matigas na sabi ng kaniyang tita Bing. “Ipayayari kita sa tropa ni Didoy!”

Tumayo ang kaniyang tita Bing at uminom ng tubig sa may mesa.

Mas lalong nanlamig si Obet. Hindi siya makapagsalita. Tanging tango lang ang kaniyang tugon.

“Bakit nga pala umuwi ka kaagad?” matigas pa rin ang boses ng tiyahin.

“E, kasi po, masama po ang pakiramdam ko, Tita.”

“Ha! Gano’n ba?”

“Para po akong lalagnatin,” humihikbi ang boses ni Obet.

“Teka… mainit ka nga,” sabi ng kaniyang tiyahin habang dinadampi ang palad nito sa kaniyang noo.

“E, Ano ba ’yang binili mong ulam, ’Bet?” tanong ng kaniyang tita Bing.

Tila nakaramdam ng ginhawa si Obet, sa malumanay na tanong ng kaniyang tiyahin.

“E, menudo at bopis po, Tita,” mahina niyang sagot.

“A, ’Bet, h’wag mo nang isipin ang nakita mo kanina sa silid, ha?” sabi ng kaniyang tita Bing.

“O-Opo, Tita.”

“Wala ’yun. Basta, h’wag ka lang magsusumbong sa tito mo, ha?”

Tumango siya.

Habang isinasalin ni Obet ang mga ulam sa mangkok ay nilapitan siya ng kaniyang tita Bing. Inakbayan siya at ginulo-gulo nito ang kaniyang buhok. Nakaramdam siya ng kabog sa dibdib. Nakadikit ang katawan ng kaniyang tita Bing sa kaniyang tagiliran. Nakiramdam lang siya.

“O, mukhang nahihiya ka pa yata, ’Bet, ha. Para kang hindi lalaki… okey ka lang?”

“O-Okey lang po, Tita.”

“Sige, magpahinga ka na muna do’n sa silid, kay Maymay… magsasaing muna ako.”

“Dahan-dahang pumasok sa silid si Obet. Nahiga sa tabi ng natutulog na si Maymay.

Kinabukasan, medyo bumuti na ang pakiramdam ni Obet. Buong araw siyang nagpahinga. Siya ang tagabantay kay Maymay nang magpaalam ang kaniyang tita Bing na magsusugal sa may labasan.

Biyernes ng dapithapon, habang nanonood ng TV si Obet ay napalingon siya sa pagpasok ng kaniyang tita Bing. Napansin niyang may bitbit na dalawang grande ng beer at litsong manok.

"O, tagay tayo, 'Bet," sabi ng kaniyang tita Bing. "Tamang-tama me pulutan tayo. Nakas'werte sa tong-its."

"Po?" nabigla si Obet.

"'O, 'di ba okey na ang pakiramdam mo?" sabi ng tiyahin habang kumukuha ng baso. "Pag-inalagaan mong sakit na 'yan, magkakasakit kang lalo."

"Nabigla si Obet nang biglang lumagok ng beer sa baso ang kaniyang tita Bing. Nagsalin uli sa baso ng beer at inabot sa kaniya.

"O, tagay mo," sabi ng kaniyang tita Bing. "Huwag mong sabihing tatanggihan mo ako. Tamang-tama 'yan matatanggal ang pananakit ng katawan mo."

Dahan-dahang uminom si Obet at ang sigid ng lamig ng beer sa kaniyang lalamunan ay nagpabago ng kaniyang pakiramdam. Natangay siya sa inuman at kuwentuhan nila ng kaniyang tita Bing. Hanggang sa hindi na nila namalayan ang paglipas ng oras. Naubos nila ang dalawang bote.

Nakatulog habang nakahilig sa mesa ang kaniyang tita Bing. Tinangka niya itong gisingin para lumipat sa silid pero ayaw magising. Biglang narinig niya ang iyak ni Maymay. Dali-dali niya itong nilapitan. Alam niyang gutom ito. Nalilito siya sa kaniyang gagawin. Nang makita ang may lamang gatas na tsupon ay ibinigay dito. Tumahan naman ang bata habang dumedede. Tinabihan niya ito, hanggang sa nakatulog muli ang bata. Nagpasiya siyang sa tabi na lang ni Maymay mahiga, dahil baka magising uli ito at umiyak. Kapag nagising na lang ang kaniyang tita Bing at lumipat sa silid,

saka siya lilipat sa sala. Pero ang dalaw ng antok ay hindi na niya nakayanan. Sanhi na rin siguro sa tama ng ilang basong beer na nainom niya.

Nagising si Obet tila mabigat ang kaniyang hita at katawan. Naalala niya kagabing nakatulog pala siyang katabi ni Maymay sa kuwarto. Pero napagtanto niyang hindi si Maymay ang nakayakap at nakadantay sa kanya ngayon, kundi ang kaniyang tita Bing. Pinakiramdaman niya ito kung gising o tulog. Nakaramdam siya ng kabog ng dibdib, dahil sa nakadikit sa kaniya ang malambot na katawan ng kaniyang tita Bing. Halos tahimik na ang gabi. Sa tantiya ni Obet ay baka mga alas tres na ng madaling araw. Kakaibang init ang naramdaman niya ng mga sandaling iyon. Hindi niya mawari kung ano ang gagawin. Gusto man sana niyang bumangon pero parang wala siyang lakas. Mas lalong humigpit pa ang yakap sa kaniya ng kaniyang tita Bing. Dahan-dahan ang kaniyang mga kilos at galaw.

Kinaumagahan ay abala si Obet sa paghahanda ng almusal, habang humihigop ng mainit na kape. Ang init at lasa ng kape ang tila nagpabalik sa kaniyang alaala sa maiinit na nangyari kagabi. Napailing siya at napabuntong-hininga. Narinig niya ang iyak ni Maymay. Nagising ang kaniyang tita Bing at lumabas ng silid.

“O, d’yan ka na pala, ’Bet. Nakapag-init ka na ba ng tubig?” tanong nito

“Opo, Tita.”

“’Buti naman. Ipagtitimpla ko lang ng gatas si Maymay.”

Wala silang kibuan habang nagtitimpla ng gatas ang kaniyang tita Bing. Nang matapos ay dali-daling pumasok sa silid. Maya-maya ay hindi na niya narinig ang iyak ng bata.

Lumabas uli ang kaniyang tita Bing. Nagtimpla ng kape at umupo sa mesa na kaharap niya. Nakailang higop ito ng kape.

"Matanong nga kita, 'Bet. Saan ka ba natulog kagabi?"

"E, sa silid po."

"A-Ano! Bakit?" nanlaki ang mga mata ng kaniyang tita Bing, habang nakatitig sa kaniya.

"Sinamahan ko po kasi si Maymay."

"Ibig sabihin… magkatabi tayong natulog?"

"E, hindi po… nakatulog po kayo dito sa sala. Nang malasing po kayo."

"O! Totoo?" Inangat nito ang tasa ng kape.

"O-Opo!" Napayuko si Obet.

"Hindi, e, kasi nagising ako kagabing magkatabi tayo."

"Hindi ko rin po kasi namalayan na pumasok po kayo sa silid."

"Putang-ina mo, Obet, pinasok mo ako sa silid, 'no?" lumakas ang boses nito at tinampal siya sa braso.

Umiling-iling si Obet. Hindi siya makapagsalita.

"Malay ko bang pinagsamantalahan mo ako kagabi, dahil sa kalasingan ko," mariing sabi ng kaniyang tita Bing habang padaskol na inilapag ang kape sa mesa. Natapon ang ibang kape sa tasa.

"Hindi po!" iling ni Obet.

"Shit ka! Obet, ha, ginapang mo ako, 'no?" giit ng kaniyang tiyahin at dinuro siya nito. "Isusumbong kita sa pulis. O kaya… kay tito Nardo mo, pagdating niya mamaya."

Biglang gumapang ang kilabot sa katawan ni Obet sa banta ng kaniyang tita Bing.

“Huwag po, Tita. Huwag n’yo pong isusumbong kay Tito,” garalgal na ang boses ni Obet. Napahikbi siya at umiling-iling.

“O, kitam! Sabi na nga ba, e, totoo.”

Tumayo ang kaniyang tita Bing at lumapit sa kaniya. Inakbayan siya at hinagod-hagod ang balikat.

“Uy! Tama na ngang drama ’yan. Hindi naman talaga kita isusumbong, ’Bet e,” samo ng kanyang tita Bing.

“Sana po, Tita,” mahinang sabi ni Obet.

“Okey, basta ang kasunduan natin, e, walang sumbungan, ha?”

“O-Opo, Tita.”

Pinisil ng kaniyang tita Bing ang pisngi niya at pumasok uli ito ng silid.

BAGO magtanghali, inutusan si Obet ng kaniyang tita Bing na bumili ng sariwang isda sa talipapa. Nakaramdam siya ng kaba nang bumalik. Nakita niya may grupong nag-iinuman sa may labasan. Nakaupo sila sa palibot ng maliit na mesa. Nag-aalangan sana siyang dumaan, dahil naroon si Didoy Pogi. Gusto sana niyang lumihis ng daan, pero nakita na siya nito. Habang naglalakad, hindi siya makatingin nang diretso sa mga nag-iinuman.

“’Bet, tagay ka muna,” sabi ni Didoy, habang inaabot kay Obet ang basong may lamang alak na gin.

“E, sige po salamat,” sabi ni Obet. Hindi niya tinanggap ang baso dahil alam niyang hindi kaya ng kaniyang sikmura ang ganong klaseng inumin.

“Sige lang...walang anuman!” malakas na sabi ni Didoy, inilapag sa mesa ang basong may alak, habang tumayo palapit sa kanya.

“’Di ka yata kilala, P’re, a,” sabi ng kasamang si Tikyong butiki.

Lagpas na sana sa grupo sa paglalakad si Obet ngunit bigla siyang hinaltak ni Didoy sa braso pabalik sa mesa.

“Putang ina mo! Suplado mo, a!” galit na sabi ni Didoy.

Napayuko lang si Obet at nanatiling walang kibo.

“H’wag na h’wag kang magkakamaling magsusumbong, kay Pareng Nardo, ha? Itutumba kita!” matigas na banta ni Didoy.

Alam ni Obet ang tinutukoy nitong dahilan. Noong umuwi siyang naratnan niyang kaulayaw nito sa kuwarto ang kaniyang tita Bing. Alam niyang mga lasing na ang mga ito. Nakaramdam siya ng panginginig ng katawan. Iniisip kung paano siya makaiwas sa mga ito. Nagkatingin din sa kaniya na nakangisi ang kasamahan ni Didoy na sina Tikyong Butiki at Danny Surot.

“Hayaan mo na ’yan, Pre... nakakahiya kay pareng Nardo,” sabi ni Tikyo.

Binitawan si Obet ni Didoy.

“Ano? Iinumin mo ba ’yan o hindi?” tanong ni Didoy.

“Sige na, ’Bet, inumin mo na ’yan. Baka ma-badtrip na naman itong kumpare namin,” utos ni Danny Surot.

Walang nagawa si Obet kundi sundin si Didoy para matapos na. Bigla niyang tinungga ang basong may lamang gin. Nagpaalam at nagmamadaling umalis.

LINGGO ng hapon, nagpaalam ang kaniyang tita Bing na maglalamay sa isang kamag-anak nito sa Pasay. Doon raw ito magpapalipas ng gabi. Magpupuyat daw ito at kinabukasan na raw uuwi. Hindi muna siya pinayagan ng kaniyang tito Nardo na bumalik na sa trabaho. Tamang-tama raw kinabukasan, may magbabantay kay Maymay, dahil umalis ang kaniyang tita Bing.

Pagkatapos nilang maghapunan ng kaniyang tito Nardo, nagpabili ito ng isang longneck na alak. Niyaya rin siyang uminom nito, pampatulog lang daw. Habang magkatabi sila ng kaniyang tito Nardo ay hindi siya mapalagay. Nalilito siya at naiisip na baka naisumbong na siya ng kaniyang tita Bing sa nangyari sa kanila noong isang linggo. Bagaman ginapangan siya ng kaba sa dibdib, pinaunlakan pa rin niya ang kaniyang tiyuhin.

Sa una ay pawang mga tungkol lamang sa trabaho nila ang kanilang napag-uusapan. Pero nang medyo may tama na ang kaniyang tito Nardo, nag-iba na ang kanilang mga pinag-usapan.

“A, ’Bet, ’pag wala ako rito, sino-sino ang nakikita mong pumupunta rito sa bahay?” tanong ng kaniyang tito Nardo.

“E, minsan po si Kuya Didoy… at sina Kuya Tikyo at kuya Danny.”

“Nag-iinuman ba?”

“O-Opo… minsan d’yan po sa dike.”

“Lagi ba sila rito, kahit di nag-iinuman?”

“A, minsan lang po. Sa labasan po sila nag-iinuman.”

“E, teka me nabalitaan akong… nasita ka raw ni Didoy sa labasan. Bakit?”

“A, e, wala po ’yun. Tinanong niya lang po kung anong ulam ang binili ko.” pagsisinungaling ni Obet.

"A, gano'n ba. Huwag siyang magkakamali!" matigas na sabi ng kaniyang tito Nardo. Napatiimbagang ito at lumagok ng alak sa baso.

Tumagay na rin ng alak sa baso si Obet at uminom.

"Wala ka bang napapansin dito sa loob ng bahay, 'Bet?" tanong ng kaniyang tiyuhin habang nakatitig sa kaniya.

"Gaya ng ano po, Tito?"

"'Yung mga nakikita mong pumapasok dito sa bahay. 'Yung mga bumibisita kay tita Bing mo?"

"W-Wala naman po, Tito," bantulot na sagot ni Obet .

Parang nakaramdam na si Obet na parang may alam na ang kaniyang tito Nardo sa mga nangyayari sa kanilang bahay. Pero buo na ang pasiya ni Obet na hinding-hindi niya ipagtatapat ang kaniyang nasaksihang kataksilan ng kaniyang tita Bing at Didoy at ang pagkalulong ng mga barkada nito sa droga. Tiyak na malaking kaguluhan kung sakaling isusumbong niya ang mga natuklasan. Hindi pa siya handa, baka may tamang panahon din para maipagtapat niya ang mga ito sa kanIyang tiyuhin. Maging ang nangyari sa kanila ng kaniyang tita Bing, minsan isang gabi. Nagpasiya siyang ililihim muna ang lahat-lahat sa kaniyang tito Nardo.

Nakokonsensiya rin si Obet, kaya lang wala na siyang magagawa. Hindi naman niya kagustuhan ang mga nangyari sa kanila ng kaniyang tita Bing. Natukso lang siya, dahil sadyang tinukso siya ng kaniyang tiyahin. Tanging nagkataon lamang iyon na hindi niya sukat akalaing mangyari.

Sunod-sunod na lumagok ng alak sa baso ang kaniyang tito Nardo.

Kinaumagahan, nabigla si Obet sa ibinalita ng kaniyang tito Nardo. Ayon dito ay nahuli ng mga pulis ang kaniyang tita Bing sa Pasay kagabi. Nahulihan daw ito ng ilang sachet ng marijuana at shabu. Naipagbigay alam ng taga-barangay sa kaniyang tito Nardo ang mga nangyari sa kaniyang tita Bing. Hindi raw basta-basta ang kasong ito, dahil walang inirekomendang piyansa para sa pansamatalang kalayaan nito. Siguradong makukulong ang kaniyang tiyahin. Dali-dali namang pinuntahan sa presinto ng kaniyang tito Nardo ang kaniyang tita Bing sa Pasay.

NAGISING si Obet dahil sa sigawang iyon mula sa itaas ng riles. Nakita niyang sumisilip na sa may bintana ang kaniyang tito Nardo. Bahagyang nakahawi ang kurtina ng bintana. Bumangon siya at dahan-dahang lumapit sa kaniyang tiyuhin na bahagyang nagulat sa kaniyang paglapit. Nakisilip siya sa bintana. Nag-aagaw ang dilim at liwanang sa itaas ng riles. Aninaw ang paligid mula sa liwanag na nagmumula sa mga ilaw ng poste at labas ng mga bahay.

"H'wag kang maingay," sabi ng kaniyang tiyuhin.

"Ano po 'yon Tito," pabulong na tanong ni Obet.

"Me nag-aaway na taga-Sta. Mesa at taga dito sa atin," pabulong ding sagot ng kaniyang tiyuhin.

"Sino, Tito?"

"Palagay ko'y grupo nina Didoy."

May kalalakihang nagmumurahan at naghahamunan ng away. Nag-aabang lang ang bawat grupo kung sino ang unang lalapit, na ang namamagitan ay ang tulay na riles. Nagmatyag sila sa mga magaganap pa. Hindi nagtagal ay may kumalansing na mga bote at bato sa riles sa batuhang naganap sa magkabilang grupo.

Bumulong kay Obet ang kaniyang tito Nardo na nagpaalam na magmamatyag ito sa labas. Mahigpit pang bilin nito sa kaniya na huwag lumabas ng bahay ano man ang mangyari. Nagpaalam ang kanyang tiyuhin na lalabas muna ng bahay at magmamatyag sa ibaba sa mga mangyayari. Dahan-dahang bumaba ang kaniyang tito Nardo. Dahan-dahan rin niyang isinara ang pinto at hinayaang hindi naka-lock ayon sa bilin nito sa kaniya.

Biglang may naalala si Obet. Dahan-dahan siyang pumasok sa kuwarto. Hindi na niya binuksan ang ilaw, dahil ito rin ang bilin ng kaniyang tito Nardo. Alam niyang mahimbing ang tulog ni Maymay sa mga oras na ito. Kahit may kadiliman sa loob, kabisado niya ang kaniyang mga kilos at galaw. Kinapa niya sa sulok ang kaniyang bag ng mga damit. Nakaramdam siya ng kabog sa dibdid nang mapagtantong wala roon sa pinaglagyan niya ang baril ng kaniyang tiyuhin. Malakas ang kutob niyang dala ng kaniyang tito Nardo ang baril.

Mas malakas na sigawan, hamunan, kalansing at kalampag ang narinig ni Obet. Sumilip uli siya sa bintana. Wala siyang maaninaw na tao sa itaas ng dike. Hindi rin niya maaninaw ang kaniyang tiyuhin sa ibaba. Walang pakialam ang mga kapitbahay sa kaguluhang nagaganap. Naisip niyang baka walang kaalam-alam ang mga ito. O di kaya ay sadya lang takot lumabas ang mga ito at kagaya rin niyang nagmamatyag lang, dahil halos walang bukas na mga ilaw ang mga kabahayan.

Maya-maya ay nakarinig si Obet ng putok ng baril na sa tantiya niya ay mula sa taga-Sta. Mesa. Isa pang putok uli na tila mula naman sa taga-Pandacan. Nagkalansingan uli at kasunod ang ilang putok ng baril. Nakaramdam siya ng kaba at dahan-dahang

bumalik uli sa bintana at sumilip. May narinig siyang tila humihingi ng tulong na hindi niya mawari. Biglang natahimik ang tulay. Dinig niya ang mga samot-saring ingay sa may di kalayuan. Naisip niyang maaaring sa labasan. Mas lalong kumabog ang kaniyang dibdib nang maalala ang kaniyang tito Nardo. Nag-aalala rin siya na baka kung ano na ang nangyari rito sa labas. Nabaling ang kaniyang paningin sa pinto na may tumutulak nang dahan-dahan. Banaag niya mula sa pusikit na liwanang na nagmumula sa bintana ang kaniyang tiyuhin na dahan-dahang pumasok sa bahay.

"Si Maymay, nagising ba?" pabulong na tanong ng tito Nardo.

"Hindi po," pabulong ding tugon ni Obet.

Hinila niya si Obet at pasalampak silang napaupo sa banig.

"Anong nakita at narinig mo kanina sa itaas ng riles," pabulong pa ring tanong ng kaniyang Tito Nardo.

Pabulong na ikinuwento ni Obet sa kaniyang Tito Nardo ang kaniyang mga nasaksihan kanina sa naganap na away sa itaas ng riles.

"Nasapol ko siya sa dibdib at ulo," bulong ng kaniyang tiyuhin. Banaag niya sa loob mula sa pusikit na liwanag habang inuumang ng kaniyang Tito Nardo ang baril paitaas. Tama nga ang hinala niya kanina, na dala-dala ng kaniyang tito Nardo ang baril nito paglabas ng bahay.

"Sino po ang nasapol, n'yo, Tito?" pabulong na tanong ni Obet.

"Ang ahas," pabulong na sagot ng kaniyang Tito Nardo.

"S-Sinong ahas, Tito?"

"Ang ahas na si Didoy."

Biglang gumapang ang kilabot sa katawan ni Obet. Natahimik siya ng ilang sandali. Tinapik-tapik siya ng kaniyang tiyuhin sa balikat.

“Me nakakita po ba sa inyo?” tanong ni Obet.

“Sa palagay ko’y wala. Madilim sa pinagkukublihan ko. Pero malay natin.”

“Sana po wala.”

“Basta pangako mo sa akin, ano man ang mangyari,” bulong ng tiyuhin niya. Habang mariin ang dantay ng kamay nito sa kaniyang balikat.

“A-Ano po ’yon, Tito?”

“Huwag na huwag kang magsusumbong kahit kanino.”

“Opo, Tito.”

Pinisil-pisil ng kaniyang Tito Nardo ang kaniyang balikat.

Madaling araw pa lang. Bitbit na ni Obet ang kaniyang dalang bag ng mga gamit. Samantalang ang kaniyang Tito Nardo ay karga-karga ang natutulog na si Maymay at bitbit din ang isang bag ng mga gamit. Dahan-dahan ang kanilang mga hakbang pababa ng bahay. Tahimik lang siyang nakasunod sa kaniyang Tito Nardo. Maingat ang kanilang galaw na sana ay hindi makagawa ng anumang ingay. Sa nag-aagaw na dilim at liwanag ay tinalunton nila ang kahabaan ng ibabaw ng dike hanggang sa kabilang barangay. Ayon sa kaniyang Tito Nardo ay hindi na sila dadaan sa riles. Kahit may kalayuan ay minabuti nilang sa kabilang barangay na dadaan. Bumaba sila ng dike at tinalunton uli ang isang eskinita. Lumagos sila sa isang maliit na kalsada. May mangilan-ngilan na ring mga taong nakasabay at nakasalubong nila. Pero tila walang pakialam sa kapwa ang mga ito na kagaya rin nilang nagmamadali

ang mga hakbang. Alam niyang sa nag-aagaw na dilim at liwanag ay hindi makikilala ang kaniyang Tito Nardo dahil sa suot nitong jacket at sombrero.

Mula sa di kalayuan ay tanaw na ni Obet ang highway. Patuloy lang sila sa paglalakad. Kahit nakaramdam ng pagod ay minabuti nilang hindi magpahinga. Tanaw na niya ang mga dumaraang paroo't paritong iba't ibang uri ng mga sasakyan sa highway na karamihan ay mga jeep.

Kinausap na si Obet kagabi ng kaniyang Tito Nardo tungkol sa kanilang gagawin. Hindi sila nakatulog kagabi. Nanatili lamang silang nagmatyag sa mga nangyari. Buo na ang kanilang pasiyang lisanin ang lugar. Pinag-usapan na nila kagabi na kailangan bago mag-umaga ay makasampa na sila ng barko patungong Aklan.

Naisip ni Obet na sadyang hindi ito ang lugar na nararapat para sa kaniya. Ipinangako niya sa sarili na ang lahat ng mga nangyari sa kanila ng kaniyang Tito Nardo ay mananatiling isang lihim. Silang dalawa lang ng kaniyang Tito Nardo ang tanging makakaalam ng lahat. Doon sa kanilang probinsiya sa Aklan ay tutulungan niyang mamuhay nang tahimik ang kaniyang Tito Nardo. Kahit bumalik pa sila sa mga gawaing bukid. Huwag lang manatili sa maingay at magulong lungsod ng Maynila. Pilit niyang ibabaon sa limot ang mga pangyayaring minsang naganap sa kaniyang buhay.

Pinagmasdan niya ang natutulog na si Maymay sa balikat ng kaniyang tito Nardo na may talukbong sa ulo. Nakaramdam siya ng awa sa bata. Ang batang walang kamuwang-muwang sa mga pangyayari. Natitiyak niya, na doon sa Aklan ay maaalagan nila

ito nang mabuti. Kasama ang kaniyang tito Nardo at kaniyang ina. Palalakihin nila ito na isang mabuting bata.

Doon sa kanilang probinsiya na malayo sa tukso at pagkakasala. Malayo sa atungal ng mga makina at hiyawan ng mga taong salot sa lipunan. Mas nanaisin pa nilang magsaka na lang sa bukid kaysa manatili sa lungsod na sadyang magbubulid sa kanila sa pagkakasala. Palalakihin nila ito na may takot sa Diyos. Ipinangako ni Obet sa sarili na kailanman, hinding-hindi na siya babalik sa lugar na ito. Sa lungsod na ito na minsang nagbulid sa kaniya sa pagkakasala.

Nabigla siya sa tapik sa kaniyang balikat ng kaniyang tito Nardo. May humintong taxi sa tapat nila. Binuhat niya ang kaniyang bag at nagmamadali silang sumakay.

# JOSH PARADEZA

Si Josh Paradeza ay isang manunulat na tubong Zambales. Napabilang sa iba't ibang palihan at pinagpalang nagwagi sa ilang mga patimpalak sa panitikan maging sa experimental short films. Sa kasalukuyan, sinusubukan niyang isapapel ang mga tinatanaw na posibilidad ng queer narratives—o anumang attributes nito—at kung paanong ang kuwento ay sabay na pagbubuo ng mundo sa sarili at pagbubuo ng sarili sa mundo. Mahilig siya sa tokwa.

# PERLA, ANG KALBONG SIRENA

"Binibigyan pala ng paa ang syokeh?"

Pinigilan ni Perla ang sarili na ihambalos kay Manilyn ang mangkok ng adobong pusit. Imbes na manamnam ang bagong flavors labas sa alat ng dagat ay kailangan niyang tiisin ang mga tanong ng kapatid ni Bandam. Kundi lang niya uutangan ang babae ng pamasahe papuntang Maynila ay hindi siya magtitiis sa bunganga nito.

Kunsabagay, kataka-taka naman talaga ang transformation ni Perla. Epekto ng sobrang panonood ng TV, sabi ng nanay niyang si Nanette, nang unang ipahayag ni Perla ang pangarap na rumampa sa "Miss U and A". Hanggang sa pag-alis ni Perla ay kontra pa rin si Nanette sa pagiging beauconera nito. Kung hindi raw siya nagbababad sa pampang para makasulyap sa mga pinapanood nila Bandam ay hindi ito magrerebelde nang ganyan. Paniguradong hindi rin sana iitim ang siko niya sa maghapong pagsasalumbaba sa dike. Natigil lang ang arawang pagbababad nang ibenta ni Bandam ang TV pambayad sa kabaong ng sariling ina.

Mabalik sa legs ni Perla. Partikular siya sa hiniling sa Mahiwagang Tahong: kung hindi rin kay Angelica Jones aka Miss Flawless ang legs na makukuha ay babalik na lang siya sa dating pwesto sa dagat at magmamaktol sa piling ng mga patay na korales. Maswerte si Perla dahil suportado ng Mahiwagang Tahong ang paglabas niya sa telebisyon—minsan lang makapanood ang Mahiwagang Tahong ng kababayan kaya ibinigay agad ang hiling ni Perla. Pagdating na pagdating ng sirena sa pampang ay napalitan agad ang malansang palikpik at buntot ng tuhod at legs ng mestiza.

“Sana humingi ka rin ng buhok,” sabi ni Manilyn, tumatalsik ang kanin mula sa bibig. Huminga nang malalim si Perla, bagong bagay na nagagawa ng bagong baga, at hinayaan na lang ang komento. Tumabi si Bandam kay Perla, may dalang isang bandehadong kanin. “Perla, kain ka pa.” Tumanggi si Perla, sa ngalan ng kaniyang inaalagaang figure, pero mapilit si Bandam. Isa pa, mabango ang luto nitong si Bandam, napapasarap ang dati nang masarap na pusit. Buti nga at ang kababata niya ang nakakita sa kaniya pag-ahon; kundi si Bandam ay baka may naka-buena mano pa sa pampang.

“Magkano ang kailangan mo?” tanong ni Manilyn. Ayon sa kalkulasyon nila ni Bandam, isang libo lang ang kailangan ni Perla. “500 na ang papunta ng Maynila, a. Kakain ka pa. Paano ka babalik?”

Humalakhak si Perla. “Sinong may sabing babalik ako?” Bago siya nagtungo sa Mahiwagang Tahong ay desidido siya sa polisiyang “no return, no exchange”. Sawa na rin siya sa taon-taong audit sa bilang ng mga nabibingwit na tao kung saan palagi siyang kulelat. Hindi naman niya kasalanang nababasag ang panghahalina ng boses niya tuwing nasisilaw ang mga bakasyunista sa liwanag na tumatalbog sa kaniyang bumbunan. Sa totoo lang, mabigat din kay Perla na nauubos na ang paborito niyang pusit sa dagat.

Bago matulog si Manilyn ay sinigurado na ni Perla ang pera. Alam niyang tuso si Manilyn. Kaya nga kahit nag-aaral pa lang ay mabenta na ang pwesto nito ng takoyaki sa bayan. Nang dumapo sa palad niya ang malutong na isang libo, minadali niya ang pag-iimpake ng mga damit ng yumaong ina ni Bandam at nagpaalam sa magkapatid.

“Tatawag ka ha?” paalala ni Bandam sa kaniya. Parehong walang cellphone ang dalawa, pero tumango pa rin si Perla, saka naglakad patungo sa hintayan ng bus pa-Maynila.

Pinilit ni Perla ang sariling makatulog sa bus. Dahil hindi na siya nakatira sa dagat, mas madali nang lumitaw ang mga pimples at eye bags kapag kinulang sa tulog. Dahil hindi na babad sa tubig, kailangan niyang mag-invest sa matibay na payong para labanan ang init ng araw at hindi maging daing. Ay, saka na iyon, kapag natiyak na niya ang audition.

Nakikita na niya ang katuparan ng mga pangarap niya. Pagkababang-pagkababa sa bus sa Cubao ay papara siya ng taxi. Pagkasabi ng “Mother Ignacia” ay alam na agad ng driver kung saan siya dadalhin, alam na ang pakay niya. Sa building ay ihahatid siya agad ng guard sa loob, at ang isa pang guard sa loob ay ituturo siya sa panibago pang guard, hanggang sa susunod na guard, at pagkatapos ng ilan pang pagpapasa-pasa ay mapupunta siya sa studio ng pinakamamahal niyang noontime show. Makikita niya doon si Auntie Amy at Vong, maging ang all-time crush niyang si Jong na masipag na binabalanse ang pagpapasaya ng madlang pipol tuwing tanghali at fulltime na paglilingkod sa mamamayan bilang public official. Makakasalubong niya ang It Girl na si Ann at ito mismo ang magtatanong kung sino siya, may pangamba sa boses, naninibagong hindi lang siya ang maganda sa building, at parang may kaunti pa ngang pagbabanta. Hindi sasagot si Perla. Ngingiti lang, iikot nang dalawang beses, at maiintindihan na ng artista kung saan dapat ihatid si Perla.

Sa audition room, si Vice ang huli niyang makikita. Magtititigan sila pagpasok ni Perla sa kwarto. Titingnan ni Vice

si Perla mula ulo hanggang paa, at si Perla kay Vice mula paa hanggang ulo, nagsusukatan. Mararamdaman ng staff at ng ibang mga contestant ang tensiyon sa dalawa. Maging ang mga manonood sa kani-kanilang bahay ay makakaramdam ng kakaibang bigat at panandaliang tatahimik, inaabangan ang nagbabadyang pagsulpot ng bagong reyna ng tanghalian. Alam ni Perla na dito, hindi lang ganda ang kailangan kundi pagiging komedyante. Kung sa ibang contest ay ganda at talino, dito ay pati timing at wit. Parte ang halakhak sa puhunan. Sa semi-finals na siya luluha. Linggo rin ang lilipas mula audition bago ang contest proper at buwan ang bibilangin pa-finals pero kakayanin ni Perla. Magtitiis siya. Kakayod sa Maynila gaya ng marami pang nauna sa kaniya. Magiging serbidora, kahera, kusinera, matustusan lang ang paghihintay. Sa dulo, pagkatapos niyang makamit ang standing ovation mula sa mga manonood at hurado, si Vice mismo ang magpapataw ng korona sa kaniya. 'Yung aabot sa kisame ng studio. At, ika nga nila, the rest is history.

Pero sadyang mapagbiro ang kapalaran. Liban sa patong-patong na komplikasyon ng pandemya at pagkawala ng prangkisa, saksak din sa tagiliran ang sinabi ng gwardiyang nagbabantay ng gate: "Ma'am, singing contest po muna ngayong taon. Next year ho subukan niyo, malamang may pageant ulit."


Lantang arosep na naglakad si Perla pabalik ng istasyon sa Cubao. Kumakalam na ang sikmura niya at kulang na kulang ang pamasahe pabalik. Biglang buhos pa ng ulan bago makahanap ng sisilungan kaya basang-basa siyang dumating. Minabuti niyang umupo sa gutter dahil doon siya nababagay. Reyna ng burak. Tama

si Nanette. Yumuko siya, umaasang matunaw ang binti at katawan ng tubig ulan hanggang tangayin sa kanal at ibalik sa dagat.

"Baka magkasakit ka niyan." Tumingala si Perla sa pamilyar na boses. Si Bandam, may dalang payong at isang malaking bag. Mula sa bag ay naglabas siya ng bimpo na pamunas sa basang bumbunan ni Perla. Pagkatapos ay inabot ni Bandam ang mahaba niyang kamay, "Tara," at tinanggap naman ni Perla ang tulong, pinunasan ang luha sa mata.

"Saan tayo pupunta?" tanong ni Perla.

"Pupunta tayo sa Broadway," sabi ni Bandam.



*“Tignan mo—napakaliwanag. Parang beerhouse.”*

Ang larawan ay kuha sa bayan namin sa Zambales. May bagong tayong tambayan doon, floating restaurant ang pakilala nito. Kung parte ng kwento, o ng kasaysayan ni Perla, magugulat siya sa unang gabi ng pagbubukas nito. Dadalhin niya ang isang kaibigang sirena, o di kaya ay ang nanay niyang si Nanette, saka sasabihin, “Tignan mo—napakaliwanag. Parang beerhouse.”

# JAY JOMAR F. QUINTOS

Si Jay Jomar F. Quintos ay kawaksing propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga kritikal at malikhaing akda ay nalathala na sa iba't ibang lokal at internasyunal na publikasyon. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang doktorado sa Indigenous Studies sa The University of Otago, Ōtepoti, Aotearoa.

# BUWAYA

Mabilis na kumalat sa buong lungsod ang balita hinggil sa bangkay ng lalaking natagpuan sa tinitibag na abandonadong gusali. Halos isang taon matapos lamunin ng rumaragasang apoy ang tatlong palapag na estruktura, muli na namang ginimbal ang lungsod sa pagkabigla sa pagkakatuklas sa bangkay sa unti-unti nang gumuguhong pundasyon ng edipisyo. Noong una'y kinatitirikan ito ng isang mall na ilang dekada ring nagsilbi bilang merkado at tagpuan sa lungsod. Ngunit binabanggit na bunsod nang sala-salabid na alambre ng kuryente na animo'y sawa na pumulupot sa kisame, tinupok ng apoy ang buong gusali na kumitil sa buhay ng tatlumpu't walong manggagawa.

Laman ng balita sa lokal na radyo at telebisyon kung papaanong hindi kabilang ang bangkay ng lalaki sa mga manggagawang nasunog ng buhay noong nakaraang taon. Mayroong usap-usapan na ilang araw pa lamang namamatay ang lalaki kaya't imposibleng kasama siya sa bilang ng mga biktima ng sunog. Nakahandusay ang katawan nang matagpuan ito, umaalingasaw na raw ang amoy na sumasama sa makapal na simoy ng hangin. Hindi na makilala ang mukha bunsod ng pagkaagnas, at kinutkot na ng iba't ibang elemento ng gusali ang balat. Tinatayang nasa pagitan ng isa hanggang dalawang linggo na ang itinatagal ng bangkay. Ang sabi pa sa ulat, nasa 23 hanggang 30 taong gulang ang edad nito, katamtaman ang taas na hindi bababa sa limang talampakan, may suot-suot na pulang polo at maong na pantalon, at may tangang Unisilver na relo sa kaliwang pulso.

Nang mabanggit sa balita ang detalye ukol sa pulang polo at Unisilver na relo, agad siyang nakaramdam nang hindi maipaliwanag na kaba. Inuulinigan lamang niya ang balita sa telebisyon at hindi ganap na tumutunghay sa imahen nito. Ngunit, bigla niyang naalala si Lando na halos dalawang linggo na ring hindi pumapasok sa trabaho. Nawala ito na parang bula na hindi man lamang nagpaalam kung saan pupunta. Iniisip niya na maaaring umuwi ito sa kanilang bayan sa Kabacan. Ngunit may kung anong kaba siyang naramdaman nang maalalang suot-suot ni Lando ang paborito niyang pulang polo at ang bago nitong relo noong huli silang magkita. Natatandaan niya ang kaniyang panakaw na pagsulyap kay Lando sa salamin habang hinuhubad nito ang uniporme sa trabaho at isinusuot ang pulang polo. Malinaw din sa kaniyang alaala kung papaano inayos ni Lando sa kaliwa nitong pulso ang Unisilver na relo.

Sa susunod na buwan ay mag-aanim na buwan na sila ni Lando sa pinapasukang trabaho. Magkasabay silang pumasok bilang trainee sa non-profit foundation na mayroong misyong alagaan ang iba't ibang uri ng mababangis at maaamong hayop na namamataan at nasasagip sa kalawakan ng lungsod at mga karatig na probinsiya. Lumilikha sila ng santuwaryo na maaaring maging tahanan ng agila, buwaya, usa, unggoy, at baboy ramo. Pagkalipas ng tatlong buwan sa trabaho, kapwa sila na-promote bilang biologist. Napagkakasya naman nila ang suweldong nakukuha mula sa non-profit foundation ngunit kung minsa'y ginigipit pa rin, lalo na para sa kaniya na kinakailangang magpadala ng pera para sa tinutustusang ina at mga kapatid sa Bunawan. Suwerte sila kung mayroong dinadagdag na bonus o incentive sa kanilang suweldo,

lalo na kung hindi nababawasan ang bilang ng sponsors mula sa mga politiko, mayayamang pamilya, at negosyante na nagbibigay ng donasyon upang maging pondo sa pagpapatakbo ng kalakhang foundation.

Nakaatang sa kanila ni Lando ang tungkuling pangasiwaan ang dalawang santuwaryo ng mga buwaya. Ang isa'y ang lunan kung saan pinararami ang lahi ng mga buwayang mula sa tubig alat. Sa kabilang santuwaryo naman namamalagi ang mga nanganganib na buwaya mula sa tubig tabang na kadalasang nasasagip at kinakailangan munang alagaan bago muling palayain. Ang buwayang mula sa tubig alat na siyang pinararami sa loob ng santuwaryo ang siyang maaaring ibenta, talupan ng balat, at saka katayin ang karne. Ang balat ng buwaya ang malimit na ibinebenta sa mga negosyong nakatuon sa bag at pitaka, habang ang karne naman nito ang siyang inihahanda ng mga kalapit na restaurant na sinasabing nakapagpapalusog at mabuting panlaban sa iba-ibang dumadapong sakit. Binabanggit na higit na malinamnam ang karne ng buwaya, lalo na ang galing sa tubig tabang, kumpara sa mga uri ng karne na kadalasang binebenta sa mga palengke.

Nang mahagip ng tingin niya ang imahen sa palabas na balita sa telebisyon, natunghayan niya ang maingat na pagbuhat sa bangkay ng lalaki sa ginigibang gusali. Nang masulyapan niya ang pulang-pulang polo at Unisilver na relo sa bahagyang pinalabong imahen ng nabubulok na katawan ng lalaki, naging matiim ang kutob niyang kay Lando nga ang bangkay na iyon.

Tatlong linggo bago ang huling pagkikita nila ni Lando, naganap ang hindi inaasahan. Isang Lunes ng umaga ay nagitla sila nang magkulang ang bilang ng anim na tubig tabang na buwaya sa santuwaryo. Ilang beses nilang inulit ang pagbibilang sa mga buwaya ngunit nagpapaulit-ulit din ang pagkukulang. Hinanap nila sa bawat sulok-sulok ng santuwaryo ang nawawalang buwaya ngunit hindi nila ito nakita. Ang inahing buwaya pa na inaasahang magluluwal ng itlog sa susunod na linggo ang nawawala. Sinubukan nilang silipin ang santuwaryo ng mga buwayang tubig alat na mayroong layo na halos isang daang metro, ngunit wala roon ang nawawalang tubig tabang na buwaya. Umaasa silang nakaalpas ang inahing buwaya at gumapang ito patungo sa karatig santuwaryo, ngunit hindi rin ito ang nangyari.

Agad nilang iniulat sa executive director ng non-profit foundation ang pagkawala ng inahing buwaya. Nakinig lamang ito at tila hindi nagulat sa kanilang iniulat. Kinakailangan daw magsagawa ng imbestigasyon na pangungunahan nila ni Lando. Mahinahon nilang tinanggap ang paanyaya na manguna sa imbestigasyon. Isa iyon sa mga pagkakataong wala silang lakas na humindi sa mga iniaatang sa kanilang gawain. Kahit na sila ang biologist na nakatalagang mangalaga sa mga buwaya, mayroon namang mga caretaker na nagbabantay dito ng buong magdamag at tuwing Sabado't Linggo. Ngunit nagpaubaya na sila sa utos ng executive director. Limang araw lamang sila kung pumasok sa santuwaryo sapagka't ang Sabado't Linggo ay nakalaan para sa kanilang pagpapahinga, dahilan upang hindi nila magagap ang lahat ng nangyayari sa mga buwaya. May isang caretaker na itinalaga ang executive board ng foundation na maaari nilang

tanungin. Ang caretaker na masyadong mailap kaya't hindi pa nila nakasasalamuha sa halos limang buwang pagtatrabaho sa foundation.

Hindi ito ang unang beses na mayroong nawalang buwaya sa santuwaryo. Madirinig sa bawat sulok ng foundation ang mga bulong-bulongan ukol sa ilang kaso ng pagkawala ng mga buwaya noon. Bago pa man sila pumasok ni Lando sa foundation, naitala na ang halos pitong buwaya mula sa tubig tabang na nawala sa mismong santuwaryo. Ilang imbestigasyon na rin ang isinagawa ngunit kadalasan itong hindi natatapos. Walang nasusukol na may sala sa kaliwa't kanang pagkawala ng mga buwaya. Nababaon na lamang ito sa limot at saka muling magpapatuloy ang siklo ng trabaho sa foundation. Animo'y walang nagaganap na misteryo sa kung bakit o papaano nawawala at nagkukulang ang mga buwaya mula sa tubig tabang. Paulit-ulit din ang babala sa kanilang mga nagtatrabaho sa santuwaryo: hindi kinakailangang isapubliko ang pagkawala ng mga buwaya.

Ngunit para sa kanila ni Lando, ibang kaso ang pagkawala ng inahing buwaya. Paulit-ulit ang paalala sa kanilang mahigpit na bantayan ang santuwaryo. Malaking bagay din na kabuwanan na ng nawawalang inahing buwaya. Ibig sabihin, nalalapit na ang pagluluwal nito na kadalasang hindi bababa sa dalawampung itlog. Ipinagbabawal sa batas ang anumang paraan ng paghuli, pagpatay, at pagkukulong ng walang pahintulot sa mga buwaya mula sa tubig tabang. Batid nila ni Lando ang isinasaad sa RA 9147 ukol sa pangangalaga at pagpoprotekta sa mga nanganganib na hayop. Paulit-ulit nila itong binasa at pinag-aralan, lalo na ang mga parusang maaaring ipataw sa magkakasala. Kung papaanong

hindi bababa sa anim na taon ang maaaring pagkakapiit sa kulungan sa mga mapatutunayang nagkasala at kung papaanong hindi bababa sa animnapung libo ang maaaring maging piyansa sa pagkakakulong.

Ginagabayan ng batas ng tao ang mga nanganganib na hayop na kadalasang inaabuso ng tao. Sa kabila ng urbanisadong mukha ng lungsod at mga karatig nitong probinsiya, malaking bahagdan pa rin nito ang binubuo ng kabundukan na siya namang pinaliligiran ng gulpo. Ito ang mga espasyo kung saan kumakampay ang pakpak ng mga agila, kung saan sumisisid ang iba-ibang uri ng hayop sa hardin sa ilalim ng tubig ng mga karatig na isla, at kung saan nagpapaligsahan sa paggapang ang mga pagong at buwaya. Malayang humihinga ang mga hayop na ito sa kani-kanilang nilikhang tahanan, kahit na mayroong banta ng kasakiman dulot ng materyal na pangangailangan ng tao. Kung ang inahing buwaya mula sa tubig tabang ang pag-uusapan, malaking bagay ang pagkawala nito sa santuwaryo. Mahigpit ang pangangailangan ng foundation na protektahan ang mga buwaya mula sa tubig tabang, higit ang buntis at inahing buwaya. Bukod sa tinatayang hindi bababa sa labindalawang pulgada na haba ng inahing buwaya, mahalaga rin ang mailuluwal nitong itlog na kapag tuluyan nang nabiyak ay maaaring arugain muna ng ilang buwan sa santuwaryo at pagkatapos ay tuluyan nang maibabalik sa tubig tabang. Misyon ng foundation na ibalik sa kani-kanilang tahanan ang mga hayop na kinukupkop nito lalo na ang mga mayroong kakaunting bilang na lamang ng populasyon. Ito ang batas hinggil sa kalayaan sa kalikasan na kinakailangang tupdin.

Kung maisasapubliko ang pagkawala ng inahing buwaya mula sa tubig tabang, lilikha ito ng malaking balita. Nasa listahan na ng lokal na DENR ang pagluluwal nito ng itlog at pagkakadagdag sa bilang sa mga itinuturing nilang endangered species. Tagumpay nila para sa taong ito ang inaasahang pagluluwal ng itlog ng inahing buwaya. Isa rin ito sa nakatakdang ipagmalaki ng lokal na DENR sa paparating na selebrasyon ng Kadayawan.

Batid nila ni Lando na sila ang unang pagsususpetsahan sa pagkawala ng inahing buwaya. Bukod sa caretaker, sila ang may direktang ugnayan dito. Hinati nila ni Lando ang gawain sa imbestigasyon. Si Lando ang nakatalaga sa pakikipag-usap sa lahat ng kawani at manggagawa sa foundation na nakakasalamuha o mayroong ugnayan sa mga tubig tabang na buwaya. Siya naman ang naitalagang magbantay at magsiyasat sa mga santuwaryo tuwing gabi at maging hanggang Sabado't Linggo. Binigyan sila ng halos dalawang linggo upang matapos ang imbestigasyon at makapagbigay ng ulat hinggil sa pagkawala ng buwaya. Seryosong kaso ito na kinakailangang tugunan kaya't iniiwasan nilang malaman ng publiko. Malaking isyu ito na maaaring magsangkot sa maraming tao at maging institusyon, kaya't kinakailangan itong maapula sa lalong madaling panahon. Bago pa sila ni Lando ang madiin.

Agad nilang inilista ang pangalan ng mga maaaring kausapin upang malaman kung anong araw at anong oras tuluyang nawala ang inahing buwaya. Isinulat niya sa isang notebook ang pangalan ng tagapagbantay tuwing Sabado't Linggo, ng tagapaglinis ng santuwaryo, at ng bantay na guwardiya sa foundation. Ibinigay

niya ang notebook kay Lando upang agad ding masimulan ang imbestigasyon.

“Basin kinahanglan pod ma-interview ang officer-in-charge ug executive director sa foundation?,” tugon ni Lando sa kaniya nang basahin nito ang mga kinakailangang imbestigahan kung saan wala ang pangalan ng officer-in-charge at executive director. Ngunit sa palagay niya’y hindi na ito kailangan. Bakit nga ba kinakailangan pang interbyuhin ang mga nakatataas sa kanila hinggil sa pagkawala ng inahing buwaya. Baka lumabas na maging ang mga nakatataas sa kanila ay pinaghihinalaan sa naganap na pagkawala ng buwaya.

“Ngano diay? Kita lang ba ang puyde mahimong suspect? Kung ganahan sila madakpan ang nagkawat sa buwaya, kinahanglan mag-cooperate tanan.” Wala siyang naidugtong sa naging tugon ni Lando. Napaisip siya kung bakit nga ba sila lang ang maaaring pagsuspetsahan sa pagkawala ng buwaya. Sa mas mabilis na paglutas sa pagkawala ng inahing buwaya, mas mainam kung magtutulungan nga ang lahat sa foundation.

“Ikaw gud ang bahala.”

Tumango lamang si Lando sa naging tugon niya. Sa halos ilang buwan na nakilala niya si Lando, batid niyang mahilig itong gumawa ng mga walang takot at mapangahas na desisyon. Mula sa kung ano ang sisimulang gawain sa pagsisimula ng araw hanggang sa mga nakikitang hindi makatuwirang pamamalakad sa santuwaryo na kinakailangang agarang iulat sa executive director. Sa isip-isip niya, hahayaan na lamang niya si Lando na gawin sa kung anong paraan nito gustuhin ang pag-iimbestiga. Basta’t itutuon niya ang oras sa nakaatang sa kaniyang trabaho.

Hindi siya tulad ni Lando na sisiyasatin ang lahat ng nagaganap at transaksyon sa santuwaryo. Hindi niya kayang busisiin kahit na ang pinakamaliit na detalye. Hindi tulad ni Lando, hindi niya kayang ilaan ang panahon at pansin sa katiyakan. Hindi niya nakikita ang halaga ng katiyakan.

May lihim ang bawat tao na patuloy nilang itinatago kahit na pilit kumakawala. Maraming lihim si Lando, ngunit malaya silang nakakaalpas sa kaniyang bibig. Mailap siyang magkuwento ng tungkol sa kaniyang buhay, ngunit sa tuwina'y aksidente siyang nakapagbabahagi ng ilang lihim. Minsan lamang siya magbahagi ng kuwento ngunit makapangyarihan ang mga salitang bumubulwak sa kaniyang bibig. Tulad nang magbahagi ito tungkol sa kaniyang panaginip.

Sa gitna ng imbestigasyon hinggil sa pagkawala ng inahing buwaya mula sa tubig tabang, may isang hapon na nagtagpo sila ni Lando sa tindahan sa labas ng foundation. Sa pagitan ng kinakaing choco lanay at iniinom na softdrink, nagkuwento si Lando tungkol sa kaniyang panaginip. Hindi sila malimit nag-uusap ni Lando ngunit masidhi ang emosyon nito noong hapong iyon. Ilang gabi na raw itong ginagambala ng mga panaginip tungkol sa inahing buwaya. Tandang-tanda pa niya ang mga tagpo sa panaginip. Kung gaano kalapad ang laki ng buwaya sa tuwing gumagapang ito sa lupa. Kung gaano ito kabigat nang bahagyang tumama ang pagkakahampas ng buntot nito sa kaniyang kanang paa. Kung gaano ito mabilis na gumapang sa pampang patungo sa karatig na ilog upang hanapin ang lagusan patungo sa tahanan nito sa Liguasan.

Tumakas ang tubig tabang na inahing buwaya. Gumapang ito nang gumapang palabas ng santuwaryo. Hindi ngumingiti si Lando na ikinukuwento ang lahat ng ito. Hindi niya tiyak kung seryoso si Lando sa sinasabi o baka nagpapatawa lamang. Maaari rin namang halusinasyon o imahinasyon lamang ang lahat ng ito. Gumapang ang buwaya palabas ng foundation, hinanap ang pinakamalapit na ilog, at saka tinunton ang agos ng tubig patungong Liguasan. Pinagmamasdan niya si Lando habang namumuo ang pawis nito sa noo at magiliw na iminumuwestra ang mga kamay. Lumagok siya sa baso kung saan humalo na ang natunaw na yelo sa softdrink. Muli siyang nakinig sa pagkukuwento ni Lando.

Ganito ang binabanggit sa panaginip: tumakas ang inahing buwaya sa santuwaryo bunsod ng paulit-ulit na siklo ng pagdukot sa mga kasama niya. Nagsimula sa isang matandang lalaking buwaya mula sa tubig tabang na mahaba at malapad ang pangangatawan. Kinuha ito ng tatlong lalaki noong nakaraang taon, binusalan ng makapal na tali sa bibig, at saka hinila patungo sa abandonadong kuwarto na hindi lalayo ng limangdaang metro sa santuwaryo. Hiniwa ang katawan nito, yinurak ang laman, dinurog ng pinong-pino ang karne, at saka inigib ang mga dugong pumapatak. Sumunod ang tubig tabang na amahing buwaya na halos labintatlong pulgada ang haba. Binusalan din ang bibig nito, iginapos ang kamay at paa, at saka dinala sa abandonadong kuwarto. Doon itinarak sa ulo ng amahing buwaya ang matalim na matalim na sundang at saka dahan-dahan itong iginalaw pababa sa buntot na pumupunit sa mala-goma nitong katawan. Kumakawala sa binusalan na bibig ng buwaya ang matiim na matiim na palahaw na animo'y humihingi ng saklolo sa kung sino mang makaririnig.

Marahang-marahan, tinalupan ang balat ng amahing buwaya. Maingat ang pagtatalop sa balat upang hindi ito masira, hindi ito tulad ng pagtagpas sa mga damong hinahawan sa kagubatan. Tinaga ng isang lalaki ang ulo ng buwaya at saka tinilad-tilad ang iba pang bahagi ng katawan nito. Kumuha ng palanggana ang isang lalaki at saka itinapat sa pumapatak na dugo ng buwaya. Piniga para sa pinakahuling patak. Ito ang siyang pangunahing hiling ng doktor na kinakailangan daw inumin ni meyor upang gumaling sa mga nararamdaman nitong sakit.

Saksi ang inahing buwaya sa lahat ng ito. Siya ang nakarinig sa matiim na palahaw ng amahing buwaya. Hindi man niya nakikita ang nagaganap, napapapikit ang nanlilisik niyang mata sa mga nadirinig. Matalas ang pandinig ng inahing buwaya sa kung ano ang hinihiyaw ng mga kasamang buwaya. Sa bawat pagtarak ng sundang sa katawan ng mga kasamang buwaya, ramdam din ng inahing buwaya ang diin at hapdi ng pagtusok. Batid ng inahing buwaya ang pagkakaiba nila sa mga buwaya mula sa tubig alat na inaalagaan din sa santuwaryo. Batid niya ang gahom na taglay nila na kakaiba sa mga buwayang nakahiwalay sa kanila ng bakod. Batid niya kung gaano kalinamnam ang kanilang laman kung ikukumpara sa laman ng mga galing sa tubig alat. Batid din niya ang maibibigay na lunas ng kanilang sariwang dugo sa mga tao na mayroong malubhang sakit. Lalong batid niya na matapos ang pagdukot sa amahing buwaya, siya na ang susunod na dudukutin ng tatlong lalaki. Kaya't upang mailigtas ang mga itlog sa kaniyang sinapupunan, minarapat niyang tumakas.

"Mutuo ka sa mga ginaingon nako?" tanong ni Lando.

Ang tanong na iyon ang naging hudyat na kinakailangan na niyang magsalita. Maniniwala ba siya sa sinasabing panaginip ni Lando o hindi? May tapang sa mga mata ni Lando habang tinatanong siya. Noong una, akala niya'y takot ngunit napalitan ito ng tikas na animo'y uhaw na uhaw na malaman ang totoong nangyari. Hindi siya agad nakapagsalita.

"Lahi ang naa sa akong damgo. Gipatay pod nila ang inahang buwaya. Napakompisal nako ang caretaker sa santuwaryo matag Sabado ug Linggo. Gisaysay niya sa akoa ang tanang nahitabo." Nagbago na ngayon ang tono ng pagsasalita ni Lando. Napalitan ng lumbay ang kaniyang boses habang binabanggit na iba ang naganap sa kaniyang panaginip sa tunay na nangyari. Hindi nakatakas ang inahing buwaya, pinatay ito tulad ng mga naunang dinukot na buwaya. Napaamin ni Lando ang caretaker hinggil sa misteryo ng pagkawala ng mga buwaya.

Bago pa man siya nakapagsalita, nagtuloy-tuloy na sa pagkukuwento si Lando. Ilang gabi na raw siyang hindi nakatutulog sa nalaman. Noong una'y paligoy-ligoy pa ang tugon sa kaniyang mga tanong ng caretaker ngunit nasukol din niya ito sa bandang huli. Lumulubha ang kalagayan ng dating meyor ng lungsod na nagdudulot upang hindi na nito magawa ang mga kasalukuyang tungkuling nakaatang sa kaniya. Kinakailangan siyang pagalingin sa lalong madaling panahon. Ilang ulit nang nababalita ang pagparoo't parito niya sa ilang ospital sa Singapore. Ilang doktor na rin ang nagbigay mungkahi hinggil sa natural na paraan ng pagbibigay lunas na maaaring maihandog ng dugo ng buwayang mula sa tubig tabang. Ito ang kadalasang iniinom ng mga mayroong malubhang sakit upang guminhawa ang kanilang pakiramdam. Ang inahing

buwaya ang siyang susi upang gumaan ang pakiramdam ng dating meyor ng lungsod.

“Mas maayo kung dili na lang ka manghilabot, mas malinawon pa ang imong kinabuhi,” ang bilin daw kay Lando ng caretaker ng santuwaryo. Paulit-ulit ang banta ng caretaker kay Lando na huwag na lamang makialam upang higit na maging tahimik ang buhay nito. Mas mainam din kung tuluyan na lamang daw tatapusin ang imbestigasyon kahit na hindi nalulutas ang kaso sa pagkawala ng buwaya. Bakit nga ba kailangang laging may maparusahan? Ang mga imbestigasyon nga noon ay natapos na lamang na walang tuldok at walang naparusahan. Batid din ng maraming kawani ng foundation kung saan napupunta ang ilang nawawalang buwaya at alam din nila kung anong ginagawa sa mga ito. Sadyang makapangyarihan ang ibang tao na kayang baluktutin hindi lamang ang batas ng tao kundi maging ang batas ng kalikasan.

Ibinebenta ang tinalop na balat ng buwaya sa ilang dayuhang negosyante at kadalasang ginagamit ito sa paggawa ng mamahaling sapatos, bag, at kung minsan ay damit. Ilang kilo rin ng karne ang nakukuha sa tuwing kinakatay ang laman ng buwaya mula sa tubig tabang. Paulit-ulit nang binabanggit na mas malasa at masustansya ito kaysa karne ng manok at baboy. Ngunit sa lahat ng ito, higit na itinatangi ang dugo ng buwaya kaya’t sinisimot kahit na ang pinakahuling patak nito. Pinipigang-piga. Kapaki-pakinabang ang dugo kaya’t iniiwasang may masayang kahit na isang patak.

Wala na siyang maitugon sa mga ibinahagi ni Lando. Dumarating ang mga oras na ganoon na wala siyang mahanap na

salita na maaaring kumawala sa kaniyang bibig. Mukha rin namang hindi na hinihintay ni Lando ang kaniyang tugon. Sapat na ang masabi nito kung ano ang kaniyang nalalaman. Ngunit kung ano ang susunod na hakbang ni Lando ay hindi na nabanggit kahit na batid niyang nagkakasalungat ang kanilang pinaniniwalaan at patutunguhan.

Hindi pumasok si Lando ng tatlong araw matapos ang kanilang pag-uusap. Sakto rin na ipinatawag siya ng direktor ng foundation at sinabihang itigil na ang isinasagawang imbestigasyon. Iniisip niya kung mungkahi o utos ang pagpapatigil sa imbestigasyon kahit hindi pa nila ito natatapos, ngunit hindi na siya nagtanong o nagsalita pa.

Nang sumunod na araw, laking gulat niya nang makita si Lando na biglang sumipot sa trabaho. Nagbatian sila na tila hindi naganap ang kanilang pag-uusap noong nakalipas na araw. Magkasabay silang nagpalit ng uniporme sa HQ at saka tinungo ang santuwaryo upang bisitahin ang mga buwaya. Tulad ng lagi nilang ginagawa, mag-uumpisa ang kanilang trabaho sa pagbibilang ng mga buwaya. Isusunod nila ang paglalagay ng mga pagkain na kalimitan ay buhay na pugo o kuneho o kaya'y buhay na pusa kapag nagtitipid ang foundation. Tinatanaw nila ang trahedya ng pagtakbo ng maliliit na hayop at ang tuluyang pagdakip sa kanila ng mga buwaya. Sinasakmal ang mga buhay na pugo, kuneho, at pusa at saka sabay-sabay silang lalapain ng mga buwaya. Mainam para sa kalusugan ng mga buwaya ang protina. Pagkatapos nito ay magmamasid na sila habang nililinis ng dalawang katiwala ang santuwaryo. Tinitiyak nilang maayos ang lagay ng mga buwaya at walang anumang iniindang sakit o sugat na maaari nilang makuha

sa mga nagkalat na matatalas na sanga ng kahoy o nakausling bakal mula sa bakod ng santuwaryo. Inuuna nila ang bahagi ng mga buwaya mula sa tubig tabang at pagkatapos ay saka sila lilipat sa bahagi kung saan namamalagi ang buwaya mula sa tubig alat.

Walang nagsasalita sa kanilang dalawa. Ngunit si Lando na mismo ang pumutol sa katahimikan at nagsabing magsusulat siya sa DENR ukol sa kaniyang nalalaman. Hindi biro ang pagdukot sa mga buwaya mula sa tubig tabang at kinakailangan itong makalabas sa apat ng sulok ng foundation. "Kabalo ko na basin walay mahitabo labi na nga dakong pader ang kalaban pero kinahanglan ni himuon." Hudyat ang pahayag ni Lando na susugal siya sa pagsusumbong sa DENR hinggil sa pagkawala ng mga buwaya. Walang pag-aalinlangan kay Lando kahit na malaking pader ang kaniyang titibagin at maaaring wala ring mangyari. Sa isang banda, nauunawaan niya ang pinanggagalingan ni Lando kaya't hindi niya alam ang itutugon dito. May bahagi sa kaniyang nag-iisip na suportahan si Lando sa natuklasan. Ngunit, sa kabilang banda, hindi siya handang mawalan ng trabaho. Wala siyang sapat na ipon upang mamuhay sa lungsod nang walang trabaho, may ina at mga kapatid siya sa Bunawan na pinadadalhan ng pera para sa araw-araw na pangangailangan at pag-aaral ng mga ito. Kahit na batid niya ang dunong sa mga balak ni Lando, patuloy pa ring nagdidigmaan ang mga agam-agam sa isip niya: Papaano nga ba isusuplong ang mga indibiduwal na dapat sana'y pinagsusuplungan? Papaano lalabanan ang gahom ng ilang may gahom na patuloy na sumusupil sa iba't ibang anyo ng karapatan ng tao at hayop?

“Huna-hunaa sa kung kinahanglan ba g’yud ni. Basin naa pa tay kinahanglan himuon na lahi na butang.” Ito ang mga salitang hindi niya napigilang lumabas sa kaniyang bibig. Pinayuhan niya si Lando na pag-isipan muna ang mga gagawin nito. Mas maraming bagay ang dapat pagtuonan ng pansin kaysa mga bagay na wala nang tuwirang epekto sa mga tao. Ngumiti lamang si Lando sa naging tugon niya.

Walang umiimik sa kanila habang binabagtas ang daanan pabalik sa HQ. Pagpasok dito ay umupo siya sa bakanteng upuan kaharap ang isang salamin habang nagtungo naman sa kaniyang locker si Lando. Nasa likuran niya si Lando ngunit natatanaw niya mula sa salamin ang ginagawa nito. Magiliw itong sumisipol-sipol na animo’y walang banta ng peligro mula sa nais nitong suunging laban. Hinubad ni Lando ang unipormeng kanilang isinusuot sa tuwing pumupunta sa santuwaryo. Nasulyapan niya ang namimintog nitong braso at malapad na balikat. At saka nito isinuot ang isang pulang polo at maong na pantalon. Ilang saglit pa, inayos nito sa kaliwang pulso ang isang Unisilver na relo.

“Nagdamgo ko sa inahang buwaya.”

Gusto niyang sagutin si Lando na wala siyang interes na makinig sa mga kuwento nito kaya’t tigilan na ang kung ano-anong matalinghagang pahayag tulad ng pananaginip muli sa inahing buwaya, ngunit pinigilan niya ang sarili. Sa loob-loob niya, wala siyang panahon upang magsayang ng oras na makipagtalo at marami pa silang kinakailangang gawin.

“Nangayo siya’g tabang.” Pinagmamasdan niya si Lando sa salamin habang nagsasalita. Hindi niya maunawaan kung ano na nga ba ang seryoso sa hindi sa lahat ng binabanggit nito.

Ngayon, napanaginipan na naman daw niya ang inahing buwaya at humihingi ito ng tulong.

“Maaghop ang mata sa inahang buwaya,” dagdag pa ni Lando sa kaniya. Hindi na siya nagsalita at pinapahalata na kay Lando ang pagkainis dito. Maamo at nagsusumamo raw ang mga mata ng inahing buwaya na humihingi ng tulong. Ibinaling na lamang niya ang tingin mula sa natatanaw na imahen ni Lando sa salamin patungo sa nahahagip ng kaniyang mata sa bintana. Nasusulyapan niya ang ilang bahagi sa santuwaryo ng mga buwaya mula sa tubig tabang. Taimtim ang ekolohiya sa santuwaryong nasilayan niya, tumatama ang silahis ng araw sa balat ng buwaya at tanging nagsasalimbayang himig ng hangin at dahon ng puno ang madirinig.

Sa palagay niya’y hindi na talaga magpapaawat si Lando sa binabalak nitong pagsusumbong sa DENR. Siya ang kinakabahan sa gagawin ni Lando ngunit alam niyang hindi niya ito mapipigilan sa kung anumang balak nitong gawin. Mula sa nakikita sa labas ng bintana, panakaw niyang sinulyapan muli ang imahen ni Lando sa salamin. Suot-suot nito ang isang pulang polo at tangan ang Unisilver na relo. Papasok na siya sa shower room nang biglang magpaalam si Lando at magbigay ng isang matamis na ngiti bago tuluyang lisanin ang HQ.

Noong gabing iyon, naging mabigat ang kaniyang pagtulog. Hindi niya batid kung nananaginip siya o halusinasyon lamang mula sa mga kuwento ni Lando tungkol sa inahing buwaya ang nagaganap sa kaniyang isip. Nagtagpo daw sila ng inahing buwaya mula sa tubig tabang sa santuwaryo. Tahimik ang paligid. Walang umimik. Kapwa sila nakatanghod sa isa’t isa. Nangungusap ng mata

sa mata. Balat sa balat. Doon niya nasilayan ang namumukod-tanging kaluguran sa pagtitig ng buwaya. Animo'y sibat ang malugod na pagtitig na hindi niya mawari kung nanunumbat ngunit nanunuot sa kaibuturan niya. Doon din siya nagkaroon ng maliwanag na realisasyon: nakakulong ang inahing buwaya sa santuwaryo, siya ang nangangasiwa rito, ngunit tulad ng inahing buwaya, ramdam niyang tila nakagapos din ang kaniyang mga kamay sa pagkakapinid sa nakikita at nasusulyapan.

Buong gabi siyang minulto ng imahen ng bangkay ng lalaking natagpuan sa tinitibag na abandonadong gusali sa Matina. Hindi siya masyadong nakatulog sa kaiisip. Malakas ang kutob niyang si Lando nga iyon ngunit wala siyang paraan upang matiyak ito. Walang katiyakan ang punong-puno na posibilidad na natatanaw ng kaniyang mata at nauulinigang balita sa radyo't telebisyon.

Magdadalawang linggo nang hindi pumapasok si Lando sa trabaho. Walang balita kung umalis na nga ito o babalik pa ba. Maaga siyang gumising upang maghanda sa pagpasok. Nilalakad lamang niya ang foundation mula sa inuupahang bahay sa liblib na bahagi ng lungsod. Ito ang bahagi ng ibang mukha ng lungsod, na kaiba sa maunlad na imahen ng mga nagtatagisan at matatayog na gusali, at nagbubuhol-buhol na trapiko sa downtown. Sa lugar na kinatitirikan ng foundation, mababanaag pa ang malaking bahagi ng kabundukan at matatandang puno na pinaglalagian ng iba't ibang uri ng hayop at maging insekto. Sa matataas na bahagi ng lunan ng foundation, masusulyapan na ang magkakadikit na bulubundukin ng Bukidnon. Sariwa at banayad ang hangin at

paligid sa dakong ito ng lungsod. Animo'y malayo sa dahas at trahedya na kadalasang ibinabalita sa telebisyon.

Saglit siyang napatigil sa kanilang HQ nang mapansin ang nakapaskil na pabatid hinggil sa paghahanap ng bagong biologist para sa santuwaryo. Isang posisyon ang bakante at kinakailangang punan sa lalong madaling panahon. Anim silang kasalukuyang biologist ng foundation na may kani-kaniyang toka sa buwaya, agila, usa, unggoy, at iba pang hayop. Maaaring magdadagdag ang pamunuan ng bagong biologist kaya't mayroong pabatid para rito. Maaari rin namang tuluyan na ngang umalis si Lando sa trabaho. Ngunit kinutuban na naman siya na maaaring kay Lando nga ang bangkay ng lalaki sa abandonadong gusali kaya't hindi na talaga ito babalik. Maaaring may alam ang executive director ng foundation kung nasaan si Lando o kung ano nga ba ang nangyari dito.

Minabuti niyang magtungo sa tanggapan ng kanilang executive director upang magtanong kung bakit mayroong bakanteng posisyon para sa isang biologist. Pagpasok niya sa pintuan ng tanggapan, laking gulat niya nang bumungad sa kaniya ang nagkumpulang tao. May kasiyahang nagaganap sa loob. Nilulunod siya nang pagtataka lalo na't puno ng tao't bisita ang tanggapan na hindi laging nangyayari. Nang anyayahan siyang pumasok, wala na siyang nagawa kung hindi makisama sa nagaganap na salusalo.

Naroon ang dating bise-alkalde ng lungsod na pinalilibutan ng mga bisita. Maliit lamang ito sa personal, iba sa tuwinang imahen na nakikita niya sa lokal na telebisyon. Siya raw ang kumakatawan ngayon sa nakababata niyang kapatid na babae na kasalukuyang alkalde ng lungsod. Batid ng lahat na hindi niya

kapalagayan ng loob ang kapatid na alkalde lalo na't mas may tiwala rito at ito ang laging pinapaboran ng kanilang ama. "Kaon lang mo. Daghan og food karon." Paanyaya ng dating bise-alkalde ng lungsod na bumaba sa kaniyang posisyon dalawang araw matapos maganap ang sunog sa isang gusali na dating kinatitirikan ng isang mall noong nakaraang taon. Sa abandonadong gusali ring iyon natagpuan ang bangkay ng lalaki na ang hinala niya ay kay Lando.

"Thanksgiving ni sa inyohang tabang," wika ng dating bise-alkalde. Pasasalamat daw ang pakain sa malaking tulong ng lahat sa kanilang ama na dating meyor ng lungsod na kasalukuyan ngayong nasa Maynila. Gumaan na raw ang pakiramdam nito mula sa sakit na iniinda. Isang bukas na lihim sa mga tao sa lungsod ang dinaramdam ng dating meyor. Katabi ng dating bise-alkalde ang executive director, board members, at iba pang sponsors ng foundation.

Nagtungo siya sa isang sulok katabi ng mga pagkain. Nawala na sa isip niya na tanungin ang executive director kung bakit naghahanap ang foundation ng bagong biologist. Saglit din siyang nakalimot sa imahen ng bangkay ng lalaking naka-pulang polo at Unisilver na relo. At saka niya naramdaman ang kagabi pa niyang iniindang gutom. Katatapos lamang niyang magpadala ng pera para sa ina at mga kapatid sa Bunawan kaya't tinitipid niya ang natitira pang suweldo. Naalala niyang hindi pa pala siya naghahapunan at nag-uumagahan upang makatipid. Nagtungo siya sa mesa kung nasaan ang mga pagkain. Kumuha siya ng isang plato. Naroon, nakahain, tila nag-aanyayang kuhanin ang iba-ibang putahe ng ulam at prutas. Mayroong durian, mangosteen, lanzones, law-oy, humba, sinuglaw, ginataang langka, at sisig. Sumandok siya

ng isang takal ng sisig sa plato, at naglagay ng kaunting kanin. Matapos niyon, muli niyang tinungo ang sulok na bahagi ng opisina. Nag-aanyaya sa kaniyang plato ang naghalong laman at animo'y taba sa sisig na umaapaw sa sangkap nitong ahos, sibuyas, at sili na nilagyan ng toyo at kaunting mayonnaise. Patuloy sa pag-uusap-usap ang bawat isa sa tanggapan. Mayroong humahagikgik at mayroon ding seryoso sa kanilang kinakausap. Sumubo siya ng isang kutsara ng sisig. Higit na malinamnam ang sisig na ito kaysa ibang sisig na natikman niya. Iba rin ang tekstura ng nginunguya niya na tila nanunuot ang lasa ng taba at mantika sa mismong karne. Tila naiiba sa karaniwang karne ng baboy na isinasahog sa sisig. Nagpatuloy siya sa pagsubo hanggang sa maubos ang lahat ng nasa kaniyang plato. Nang tuluyan nang mawala ang kanina pang iniindang gutom sa sikmura, saka muling sumagi sa kaniyang isip ang imahen ng nakahandusay na bangkay ng lalaking nakasuot ng pulang polo at Unisilver na relo sa tinitibag at unti-unting gumuguhong gusali. Ilang sandali pa, dali-dali siyang lumabas ng tanggapan at nagtungo sa gilid nito. Doon bumulwak ang kaninang sinusubo lamang niya sa bibig, salit-salitan ang pagbulwak ng mga nginuya at nadurog na pagkain, animo'y ayaw tanggapin ng kaniyang sikmura.

# DENMARK B. SOCO

Si DENMARK B. SOCO ay nagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Northern Mindanao Colleges, Inc. sa Cabadbaran City, Agusan Del Norte. Sa kasalukuyan, kumukuha siya ng gradwadong kursong MA Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya rin ay guro na kasalukuyang nagtuturo ng Senior High School at Kolehiyo sa Manila Tytana Colleges. Nagtuturo siya ng mga asignaturang may kinalaman sa panitikan, wika, at Agham Panlipunan. Naging fellow siya sa ilang mga writing workshop at kailan lang ay natanggap ang kaniyang sanaysay sa Palihang Rogelio Sicat 16 na ginanap sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa ilalim ng pangunguna ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Sentro ng Wikang Filipino at ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Noong 2020, siya ay naging fellow ng CDO Young Writers Workshop na inorganisa ng *Nagkahiusang Magsusulat sa Cagayan de Oro*. Ang ilan sa kaniyang mga akda ay nakabilang sa iba't ibang online anthologies and journal, tulad ng Bulawan Literary Journal ng Northern Mindanao at Vox Populi PH. Naging kontribyutor din siya sa *Liwayway* June 2023 magazine. Naging module writer din siya ng DepEd Calabarzon. Maliban sa pagbabasa

ay nakahiligan niya rin ang magsulat ng tula, spoken word poetry, radio drama, at balak (Cebuano Literature).

Lumaki siya sa Mindanao sa isang tagong mining site sa Davao de Oro, ang Mt. Diwalwal. Maliban sa Diwalwal ay nakipagsapalaran ang kanyang pamilya sa Dinagat Island, Agusan del Norte at Surigao City.

Naniniwala siya sa pag-ibig, ito ang dahilan kung bakit kailangang magsulat upang ipahiwatig ang hiwagang dala nito.

# DUNGGO

*(kay Edwin)*

Paborito kong tambayan ang baybay sa tuwing sasapit ang dapithapon. Ito ay dahil sa alam kong uuwi na si Papa na galing sa pangingisda sa kabilang bayan. Nakatingin ako sa malawak na karagatan, hinihintay na unti-unti kong maaaninag ang bangka ni Papa. Nakangiti akong sasalubong na kahit hindi pa man naka-dunggo si Papa sa buhanginan, dali-dali akong tatakbo para salubungin siya. Matapos magmano ay agad kong titingnan ang dalang supot ni Papa at aasa na may dala itong paborito kong pasalubong— ang jelly ace. Laging may dalang jelly ace si Papa sa tuwing uuwi siya galing sa pangingisda. Dahil kapag may nahuling isda si Papa ay agad niya itong binibenta sa palengke ng bayan ng Tag-abaka; at doon siya bibili ng ilang pirasong jelly ace, isang kilong bigas, at gamot sa sakit ni Mama—na sabi ng albularyo sa amin ay napagtripan daw ng mga diwata ng dagat noong minsang nangunguha ito ng *kinhason* sa bakhawan na siyang binibili ng mga dayo. Sabi ni Mama, ang karagatan ay hindi pag-aari ng mga tao. Marami ang naninirahan dito at sila ang nagmamay-ari. Matagal nang usap-usapan sa baryo namin ang mga Bathala ng dagat na lagi ring panakot sa amin ng mga matatanda sa tuwing kami ay naliligo at namamana ng isda sa dagat. Dahil daw sa pangingisdang boso ni Tiyo Tasyo, nagagalit na ang mga Bathala ng dagat at isa na nga rito ay ang gintong kogtong. Nagagalit na ito dahil nasisira ang mga gasang kung saan ito nakatira. Simula raw noong nasira na ang mga gasang dahil sa boso, umalis na sila at nanirahan sa bakhawan para manmanan ang kilos ng mga tao. Sa tuwing managat sila Tiyo Tasyo ay susunod daw ito sa kanilang bangka at mambibiktima

ng mga bosero dahil gusto nito maghigante. Isa si Mama na kahit hindi bosero ay napagbuntongan ng galit ng gintong kogtong. May naapakan daw si Mama na mahalagang kayamanang pag-aari nito. Kung ano ang kayamanang ito ay hindi maipaliwanag ng taga-baryo. Ang kogtong na laging panakot sa amin at usap-usapan na siyang dahilan kung bakit buwan-buwan ay may napapabalitang nalunod na mangingisda. Ang kogtong na nakikita ng ilan sa amin at ito raw ay isang malaking isdang parang lapulapu. Ngunit, naniniwala ang taga-baryo na ito ay isang Bathala dahil sa ginintuang kulay nito na iba sa ibang kogtong. Marami na rin ang nagsasabing kanila itong nakita nang malapitan, lalo na kapag may habagat at hindi makapangisda ang mga mangingisdang gamit lamang ay bangka. Ito raw ay nagkakatawang tao at kung minsan, naglalakad-lakad sa baybay. Batay sa usap-usapan, nagkakatawang tao ito bilang isang lalaking may edad na. Ang kaibahan ng kogtong na ito ayon sa sabi-sabi sa iba pang kogtong, kaya nitong huminga sa lupa at kung minsan ay nag-aanyong tao. Ayaw maniwala ni Papa na ang dahilan kung bakit nagkasakit si Mama ay ang gintong kogtong o ano mang kababalaghan. Gusto pa rin ni Papa na maipadala si Mama sa doktor o sa isang espesyalista. Nahihirapang maglakad si Mama dahil sa sobrang sakit ng puson nito at unti-unting lumalaki ang kaniyang tiyan na napakatigas kapag pinipisil.

Alas singko ng dapithapon, nakita ko na si Papa na padunggo sa baybay. Kahit sa kalayuan pa lang ay kilala ko ang bangka ni Papa dahil sa paulit-ulit ba namang nag-aabang ako sa kaniya. Ang aming bangka ay yari lamang sa plywood, maliit lang ito na ang kakasya lang ay dalawang tao, at may upuan sa loob para doon uupo ang magsasagwan. Pagbaba ni Papa sa bangka ay agad niyang

inabot sa akin ang isang supot at mukhang naka-jackpot si Papa ngayon dahil may kasama pa itong tinapay. Sa tabi ng tinapay, nakita ko ang kulay green, blue, at yellow na jelly ace. Jackpot nga at tatlong pirasong jelly ace ang dala ni papa. "*O, anak tipirin mo iyang jelly ace mo, dahil baka bukas di muna ako bibili para may pandagdag pambili ng gamot ni Mama mo. Nagmahal na kasi ang antibiotics sa bayan.*" Tumango lamang ako at dinala ang binili ni Papa patungo sa aming bahay at susunod na lamang si Papa dahil kailangan niyang ibara ang bangka sa baybay.

Naghangos ko sa katatakbo upang ibalita kay Mama na dumating na si Papa at dala na rin ng aking pagkasabik na buksan ang paborito kong jelly ace.

"Ma, naa nas Papa! Naa siyay dalang bugas og pan!" masayang balita ko habang papalapit sa bahay.

Nakita ko ang iika-ikang si Mama na nakangiti sa akin, na nakasandal sa aming lumalangitngit na pintuan na yari lamang sa mga kostanera, na hiningi ni papa sa mga naggabas para gamitin sa pagpapatayo ng pantalan.

"O, gisingot na sab kag dumangan? Asa man si Papa nimo?" tanong ni Mama.

"Gibara pa ang baruto Ma, musunod ra daw siya," sagot ko naman.

Agad kong ibinigay ang supot na naglalaman ng mga binili ni Papa kay Mama, at kaniya naman itong tinignan.

"Medyo madami ang bigas na nabili ni Papa mo ngayon ah, duha yata ni ka-kilo." Nakangiting nabanggit ni Mama.

Maya-maya ay nakasunod na si Papa at sinabihan niya si Mama na magpahinga na lang at siya na ang magsasaing at

magluluto ng ulam na tira sa kaniyang mga ibinenta sa palengke sa bayan. Isang budburon at isda sa bato ang ulam namin ngayon. Ako naman, itinago ko ang dalawa kong jelly ace sa aking lagayan ng damit at isa lamang ang aking binuksan.

Pinakuha ako ni Mama ng malunggay na aming pananim dahil kami raw ay magtuwa ug isda. Habang papunta ako kung saan ang malunggay, sarap na sarap ako sa pagdila sa jelly ace na niluluwa balik ko pa sa lagayan. Pagkakuha ko ng malunggay ay agad ko itong ibinigay kay Mama at siya na ang naghimay.

Masaya ang hapunan namin na iyon dahil sa hindi na naman lugaw o balanghoy ang aming kakainin. Totoong kanin na talaga at may bagong luto pa kaming tinuwang isda sa bato at ang budburon naman ay pinaksiw ni papa.

Kinabukasan ay bigla na lamang sumimangot ang panahon dulot na rin ng habagat. Sobrang lakas ng hangin na siyang dahilan kung bakit hindi nakapamalaot si Papa. Hindi namin alam kung kailan kakalma ang dagat. Buti na lamang ay may tira pa kaming ulam at kanin para makain. Hindi naman problema ang ulam dahil pwede naman kaming mamana ni Papa ng isda para ulamin sa mababaw na parte ng dagat at kahit sa may bakhawan. Ang problema, ang gamot ni Mama, at siyempre ang paborito kong jelly ace. Dahil may dalawa pa akong jelly ace na nakatago sa lagayan namin ng damit ay may dalawang araw pa akong may kakainin. Isa lang sa isang araw, ganyan ako kumain ng paborito kong jelly ace. Hindi inaasahang umabot ng isang linggo ang pagsama ng panahon. Ubos na ang jelly ace ko at ang walang lamang lagayan na lang ang natira. Ang labis na ikinababahala ni Papa ay wala nang antibiotic si Mama. Maya't maya ay sumisigaw sa sakit si

Mama habang nakahawak sa kaniyang puson. Walang magawa si Papa kung hindi ang magtampoy na lamang ng mga dahon-dahon. Kumuha siya ng dahon ng papaya at kaniya itong ininit para ilagay sa puson ni mama. Kahit papaano ay hindi na masyadong sumisigaw si Mama sa sakit at nakahiga lang ito.

Kinabukasan, buti na lang ay bumuti ang panahon. Nakapamalaot si Papa at tulad ng dating gawi, kapag hapon ay nakatambay ako sa baybay para hintayin ang kaniyang pagdating. Maya-maya ay nakita ko na si Papa, kumakaway ako ngunit hindi siya kumakaway pabalik. Pagdunggo niya, wala siyang ibinigay na supot sa akin; walang bigas, gamot ni Mama, at jelly ace. Nanlumo si Papa dahil wala na raw talagang isdang makukuha sa pwesto niya sa may likod ng Edera, ang tapat na baryo namin sa Dinagat Islands. Pinagdudahan niya ang nakaraang pagsama ng panahon na dulot ng habagat. Nagbago ang balod at temperatura sa ilalim na siyang dahilan kung bakit lumipat sa mas malalawak at malalalim na lawod ang mga isda. Ang iba raw kasing mangingisda na may de-motor na bangka ay dumadayo na sa ibang lawod tulad ng sa Leyte, Bohol, Agusan, at Surigao dahil doon na lamang may makukuhang isda. Dahil wala naman kaming de-motor na bangka ay hindi makapupunta si Papa.

Kamoteng kahoy lamang ang aming hapunan noon at tulad ng dati hindi pa rin matigil ang pagsigaw at pamimilipit ni Mama dahil sa sakit ng kaniyang puson. Pangako ni Papa, bukas maghahanap na siya ng ibang pagkakakitaan at nakausap na niya si Tiyo Tasyo na papasukin niya ang pangingisdang kung tawagin sa amin ay boso.

Labis na nag-aalala si Mama dahil kilala ang pangingisdang ito sa amin na sa tuwing dadaong ay may bangkay na naman itong dala-dala.

“Unya kadelikado ana na trabaho?” pag-aalala ni Mama na tanong kay Papa habang lumuluha dahil sa sakit ng kaniyang puson.

“Kaya nako na para mapatambalan pud ka nako sa Surigao” sagot naman ni Papa.

Hindi na sumagot si Mama at tumango na lamang ito. Kitang-kita rin sa mukha ni Mama ang pamimilipit sa sakit dahil nakailang araw na siyang hindi umiinom ng kaniyang gamot.

Madaling araw nang umalis si Papa ng bahay. Nagpaalam siya kay Mama at nagpasama siya sa akin para bitbitin ko pauwi ang flashlight. Pagdating namin kung saan nakadaong ang bangka ni Tiyo Tasyo ay inutusan ako ni Papa. May ibinigay na bigas kay Papa at antibiotics. Si Papa pala ay nag-CA para may maiwan siyang bigas at gamot kay Mama. Dalawang banig ng antibiotics at nasa anim na kilong bigas, ito ang narinig ko habang kausap ni Papa si Tiyo Tasyo. Pinaalalahan din ako ni Papa na alagaan si Mama. Kapag kalmado ang dagat ay mamana na lang ako ng isda para may ulamin kami ni Mama, sabi niya. Sumigaw na si Tiyo Tasyo na hatakin na ang angkla hudyat na kailangan na nilang umalis. Ako naman dala ang bigas at gamot ni Mama ay umuwi na sa bahay.

Noong may araw na ay pumunta ako kina Marvin ang aking matalik na kaibigan para yayain siyang mamana. Tulad ko, ang kaniyang Papa ay sumama rin kay Tiyo Tasyo para mangisda. Wala akong alam sa pangingisdang boso ngunit alam na alam ito ni Marvin dahil kung minsan ay sinasama raw siya ni Tiyo

Tasyo para maging tagalagay ng yelo sa mga nahuling isda. Ngayon ay hindi siya sumama dahil kailangang may magbantay sa kaniyang bagong silang na kapatid; at ang kaniyang mama ay nasa bakhawan, nanginhas para ibenta sa mga dayo sa Edera na kung minsan ay wala namang nakukuha at walang bumibili. Paliwanag ni Marvin, ang boso raw ay may isang kompresor sa bangka na tulad na lamang ng makina ng mga pambot sa amin at may mga nakakabit na hose. Ang mga mangingisda na tulad ni Papa ay sisisid sa ilalim ng tubig habang kagat-kagat ang hose para makahinga sa ilalim. Tumatagal daw ng halos dose oras ang pagsisid ng mga mangingisda sa ilalim ng dagat depende na lamang kapag napupuno na ng isda ang tuhugan nito. Mas nakatatanda si Marvin sa akin ng ilang taon, kaya para makatulong sa pamilya niya ay sinasama siya nila Tiyo Tasyo. Ang trabaho nila maliban sa tagalagay ng yelo ay siguraduhing hindi buhol-buhol ang mga hose para may maayos na suplay ng hangin ang mga bosero. Kung minsan, sabi ni Marvin ay minamalas ang mga mangingisda at hindi nakakayanan ang lalim ng dagat na siyang dahilan ng kaniyang pagkalunod. Hindi rin naman kasi maaasahan ang hangin na naibibigay ng kompresor, na sinasadya ni Tiyo Tasyo na hinaan ang pressure para raw makatipid sa krudo. Isang beses pa nga raw ay nakurot siya ni Tiyo Tasyo dahil sinadya niyang lakasan ang pihitan ng hangin dahil nag-aalala siya sa kaniyang papa na nasa ilalim ng dagat. Medyo malalaki raw ang alon at tiyak mahihirapan ang mga bosero. Walang paki si Tiyo Tasyo kung may mahihirapang huminga sa ilalim dahil mas mahalaga sa kaniya ang kumita ng pera. Kapag malakas ang binubugang hangin sa kompresor ay malakas din ang pagkonsumo nito ng krudo.  Dahil nasa bangka

lang si Marvin, naririnig niya itong may kausap sa celpon at nagbabalak daw itong pumunta sa Surigao at may mga bagong bukas na boringan at inuman doon. Hindi ko alam kung ano ang boringan pero sigurado akong alam ko ang inuman dahil sa lagi naman akong nakakakita ng lasing sa baryo.

Wala masyadong isda sa may baybayin kaya niyaya ako ni Marvin na doon na lang kami sa may bakhawan mamana. Natatakot akong sumama sa kaniya dahil baka kami ang pag-initan ng gintong kogtong. Kahit kasama ko si Papa, noong kami ay pumupunta sa bakhawan ay natatakot pa rin ako.

Natawa na lang si Marvin, sabay sabing hindi naman daw totoo ang gintong kogtong. Sa ilang beses na niyang pagsama ay walang kahit na ano mang gintong kogtong sa dagat.

Nagtataka ako kung bakit buwan-buwan na lang ang may napapabalitang nalulunod dahil inaatake ng kogtong.

Pinaliwanag sa akin ni Marvin kung paano ang pagiging bosero dahil naiku-kuwento rin ito ng papa niya sa kaniya para hindi na niya papasukin ang ganitong trabaho balang araw. Paliwanag niya, kapag nakasisid ka na ng ilang metrong lalim sa dagat ay nahihirapan ang katawan mo sa biglang pagbabago ng tubig; sa laming ng temperatura, sa pagbabago ng balod, at kahit na sa pagbabago ng sug. Ito rin ang dahilan kung bakit karamihan sa mga bosero ay nahihirapan dahil doble ang pagod nila sa paglangoy. Tanging ang hangin na galing sa kompresor ang nagsusuplay sa kanila ng hangin. Dahil nga inuutusan sila ni Tiyo Tasyo na babaan ang buga ng hangin sa pamamagitan ng pagpihit sa switch. Ito ang nagiging dahilan ng pagkalunod lalo na ang mga

baguhan. Isang beses pa nga raw may isang lumutang na lang bigla na wala nang buhay.

*"baguhan naman si Papa."* sagot ko kay Marvin.

"*nasa swertehan lang na,"* kaniya namang tugon.

Pinagyayabang ko kay Marvin na kapag uwi ni Papa ay pupunta kami sa Surigao para ipagamot si Mama. Sumagot naman si Marvin na ilang beses na siyang nakapunta sa Surigao pero sa may pantalan lang dahil pinagbabawalan silang bumababa sa tuwing nagbebenta ng isda. Binida ko, na kapag pumunta kami nina Papa at Mama sa Surigao ay pupunta kami sa sentro at magpapabili ako ng jelly ace.

Habang nag-uusap kami, pumasok si Marvin sa looban ng bakhawan dahil may nakita raw siyang pasayan dito. Kahit naikuwento na niya sa akin na hindi totoo ang kogtong ay takot pa rin ako dahil baka totoo ito.

"*Ayaw ug tuo sa kogtong,"* sagot ni Marvin sa akin.

Sinasabihan daw sila ni Tiyo Tasyo na kapag may namatay na bosero ay sabihin na lamang sa baryo na ang dahilan ay ang gintong kogtong. Upang may makuha pa rin daw silang mangingisda sa baryo na kanilang magiging bosero. Ang iba kasing mga bosero ni Tiyo Tasyo kapag nakasama na ng isang beses at nakaligtas ay hindi na uulit.

Nang nakakuha na kami ng isda, pasayan, at iba pa. Agad akong umuwi sa bahay. Nakita ko si Mama na nakasandal sa aming pinto. Hinihintay pala ako para may malutong ulam. Hindi na siya umaaray dahil may antibiotics naman na siya. Ibinigay ko ang napana kong isda na kung tawagin sa amin ay kilo-kilo at agad niya itong inihaw. Tinitiis na lamang namin ang matinik na isdang ito

dahil ito lang naman ang marami sa amin at hindi rin naman ito mabenta sa palengke. Sabi ni Mama na sa susunod na linggo ay makauuwi na si Papa at may dala itong jelly ace bilang pasalubong.

Araw-araw ay namamana ako kasama si Marvin para pang-ulam namin. Marami ring naikuwento si Marvin tungkol sa boso. Sabi niya, laking gulat nila nang papauwi na sila ay may isang mangingisdang taga-Baclayan na bigla na lang nangisay at namutla.. Hindi na umabot sa San Jose at wala na itong pulso. Paliwanag ng kaniyang Papa sa kaniya, ito ay dahil sa hindi nakayanan ng baga ng mangingisdang iyon ang lakas ng sug sa lawod ng San Jose malapit sa isla ng lalaking bukid. Agad daw kasi itong umahon sa dagat at hindi muna pinakiramdaman ng kanyang katawan na makasabay sa pagbabago ng temperatura mula sa ilalim ng dagat at sa pag-ahon. Hindi ko maunawaan ang sinasabi ni Marvin. Sabi niya sa akin, na tulad namin bago kami mamana ng isda ay pinapakiramdaman muna namin ang dagat. Humihingang malalim para may eksaktong hangin ang baga, para makatagal sa ilalim ng dagat at makapana nang maayos. Ganoon din daw ang nangyari sa mangingisdang iyon, dahil agad siyang umahon na hindi pa naubos ang hangin sa kanyang baga kaya siya biglang nangisay at nahirapang huminga, dahil hindi pa nakarerekober ang baga. Doon ko ito naunawaan dahil kung minsan kapag bara-bara akong sumisisid ay sumasakit ang aking tenga na para bang sasabog sa sakit. Sabi niya, tama ang aking pag-unawa ngunit sa mga bosero hindi tenga ang sasabog kung hindi ang puso at baga.

Isang linggo na ang lumipas. Nag-aabang na ako sa dalampasigan at maya-maya ay nakita ko nang papalapit na ang bangka na sinakyan ni Papa. Pagdunggo sa baybay, lahat ng mga

mangingisda ay nagsibabaan na ngunit wala pa si Papa. Maya-maya ay may ibinabang nakabalot sa banig ang mga operator ng bangka. Pagkababang-pagkababa ay agad itong nilapitan ng mga taga-baryo at pagtanggal sa banig ay tumambad ang namumutla nang hubong katawan ni Papa. Sabi ni Tiyo Tasyo ay may nabiktima na naman daw ang gintong kogtong at ito nga ay si Papa. Kaya raw maputla dahil ibinabad nila ito sa asin para hindi bumaho ang katawan at nasa dalawang araw na itong patay. Nilapitan ako ni Tiyo Tasyo at may ibigay na supot sa akin. Sabi ni Tiyo Tasyo, ito raw ang paulit-ulit na kuwento ni Papa sa bangka na paborito kong pasalubong—ang jelly ace. Napakaraming jelly ace na iba-iba ang kulay, ngunit wala na si Papa upang tulungan ako na buksan ito kung nahihirapan ako.

Dinala sa bahay ang bangkay ni Papa. May inabot na pera si Tiyo Tasyo kay Mama na bahin daw ni Papa sa boso. Ipinaliwanag ni Tiyo Tasyo na minalas si Papa at naroon pala ang gintong kogtong kung saan sila nangingisda. Iyak nang iyak si Mama. Ako naman, sa dami ng jelly ace kong hawak, kahit na isa ay wala pa akong nabubuksan.

Alam kong hindi kogtong ang dahilan. Lumingon ako kay Marvin na nakayuko lamang at hindi makatingin sa akin. Ngayon malinaw na sa akin kung sino ang kogtong na nagkatawang tao sa aming baryo.

# Sanaysay

# GEROME NICOLAS DELA PEÑA

Si Gerome Nicolas Dela Peña ay kasalukuyang guro sa Filipino at Panitikan sa Manila Tytana Colleges at De La Salle University – Manila. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

Siya ay awtor ng walong (8) aklat ng sanaysay at tula, kung saan ang pinakabago rito ay pinamagatang *Ang Sabi Mo, Ang Sabi Ko*, isang koleksiyon ng mga tula na inilathala ng 8letters Bookstore and Publishing. Ang ilan sa kaniyang mga akda ay nailathala na rin sa *Liwayway magazine*, *Ani Anthology* ng Cultural Center of the Philippines, *Tomas Journal* ng University of Sto. Tomas, at sa *The Loch Raven Review*.

Ang kaniyang aklat na *Suong: Mga Aporismo ng Paglusong at Pagsulong* ay itinanghal na Finalist sa 40th National Book Awards – Nonfiction Prose Category na pinangunahan ng National Book Development Board at Manila Critics Circle.

# SWITCH

Isa lang ang pangarap ko. Sana pagkagising naming dalawa isang umaga, magkapalit kami ng mga katawan.

Pero sana lang din, hindi simpleng pagpapalit na gigising ako sa kama niya at siya naman ang sa akin. Sana gumapang din sa buo niyang pagkatao ang kabog ng aking dibdib, kung paanong halos mawasak ito sa panahong labis ang pananabik sa pinanonood na pelikula o anime series, o sa mga sandaling biglang-bigla'y maiisip ko ang unang beses na inamin ko sa kanya na gusto ko na siya—isang gabi ng Mayo. O, madaanan niya ang buong-buong thought process ko, paano ko dinaranas ang lahat ng mga laman ng isip, tinutupad ang mga responsibilidad, at nangangarap ng mas magandang bukas, higit sa kasalukuyang nararanasan o tinatanganan.

Kung mangyayari ang switch na ito, iniisip kong hindi naman magiging sobrang disaster, dahil hindi naman ibang-iba ang brain composition/characteristics ng mga babae at lalaki batay sa mga pag-aaral. Hindi rin naman puwedeng balewalain ang mga pagkakaiba, lalo na't alam nating kumplikado ang reproductive system. Baka magkawindangan kahit sa simpleng, paano kung naiihi na kami? Iyon ang matinding alalahanin. Isa pa, ang hormonal balance ng bagong katawan ay maaaring makalito nang todo sa aming mga isip, at siyempre, nakaaapekto ang hormones sa ating proseso ng pagtanggap o pagtanggi sa emosyon.

Ang worry ko, paano kung hindi lang simpleng body swapping o switching ang mangyari? Paano kung with matching time travel? Hindi lang masisira ang ritmo ng kaniyang dati nang

brain and body functions, makaramdam siya ng mga emosyon na hindi niya inaasahan?

Paano kung magising siya sa panahong nagmamadali kaming mag-oplan dikit ng mga polyeto sa gilid ng Pasig Simbahan habang nananawagan kami ng No to Tuition and Other Fees Increase (No to TOFI), sa lokal na pamantasan kung saan ako naglingkod bilang university student council president noong 2015? Paano kung sa oras na hinihintay ko ang mga kuwento ng aking nanay (na isang single mother) sa pag-uwi galing sa maghapong pagtatrabaho sa Burger Shake business ng tito ko sa Mandaluyong? Actually, hindi lang naman ito simpleng idea ito ng wishful thinking. Nangyari itong "pangarap" na ito dahil lagi niyang nababanggit na parang ang kakaiba naman ng pag-ibig ko, na parang ang hirap i-digest. Ako rin tuloy mismo, napaisip. Ganito ba ako tuwing nagmamahal? O sa kaniya lang ako nakararamdam nang ganito?

Kung ako ang pipili, sana magising siya sa panahong inaayos ko ang insurance claim ng isang estudyanteng nagkaroon ng brain aneurysm. Iyong nanay, nang datnan ako sa loob ng council office, basang-basa ng luha ang mata. Baka makatulong kahit paano, sabi ko, kahit alam kong kulang na kulang ang 20k na premium na puwedeng mai-offer sa ilalim ng nasabing insurance. Napakalaki ng gastos mabuhay at magpaaral ng anak, pati pala hanggang kamatayan, talagang struggle pa rin. Kung magpapalit kami at gigising siya sa katawan ko, dito ko siya sa bahaging ito ng buhay ko nanaising dalhin: halos duruin ako ng mundo kung paano maging napakaliit, maging sobrang helpless, mabasag ang labis na ideyalismo sa pagiging student leader na kinasanayan nang para lamang sa konsiyerto at tree planting activities.

Inireklamo lang naman namin sa Office of the Ombudsman ang pangulo ng unibersidad. Nalaman kasi namin ng kaibigan ko (na sinundan kong pangulo ng konseho) na hindi pala naire-remit ng school admin ang supposedly payment para sa accident at death insurance ng mga mag-aaral sa loob ng maraming taon! Posturang-postura, parang naka-babolgam ang nguso sa pagkapula, humarap siya sa amin sa grievance room ng Ombudsman nang kumpleto ang mga papel. Hindi kami makapaniwala. Halos takasan kami ng sariling paghinga. Paanong nangyari na sa loob lamang ng ilang araw, mas makinis pa sa final revised version ng thesis ng isang PhD student sa UP ang records ng kanilang paghuhulog… and take note, nagmukhang scratch papers ang dala naming mga dokumento. Nagmukhang galing Recto. Galit na galit kami at alam naming may nangyaring hokus pokus. Sabwatan. Pera? Wala namang 'di kayang baligtarin ang pera. Pero ang galit namin, nauwi sa pananamlay nang makita naming gamit-gamit nila ang official vehicle ng school, ang napakalaki't napakakulay nitong logo sa katawan ng van, at kami—uuwing palipat-lipat ng biyahe sa jeep, LRT, at tricycle. Walang imik kaming babalik ng Pasig nang walang ibang salitang nasa isip kundi "talunan."

Pero ngayong iniisip ko ito, simpleng gusto ko lang ba magpa-impress na kesyo ganito ako noon, "prinsipyado" at committed, at ganito ang nararamdaman kong paghanga o pag-ibig sa kanya, kaya ko gusto mangyari ang swap? Oo, maaari. Pero mas gusto kong makilala niya ako at ang pinagmulan ko. Ang lahat ng frustrations ko. Ang lahat ng mga pangarap ko. Nararamdaman daw iyon ng kaluluwang lumilipat sa bagong katawan, kaya masarap ding isugal iyon kahit paano. Ilang beses ko kasi siyang

napapansin na parang nagugulat kapag sinasabi kong ang tindi rin minsan ng ragasa ng anxiety ko, literal na when it rains, it pours; kahit pa sa labis nang pagiging palatawa't palabiro ko, batid kong hindi alam ng marami na marami din akong pinapasáng problema at pasakit sa buhay. At hindi lang ito simpleng lesson sa empathy na madalas nating marinig sa ating mga guro na "ehem, okay class, ilagay natin ang mga paa natin sa sapatos ng iba at tiyak maiintindihan natin sila." Eh, hindi lang naman sapatos, paano ang damit na isinusuot, pagkain, at inumin sa araw-araw, at mga taong nakasasalamuha? Lahat din naman ito ay mahahalagang elemento ng buhay at pag-iral ng taong gusto nating makilala, 'di ba?

# HAKBANG

Hindi nahirapan ang mga nasa youth sector ng Anakbayan Pasig na i-recruit ako sa kanilang mass org. Una akong namulat sa Tanggol Wika (Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino) dahil nga sa una, Filipino major ako noon sa kolehiyo. Tanda ko, 2014 July o August ata, nagkaroon ng isang malaking pistang protesta. Sa tapat ng CHED office sa Diliman, inihagis ng hanay ni Prof. Jonathan Geronimo ng UST, maging ng mga guro sa DLSU-Manila, ang isang gawa-gawang kabaong mula sa plywood (pero malaki at mabigat din sa tantiya ko) na may naka-print na "WIKANG FILIPINO." Hindi ko alam kung likha ng mga estudyante o ng mga guro, pero magkahalong tawa at kaba ang nararamdaman namin noon. Hindi umepek sa unang hagis, sigawan ang mga tao. Na parang mas nangibabaw ang gigil dahil mataas ang gate ng komisyon. Hindi maipinta ang mukha ng mga guwardiyang nagbabantay kung matutuwa ba silang epic fail ang unang tangka ng nagpoprotesta, o maiinis dahil parang mas umugong pa ang mga panawagan ng mga guro, mag-aaral, manunulat, at manggagawang pangkultura na nasa labas.

Kitang-kita ko kung paanong lumundag ang kabaong sa matikas na pagkakatindig ng gate ng CHED na parang isang kabayo sa mga eksenang pampelikula ni Lito Lapid. Sa mga mata ko'y huminto ang oras habang nakatingala kaming lahat na bumaybay sa hangin ang úbod at simbolismo ng aming ipinaglalaban; na dapat sana'y bagay na batid na ng lahat; lalong-lalo na ng mga de-kurbatang "intelektuwal" na nasa kabilang bahagi ng tarangkahan: ang halaga ng wikang pambansa.

Naging sunod-sunod ang mga pangyayari para sa pagiging bahagi ko ng nasabing youth org: educational discussions, meetings, pakat sa rally, at iba pa. Hindi naman kasi malayo ang usapin ng wika sa iba pang problema ng ating bayan. At naiisip ko, kung ma-a-activate man ang aming switching sa panahong ito, higit pa niyang magagampanan ito kaysa akin—lalo pa't mas siya ang organisado sa aming dalawa—matalas sa detalye, matinik ang disiplina, at hindi nagsasayang ng oras. Kitang-kita ko ito sa kung paano niya ginagawa ang trabaho niya sa paaralan kung saan kami parehong nagtatrabaho. Ang kaniyang genuine care and concern sa mga tao, ang respeto ng mga nakapaligid sa kaniya. Kahit pa sabihing hindi siya iyong tipong kaibigan ng lahat, dahil nga tahimik lamang siyang tao, subalit kung lalapitan siya'y tiyak na laging may extra mile siyang gagawin para makatugon sa abot ng kaniyang makakaya, at take note, sa kabila ito ng kaniyang sandamakmak na workload. Hindi lang niya kasi simpleng tinitingnan ang problema bilang problema, mas hamon ang nagiging pagbasa niya rito para sabihing matatapos din ang lahat. May matututuhan din kung maisasakatuparan. Sa tingin ko, mas siya ang embodiment ng pagiging isang "aktibista", sapagkat sa totoo'y 'di ko matawag ang sarili ko sa ganoong pagbabansag. Masyadong mabigat na taguri para sa akin.

Unang beses akong pinagsalita sa mic sa isang converging point papunta sa Mendiola. Bandang Anonas, QC 'ata ito. Nanibago ako kasi kaiba sa kinasanayang pagsasalita sa harap ng mga kapwa-estudyante at kaguruan, ang mga kaharap ko ngayon, mga manggagawa. Hindi ko alam kung saan-saan at ano-anong unyon o alyansa sila kabilang, pero kami, galing sa Kilusang Mayo Uno

(KMU) kung saan nakaugnay ang Anakbayan Pasig. "Nakikiisa po kaming mga nasa hanay ng mga mag-aaral sa ipinaglalaban ng mga manggagawa," pambungad ko at halatang-halata ko mismo sa sariling boses ang pananakmal ng kaba.

Iba ang ningning sa mata ng mga manggagawang nakasama namin noon. Kahit pa sabihing marami sa kanila ay posibleng um-absent (dahil 'di naman lahat ay pinapayagan ng management), pagod pa sa maghapong pagtatrabaho sa araw bago ang takdang panahon ng pagkilos, at iba-iba pang personal na dahilan, hindi puwedeng ipagpaliban ang pinakadakilang araw ng mga manggagawa. Ang mga nasa worker at labor unions, nasa unahang hanay. Ang paliwanag ng mga nakatatandang kasama, sila ang dapat na tumatangan ng pagtindig sa frontline ng paglaban para sa kanila mismong sariling karapatan. Kailangang malinaw iyon, upang maiwasan ang mga naiinterbyu ng midya na "isinama lamang po kami," "hindi po namin alam," at iba pa. Hindi man talaga kailangang-kailangan at iba-iba tiyak ang partikularidad sa bawat unyon, sa prinsipyo'y bunga dapat sila nang maraming mga ED. Malinaw ang paggagap sa pambansa at lokal na mga isyu, ang politikal at pang-ekonomikong estado ng bansa sa kasalukuyan; at kulminasyon na lamang ang mga gawaing tulad ng Mayo Uno. Sunod naman sa hanay ang mga magsasaka, kababaihan, kabataan o tinatawag ding YS o youth sector, teachers, at iba pa. Iba-iba man ang bitbit na isyu, kani-kaniyang sektor man, malinaw na mahalaga ang pakikiisa sa laban ng mga manggagawa lalo na at higit na tumataas ang mga bilihin, at hindi naman kailanman nakasabay ang sahod. Walang pinipiling sektor, edad, kasarian, o hanapbuhay ang kahirapan. Tawa na lang ang maaalala kong itutugon namin sa

isang YS na pumiyok habang sumisigaw ng “Sahod itaas, presyo, ibaba!”

Basta laging ang mga manggagawa ang nasa harapan. Kaya kami, kahit pa technically ay nasa YS, kasama na kami sa unahan. Pagiging manggagawa rin naman ang tahak namin, makapagtapos man kami o hindi sa pag-aaral. Patibayan ng tuhod at dibdib. Hindi lang init, usok, alikabok ang puwede mong kaharapin, kundi posibilidad na mapalo ka ng batuta, ipitin sa pukpok ang paa mo ng shield ng pulis, mabasâ ka ng tubig na bumbero na kung mamalas-malasin, makati sa balat dahil may kung anong kemikal ata ang inihahalo ng mga ito para dalain ang mga manggagawa. Subalit ibang klase ang ‘di maipaliwanag na bagabag kung mapiktyuran ka at maipalabas sa TV, mapanood ng mga tito’t tita mong tsismosa. “Paano nang pag-aaral ni Gerome, namumundok ang mga iyan, sa una aakitin ka sa matatamis nilang mga salita...” At madalas, madaling madaig ang mga magulang ng ganitong takot at agam-agam kaysa anumang paliwanag hinggil sa isyung panlipunan. Natural instinct at play. Isa pa, highly economic din. Ito naman ang puno’t dulo ng lahat. Ako ang aasahang tutulong sa pamilya. Panganay eh. Kaya talagang hindi ako pumupuwesto sa kadalasang pinipitikan noong mga taga-ABS at GMA, doon lang ako sa mga kasamang nasa alternatibong midya (na di naman nila binabasa o pinanonood). Mahirap na’t baka mahagip ng camera o may makapagsumbong. Mas matindi ang pakikibakang haharapin pag-uwi.

Kung maimamahika ang inaasam-asam kong pagpapalit namin, at malas-malasin, malamang mangyari habang idinidikit ko, kasama ng ilang kapwa-estudyanteng nasa AB Pasig, ang mga

polyeto o printed publication materials hinggil sa nakaambang pagtataas ng matrikula at iba pang bayarin. Hindi naman sa ayokong dito niya ako datnan, masyadong kumplikado lang ang panahong ito sa akin. Pero sa haka'y naisip kong puwede rin nga, dahil literal na adrenaline at ang dami-dami ko ring danas dito na hanggang ngayo'y bitbit-bitbit ko.

Ako ang noo'y kaisa-isang representante ng mga mag-aaral sa Board of Regents bilang pangulo ng university student council ng lokal na pamantasan sa Pasig, at unang araw pa lang na malaman naming nagtatangka ang pamunuan ng taas-matrikula, walang katapusang pulong at pagpaplano ang aming ikinasa bilang tugon dito. Konsultasyon sa mga kapwa-mag-aaral at organisasyong kinabibilangan nila, na alam namin na ang mga magulang ay pawang mga nasa manggagawang uri din ng aming lungsod: traffic enforcer, tindera sa Pasig Mega Market, staff sa city hall, maliit na negosyante, miyembro ng TUPAD, etc. Malaking bagahe ito kung magkakataon, kaya naman isang gabi, matapos ang serye ng mga liham at official statements na hindi pinansin ng school admin, sobrang dami mang daga sa dibdib, naisip naming ipaalam sa komunidad ang nangyayari sa loob ng pamantasan. OD o Oplan Dikit ang napiling pamamaraan, dahil unang-una, 'di ito maise-censor sa internet (nakailang report at black propaganda ang kalaban at kanilang mga kasapakat na guro sa mga lehitimong panawagang ipinadaraan namin sa social media) at mas mailalapit sa mga taong dapat na makabasa. Sa isang dekada't kalahati noong kasaysayan ng aming pamantasan, unang beses pa lamang ito na may organisadong protesta na isinagawa ng mga estudyante.

Bandang mga alas-nuwebe ng gabi, sa bahay ng isang kasama, matapos makapaghapunan ay nagluto na ng gawgaw. Matindi ang halakhakan namin kasi nang inilabas namin ang gawgaw at naglakad patungo sa komunidad sa tabi ng aming paaralan, mainit pa ito. Pabiro ko ngang sabi na pati pandikit, battle mode ha. Kumukulo-kulo pa talaga. Inilagay ito sa lumang lalagyan ng Boysen, at tinakpan nang mahigpit. Pagdating sa Pasig Simbahan, unang nagsampol ng dikit ang isa kong kakolektib. Educ din, Elem ed ang major. Mas matanda sa akin ng 3 o 5 taon, pero noon lang nakabalik sa pag-aaral dahil sa dami ng responsibilidad sa pamilya.

Kitang-kita ko kung paanong sisiw na sisiw sa kaniya nang hawakan sa kaliwang kamay ang panawagang ididikit, at sa kanan nama'y sumawsaw ng pamahid gamit ang lumang brotsa. Lumapat ang papel na nagkakanlong ng aming protesta sa batong poste sa gilid ng katedral ng Pasig. Isang hagod paitaas, isang hagod din paibaba, saka maghahanap ng iba pang papahiran. Mararamdaman din kaya ng babaeng iniibig ko ang eksaktong pananabik at pagbilis ng tibok ng puso, nang masaksihan kong tila ang poste at ang polyeto'y naging isa? Na tila'y isang tatô, hindi, unang bordadong tatô ng mukha ng mahal sa buhay sa dibdib ng isang sinasaklob ng pangungulila? Na sa wakas, naiguhit na namin ang unang hakbang sa reyalisasyon ng aming mga hinaing, ang mailapit ito sa mga kapwa-Pasigueño na magdaraan sa gilid ng simbahan sa mga oras na iyon hanggang mag-umaga—na posibleng mga magulang, tagapangalaga, kapatid, o kamag-anak na tumutuwang sa aming mga mag-aaral na maaapektuhan ng panukalang pagtataas ng mga bayarin? Manginginig din kaya ang aking kamay (sa kaniyang

patnubay) nang siya naman ang atasang magdikit ng isang polyeto sa isang batong poste rin malapit naman sa city hall? Ang pagtigas ng mga binti nang biglang may humintong police mobile malapit sa aming puwesto? Ang pagpigil sa hininga habang dahan-dahang kumakalas sa mga kasama? Napakahaba ng gabing iyon. Hindi ako agad nakatulog.

Kinabukasan, maugong na sa loob ng pamantasan na inutusan ang mga guwardiya ng school, hindi para magbantay at seguruhin ang seguridad ng mga mag-aaral sa loob, kundi para magtanggal ng mga in-OD namin sa komunidad. Tinawanan lang namin ang mga nangyari, ang adrenaline na kaakibat ng "misyon" na iyon. Ang hapo, hingal, sigawan, at kantiyawan matapos ito. Pero nang sumalang na muli sa pagpupulong para tasahin ang mga nangyari, ang seryoso ng mata ng bawat isa, na parang sinasabing lagi't lagi ring may tugon ang kaaway sa bawat naming pagtatangka. Gusto ko siyang magising sa katawan ko sa mga panahong ito para maipakita't maipakilala sa kaniya kung bakit hanggang ngayon, mahalaga sa akin ang pagsusulat, ang pagtatala ng ganitong bahagi ng kasaysayan, at ang tungkulin ng pagmumulat na kaakibat nito, kahit pa batid kong hindi na rin sa kaniya bago ang mga ganitong naratibo, dahil sa kaniyang trabaho at adbokasiya.

Ang mga tanong na posibleng nanahan sa aming mga isipan noon: ano na ang sunod nating hakbang?

# HULAGPÓS[1]

Mga bata pa lamang kami ay talagang magkasama na kami ni Matt, at malaking factor doon ang pagiging magkapitbahay namin, dalawang bahay lang ang pagitan. Kay Matt ko unang natutuhan ang idea't aplikasyon ng pagsisikreto, na turo sa akin ng nanay ko. Hindi daw dapat lahat, sinasabi o isine-share sa iba, lalo pa't hindi naman natin kuwento. Dagdag pa ang golden rule na kahit simpleng pag-offend lang sa nararamdaman ng iba ay hindi na mabuting bagay, na talagang hindi dapat ginagawa ng isang bata. Ampon si Matt, at noong mga pito o walong taon pa lamang kami, alam ko nang kahit magsuntukan/magbangasan kami sa pikon sa larong pogs, batuhan matapos magkaseryosohan sa basketbol, magsiraan ng laruan, maghampasan ng kung anumang madampot ng kamay, hinding-hindi dapat mahulog sa dila ko ang salitang iyon.

Madalas, kami ang magkakalaro nina Matt. Siya, ako, at ang pinsan kong si Joshua. Kami kasi ang magkakaedad o at least, nasa same age range sa mga batang lalaki sa kapitbahayan. Iyong mga kuya-kuya namin, iba-iba na ng trip at usapan. Kung hindi Counter Strike o rambulan sa Manggahan High School, babae. May mga crush-crush din naman kami, at napagkukuwentuhan din namin ito (na minsan nga'y nagkakagulatan dahil iisang babae lang sa school), pero 'di umaabot sa mga usapang regla, "puwestuhan"

---

*1 png*
*paglayà sa pagkakatalì : HAGPÓS, LAGPÓS*
*tákas o pagtakas : HAGPÓS, LAGPÓS — pnd hu·mu·lag·pós, ma·ka·hu·lag·pós*

*UP Diksiyonaryong Filipino*

kapag wala ang mga magulang ng mga ito, o abangan sa labas kapag may pumoporma o umaaligid sa mga natitripan nila.

Dagdag pa, na umaga pa lang bumibiyahe na ang mommy ko mula sa amin sa Pasig patungong Mandaluyong kung saan siya nagtatrabaho bilang staff sa Burger Shake business ng tito ko. Matindi ang trabaho. Tinda, luto, at siyempre, malalang inventory pagkatapos. Walang kapa-kapatid, lalo na kung side ng tito ko, talagang hindi magaan ang trabaho. Ito ang nagpamilyonaryo sa kanila. Malakas ang puwesto dahil malapit sa JRU at early 2000s iyon, kasagsagan ng tumataginting na bilang ng enrollees sa nasabing unibersidad. Dagdag pa na may mga branch na rin kalaunan sa mga iba pang malalapit na mga pamantasan. *Kaya naman gigising akong wala na siya, matutulog akong wala pa rin siya*. Ibinibilin lang ako sa lolo ko na siya nang nagpalaki sa akin. Ang hindi ko malilimutan sa kuwento ng mommy, kung paanong hindi na makatao ang trato ng tita ko, asawa ng tito kong may-ari ng burger shake stand, sa mga "katulong" nila. Pagtuntong pa lang ang mga ito sa gulang ng pagiging mga binatilyo at dalaginding ay iniisip nang papuntahin sila sa Maynila, mula sa kanilang probinsiya sa Masbate (kung saan galing din ang tita ko, na ang unang trabaho rin dito sa metro ay pagiging kasambahay).

Dahil nga bata, mga 'di napag-aral, napakadali lang ng mga ito kontrolin. Takutin. Paghigpitan. May sarili lang silang lugar kung saan lang kakain, at hindi kailanman pinasasabay sa pagkain ng pamilya. Pinasasahod nang mababa, kinokontrol pati ang mga ligaw-ligawan, kahit pa umabot na sila sa hustong gulang. Iniisip ko, dahil ba pinasasahod sila, nabibigyan ng libreng tirahan, sapat-sapat nang dahilan ang mga ito para ilagay sa palad ang kanilang

mismong mga buhay? Tuloy, kahit si Matt na sobrang kumportable na sa amin, kapag bumibisita sa bahay namin ang tita kong iyon, nagkukusa nang damputin ang tsinelas palabas. Babalik na lang daw.

Kahit pa bungalow lang ang bahay nina Matt, malaki ang space at masasabing kahit paano, magaganda ang mga gamit. Malinis din at talagang amoy na amoy ang Star Wax sa bawat naming paglalaro doon. Nagsa-Saudi kasi ang adoptive father ni Matt, si Mang Lino. At naiisip ko na nang dahil doon, kina Matt kami madalas maglaro. Siya ang may basketball ring, bola ng Spalding, at oo, Spalding! Big deal sa akin ang brand ng bola kahit noon pa. Hindi kasi ito ganoon kagaan o kabigat, saktong-sakto lang. Smooth lang i-shoot. Matalbog din ito. Hindi rin masakit sa tenga ang tunog kapag idinidribol. Iyong nagagamit kasi namin ng mga pinsan ko na bolang galing Pasig Palengke, mga tig-150 pesos, matalbog. Mga dalawang dangkal na lang, abot na sa bubong nina Matt. At ayoko nu'n. Hindi kasi ako katangkaran at nahihirapan akong patalbugin ang bola bago mag-lay up o reverse shot, laging nakahuhulagpos sa kamay, lagi kong nabibitiwan. At sa hindi ko maipaliwanag na dahilan, hindi ko gusto ang ganoong pakiramdam.

Kaya naman isang umaga, sa 'di ko na rin maalalang dahilan, hindi namin gamit ang bola ni Matt, at wala kaming nagawa kundi pagtiyagaan iyong bolang ayaw ko. Si Matt, kahit pa sabihing halos pareho ko naman ng tangkad, batak na batak namang maglaro. Noon kasi, dahil sa husay ng guro ko sa TLE na si Sir Navales, nahikayat akong maglaro naman ng table tennis matapos ang ilang hapon ding panonood sa pagko-coach niya sa mga kapwa ko mag-aaral sa elementary. Doon natuon ang oras ko. Dahil wala nang

praktis, at naiinis nga sa bolang gamit, tinambakan ako ng isang buwan (tawag namin ito sa tambak na halos higit sa 30 puntos, o sabihin pa, halos ‘di na mabilang) ni Matt. Pikon na pikon ako. Maya’t maya ang pag-iling at pagpalatak. Ilang beses akong sumusubok na umiskor pero bukod sa sobrang talbog, madulas din ang bolang iyon. “Kalbo naman itong bola!” sigaw ko sa tuwing maaagawan o maa-out of bounds ito. Siguro sa mura kong isip, galit ba ako o naiinis dahil tinambakan ako, ‘di ako makaporma, masyado siyang maliksi, kabisado niya ang ring kasi nga siyempre, sa kaniya ito, o naiinggit lang ako sa katotohanang kahit pa ampon siya, at least siya, may tatay.

Maaalala kong bigla ang usap-usapan ng mga matatanda na sa ampunan daw, hinanap talaga ng mga nag-ampon kay Matt ang kamukha ni Mang Lino…at totoo! Hawig sa mata, kapal ng labi, katamtamang tangos ng ilong, at ‘di kaputiang balat. Pareho pa ng tindig at porma, para talagang pinagbiyak na bunga. Kung wala ang kaliwa’t kanang bulungan, hindi pagkakamalang hindi sila galing sa iisang laman.

Mangiyak-ngiyak na ako sa badtrip dahil sa mga nangyayari nang masilayan ko sa eskinita kung saan kami naglalaro na dumarating ang mommy ko. Kahit pa may tanong ako kung bakit parang mas maaga sa lagi niyang uwi, sinalubong ko siya ng higpit ng aking yakap. Halos madapa-dapa pa ang mga paa ko sa pagmamadali. Iniabot niya noon ang isang bagong-bago’t nakaplastik pang Jollibee stuffed toy! Pulang-pula, ang lambot, ang sarap-sarap pisil-pisilin. Ang ningning-ningning pa ng mga mata ng bubuyog na laruang yakap-yakap ko. Hindi na alintana ng isip ko ang pikon at inis sa ilang beses na paghulagpos o pagbitiw ng bola

sa mga kamay ko sa pagbabasketbol namin ni Matt. Unti-unting natuyo ang noo'y mahuhulog nang mga luha. Nandiyan pa ang mommy ko, iyon ang mahalaga. Niyakap niya ako at kinumusta. Kumain na raw ba ako. Sa gitna ng pawis, hingal, pagkasabik, lungkot, at mga tanong, naisip ko: ang yakap ng aking ina at lahat ng mga may pakialam sa akin ang hinding-hindi ko hahayaang mawala't makahulagpos sa mga kamay ko. Anuman ang mangyari. Sana sa lahat ng pipiliin kong mahalin ay mapanghawakan ko iyon. Matindigan. At alam kong hindi iyon sikreto sa mga tunay na nakakilala sa akin.

## BABALA

Sa Japanese anime movie na Your Name, sinabi ng bidang lalaki na si Taki na marahil ang dahilan ng pagpapalit nila ng katawan ay para mabigyang-babala ang lugar ni Mitsuha (babaeng kabahagi niya sa switch), sa delubyong hatid ng paparating na kometa. Sumikat ang nasabing pelikula (na naging highest grossing Japanese film noong 2016) dahil sa pinaka-conflict nito, ang notion ng body swap, na hindi naman na bago sa mga manonood, lalo pa't marami na ring anime films na may ganitong tema, at siyempre, sa Hollywood din. Noong nagbibinata ako'y napanood ko rin ang Tagalized version ng 2010 South Korean TV Series na Secret Garden, at dito siguro unang umiral sa akin ang kakaibang idea, ang pakiramdam, at ang maaaring mabago sa aking buhay; kahit pa sa weirdest na posibilidad na iyon.

Ang iniisip ko, paano kung paggising ko sa katawan ng babaeng pinakamamahal ko, mapunta ako sa oras at sandaling pinag-iisipan niya kung tatapusin na niya ang lahat sa kanila ng dating karelasyon? Estranghero ako sa buong-buong detalye, at hindi ako ang tipong mag-uusisa; kahit pa parang natural naman na ata sa taong bumuo ng tulay kapag 'sintayog ng mga bundok at sinlalim ng dagat ang 'di mo maunawaan. Makikita ko ang kaisa-isa nilang anak na babae na maaaring magdusa sa desisyon ng mga magulang, at batay sa pagkakakilala ko sa kaniya, alam kong huling-huling straw na iyon na maaari niyang bunutin, bago gumawa ng anumang drastikong hakbang na magpapabago ng kaniyang kapalaran.

Ang gagawin ko ba, halimbawa, sasabihin ko sa kanya ang mga susunod na mangyayari: ang tsismisan, ang mga haka-

haka ng mga tao, ang lagi nang tatak lalo na sa babae kapag nakipaghiwalay at nasa ilalim pa ng matrimonya ng kasal? Kilala ko siya, katahimikan ang madalas niyang sagot sa mga bagay, hangga't hindi siya labis-labis na naaapektuhan, hangga't hindi nadadamay ang kaniyang mga mahal sa buhay. Isang gabing magkakuwentuhan kami, bigla niyang nasabi: "kaya siguro ako tahimik, 'no?" Ngiti at tango lang ang magiging tugon ko para sabihing, oo, dahil sa mga pinagdaanan mo.

Sa pagbababala, kahit pa minsa'y may negatibong konotasyon, naniniwala akong sinasabi naman talaga nang may malinis munang hangarin o intensiyon. Pero sa pagkakataong iyon, magiging tapat ba ako sa sarili na ayusin ang ugnayan nila ng dati niya, maging buo ang kanilang pamilya, kahit pa mangahulugan iyon na imposible nang mangyari ang sa amin? Mag-change course ang dapat sana'y personal history na pagsasamahan naming dalawa, o ng magiging pamilya rin namin sa hinaharap? Ayokong magpaipokrito, gusto kong maging makasarili. Baka gatungan ko pa nang todo ang sitwasyon, magsimula ng apoy hanggang sa maabo ang anumang natitira pa sa kanilang ugnayan. Pero kung siya mismo, bilang babae, bilang ina, bilang tao ang nagdesisyong tama na, ayaw na niya, gusto na niyang lumaya...wala akong magagawa roon. Natutuhan ko sa pagiging bahagi ng kilusang pangmag-aaral noon ang halaga ng pagtangan sa sariling desisyon at/o paniniwala. Gaano man ito nakakalito sa simula at nakadudurog sa huli. Na integral ang pagsalungat, gaano man kahirap ang maaaring ibunga nito sa hinaharap. Ang kuwento ni Matt, ang pagpili sa kaniya ng mga tumayong magulang. Ang pagsulong ng aking nanay sa araw-araw, maitawid lang ang buhay naming dalawa. Ang hindi

kailanman dapat pamarisang tiyahin, dahil hindi dapat natin inilalagay sa ating mga kamay ang buhay ninuman, gaano man natin tinitingnang kamakapangyarihan ang mga ito.

Kaya naman, anumang suliranin ang harapin, o may kometa mang paparating, ang magagawa ko na lamang ay samahan siya sa pagtindig. Doon ko siya higit na minamahal, sa pamamagitan ng mga bagay na pinipili niyang panindigan, anuman ang posibleng kahinatnan noon.

Ang totoo, sa lahat-lahat ng mga pagnanais na ito, siya ang higit na gusto kong maintindihan kapag ako naman na ang nasa kaniyang katawan. Kapag napasusunod ko na ang kamay niya't braso, binti at mga paa. Kapag kaya ko nang lumuha sa pamamagitan ng kaniyang mga mata. Kapag kamalayan ko na ang dumadaloy sa bawat himaymay ng kaniyang pag-iral. Sana, hindi na lamang payak na switch ang mangyari, higit at tunay na pag-unawa sa isa't isa, sa magagaan o mabibigat mang bagay sa kasaysayan ng aming mga pagkatao. Sana'y hindi lamang kami magpalit, kundi maging isa kaming dalawa bilang iisang laman, iisang kaluluwa.

# EDWARD JOSEPH FERNANDEZ

Si G. Edward Joseph Fernandez ay lumaki sa isla ng Patnanungan (bahagi ng Polilio Islands) sa Probinsiya ng Quezon. Siya ay pang-apat sa anim na anak ng mag-asawang magsasaka.

Minsan siyang nagtamo ng unang gantimpala sa College Essay Writing Competition noong 2018 na ginanap sa Lungsod ng Lucena sa pangunguna ng Quezon Medalya ng Karangalan Foundation, Inc.

Nagtamo siya ng Unang Gantimpala sa Dula Tayo 2022: Pagsulat ng Dramatikong Monologo na patimpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino. Natanggap siyang fellow sa pagtula ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (Hunyo Disyembre 2022), pagsulat naman ng sanaysay sa Palihang Rogelio Sicat 15 (Hunyo 2022), 2nd Caloocan Writers Workshop (Abril 2023), at Tulang Pambata sa katatapos lang na Unang Palihang Rene O. Villanueva (Hulyo 2023).

Libangan niya ang pagsusulat at pagbabasa, pakikipagsagutan, at pagsa-sadboiposting sa Facebook. Mahilig din siyang bumili ng secondhand na mga libro.

# AKO AY SI AKO NGA

Impostor daw ako. Kinantiyawan ako ng mga kaklase ko noong nasa elementarya ako nang malaman nilang dalawa kami sa klaseng may magkaparehong pangalan. Ganito ako ilarawan ng mga kaklase. Matunog ang salitang impostor nang mga panahong iyon dahil uso ang palabas na Mulawin sa GMA kung saan ang bidang si Aguilus, na ginagampanan ni Richard Gutierrez ay nagkaroon ng impostor.

Kung tutuusi'y sa pangalan lang naman kami nagkatulad ng isang kaklase, hindi naman kami magkamukha, naisip ko na dahil mga bata, limitado pa ang hagip ng isipan pagdating sa pagpapakahulugan sa isang salita.

Impostor ako sa pananaw nila. Gaya-gaya kumbaga. Ito ang isang araw sa buhay ko kung saan naghangad akong sana iba na lang ang pangalan ko. Kung ganon, hindi sana ako napagdiskitahan at naging tampulan ng panunudyo at halakhakan mula sa mga munting bata na kagaya ko. Ang maliliit nilang tinig hanggang ngayon ay nagpaparindi't kinaiiritahan ko pa rin sa tuwing masasagi ng aking alaala ang mga tagpong tulad noon.

Makalipas ang labimpitong taon, nakapagtapos na ako ng kolehiyo. Hindi ko alam kung handa na ba akong panindigan ang tinapos na kurso at madagdagan ng titulo ang aking pangalan kapag nakapasa sa isa sa pinakamahirap na board exam dito sa Pilipinas. Bahagi ng mga requirement ang PSA copy ng birth certificate.

Kasama ang apat na kaibigan, na sila ring kasama kong lumuwas ng Maynila mula Probinsiya ng Quezon para mag-review sa loob ng anim na buwan, sumugod kami sa tanggapan ng

Philippine Statistics Authority na matatagpuan sa East Avenue sa Diliman, Quezon City. Maaga kaming lima, dahil ayaw naming abutan ang mahabang pila. Ang pagiging maagap pala namin ay hindi pa talaga maagap, dahil nang dumating kami ay mahaba na ang pila sa labas ng PSA Complex. Matapos ang pagtusok-tusok ng guwardiya sa aming mga bag, pagpila sa counter para magbayad, pag-claim ng ID na iniwan pagpasok, at napakainit na biyahe pabalik sa aming boarding house, sa wakas hawak na rin namin ang nag-iisang kulang na requirement para makapag-file sa nalalapit na board exam.

Hindi ko alam kung bakit sabik na sabik at tuwang-tuwa ako nang hawak ko na ang kopya ng aking birth certificate. Sa pagkakatanda ko, ang natitirang kopya na mayroon ako noon ay ipinasa sa registrar's office noong mag-enroll ako sa kolehiyo. Kulay green pa iyon, NSO pa ang tawag at hindi pa PSA. Inalis ko mula sa kinalalagyang brown envelope ang PSA copy. Abala sa kanilang cellphone ang aking mga kasama.

Binasa ko ang pangalang nakalagay: PHILIP ROWNIE.

"Hala, mali ata ang naibigay sa akin kanina!" bahagyang pagkagulat mula sa nabasa. Sa pagkakarinig, agad ring tiningnan ng aking mga kasama ang kopyang ibinigay sa kanila. Mababanaag ang kaba sa mga mukha. Wala naman sa kanilang mali nang isa-isahin naming tingnan ang bawat detalyeng nakasulat.

Nagkakantiyawan kami. Pamali-mali naman ng bigay 'yung ate kanina, wika ko. Nang usisain namin ang mga nakasulat sa kopyang aking hawak, lahat din ng detalye ay tungkol sa akin, maliban lang sa pangalan. Baka raw may kakambal ako, ang sabi ni JP. Malabo iyon, agad ko namang sagot. Malabo talaga dahil wala

naman sa aking naikuwento sina Mama na may kakambal ako, kung mayroon man.

Para masagot ang mga tanong kung nagkamali nga lang ba ng ibinigay na kopya sa akin, napagdesisyunan kong bumalik sa PSA Complex kinabukasan. Sa pagkakataong ito, mas inagapan ko na. Pumila ulit, nagpatusok ng bag, nag-iwan ng ID sa pagpasok, at nagbayad sa counter. Isinulat ko nang sobrang lalaki ang mga letra ng pangalang dapat ay maibibigay sa akin: EDWARD JOSEPH.

Makalipas ang halos isang oras, hawak ko na ang kopya at sa pagkakataong ito'y inaasahan kong ang pangalan ko na ang mababasa. Sa sobrang kaba, nanginginig ang aking mga kamay at pinagpapawisan ako na parang madudumi sa nararamdamang panlalamig habang hinuhugot sa brown na envelope ang dalawang pahinang kulay dilaw na papel.

Dismayado, nagtataka, at nagugulumihanan kung bakit Philip Rownie pa rin ang pangalang nasa papel gayong malinaw naman at sobrang laki ng pagkakasulat ko sa aking pangalan bago iabot sa babaeng nasa counter.

Hindi ito maaari, isip-isip ko. Once and for all, dapat maitama ang lahat. Masagot ang dapat masagot. Malinawan ang dapat malinawan. Lumapit ako sa babaeng nasa counter, naki-excuse sa nasa unahan ng pila. Tinanong ko kung bakit ibang pangalan pa rin ang ibinigay sa akin. Maluha-luha na akong nagpapaliwanag na hindi iyon ang aking pangalan. Agad namang nagpaliwanag ang babae sa counter, wala raw siyang mahugot sa system nila sa pangalang ibinigay ko kaya nang lumabas si Philip Rownie, iyon ang kinuha niya dahil nagma-match naman ang iba pang detalye.

Paano po ito?, basag na ang aking tinig at kunot na ang noo. Itinuro niya ang isang babaeng nakaupo sa loob ng opisinang pader na bubog lang ang naghihiwalay mula sa mga taong naghihintay na makakuha ng pinakaaasam nilang dokumento.

“Sir, nadoble po ang pag-register sa inyo” paliwanag sa akin. Ha? Paano naman nangyari iyon? Sa isip-isip ko, parang imposibleng mangyari. Walang nabanggit ang aking mga magulang tungkol dito. Ngayon ko nga lang narinig ang pangalang iyan. Pero para hindi na lumikha ng ingay, at pinipilit ko ring i-compose ang aking sarili kahit gulong-gulo na ako, tinanong ko na lang kung anong dapat kong gawin.

Ipinaliwanag niyang nang maisabatas ang Republic Act 10625 o Philippine Statistical Act of 2013 na pinirmahan ni Pangulong Benigno Aquino III, ang National Statistics Office (NSO) kasama ang National Statistical Coordination Board (NSCB), Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES) and the Bureau of Agricultural Statistics (BAS) ay naging Philippine Statistics Authority (PSA). Ayon pa sa kaniya, bilang paninigurong singkronisado ang lahat ng pangalang nasa registry ng PSA, ang lahat ng double-registered ay kinailangang tanggalin sa kanilang system. Kaya raw nawala ang pangalang Edward Joseph dahil hindi ito ang unang pangalan na nakarehistro para sa akin. May ibinigay siyang listahan ng mga dokumentong kailangang ihanda, kasama na ang pagkuha ng affidavit sa abogado, at mga habilin para sa prosesong aking bubunuin sa mga susunod na araw o buwan.

Habang nasa biyahe pabalik ng Morayta, pinag-iisapan ko kung ano ang dapat gawin. Dalawa lang naman ang pamimilian: piliin ko ang kinasanayang pangalan na Edward Joseph pero

kailangang asikasuhin ang pagpapabago ng pangalang nasa system ng PSA, o piliin ko si Philip Rownie pero kailangan ko namang ipabago ang lahat ng legal documents ko mula pagkabata hanggang ngayon. Simple lang naman ang pamimilian, di ba? Para lang akong mag-e-eenie-

meenie pero kahit alin ang piliin ko parehong mahabang proseso ang daraanan. Mapapamura ka na lang eh! Morayta lang po ako kuya, sabi ko sa drayber ng dyip nang mamalayan kong muntik na pala akong lumampas dahil sa kaiisip.

Agad akong sinalubong ng magkakasunod na tanong pagbukas ko ng pinto. Mukhang inaabangan ng aking mga kasama ang pagdating ko at sabik silang malaman kung anong nangyari sa aking lakad.

"Mukhang hindi ako makakasabay mag-board exam."

Ilang minutong katahimikan ang namayani sa maliit naming kuwarto kahit pa paroo't parito ang mga sasakyan sa tapat ng FEU-IIT. Hinihintay nila akong magkuwento. Sanay silang puro ako pagbibiro kaya siguro iniisip nilang nagbibiro din ako nang oras na iyon. Pero wala silang narinig sa akin na "Wow, mali!" o "It's a prank!" Kung totoo nga lang sana na biro lang ang lahat. Kung totoo nga lang sana.

Iniabot ko kay JP ang envelope. Nakikunot siya ng noo nang mabasang iyon pa rin ang pangalang nabasa nila kahapon. Kita ko ang lungkot sa mga mata nila. Sino ba naman ang hindi malulungkot kapag nalamang ang kasama nila sa loob ng ilang taon sa kolehiyo pagpupuyat para sa projects, pakikiusap na ma-extend ang deadlines, pagpasa at pagbagsak sa exams, at kasabay na magmartsa sa graduation day ay hindi makasasabay sa pagkuha

ng board exam na siyang huling bubunuin bago magkaroon ng lisensiya?

“Cheer up, men!” pagbasag ko sa katahimikan. Hindi pa katapusan ng mundo, wika ko. Para mapagpag ang lungkot, nanlibre si Bob ng ice cream, kumain kami ng paboritong Angel’s burger, at nagkasundong hindi magre-review nang gabing iyon kundi uubusin ang buong magdamag sa kuwentuhan. Ramdam ko noon na minahal ng aking mga kaibigan hindi lang ang kinagisnan kong pangalan, pati na ang mismong ako.

Pinalipas ko ang isang araw bago kumpirmahin kina Mama kung may alam ba sila sa pangalang Philip Rownie.

“Kaninong pangalan iyan? Ngayon ko lang iyan narinig.” Sagot sa akin ni Mama sa kabilang linya ng telepono. Alam kong iyan ang isasagot niya, na kung may kinalaman siya sa ganyang pangalan paniguradong mababanggit niya sa akin. Bahagya pa siyang natawa dahil ang baduy raw pakinggan ng pangalang “Rownie”. Natatandaan kong minsan niyang naikuwento sa akin kung saan ba niya kinuha ang pangalan ko. Ayon sa kaniya, galing ito sa pangalan ng crush niyang basketball player na si E.J. Feihl, na siyang pinakamatangkad na naglaro sa buong kasaysayan ng Philippine Basketball Association o PBA. Lagi niyang bukambibig ang basketbolistang ito basta mapag-uusapan ang kasaysayan ng pangalan naming magkakapatid. Mukhang hanggang ngayon kilig na kilig pa rin siya.

Ikinuwento ko sa kanila na baka maapektuhan ang pagkuha ko ng board exam dahil hindi ako makakapagpasa ng PSA copy na dapat akma ang pangalan sa iba pang mga dokumento na aking ipapasa sa Professional Regulation Commission o PRC. Sila man ay

nagtaka. May hinuha kami na ang pangalang Rownie ay maaaring nanggaling sa pinagsamang pangalan ng aking mga magulang: Rossana at Wennie, subalit wala talaga silang kaalam-alam. Saan naman kaya manggagaling ang pangalang Philip? Wala naman sa pamilya namin ang may ganoong tunog na pangalan. Sino naman kaya ang paladesisyon naming kamag-anak ang gagawa nito, ang iparehistro ako nang hindi man lang binanggit sa aking mga magulang?

Sa hinaba-haba ng pagtatagni-tagni namin ng mga posibleng nangyari kung bakit may ganoong pangalan ang nairehistro sa akin, humantong kami sa kongklusyon na marahil ang aking Nanay Inggay, ang nanay ni Papa, ang siyang nagparehistro sa akin. Ang problema, paano namin makukumpirma ngayong labinlimang taon nang namayapa ang aking minamahal na lola. Kung sakaling siya nga ang dahilan ng lahat ng ito, ayaw kong ibato sa kaniya ang sisi; pero sana nabigyan man lang niya kami ng abiso, sa isip-isip ko lang.

Ano pa nga bang magagawa, eh nariyan na 'yan? Wala namang makakapagbalik sa akin o sa aking mga magulang sa panahong kailangan akong iparehistro para lang matiyak na isang pangalan lang ang maipapangalan sa akin. Kung bakit naman kasi hindi agad nila inasikaso ang pagpaparehistro, sana hindi sila naunahan ng kung sino man. Marahil cute na cute sila sa akin kaya hindi nila iyon agad na nagawa. Baka nawaglit lang iyon sa isipan ni Mama dahil okupado siya sa kaiisip at pangangarap na ako'y magiging isang basketbolista rin pagdating ng araw, pares ng kaniyang crush. Hindi ko naman sila masisisi kung ganoon nga ang nangyari.

May isang Facebook group akong sinalihan kung saan maaari kang magtanong at humingi ng free legal advices galing sa mga abogadong miyembro din ng nasabing grupo. Nag-post ako ng katanungang may kinalaman sa aking kaso. May mga sumagot sa akin, subalit karamihan sa kanila ay mukhang nanggagantso at nananamantala sa kapuwa. Akalain mo bang tutulong daw sila sa pag-aasikaso pero kailangan kong magbigay ng down payment na sampung libo. Walastik fantastic! Ang akala ko pa naman libre. Umalis ako sa grupo sa sobrang inis bago pa ako tuluyang maisahan.

Ang mga sumunod na araw ay naging isang mahabang paglalakbay, pagmumuni-muni, at paghahanap kung ano ba ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang pangalan. Una kong pinag-isipang mabuti kung alin ang mas matimbang sa akin. Ang kasalukuyang pangalan ba kung saan ako nakilala ng marami, o ang bagong pangalan na hindi ko lubos-maisip kung saang lupalop nanggaling. Parehong matrabaho. Litong-lito rin ako kung alin ba sa dalawa ang pipiliin. Totoo namang sobrang halaga sa akin ng kasalukuyang pangalan, pero napaisip din ako na paano kaya kung piliin ko itong isa. Paano kaya kung sa pagpili ko sa pangalang ito ay makapagsimula akong muli? Panibagong pagkakakilanlan. Panibagong simula sa pagpapakatao. Bagaman hindi magbabago ang aking mukha, ang pagkakaroon ng bagong pangalan ay kahalintulad na rin ng isang pagtutubos mula sa lahat ng pagkakamaling nagawa o mga pangit na pangyayaring nagpahid ng dumi sa aking katauhan. Paano nga kaya?

Bitbit ang mga dokumentong nagpapatunay na ako, si Edward Joseph at si Philip Rownie ay iisa, kinailangan kong umuwi

sa isla ng Jomalig (na sakop ng Polilio Islands sa lalawigan ng Quezon), ang lugar kung saan ako ipinanganak. May kailangan akong papirmahan at kuning dokumento sa municipal civil registrar doon na siyang magdidikta ng aking kapalaran: ang manatiling kasalukuyang ako, o ang tuluyang maging bagong ako. Habang nasa kalagitnaan ng biyahe sa dagat at binibilang ang mga flying fish na sumasabay sa bangkang sinasakyan, unti-unti kong pingalilimian ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang pangalang maituturing at maipagmamalaki kong akin lamang.

Naisip kong hindi naman puwedeng walang pangalan. Sa simula pa lamang ng Paglikha, binigyan na ng pangalan sina Eba at Adan, at mula roon ang lahat ng bagay sa daigdig ay sinimulan niyang pangalanan. Pangalan ang unang itinatanong kapag gusto mong makipagkilala sa isang tao. Pangalan ang unang isinusulat sa mahahalagang dokumento. Pangalan ang unang tinatawag kapag may kailangan. Palaging pangalan. Pangalan ng sinasambang Diyos, kapag nagdarasal at may kailangan. Pangalan ni Satanas kapag nasa kasumpa-sumpang kaganapan. Hanggang sa mga dating apps, hindi puwedeng hindi ka maglagay ng pangalan (totoo mo mang pangalan o hindi). Maging sa pinakamakasaysayang sandali tuwing eleksiyon, pangalan ang tinatandaan (o inililista sa mga kodigo) ng mamamayan.

Eh, paano nga naman kung walang pangalan? Baka ang paraan ng pagtawag natin sa isang tao ay mga paglalarawan na lang. Kamukha ni ganito, kasingtangkad ni ano, iyong mapula ang buhok, iyong sobrang laki ng mata, iyong amoy anghit, at hindi matatapos ang listahan ng mga ganitong paglalarawan na

marahil mas ikahihirap natin sa pag-alam kung sino ba talaga ang espisipikong tao na tinutukoy.

Hindi ko alam kung ilang taon ba akong hindi nakauwi sa isla ng Jomalig. Doon ako ipinanganak pero hindi naman ako roon lumaki. Kaya wala akong halos kakilala, o kahit sinong mapakikiusapang puwedeng matuluyan habang nag-aasikaso ng mga dokumento. May mga kamag-anak naman kami kaso karamihan ay nasa malayong baranggay, at kung maaari'y ayaw ko ring mang-abala pa ng iba. Sa madaling sabi, sa mismong pahingahan sa tabi ng pantalan ako nagpalipas ng gabi. Kinabukasan, tinungo ko na ang opisina ng civil registrar. Ipinahayag kung anong aking sadya, na ako ay isang fresh graduate sa kolehiyo na lumuwas ng Maynila para maghanda sa board exam pero biglang may bulilyasong nangyari kaya napunta ako sa harap niya, ng civil registrar. Sa haba ng pagpapaliwanag ko at siya nama'y nag-uusisa sa aking pamilya na dating nanirahan sa Jomalig, ay napag-alaman kong siya pala'y aking ninang.

Napakaliit ng mundo, naisip ko.

Akalain mo nga naman, mahigit dalawang dekada akong walang balita sa mga ninong at ninang tapos sa isang napakamiserableng bahagi ng buhay ko makikilala ang isa sa kanila? Kahit paano'y nakahinga ako nang maluwag. Napakabait ng aking Ninang Dadet na kahit noong araw lang na iyon niya ako nakita at nakilala, parang anak niya akong ituring.

Ipinaliwanag niyang sa kasalukuyan, sa bisa ng Republic Act 9048, may kapangyarihan ang gaya niyang isang municipal civil registrar na magwasto ng pangalan (first name, hindi apelyido) o palayaw hangga't natagpuang balido ang dahilan. Isang petisyon

kumbaga. Kung noon daw, sa Civil Code ng bansa natin, sa mga Artikulo 376 at 412, bawal magpalit o magbago ng pangalan o apelyido ng walang judicial order. Ang pag-amyenda ng RA 9048 ang mas magpapabilis sa proseso ng pagpapabago o pagpapalit ng pangalan. Akalain mong nabigyan na naman ako ng free lecture sa mga batas natin. Nagpasalamat ako sa impormasyong nalaman, huwag daw ako sa kaniya magpasalamat kundi kay dating pangulong GMA dahil siya ang pumirma ng nasabing batas, napangiwi ako nang sandaling iyon. Salamat pa rin, kung ganoon man.

Matapos ipaliwanag ang ganoong bagay, isa-isa niyang hiningi ang mga dala kong legal documents na nagpapatunay na si Edward Joseph at Philip Rownie ay iisang tao. Dala ko ang diploma noong elementarya at high school (pati kopya ng yearbook na may picture ko bilang class valedictorian), kopya ng Transcript of Records at Alumni ID sa kolehiyo, kung ano-ano pang uri ng IDs, police at NBI clearance, baptismal certificate, affidavit of discrepancy (na hindi ko na inisip kung lehitimo bang abogado ang pumirma dahil sa gilid ng Recto ko ipinagawa), mga certificate sa iba't ibang training na nadaluhan na may kinalaman sa aking kurso, pati 'ata certificates sa mga napanaluhan kong kumpetisyon noong kolehiyo ay bitbit ko rin. Kulang na nga lang bitbitin ko pati mga trophy at plake at iba pang mga gamit na may pangalan kong mababasa.

Bukod pa sa mga iyon, ipinakita ko rin sa kaniya ang kopya ng birth certificate na nanggaling sa PSA. May inilabas siyang ilang forms na kinailangan kong pirmahan. Kahit lubos ang kagustuhan kong matapos ang proseso nang mabilis, pinilit kong basahin

ang mga dokumentong iniabot niya. Mahirap na, baka mamaya kung ano na pala ang napirmahan ko na imbes sa ikabubuti ko ay para sa pambubudol na pala. Pero wala sa isip ko na budolera ang aking ninang (masyadong maamo ang kaniyang mukha), sadyang maingat lang din talaga ako kapag mga seryosong usapin ang nangangailangan ng aking impormasyon, lalo na ng pirma.

Sa pagkakataong iyon, malinaw na ang aking pasya. Ang pangalang ilang araw ko pa lang na nalalaman na dapat sana'y siya kong bitbit noon pa man ay kailangan kong tuluyang tanggihan. Ayon na rin sa payo ni Ninang Dadet, mas magiging mabilis ang pagpapalit ng pangalan sa PSA kay sa pagpapapalit ng pangalan sa lahat ng dokumentong mayroon ako. Sino nga ba naman ang wala sa katinuan na pipiliin ang mas nakapapagod na proseso? Gahol na ako sa oras, lalong kulang sa panggastos kung sakaling ang ikalawa ang pipiliin.

Ang sumunod na mga sandali ay ginugol ng aking ninang sa pagpapaliwanag ng prosesong dapat kong malaman. Na ang unang gagawin kapag natiyak naming kompleto o mas ligtas na sabihing sapat na ang mga katibayang mayroon ako para sa pagpapatuloy ng prosesong iyon, ipadadala niya ang mga nasabing dokumento kasama ang mga pinapirmahan niyang papeles sa Lungsod ng Lucena kung saan kailangang mai-publish sa isang pahayagang nasa pangmadlang sirkulasyon ang nasabing pagpapapalit ko ng pangalan. Na ayon sa kaniya'y hindi namin magagawang madaliin dahil may standard turn- around-time talagang sinusunod. Habang binabanggit niya ang mga bagay na ito, muli akong pinanghinaan ng loob. Akala ko'y hindi na ganoon katagal ang proseso ngayong hindi na kailangan ng judicial order dahil nga sa kakayahan ng

municipal civil registrar na magpetisyon o magbigay ng pahintulot sa ikababago ng pangalan. Iyon pala'y dadaan pa rin talaga sa isang madugong proseso.

At iyon ang pinakakinaiinipan ko sa lahat, ang paghihintay.

Ilang ulit naming binuklat at isinalansan, binuklat at isinalansan, at binuklat at isinalansang muli ang halos isang pulgadang kapal ng mga dokumento matiyak lang na uusad kami sa susunod na hakbang. Humingi ako ng paumanhin sa paghiling kong ilang ulit namin itong i-tsek, para iwas hassle na rin kung sakaling nasa Maynila na ako at may kailangan pa pala siya sa akin na nakalimutan niyang mabanggit. Mabuti at nauunawaan niya naman daw ang aking sentimyento sa buhay.

Nagpaalam ako sa kaniya nang maayos at iniwan ang mga impormasyon kung paano niya ako makokontak kapag may kailangan pa siya o kaya nama'y kapag may update na dapat kong malaman, kasama ang kaukulang bayad para sa publikasyon pati na sa iba pang administration at hidden charges kung sakaling mayroon man. Ang sabi ko, sa kaniya ko na muna inihahabilin ang aking kapalaran. Natawa siya't hindi naman daw siya isang diyos para sa ganoong bagay. Nagpasalamat ako kay Ninang sa kaniyang tulong lalo't higit sa pagkakataong makilala siya sa maiksing panahong pag-uusap. Ganoon naman marahil kaya may mga ninong at ninang, na sa panahong kailangang-kailangan sila ng kanilang inaanak ay naroon silang maaasahan ang suporta. Ibinulong ko na lang sa hangin ang mga katagang, "mapalad akong may ninang na gaya mo" habang naglalakad papalayo sa kaniya.

Bumalik ako sa Maynila, sa aking mga kasamahan na nagre-review. Itinuloy ko pa rin ang pagpasok sa review center dahil

sayang naman ang ipinambayad ng mga magulang ko kung hindi ko itutuloy. Alam ko na sa sariling hindi na aabot sa huling araw ng pag-file ang pagpapaayos ng aking pangalan. Ayaw ko rin namang iwan ang aking mga kasamahan habang nagrereview pa sila.

Tinanggap ko nang mahuhuli akong magkaroon ng lisensiya. Na kahit sabay-sabay kaming nangarap, palaging may mga araw na hindi umaayon ang langit sa gusto naming mangyari. Ganoon naman talaga sa buhay, may mga araw na palagi tayong nananalo, at may mga araw ring ipararanas ang mabigo. Katulad ng mga araw na lumipas, at nararamdaman kong pati ang mga araw na paparating pa. Ang mahalaga'y kasama nila ako hanggang sa huling araw na wala pa silang lisensiya at sa unang araw na makuha nila ito.

Marahil naikuwento ng aking Ninang Dadet sa isa niyang kaibigan ang tungkol sa aking kaso. Nagulat ako nang mag-message sa akin sa Facebook ang isang pamilyar na pangalan. Nang tanungin ko si Mama, isa rin pala siya sa aking mga ninang. Napag-usapan namin ang pagpapapalit ko ng pangalan. Katulad ni Ninang Dadet, mabait din si Ninang Sarah. Parang bigla akong nagkaroon ng karagdagang nanay na nakikisimpatya sa aking pinagdaraanan at kung ano mang

Pahina 12 ng 21

maitutulong ay handa niyang ibigay. Sa aming pag-uusap, nabanggit ni Ninang Sarah na may bayaw siyang nagtatrabaho sa mismong head office ng PSA. Ayoko namang samantalahin ang kabaitan ng isang tao, ngunit sa kaniyang pagpupumilit, pumayag na rin ako sa gusto niyang mangyari. Para lang daw may nagmo-monitor sa takbo ng petisyon ko. Kaya naman, matapos

ang isang buwan at na-publish na rin sa diyaryo ang aking kaso, ibinalik kay Ninang Dadet ang mga papel para sa karagdagang papel na kailangan niyang pirmahan. Matapos noon, ipinadala na niya sa head office ng PSA ang aming mga dokumento kasama ang panalanging sana ay maging maayos ang takbo ng proseso.

Nakatataba ng puso ang kabutihan ng dalawa kong ninang. Para akong nasa isang fairy tale kung saan may fairy godmother na sumaklolo sa akin habang ako ay nasa kasukdulan ng panghihina at kawalan ng pag-asa. Para akong si Cinderella na sinaklolohan nila. Na may kung anong mahika ang bumalot sa paligid at bigla-biglang nagbago ang sitwasyon. Na hindi Prince Charming kundi ang aking pangalan ang siya naming pagtutuonan ng atensiyon. Hindi lang isa, kundi dalawa pang fairy godmother ang sa aki'y nagpakilala.

Kung pakaiisipin, marahil, may mga tao talagang itinalaga ang Diyos na sa pinakamasalimuot mong sandali, may gagamitin siya o mas mabuting sabihing may ipadadala siya para tumulong. Hindi man nagtataglay ng pambihirang lakas at kapangyarihan, iyong paninigurong may kasama ka sa iyong laban ay isa ng napakalaking bagay na maaari mong paghugutan ng lakas para magpatuloy at hindi sumuko. Kung lalagyan ko ng titulo ang kabanatang ito ng aking buhay, marahil, tatawagin ko itong it's me and my fairy godninangs against the world. Isang lokal na bersiyon ng mga kuwentong pantasyang pantastiko!

Ang totoo'y may hiya rin akong naramdaman bagaman kailangan ko ang lahat ng tulong na puwedeng mahiram o mautang sa kahit na sino para sa sitwasyong ito na wala namang gumusto, ewan ko lang pala si Nanay Inggay. Kung nabubuhay lang siya, eh di sana kahit paano naayos namin ito nang mas maaga. Kahit iyong

paliwanag lang sana kung saan nanggaling ang pangalang Philip Rownie ay ikatatahimik na ng loob ko. Wala naman siyang naiwang diary o kahit anong kasulatan nang siya ay pumanaw, na maaari sanang maging pangunahing sanggunian kung sakali. Mahilig pa naman ako sa detective games, pero ang larong ito, kung sino man ang nakaimbento ay mukhang hindi ko kayang ipanalo. Wala akong clues. Naisip ko, ano kaya kung humanap ako ng paraan para makausap ang aking Nanay Inggay? May mga ganoong pangyayari naman, eh. Na puwedeng kausapin ang kaluluwa ng isang yumao, lalo na kung walang ibang makasasagot ng katanungan kundi siya lamang. Pero, naisip ko lang iyon at wala naman akong planong gambalain ang pananahimik ng kaniyang kaluluwa.

Naisip kong may kultura sa pagpapangalan kahit noong panahon pa ng Bibliya. Napakahalaga ng pagpapangalan. Binibigyan ng Diyos ang kaniyang tagasunod ng bagong pangalan upang bigyan sila ng panibagong pagkakakilanlan. Katulad na lamang ni Abram, na kalauna'y pinalitan ng pangalang Abraham na nangangahulugang "ama ng marami". Gayon din ang kaniyang asawang mula sa pangalang Sarai (prinsesa ang kahulugan), ginawa itong Sarah (ina ng mga bansa ang kahulugan). Noon pa ma'y mayroon ng pakahulugan ang mga pangalan o ang dahilan ng pagpapangalan sa isang tao. Ang pagpapalit din ng pangalan ay isang uri ng pagbabasbas o bendisyon, gaya na lamang ni Jacob (apo ni Abraham) na ang pangala'y ngangahulugang "mandaraya o tagapalit" patungo sa pangalang Israel na ang kahuluga'y "may kapangyarihan kasama ang Diyos".

Maging sa panahon ng Bagong Tipan, ang alagad ni Hesus na si Simon (narinig ng Diyos) ay tinawag niyang Pedro (bato),

na sa simbolikong pahayag ay siyang naging batong-panulukan o tagapagtaguyod ng pagsisimula ng Kristiyanismo o Katolisismo. Hindi man direktang ipinaliwanag sa Bibliya ang dahilan ng pagpapalit o pagbibigay ng panibagong pangalan, makikita nating ito ay isang manipestasyon na sila ay binigyan ng isang bago't mahalagang misyon sa buhay. Na ang misyon na itong dala-dala ng kanilang pangalan ay may katiyakan na magaganap.

Hindi kaya may misyon din si Philip Rownie kaya sa hindi inaasahang panahon ito ay nagpakilala sa akin? Pasalamat pa rin ako na hindi Barrabas o Judas ang pangalang ito. Pero sa totoo lang, marami ring dalang prejudice at biases ang isang pangalan. Mga maling pagtanaw o paghusga sa isang tao dahil sa kaniyang pangalan o apelyidong dala.

Sa modernong panahon, pinag-iisipan ding mabuti ng mga magulang kung anong pangalan ang ibibigay nila sa mga anak. Siguro, ayaw nilang habambuhay na dalhin ng mga anak ang isang pangalang katukso-tukso o katawa-tawang pakinggan. Mapapansin din ang mga paniniwala ayon sa mga pangalan ng bata. Kung sila ay may pangalang Mark, John, Peter, Paul, Joshua, Elijah, Ruth, Mary... masasabi nating Kristiyano ang mga magulang o kung hindi ma'y naimpluwensiyahan sila ng mga pangalan sa Bibliya na madalas kunan ng mga maaaring ipangalan sa mga bata.

Kung ang pangalan ng bata ay Naruto, Luffy, Levi, Gon, Killua, Recca, Inuyasha, Netero, Saitama, Goku, Ichigo, Ken Kaneki, Eren, Sakuragi, baka ang mga magulang ay mahilig manood ng anime. May mga nagpapangalan din na alinsunod sa paboritong artista, buhat sa KDrama o mga palabas, mga santo, bayani, karakter sa mga libro, mula sa mga mito at alamat, at

mayroon ding galing sa pinaghalong pangalan ng mga magulang, o kaya nama'y isusunod sa pangalan ng lolo at lola. Pinakanaiiba ang mga pangalang kinuha sa pangalan ng pagkain o di kaya'y pangalan ng lugar, katulad ng mga kakilala kong sina Macaroni Salad at Luneta Park.

Kahit nga mga alagang hayop ay binibigyan din ng pangalan bilang pagpapahalaga sa kanila. Nang matuklasan ko ang bagong pangalang ito at may nagbigay sa akin ng isang kulay brown na tuta, wala na akong ibang naisip na maaaring ipangalan sa kaniya kundi Philip Brownie. Nakakatawa kung pakaiisipin dahil isang letra lang ang alisin, ang pangalan ng aso ay maaari nang tumukoy sa akin. Nang maikuwento ko ito sa isang kaibigan, wala siyang ginawa kundi tahulan ako nang tahulan bilang panunudyo. Sa tuwing tinatawag ko siya, ang aking aso, lagi't laging inilalapit ko ang sarili sa posibilidad na may mga pagkakataong gugulatin ako ng tadhana, bilang paniniyak din na palaging hindi ako mag-iisa.

Para bang hindi basta-basta ang pagpili ng pangalan, na lagi itong may kahulugan, madalas malalim na pagpapakahulugan.

Sa pagkakataong ito, naisip ko ang pinagdaraanan ng mga kabahagi ng LGBTQIA+ community. Na karamihan sa kanila ay pumipili ng isang bagong pangalan bilang pagsisimulang muli. Na ang pangalang kanilang napili ay isang reklamasyon ng pagkataong matagal na ipinagkait at ipinagbawal sa kanila. Na maraming beses na pinili nila ang umayon sa sinasabi ng nakararami dahil sa takot na mapahamak o dahil sa ayaw nilang madismaya ang mga kapamilya't kaibigan. Ngunit sa isang bagong pangalan, nagagawa nilang ipakita kung gaano sila katapang. Kung gaano kasidhi ang kagustuhan nilang lumaya mula sa pagkakagapos ng totoo nilang

pagkakakilanlan. Na ang bagong pangalan kahit papaano ay kayang burahin o kung hindi ma'y takpan ang mga malalalim na pilat ng nakaraan, ang masasakit at masasalimuot na karanasan, ang mga hinagpis na kinimkim nang matagal, at kayang magpasibol ng mga bagong pangarap. Na para sa kanila, ang pagkakaroon ng bagong pangalan na matatanggap ng lipunan ay isang paraan ng pagtutubos. O bayad-utang ng mga taong nandehado sa kanila. Na ang bagong pangalan ay isang maskarang maaaring hubarin at muling isuot kung hinihingi ng pagkakataon.

Makalipas ang ilang buwang paghihintay, sa wakas naayos din. Nakatanggap ako ng tawag galing kay Ninang Sarah na puwede ko na raw kunin sa bahay ng kaniyang kapatid 'yung kopya ng naayos na birth certificate ko. Ito na 'yun. Itong-ito na iyon.

Pumunta ako sa may Sta. Mesa at habang hinihintay ang kausap na mag-aabot ng kopya, kakaiba ang kabog ng aking dibdib. Ganitong-ganito ang pakiramdam ko nang una kong buksan ang kopyang nakuha naming magkakaibigan sa PSA. Ilang minuto lang akong naghintay. Iniabot ng katagpo ang isang brown na envelope. Katulad na envelope na siya ring pinaglamnan nang una akong mag-request ng kopya.

Nakatatakot kapag parang alam mo na kung anong mangyayari, na umaasa kang ito na 'yung pinakaaasam mo. Pero dahil pakiramdam mong nangyari na ito noon, at ang déjà vu nilang tinatawag ay baka talagang hinahabol ka, hindi ko maipaliwanag ang kaba ng mga sandaling iyon.

Hinintay kong makalayo ang nag-abot. Nang wala na siya sa aking paningin, doon ako nagpasiyang buksan ang envelope. Hindi na ako makapaghihintay na sa bahay pa ito buksan. Hinding-hindi!

Sa sobrang kaba, nanginginig ang aking mga kamay at pinagpapawisan ako na parang madudumi sa nararamdamang panlalamig habang hinuhugot sa brown na envelope ang dalawang pahinang kulay dilaw na papel. Sa pagkakataong ito, bumubulong-bulong ako ng isang uri ng panalanging hindi ko alam kung anong mga salita ang lumalabas sa aking bibig, kung may lumalabas man dahil sa panunuyo ng lalamunan. Paghugot ko sa papel na nasa loob ng envelope, pumikit muna ako saglit. Hinga. Hinga. Hinga.

Dismayado, nagtataka, at nagugulumihanan kung bakit PHILIP ROWNIE pa rin ang pangalang nasa papel. Sinasabi ko na nga ba, nangyari na ito! Tiniyak ko munang wala ako sa isang panaginip, o sa walang-katapusang loop hole. Nang masiguro kong nasa totoong buhay naman ako't nakikita kong may mga sasakyang paroo't parito sa abalang kalsada ng Pureza St. at halos mayanig ang aking napupuwestuhan dahil sa paparating na tren, tinawagan ko sa aking cellphone ang babaeng kani-kanina lang ay nag-abot ng papel na hindi ko maipaliwanag kung anong mayroon at mukhang hindi ko talaga ata magiging kakampi ang sitwasyon.

"Bakit po PHILIP ROWNIE pa rin ang nakasulat sa aking birth certificate? Ang akala ko po ay naayos na kaya ako pinapunta ni Ninang Sarah?" basag na basag na ang aking tinig. Hindi ko rin marinig nang maayos ang kausap dahil sa ingay ng tren. Basta ang naintindihan ko lang sa sinabi ng nasa kabilang linya, "... iyan pa rin nga... annotation... basahin... gilid..." at ibinaba na niya ang telepono.

Ha, ano raw? Sa isip-isip ko, mali ba ako nang nabasa kanina? Nang basahin ko ulit, ganoon pa rin naman ang pangalang nakalagay. Pero teka, nang pagmasdan ko ang gilid na bahagi ng

unang pahina, nakita kong may nagbago nga. Mayroon ngang annotation, na hindi naman pala talaga babaguhin ang pangalang nasa papel, kung hindi lalagyan lang nila ng annotation. Ang tanga-tanga ko! Bakit hindi ko agad naisip iyon? Bakit hindi ko muna binasa lahat bago ko siya tinawagan? Hiyang-hiya at tawang-tawa ako sa aking sarili.

**"Pursuant to the decision rendered** by blah-blah-blah, **the child's first name is hereby changed from PHILIP ROWNIE to EDWARD JOSEPH".**

Binasa ko nang paulit-ulit, palakas nang palakas na halos isinasabay ko sa dagundong ng paparating na tren. Parang musika sa aking pandinig ang ingay ng mga sasakyan sa aking paligid na ang lirikong umuukilkil sa aking kabuoan ay ang ilang salitang naka-annotate sa aking birth certificate.

Ito lang pala ang hinihintay ko. Ang ilang salitang magdedeklarang pinalitan ang pangalang naunang mairehistro. Ilang buwang paghihintay para sa iilang salita. Nakahinga na ako nang mas maluwag. Maluwag na maluwag. Tagumpay ang pagsasanib-puwersa ng dalawang ninang at ng inaanak nilang naniniwala sa kabutihan ng langit at mga taong ipinadala nito.

Hawak ko na ang dokumentong nagsasabing ako at si Philip Rownie ay iisa, ngunit, naiisip ko pa rin na, paano nga kaya kung hinayaan ko na lang na ako si Philip Rownie tapos pumunta ako sa isang lugar na walang nakakikilala sa akin. Na puwede kong gawin ang ano mang gusto kong gawin, at puntahan ang mga lugar na matagal ko nang nais mapuntahan. O kaya mag-aral ulit, siguro ibang kurso naman, ang subukan ang History, o Language, o kaya ay Creative Writing. Dahil legally, ako naman talaga si

Philip Rownie na puwedeng mag-umpisa sa wala, at buohin ang pangalang ito sa ibang pamamaraan na malayo sa mga nagawa't natapos ni Edward Joseph.

Sa totoo lang, gustong-gusto kong gawin iyon. Mag-restart sa buhay. Hindi bilang pagtakas kundi bilang paglaya, kahit paano. Na hindi ko ikatatakot kung may tumanggap man sa akin o wala bilang si Philip Rownie habang nagsisimula pa. Kaso naisip ko rin ang mga maiiwan. Ang pamilyang matagal nang nagtitiwalang malayo ang mararating ng pangalang Edward Joseph kahit hindi nila alam kung saan, paano, at kailan iyon magkakatotoo.

Paano rin ang mga kaibigan at ka-ibigan? Ang mga gurong naghihintay sa pagpasa sa board exam, o nakasubaybay kung saan ako dadalhin ng piniling karera? Naisip ko rin sila, at hindi ko namamalayang nabibigyan na ng katarungan ang pagpili ko sa kinagisnang pangalan, higit sa pantasyang kaya ring ibigay ng bago sanang pangalan. Mabigat pala talaga ang tungkuling dala-dala ng ating mga pangalan. Kapag mula sa pambalanang totoy o nene, ay nabigyan na tayo o nabuo na sa imahinasyon ng mga tao ang ating tanging ngalan, marinig lang nila ito tiyak hindi lang mukha ang kanilang naiisip kundi maging ang lahat ng pagkakataong nagkasala-salabid ang ating mga landas. O ang mga araw na napasimangot o napaismid natin sila, mas mabuti sana kung napangiti sila o di kaya'y napahalakhak nang ubod lakas.

Hiniling ko noon na sana iba na lang ang aking pangalan, para hindi ako tuksuhing impostor. Hindi ko akalaing makalipas ang mahabang panahon saka lang darating ang sagot. Na sa oras na ito'y hindi ko na rin pala gugustuhing magkatotoo pa, kaso nagkatotoo na nga. Kung alam ko lang na darating sa ganitong

sitwasyon, kung ibabalik ako sa oras noong humiling akong sana iba na lang ang aking pangalan, baka sampalin ko ang batang ako para matauhan sa sinasabi niya't mabigyan ng babalang hindi magandang biro ang paghiling ng kung ano-ano. Na ang panunukso'y malilimutan naman ng mga batang nanunukso sa paglipas ng panahon, marahil hindi na nila natatandaan na minsan nila akong binansagang impostor. Iba nga lang talaga ang markang naiiwan sa mga nakaranas ng panunukso.

Ganon pa man, ayoko ring sisihin ang sinoman, kahit na ang aking batang sarili sa mga nangyayari, alam kong ang lahat ng ito ay kolektibong pangyayari na hindi ko na gustong ungkatin at alamin pa kung sino mang may pakana o kung ano ang puno't dulo. Na marahil sa ibang paraan at pananaw, kailangan ko rin ang ganitong danas para tuluyang mapagtanto kung sino nga ba ako sa harap at likod ng pangalang dala-dala. Na kung mawawala ang pangalang ito, may matitira pa ba sa akin. May malaki kayang pagbabago sa mga nangyayari sa buhay ko ngayon kung ako si PHILIP ROWNIE at hindi si EDWARD JOSEPH?

Kung malalaman ng maraming tao ang kasaysayang ito ng aking dalawang pangalan at tanungin nila ako kung sino ba talaga ako sa dalawa, baka hindi pa rin ako makasagot nang diretso. Ngunit ito lang ang masasabi ko, ako ay si ako nga. (Pasintabi sa Diyos sa paggaya ko sa mga katagang ito.)

Totoo, ako ay ang ako na nakilala na at hindi pa nakikilala ng mga tao. Ako ay ang ako na may sariling kuwento higit pa sa mga pangalang mayroon ako. Ako ay ang ako na may dalawang butihing ninang, na may mapaglihim na Lola Inggay, na may nanay na crush ang isang basketball player, na may kaibigang sina Bob at JP, na

may asong si Philip Brownie, na paborito ang Angel's burger, na minsang naging impostor sa mga kaklase, na laking probinsiya, na patuloy na tinutuklas ang kaniyang tunay na pagkatao.

Maraming pagkakataon na marahil ang tao ay masyadong nakatuon sa pagpapabango't pangangalaga sa imahe ng kaniyang pangalan, at sa kabilang banda'y nakalimot nang magpakabuti sa kapuwa, na itong pangalan, naging kilala man o hindi ng marami, iningatan man o nilapastangan ng may-ari, ay sa libingan lang mananatiling naka-display. Na sa paglipas ng mga taon ay lulumutin. Higit na masakit kung lilimutin.

Basta ang alam ko, ako ay si ako nga, na hindi maikukulong ang buong katauhan sa pangalang Edward Joseph o Philip Rownie man.

# RENALYN RAMIREZ

Si Renalyn ay isang batang manunulat mula sa Trece Martires, Cavite. Sa kasalukuyan, siya ay nag-aaral ng BA Journalism sa Cavite State University. Ang ilan sa kaniyang mga naisulat na akda ay nailathala sa 12th Special Issue ng *Novice Magazine* at sa unang volume ng *Santelmo Magazine*. Nagsilbi rin siyang kontribyutor sa mga antolohiyang *Kalimbahin: Mga Dagli (2021)* ng 7 Eyes Production, *Magkasintahan Volume X* (2022) ng Ukiyoto Publishing, at *CATipunan Volume 3 (2022)* ng Gantala Press. Noong 2022 ay nagkamit siya ng Lampara Prize sa kategoryang pagsulat ng kuwentong pambata.

# ETIKS

Baka bumagsak ako sa Journalism Ethics. Major subject pa man din. Hindi kasi ako makapag-recite tuwing nagpapa-case analysis si Sir Reg. Hindi ko alam kung anong iisipin ko tungkol sa sarili ko. Bobo ba talaga ako o mababa lang ang kumpyansa ko sa sarili ko? Pero pagdating kasi sa usaping etika, alam kong nasa pagitan ito ng pagiging 'common sense' at pagiging komplikado. Common sense dahil ang basehan lang naman ay kung ano ang mabuti sa isang partikular na sitwasyon. Komplikado dahil dito nakasalalay kung anong klase ka ng tao. Kaya tuwing may klase kami sa Ethics, ang dami kong iniisip, pero wala akong masabi.

*Marso 9, 2023, Huwebes*

Noong unang araw ng klase namin, hindi muna siya nag-lesson. Nagpa-group activity muna siya ng roleplaying.

Hinati sa limang grupo ang klase. Bawat grupo ay bumunot ng papel na may nakasulat na isang item mula sa Philippine Journalist Code of Ethics. Kailangang maipaliwanag ang ibig sabihin ng isang partikular na ethics na mabubunot ng bawat grupo sa pamamagitan ng maikling pagsasadula. Ethics number 11 ang napunta sa amin.

*"I shall comport myself in public or while performing my duties as journalist in such manner as to maintain the dignity of my profession. When in doubt, decency should be my watchword."*

Ganito ang ginawa ng grupo namin: May isang matapobreng pulitiko ang nasasangkot sa isang malaking iskandalo. Ang kaniya kasing anak, natimbog sa isang buy bust operation. Isang araw,

may pumuntang journalist sa opisina ng naturang pulitiko upang hingiin ang kaniyang pahayag ukol sa isyu. Una pa lamang ay hindi na maganda ang pakikitungo ng matapobreng pulitiko sa journalist. Pero, pumayag pa rin naman siyang makapanayam nito. Kalaunan, napikon ang pulitiko sa mga tanong ng journalist. Kaya nagwala ito, nagalit, at pinagsalitaan ng masasakit na salita ang journalist. Ngunit, sa halip na mapikon din at pumatol ang journalist, maayos at disente pa rin itong nagpaalam sa pulitiko.

Hindi ako sumali sa pagro-roleplay ng eksena dahil hindi naman kailangang marami ang karakter na gaganap. Pero sa bandang dulo, ako ang nagpaliwanag ng ginawa namin. Ang sabi ko: *“Kung isa kang journalist, at matatagpuan mo ‘yung sarili mong nalilito sa pagitan ng kung ano ang nararapat mong gawin bilang isang propesyonal, at kung ano sa tingin mo ang dapat mong gawin bilang isang tao – ang safe choice mo ay maging disente”*

Hindi ako gaanong natuwa sa sinabi ko. Pakiramdam ko ay hindi ko maayos na naiparating kung ano talaga ang gusto kong sabihin. Noong hapon, may naisip akong mas magandang eksena sana. Inis na inis ako sa sarili ko noon dahil kung kailan tapos na ang pagkakataon, saka pa ako magkakaroon ng magandang ideya.

Pero kung sakaling isang gabi, maghimala at magkaroon ako ng tyansang balikan ang araw na iyon, ganito ang magiging suhestyon kong gawin ng grupo namin: May isang journalist na dumalo sa isang event ng isang mayamang pamilya. Pagdating niya sa venue, nakita niya agad na buffet style ang klase ng event na ito. Bonggang-bongga ang catering at sosyal ang mga nakahain na

pagkain. Hindi pa siya nakatitikim ng mga ganito kamamahal na putahe kaya na-excite siya.

Kukuha na sana siya ng plato nang maalala niya na pumunta nga pala siya roon para mag-cover sa event na ito. Hindi nga pala siya bisita. Magkakaroon siya ng dilemma sa kaniyang isip. Parang magtatalo ang kaniyang konsensya at inner demons:

Konsensya: *Trabaho ang ipununta mo rito, hindi para maki-chibog!*

Inner demons: *Pero mukhang masarap 'yung wagyu steak!*

Konsensya: *Pero bagay ba sa trabaho mo bilang isang journalist na halos makalimutan mong mag-cover dahil lang sa steak?*

Inner demons: *Para naman sa lahat itong buffet.*

Konsensya: *Nakuuuuu, parang hindi naman yata tama na ang ipinunta mo rito ay trabaho, tapos wala kang mabubuong maayos na istorya?*

Inner demons: *Bahala ka. Ikaw din. Sa entry level mong sahod baka sa isang taon ka pa magkaroon ng tyansang makatikim ng wagyu.*

Pagkatapos, makabubuo ng desisyon ang journalist. Ipakikita niyang sa oras ng pagkalito, ang pinaka-mainam niyang gawin ay maging disente, alang-alang sa dignidad ng kaniyang propesyon.

Sa huli, uunahin niya muna ang interbyu kaysa wagyu.

Mas maipapaliwanag ko sana ito nang maayos. Sasabihin kong may mga pagkakataon talaga sa buhay ng isang journalist na habang ginagawa niya ang tungkulin niya ay matutukso siyang gumawa ng mga bagay na posibleng makaapekto sa dignidad

ng propesyon. Sa mga ganitong sitwasyon na tila nagsasabong ang natural na reaksyon ng isang tao at wastong kilos ng isang propesyonal, maisasalba ng isang mamamahayag ang kaniyang sarili mula sa pagkalito sa pamamagitan ng pagiging disente.

Teka, tama ba ang sinasabi ko?

*Marso 30, 2023, Huwebes*

Dalawang magkasunod na Huwebes walang klase sa Journalism Ethics. Iyong una, dahil sa ilang araw na transport strike ng mga jeepney driver. Iyong pangalawa, dahil sa foundation week ng unibersidad. Katapusan na ng Marso noong nagkaroon kami ng unang diskusyon sa klase ni Sir Reg.

Bago magsimula sa lektyur, nagbigay muna si Sir ng mga case study. Mga simpleng sitwasyon lang naman na mas ginagawang komplikado dahil nga ang usapan ay hindi na lang basta kung ano ang tama o mali, kun'di kung ano na rin ang mabuti at masama. Ang una niyang tanong sa klase: paano kung nandaya ang kaibigan mo sa isang pagsusulit, alam mong nandaya siya, at nangako ka sa kaniyang hindi mo siya isusumbong? Pero, nagtanong ang guro niyo sa iyo kung nandaya ba siya? Anong gagawin mo?

Madali lang itong sagutin sa basehan ng etika. S'yempre, dapat kang magsabi ng totoo sa guro. Una, dahil mas mabuti nang maging tapat kaysa maging kunsintidor. Pangalawa, dahil kung pababayaan mo lang ang kaibigan mong makatakas sa konsekwensya ng pandaraya sa exam, hindi niya matututunan ang halaga ng edukasyong may integridad. Pangatlo, dahil ang tunay na

kaibigan ay tumutulong na itama ang isang pagkakamali, sa halip na pagtakpan ito.

Pero paano naman ang pangako mo sa kanyang hindi ka magsusumbong? Mali ang hindi tumupad sa pangako, lalo na sa isang kaibigan. Ibig sabihin ba nito, ayos lang ang maging traydor sa mga pangako?

Kagaya nga ng sabi kanina, hindi na tinitignan sa etika kung alin ang tama o mali. Magkakaroon ng conflicting values kung magmumula lamang tayo sa perspektibo ng kung ano ang wasto sa hindi. Hindi naman binabalewala ang katotohanang mali ang hindi tumupad sa pangako sa isang kaibigan. Pero sa mga ganitong sitwasyon, minsan, ang hindi pagtupad sa pangakong binitawan ay mas mainam kaysa manatiling tahimik ukol sa isang maliit na pagkakamaling may potensiyal na magdulot ng mas malalaking problema. Sabi nga sa lesson namin, *some values must be temporarily subsumed*.

Makaaapekto ba ito sa pagkakaibigan ninyo? Maaaring oo, maaaring hindi. Oo, kung mababaw ang halaga ng pagkakaibigan n'yo para sa kaibigan mong nandaya. Hindi, kung mauunawaan niyang ginawa mo lang kung ano ang mas mabuti para sa sarili mo at para sa kaniya.

Maaaring makasira ng pagkakaibigan ang pagiging etikal, kung minsan. Pero sabi nga ni Sir Reg sa kaniyang lektyur: *ethics is not about pleasing everyone*.

Kung ang naunang case study ay simple lang, medyo nakalilito naman ang sumunod. Kailangan kasi namin itong i-relate sa konteksto ng media. Paano raw kung binigyan ka ng kaibigan mo

ng isang CD na puno ng mga kantang pinirata o ilegal na-download mula sa internet. Tatanggapin mo ba?

Hindi ko rin alam ang isasagot sa tanong na ito noong araw na iyon. Puro lang din mga tanong ang naiisip ko. Papasok ba ito sa copyright infringement? Kung ginamit lang naman ang mga kanta para magpa-impress ng magandang music taste at hindi naman ginamit para kumita ng salapi, may parusa ba ito sa batas? Pinaparusahan din ba ng batas ang mga tumatanggap ng piniratang CD? O para lang ito sa mga namimirata?

Hindi ko pa nababasa ang mga batas na may kinalaman sa ganitong usapin kaya inaamin kong wala talaga akong alam. Kung ang pagbabatayan naman ay kung ano ang tama o mali – sa palagay ko ay mali ang tumanggap ng piniratang CD dahil para ka na ring tumanggap ng galing sa nakaw.

Pero hindi rin ako sigurado sa katwiran ko. Paano kung sobrang idol mo lang talaga iyong artist at wala kang pambili ng album niya kaya nag-download ka na lang sa internet? Pero, sapat bang rason ang paghanga para maging katanggap-tanggap ang pagnanakaw sa craft nito? Teka, tama bang ihalintulad ang pamimirata sa pagnanakaw? Nasa iisang degree ba sila ng kasamaan o may isang mas masama?

Sa sobrang gulo ng isip ko, hindi ako nakapag-recite sa mga tanong ni Sir Reg. Natapos na lang ang klase nang hindi man lang ako nakapagtaas ng kamay. Hindi man lang ako nakapagbahagi ng opinyon ko sa klase. Natatakot din kasi akong magsalita lalo na't alam ko sa sarili kong hindi ko pa nababasa ang batas ukol sa bagay na ito. Baka mamaya, mapahiya ako dahil kumokonsinte na pala ako sa maling gawain nang hindi ko pa alam.

Bago lumabas ng klasrum, nagbigay si Sir Reg ng takdang-aralin. Panoorin daw namin ang pelikulang *Shattered Glass*. Magkakaroon daw ng recitation sa susunod na klase. Dadalhin niya raw ang index cards.

May isang kaklase akong nagtanong. *"Sir, pwede ba kaming manood ng pinirata sa internet?"*

*Abril 6, 2023, Huwebes*

Walang pasok ngayon dahil Semana Santa. Sa loob ng isang linggo, ilang beses kong pinanood ang pelikulang ipinapanood sa amin ni Sir Reg. Ayokong tatanga-tanga ako kapag nagpa-recitation siya sa susunod na klase.

Speaking of katangahan, iniisip kaya ng guro ko na tanga ako dahil wala akong maisagot sa kaniya sa klase? Hindi ko naman sinasabing ganoon siyang klase ng tao, o ganoong klase siya ng guro. Siguro, nag-aalala lang ako na baka dismayado siya sa aming mga estudyante niya na tameme lang tuwing nagpapa-recitation siya sa klase.

Ilang beses ko nang gustong sumagot sa mga tanong niya. Pero ang problema nga, minsan ay hindi ako sigurado sa tanong ko at minsan naman ay hindi ko talaga alam kung ano ang isasagot ko. Sabi niya, wala raw maling sagot sa klase niya dahil ang hinihingi niya sa amin ay mga opinyon. Pero sa palagay ko naman, palaging mayroong maling sagot. Nagiging mali ang mga opinyon kapag mali ang mga batayan nito.

Kaya't paano kung mali ako ng maging batayan.

Pero sabagay, kung iisipin nga naman, mas mabuti nang magkamali ako sa loob ng klasrum kaysa naman kung kailan

propesyonal na akong journalist ay saka pa ako magiging tanga. At least, sa loob ng klasrum, kay Sir Reg lang at sa mga kaklase akong mapapahiya. Kapag nakagawa ako ng pagkakamali sa panahong propesyonal na journalist na ako, mapapahiya ako sa harap ng publiko.

Kagaya ng nangyari kay Stephen Glass. Alang-alang sa kasikatan at magandang artikulo, nagawa niyang umimbento at mameke ng istorya. Higit sa kalahati ng lahat ng mga isinulat niya para sa The News Republic ang napag-alamang fabricated pala. Sa huli, wala nang naniniwala sa kaniya dahil ang pinakamatinding konsekwensya ng kasalanan niya ay ang pagkawala ng kaniyang kredibilidad, bilang manunulat, bilang tao, at bilang mamamahayag.

Pinagsamantalahan niya masyado ang butas na nakita niya sa fact-checking process. Ginamit niya ito para may marating at mapatunayan. Sa kabilang banda, ang mga mambabasa naman ng kaniyang mga artikulo ay nalunod sa kumunoy ng kalokohan.

Katotohanan daw ang pinakamahalagang bagay sa mundo ng dyornalismo. Sabi nga ni Joseph Pulitzer, kabilang sa mga kinakailangan ng isang balita ang *"accuracy, accuracy, accuracy."* Hindi matatawag na accurate ang isang balita kung nagmumula lamang ito sa imahinasyon ng nagsusulat. Sa katunayan, hindi nga ito dapat tawaging balita. Walang balitang piksyonal, dahil ang mga balita ay salamin ng reyalidad.

Kaya talagang mali, mali, mali at masama, masama, masama, ang ginawa ni Stephen Glass. Bukod kasi sa pagsisinungaling, at paggawa ng extra-kalokohan para pagtakpan ang mga kasinungalingan niya noong malapit na siyang mabuking –

niloko niya pa ang mga mambabasa sa pamamagitan ng paggagawa ng mga piksyonal na naratibong binihisan niya bilang reyalidad. Tila ginawa niyang tanga ang mga tao na pwedeng bilugin ang ulo at papaniwalain sa mga delusyon. Tinanggalan niya ng karapatan ang mga taong mabasa sa balita ang katotohanan.

Napakarami kong reyalisasyon dahil sa pelikulang ito. Kapag pala gusto mong pumasok sa mundo ng pamamahayag, dapat ay matutuhan mong tanggapin na hindi lahat ng istoryang isusulat mo ay papatok sa panlasa ng mga mambabasa. Kaya kung gusto mong maging sikat, isang mahaba at madilim na daan ang pagsusulat at pamamahayag. Hindi ito para sa mga taong ang ninanais sa buhay ay katanyagan. Bagkus, para ito sa mga taong may sapat na tibay ng sikmura na kayang sikmurain palagi ang reyalidad – gaano man ito kapait, wala o meron mang kapalit.

Pero bukod sa mga reyalisasyong ito, napakarami ring nabuong tanong sa akin. Nangangahulugan ba itong kailangan ay halos perpekto ang mga taong nagnanais maging mamamahayag? Gaano karaming pagkakamali ang maaaring magawa ng isang journalist para mawalan siya ng kredibilidad? Nawawala ba talaga ang kredibilidad? O para lang itong motibasyon na minsan ay humihina, pagkatapos ay bumabalik din at muling nagiging malakas? Kapag nagkasala sa etika ang isang mamamahayag, maaari pa ba siyang mapatawad? O gaya ni Stephen Glass, habambuhay niya na ring dadalhin ang lamat ng kasalanan?

Pero sabagay, kaya naman may umiiral na Code of Ethics ay para maiwasan ng isang journalist na gumawa ng mga pagkakamaling maaaring makaapekto sa kredibilidad at tiwalang ibinibigay ng publiko para sa propesyon. Ngunit sa kabilang banda

naman, tao lang din naman ang mga mamamamahayag. Sumasablay, natutukso, nagkakaroon ng kasalanan. Eh kung ang utos nga ng Diyos, hindi palaging nasusunod ng tao, gaano nga naman kasigurado na sinusunod nga itong code of ethics na tao lang din naman ang nagtakda?

Isa lamang ang malinaw na maaaring panghawakan dito: na kung pinaniniwalaan ng isang journalist ang esensya ng papel na ginagampanan niya sa lipunan katulad ng kung paano niya paniwalaan ang mga moral na batas ng tao, isasabuhay niya ang listahan ng etika, gaano man ito karami. Pero kung mababaw ang tingin niya sa moralidad ng tao at kahalagan ng pagsasabi ng totoo, mawawalan ng saysay ang etika.

Ano kayang opinyon ni Sir Reg sa mga kagaya kong tahimik sa klase ng Ethics at posibleng makakuha ng mababang grado? Katumbas kaya para sa kanya ng aking pananahimik ang kawalan ng pakialam? Katanggap-tanggap kaya na wala pa akong masyadong alam? Kung sakaling bigyan niya nga ako ng mababang grado sa Ethics subject, ano kayang magiging epekto nito sa pagkatao ko kung sakaling maging propesyonal na journalist nga ako balang-araw? Ang mababa ko bang grado ay nangangahulugan ng mababang pagkatao? Iisipin kaya ng mga magiging boss ko na mataas ang tyansa kong maging di-etikal dahil mababa ang grado ko sa Ethics?

Pero sabagay, hindi naman basehan ng pagkatao ko ang mga gradong nakukuha ko sa paaralan. Kahit naman bigyan ako ng guro ko ng tres o ng uno, kung hindi ko aayusin ang laman ng isip ko, at kung hindi ko naman uunawain ang mga itinuturo niya, para lang akong nag-aksaya ng oras.

*Abril 13, 2023, Huwebes*

*“Credibility gaps and ethics scandals are the result of precisely that failure of media professionals” – Clifford Christians.*

Muli kaming nagkita-kita sa loob ng klasrum nitong Huwebes pagkatapos ng Mahal na Araw. Sa araw na ito nakatakdang magkaroon ng recitation tungkol sa kung ano ang natutuhan namin sa pelikulang *Shattered Glass*. Pero pagpasok ni Sir Reg sa klasrum, agad siyang nag-set up ng projector at nagsimula sa ikalawang lektyur.

History and Main Approaches in Ethics ang paksa nang araw na ito. Hindi masyadong marami ang case analysis. Pinag-usapan lang namin kung bakit kailangan ng journalism ethics, ano ang journalism ethics, at kung ano-ano ang mga naging pagbabago sa konsepto nito sa loob ng mahabang panahon simula ika-16 na siglo hanggang ngayon.

Napag-usapan sa klase ang katotohanang medyo mahirap sigurong lunukin para sa ilan. Kasalanan din ng media kung bakit may mga pagkakataong hindi nagtitiwala ang mga tao sa kanila, lalo na nga kung magkaiba ang nakikita o pinaniniwalaan o pinaniniwalaang nakikita ng publiko at ang nilalaman ng balita.

Parang nawawala ang isip ko kakaisip sa kung ano ang dahilan kung bakit walang ibang maaaring sisihin sa puwang sa kredibilidad ng media kun’di ang media rin. Hindi ko naman sinasabing mali si Clifford Christians. Sa katunayan, tama naman siya dahil marami-raming beses nang sumablay ang media professionals na nagdulot ng bawas o pagkawala ng tiwala ng publiko sa kanila. Pero marahil, gusto ko lang malinawan kung palagi ba siyang tama. Sa lahat ba ng pagkakataon, media lang ang

may kasalanan kung bakit ayaw magtiwala ng mga tao sa kanila? Paano ba maipaliliwanag ang mga sitwasyong ginagawa naman ng isang mamamahayag ang trabaho niya nang etikal, tapat, buong-husay – pero biglang isang araw, magagalit sa kaniya ang mga tao? Ano ang posibleng naging pagkukulang?

Parang pantal ang mga tanong sa isip ko na tuwing mas pinag-iisipan ko, lalo lang dumadami. Parang nanganganak. Kapag ba journalist ka, at maraming mamamayan ang galit sa'yo o hindi naniniwala sa sinasabi mo, ibig sabihin ba agad nito, wala kang kredibilidad? Kapag ganito ang sitwasyon, kailangan mo bang patunayang katiwa-tiwala ka? Kung oo, paano? Kung hindi, bakit?

Mayroon akong kilala. Senior ko dati noong freshman pa lang ako. Sumulat siya ng fact-check article sa Rappler tungkol sa mga windmills sa Ilocos Norte. May kinalaman ito sa kampanyahan. Hindi pa siya graduate noon pero kasali siya sa fact checking seminar ng Move.PH. Natuwa at humanga ako noong nakita ko na may article siyang na-publish online sa website ng Rappler. Pero noong tingnan ko ang comment section, puro pamamahiya, pagmumura, at pagbabanta ang laman. Galit na galit ang netizens. Hindi raw sila naniniwala. Idinamay pa nga ang pangalan ng unibersidad. Sinungaling at "biased" daw talaga ang mga produkto ng unibersidad kung saan kami nag-aaral.

Sobrang nangilabot ako sa mga nabasa ko. Nagpadala ako ng mensahe sa senior kong ito. Sinabi ko na bilib ako sa kaniya. Pampalubag-loob kumbaga. Pero hanggang ngayon, hindi maalis sa isip ko ang araw na iyon. Hindi pa nga siya nakaka-graduate noon. Hindi pa nga siya matatawag na propesyonal. Nagsisimula pa lang.

Kumakapa. Nag-aaral. Sumusubok. Sumusubok nang may tapang at integridad.

Pero ganito ang salubong? Bakit? Ano ang pagkukulang? Ano ang kasalanan?

Parang sa panahon ngayon, hindi pwedeng sumabak sa mundo ng dyornalismo ang mga taong madaling masaktan. Patibayan ng dibdib. Palakasan ng kapit sa prinsipyo.

Itong pangyayaring ito ang naging dahilan kung bakit kahit sigurado naman akong gusto kong maging journalist pagtanda, nagkaroon pa rin ako ng pagdududa. Kaya ko ba talaga? Sapat ba ako para sa propesyong ito?

Kaya rin kung minsan, kapag naduduwag ako, nagagalit ako sa sarili ko. Hindi pwedeng maging mamamahayag ang mga taong walang tapang. Walang maayos na journalist na duwag. Eh sa recitation pa nga lang ni Sir Reg, duwag na ako. Ano namang pag-asa ang mayroon sa akin sa lagay na ito?

Nakalimutan ni Sir Reg na may recitation pala kami tungkol sa *Shattered Glass*. Para akong nawalan ng tyansang makabawi sa mga pinalampas kong pagkakataon.

*Hunyo 8, 2023, Huwebes*

Naging abala ang buong buwan ng Mayo dahil sa university games. Bilang mga journalism students, ang responsibilidad namin ay ang pagko-cover ng mga kaganapan sa loob ng unibersidad. Ito rin ang dahilan kung bakit wala masyadong naging klase. Pero pagdating ng buwan ng Hunyo, balik kami sa normal na gawi sa loob ng klasrum. Hinding-hindi ko makalilimutan ang pinakuhuling Huwebes na nagkaroon ng talakayan sa Journalism

Ethics. Sa wakas! (o Sa kauna-unahang pagkakataon!), nagtaas ako ng kamay at nag-recite sa klase ni Sir Reg.

Hindi masyadong maganda ang sinabi ko sa klase. Pero hindi ko na iyon masyadong prinoblema dahil masaya na akong mayroon akong isinagot. Hindi ko na rin masyadong natatandaan kung ano ang eksaktong tanong ni Sir Reg, pero may kinalaman iyon sa pagja-justify kung ayos lang bang mag-undercover ang mga journalist alang-alang sa pagbabalita. Bigla kong naalala ang isang case study na nabasa ko sa libro ni Louis Alvin Day tungkol sa mga journalist sa ibang bansa na naging empleyado/undercover sa isang convenient store para imbestigahan ang maanomalyang kalakaran umano sa loob nito. Naisip kong ayos lang gumawa ng undercover assignment ang isang journalist basta't ang intensiyon niya ay isiwalat ang anumang katotohanang nararapat lang na malaman ng publiko, at hanggang doon lamang. Kakabit din nito ang walang kupas na paalalang 'do no harm'.

Sa totoo lang, nasa likod din ng utak ko noon ang essay na "A Venusian Tale' sa librong *The Blood Republic* ni Joel Pablo Salud. Binanggit niya kasi rito ang karanasan niya sa pagtatrabaho bilang isang kunyaring communications consultant/promotions manager sa isang bar sa M.H Del Pilar Street sa Maynila na pinaghihinalaang pugad ng prostitusyon at ang mga biktima ay pawang mga menor de edad. Pero hindi naman tungkol sa pagiging undercover journalist ang essay na ito, sa halip, tungkol ito sa isang babaeng nagngangalang Venus – kaya hindi ko ito magawang ikatwiran sa sagot ko kay Sir Reg. Basta ang naaalala ko lang, minsang naging undercover journalist si Joel Pablo Salud.

Pagkatapos kong magrecite kay Sir Reg, pakiramdam ko, gusto kong sakalin ang sarili ko. Hindi ko alam kung bakit nakakaramdam pa rin ako ng pagkaasiwa. Pero masaya na akong mayroon akong sinabi, kahit kaunti.

At least, kahit sa isang beses lang, masasabi kong hindi na ako duwag.

Noong araw ding iyon sinabi ni Sir Reg ang magiging final requirement namin sa subject niya. Kailangan daw naming mag-interview ng isang journalist o media personality at makipag-usap sa kanila tungkol sa journalism ethics.

Hindi ko na pinag-isipan kung sino ang gusto kong makapanayam. Kanina pa siya tumatakbo sa isip ko.

*July 3, 2023, Lunes*

Isang linggo bago ang finals week, nagpadala ako ng mensahe sa Messenger account ni Sir Joel para tanungin kung ano ang e-mail niya para makapagpadala kami ng pormal na imbitasyon sa gagawin naming interview. Hindi kami nahirapang imbitahan siya dahil napakabilis niyang pinaunlakan ang request namin. Walang ligalig niya kaming pinagbigyan.

Ito ang araw (July 3) na naka-iskedyul ang interview. Isang oras mahigit namin siyang nakapanayam. Labing-isa lang naman ang tanong na kailangan namin itanong, pero humaba lang ang usapan dahil ang dami niyang sinasabi sa amin. Iyon na siguro ang pinakasulit na isang oras sa buhay kolehiyo ko, so far. Hindi madamot si Sir Joel sa pagkukwento. Nagtuturo siya sa amin nang walang halong pagmamalinis. Walang nasayang na oras magmula

sa pagbibigay paanyaya hanggang sa pinakahuling tanong namin sa kaniya.

Sa araw na ito ko nalaman na may dalawang klase ng journalist na kurakot (o corrupt). Iyong una, kurakot dahil gahaman. Walang ibang hangad sa buhay kun'di yaman at kapangyarihan. Iyong pangalawa naman, nagiging kurakot sa parehong rason kung bakit kumakapit sa patalim ang isang pangkaraniwang tao – kahirapan. Hindi naman ito nangangahulugang may mabuti at masamang bersiyon ng korapsyon. Pareho pa rin itong korapsyon, parehong pagkakamali, at parehong hindi etikal.

Pero natutunan ko rin na hindi na trabaho ng isang journalist ang panghuhusga sa hindi etikal na gawain ng isa pa. Malaya siyang kumondena. Malaya siyang maglabas ng saloobin. Malaya siyang magpahayag ng pagkadismaya. Pero hindi dapat nawawala ang pang-unawa. At hindi naman laging kaakibat ng pag-unawa ang pagpapabaya. P'wede kang umunawa nang hindi nagtatanggol. Katulad lang din ito ng pakikipanayam sa iba't ibang klase ng tao. Trabaho ng journalist na unawain ang iba't ibang klase ng aksiyon at opinyon ng mga taong ginagawan niya ng istorya, salungat man ito't malayo sa pansarili niyang paniniwala. Hindi niya kailangang ipagtanggol ang alam niyang mali, kailangan niya lang maunawaan kung bakit nangyayari ang isang pagkakamali.

Hindi ko sinasabing dapat objective ang isang journalist o manunulat. Ngayon ko lang naintindihan nang lubos na ang pag-unawa sa mga bagay ay isang proseso. Sa ganoong lagay, ang proseso ng pag-unawa ang dapat na objective – at ang journalist

na umuunawa, trabaho niyang magkwento ng tama, kahit pa nauunawaan niya ang mga mali.

Sabi rin ni Sir Joel, hindi dapat tinataasan ng isang baguhang mamamahayag ang ekspektasyon niya sa newsrooms. Hindi kailanman ito magiging isang perpektong lugar, gaano man karami o kadetalyado ang listahan ng mga etikang kailangan sundin ng bawat isang nagtatrabaho sa loob nito. Sabi niya sa amin: *"taasan niyo ang expectations n'yo sa sarili n'yo."*

Alam ko na kung bakit; dahil hindi ko na trabahong bantayan kung sino-sino ang mga lumalabag sa etika. Maaari akong makibalita, kumondena, mainis, madismaya – pero hindi ko na trabaho ang humusga. Ang kailangan kong bantayan ay ang sarili ko. Kung sinusunod ko ba ito o hindi. Kung etikal ba ako o hindi. Dapat kong danasin ang anomang konsekwensya ng hindi pagiging etikal, at ganoon din ang iba. Naintindihan ko na rin ang punto ni Clifford Christians sa sinabi niyang "*credibility gaps and ethics scandals are the result of precisely that failure of media professionals"*, kasi nga, ang etika ay pamantayan para sa sarili at hindi para sa iba. Ibig sabihin, kung magkakaroon ako ng pagkukulang o kasalanan, at magdudulot ito ng lamat sa sarili kong kredibilidad, wala akong ibang maaaring sisihin kun'di ang sarili ko.

Bukod pa rito, alam ko na rin kung anong dapat gawin ng isang journalist na nagkasala sa etika. Isang salita lang pala ang sagot: accountability. Ibig sabihin, dapat ay alam ko kung kailan ako nagkamali, aminin ko na nagkamali ako, tanggapin ang konsekwensya nito, matuto, gawin ang tama, at bumawi

sa susunod. Mas madali kasing itama ang mga pagkakamaling inaamin at sinusubukang baguhin.

May sampung utos lang ang Diyos. Labing-isa ang code of ethics ng mga journalist sa Pilipinas. Ngayon ko lang naunawaan nang lubos na hindi ko naman kailangan kabisaduhin ang Bibliya o ang Ethical Guide book ng NUJP para siguraduhing sinusunod ko ang mga laman nito. Kailangan ko lang palaging katukin ang konsensiya at prinsipyo ko.

At sa mga sitwasyong susubukan ang etika ko, sa mga pagkakataong maguguluhan ulit ako, at sa mga pangyayaring maaaring magdulot sa akin ng pagkalito – kailangan ko lang balikan ang unang etikang naunawaan ko: *when in doubt, decency should be my watchword.*

# MARK ANTHONY S. SALVADOR

Nagtapos ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa nasabing pamantasan si Mark Anthony S. Salvador. Mababasa ang kaniyang mga akda sa *Kawing, Rappler, Tomas, Dx Machina: Philippine Literature in the Time of Covid-19 1, Likhaan, Entrada, Reflective Practitioner, Pylon, Bookwatch, Liwayway,* at *Luntian Journal*. Nagtamo siya ng unang gantimpala sa kategoryang sanaysay sa Saranggola Blog Awards 2022. Kasalukuyan siyang assistant professorial lecturer sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle – Maynila. Kasapi siya ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools. Mahilig siyang magkape, maglakad, manood ng mga anime at mangarap.

# PAGDAMÁ SA MGA SAGLIT

"KUNG MAGKAPE KA, isang oras."

Madalas akong pagsabihan ni Mama tungkol sa tagal ko sa pagkakape. Bakit daw gusto ko ang kay lamig na kape? Retorikal na tanong lang iyon. Hindi ko gusto ang lumamig nang kape. Ang gusto ko ay kape sa bagong kulong tubig. Lumalamig lang ang kape sapagkat ninanamnam ko at hindi minamadali ang pag-inom, hindi na kainitan ang kape kung 1/3 na lang ang laman ng mataas na tasa. Isinasabay ko ang pagkakape sa pagbabasá, pagsusulat at pagmumuni. Kalimitan, nagkakape ako hindi dahil nagugutom ako o dahil gusto kong magpababa ng kinain, kundi para mas makapagmuni.

Ilang ulit kong nadaanan noong 2021 sa newsfeed ng Facebook ang paskil na nagsasabing damhin ang kasalukuyang saglit sapagkat iyon ang búhay. Tuwing nagbabasa ng libro, halimbawa, pakadamhin, dahil ang saglit na iyon ang búhay.

Sang-ayon ako sa pinupunto ng paskil. Kaya itinutuon ko ang atensiyon ko sa isang bagay lámang—sa kasalukuyan kong ginagawa. Tuwing nanonood ako ng anime, halimbawa, o nagsusulat, nandoon dapat ang buong atensiyon ko. Kaya lámang, nahihirapan pa rin akong ituon ang atensiyon ko sa kasalukuyan kong ginagawa. Bukod sa nakasisira sa pokus ang social media, sinanay kasi tayo ng sistema na pinagsasabay ang mga gawain o samantalang may ginagawa ay nag-iisip ng ibang bagay.

Sa ilalim ng kapitalismo, nagmamadali ang mundo, at pinakaaligaga ang lungsod. Bawal ang babagal-bagal at mga pagtanga, dahil ang usapin ng oras ay usapin ng kíta. Pinaniwala ang mga tao na marami dapat natatapos sa kada araw.

Isang gabi, matapos sitahin ni Mama ang tagal ng pagkakape ko, nakasulat ako ng tula.

“Paglipad Itong Pagkakape”
Kay payak lang nitong hiling:
payapang saglit tuwing nagkakape
nang maibuka ang mga pakpak,
makalipad, at mapagmasdan
mula sa itaas ang lahat.
Sapagkat pagkatapos nito
ay nababawasan ang bigat.

Ngunit parati, pinagmamadali sa higop.
Kay ramot ng mundong
kíta at tubò ang nagpapainog.

DAHIL NGA LAGI TAYONG pinagmamadali ng kapitalismo, napakaproblematiko ng pagpapakahulugan ng marami sa salitang “produktibo.” Hindi “produktibo” para sa marami ang pagpapahinga at paglalaan ng panahon para sa sarili, halimbawa ay panonood ng pelikula. Hindi nakikita ng marami na balon tayo na nasasairan ng tubig, at na ang panahon para sa sarili ay paraan natin ng pagpuno muli ng tubig sa ating sarili.

Si Mama nga, dati, ay paminsan-minsang nakapagsasabi ng “Kay iinam natin, nagsipagtanga,” bagama’t masaya naman siya tuwing sinasabi ito, pabirong pahayag tuwing may bonding kaming mag-anak sa sála. Ipinaliwanag ko sa kaniya na problematiko ang

gayong litanya, dahil nga kailangan ng katawan at isip ang pahinga at panahon para sa sarili.

Tinatawag itong “fallow time.” Mahusay itong naipaliwanag ni Bonnie Tsui sa artikulo niyang “You Are Doing Something Important When You Aren’t Doing Anything” (2019) sa *The New York Times* sa pamamagitan ng paggamit sa tipaklong mula sa pabula ni Aesop bilang representasyon ng mga indibidwal na naglalaan ng panahon para sa kanilang sarili. Aniya:

“But what if the grasshopper only looked like it wasn’t working? What if, as an artist, its play was critical to its work, only no one saw it? ...

Fallow time is necessary to grow everything from actual crops to figurative ones, like books and children. To do the work, we need to rest, to read, to reconnect. It is the invisible labor that makes creative life possible.”

Bagama’t mahalagang maging gaya ng mga langgam sa kasipagan, mahalaga ring maging gaya ng mga tipaklong para mas makapagpatuloy.

SI GRANT SNIDER, Amerikanong komikero, ay kay husay mamilosopiya sa ilang panel lamang ng komiks. Ilan sa mga sinabi sa comic strip niyang “The Attention Manifesto” na binubuo lamang ng anim na panel ang mga sumusunod: “I will pay attention on what is in front of me,” “I will find beauty in the mundane,” at “I will stay open to wonder.”

May dalawang primaryang aral na makukuha sa comic strip ni Grant Snider—damhin ang mga saglit gaano man kakaraniwan ang mga ito, at sumalungat sa agos ng nagmamadaling mundo.

Magkaugnay ang dalawang ito, at masasabi kong kapwa ko isinasabuhay ang mga ito. Halimbawa, hindi lamang ako nakikipaglaro kina Dagli at Champ-champ, mga aso namin, nagpapabalani rin ako sa uniberso ng kanilang mga mata. Ninanamnam ko ang panonood ng mga pelikula. Katunayan, ang isang pelikulang may habang dalawang oras lamang ay pinapanood ko nang isang linggo, paputol-putol, sapagkat pinagmumunian ko ang ganda ng mga linya na parang mga taludtod sa tula, ang rikit ng mga imahen lalo na kung anime ang pelikula, at mga katulad. Nang minsan kong subukan ang elbow plank bilang bahagi ng abdomen workout, nadama ko kung gaano katagal ang isang minuto. Sa nagsisimula sa elbow plank, malaking bagay na ang umabot nang isang minuto. Kalimitan ay nanginginig na ang mga binti, braso at abdomen pagtungtong pa lamang nang 45 segundo. Kinakaya kong lumampas sa dalawang minuto.

Mahilig din akong tumitig sa talulot ng mga bulaklak at pabalat ng mga aklat. Sa pamamagitan ng mga ito, ninanamnam ko ang mga saglit, kaya bumabagal ang inog ng aking mundo.

Sang-ayon sa sanaysay na "When Life Moves Too Fast, Here's the Secret to Slowing Down" (2022) ni Craig McMahan, ang palagiang pag-iisip sa búkas ay sanhi sa persepsyon na kay bilis ng panahon. Mahalaga namang planuhin ang susunod na mga araw. Ngunit kung kay dalas ng pag-intindi para sa susunod na mga araw, halimbawa, kung sa panahong nakikipagkuwentuhan sa mahal sa búhay, nanonood ng pelikula, at nakikipaglaro sa mga pusa ay iniisip pa rin ang mga gawain sa susunod na mga araw, mistulang bibilis ang panahon, dahil hindi nadaramang mabuti ang kasalukuyang saglit.

Ayon kay McMahan, "What issues have to be addressed for tomorrow? What opportunities have to be seized over there? What problems on the horizon have to be solved before I get there? We live so much in the planning mode that we don't find ourselves very often in the present mode."

Ang nakalulungkot, naging pribilehiyo lámang, sa halip na karapatan, ang pagdamá sa mga saglit. Dahil sa bagsak na pasahod, mataas na buwis, lumolobong presyo ng pangunahing mga pangangailangan, at bagsak na batayang serbisyo gaya ng serbisyong pangkalusugan, kinakailangan ng laksang Pilipino na magtrabaho na parang mga makina, sanhi upang magmistulang kay bilis nang inog ng mundo.

NAPAKAHALAGA SA AMING MGA GURO ang pagkakaroon ng sapat na panahon.

Tuwing may sapat na panahon, mas ikinagagalak ko ang pagmamarka sa papel ng mga estudyante. Nakapagbibigay ako ng iba't ibang porma ng kalitatibong tugon gaya ng mga papuri at ng mga mungkahi kung papaano mas mapapaganda ang kanilang papel. May mga pagkakataong humihinto muna ako sa pagtsitsek para magpaskil sa Facebook wall ko ng paghanga at galak ko sa isinumiteng papel.

Sa pagkakaroon ng sapat na panahon, nagiging mas mabisa rin akong guro hindi lang dahil mas napaghahandaan ko ang aking mga klase, kundi dahil din may sapat na panahon ako para sa aking sarili, sanhi upang maging mas malusog ang aking isip. Ngunit kay ilap ng sapat na panahon para sa aming sektor.

Maraming guro ang gaya ko na nagtuturo sa dalawa o higit pang paaralan, at mataas ang hawak na teaching units. Wala namang opsiyon ang marami sa amin. Mataas ang presyo ng pangunahing mga pangangailangan at mababa naman ang rate per hour. Kaya kailangang tumanggap nang tumanggap ng teaching load para matugunan ang buwanang gastusin.

Noong Pebrero 2022, halimbawa, pinuproblema ko kung papaano pagkakasyahin sa natitirang mga araw ang pagtsitsek ng papel at pag-e-encode ng mga grado. Hindi na ako nakakatulog nang sapat dahil sa paghahabol sa deadline. Isang hapon, nakatanggap ako ng anunsyo—sa susunod na mga araw na raw ang pinal na depensa ng mga pananaliksik sa kolehiyong pinagtuturuan ko. Sa maiksing sabi, makikihati sa paghahabol ko sa deadline ng pagsusumite ng grado ang pagbabasa ng mga pananaliksik ng mga estudyante. Bigla, naluha na lamang ako.

HUWEBES, ABRIL 18, 2024, deadline ng encoding ng grado sa pamantasang pinagtuturuan ko. May mga pinal na awtput pa akong tsitsekan, at pagkatapos nito, saka pa lamang ako makakapag-encode ng grado. Ilang araw na akong madaling-araw nang natutulog dahil sa pagtsitsek ng mga papel. Sabi ko sa sarili ko, aagahan ko ang pagtsitsek sa natitirang mga papel para makapag-encode ng grado nang mas maaga nang ilang oras sa pagsasara ng portal. Ngunit napaaga ang bangon ko, hindi para magtsek ng papel, kundi dahil sa panganib ng súnog.

Nagsimula ang apoy sa katapat naming bahay. Naiwan daw na buháy ang bentilador, at nag-overheat. Mag-isa lang ako nang

araw na iyon sa bahay namin, kasama ang dalawa naming aso. Sumisigaw ang mga kapitbahay namin. “Súnog! Súnog!”

Nang dumungaw ako sa bintana, wala akong makita liban sa napakaputing paligid na dala ng pag-apula sa apoy gamit ang tubig at fire extinguisher. Mistulang bumaba sa eskinita namin ang mga ulap. Dalawang lalaking kapitbahay ang kumatok sa pinto namin, aakyat daw sila sa ikatlong palapag ng bahay namin. Sinamahan ko sila, mula roon sinabuyan nila nang sinabuyan ng tubig ang katapat na bahay.

Mayamaya pa, may trak na ng bumbero, at naapula na ang súnog. Dumating sa bahay si Papa, may dalang tatlong fire extinguisher. Nakauwi na rin si Mama at ang bunso kong kapatid. Muntik na raw abutin ng apoy ang bahay namin. Malakas daw ang apoy, at malapit na raw makatawid sa bahay namin.

Nang matiyak nang patay na ang apoy at ligtas na ang lahat, muli akong nagdasal para magpasalamat sa Lumikha. Sa kabila ng pagod ng katawan, at higit, ng isip, bumalik na ako sa pagsubsob sa pagtsitsek ng awtput ng aking mga estudyante. Ilang oras na lamang ang natitira sa akin para magtsek ng natitirang mga awtput at magsumite ng grado.

Hindi man lang ako nakapagmuni nang sapat. Hindi man lang ako nakapunta sa ibang lugar o nakagawa ng ibang bagay para umaliwalas ang aking isip. Gusto ko itong tawaging “pagsasamakina sa mga tao.” Sa ilalim ng kapitalismo at neoliberalismo, itinuturing ang mga tao na makina, walang sapat na panahon para ipahinga ang isip at katawan, pinagpapahinga lamang saglit para matiyak na hindi mag-o-overheat.

MAHILIG AKONG MAGSULAT ng tula, at malinaw sa akin na mapanghilom ang paglikha ng tula. Sabi ko nga minsan sa isang paskil ko sa Facebook: "Tuwing napapagod, tuwing may nais sabihin, tuwing may emosyong nais unawain, magsulat ng tula. Ang pagsulat ng tula ay anyo ng pahinga, pagkukuwento sa kaibigang matapat na nakikinig, at pakikipag-usap sa sarili." Gumagaan ang loob ko matapos kong sabihin sa tula ang mga nagpapabigat sa aking loob.

Samantala, isang kakayahan ng tula ang bihirang mapag-usapan—ang pagtula ay anyo ng protesta sa nagmamadaling daigdig. Una, sa paglikha ng tula, mahalagang hindi nagmamadali ang makata. Sapagkat kung magmamadali siya, hindi niya makikilalang mabuti ang emosyon na kaniyang tutulaan, hindi siya mahusay na makapagpepresenta ng pilosopiya, hindi niya mapipili ang pinakamainam na mga salita, at hindi siya makalilikha ng magagandang taludtod at hulagway. Ikalawa, kalimitang tema sa tula ang mga iglap. Halimbawa, pagkagunita sa dating pag-ibig sa isang hápong umuulan, at pagbisita ng lungkot nang alas-kuwatro ng madaling-araw ng Enero 1, saglit na kay tahimik na ng paligid matapos ang pagsalubong sa bagong taon. Kay liliit lang ng mga iyon sapagkat mga iglap nga lamang. Uunawain ng makata ang mga saglit na iyon, papalakihin, gaya ng pagpapalaki ng siyentista sa imahen ng mikroogranismo sa pamamagitan ng pagsilip sa mikroskopyo, isasalin niya ang interpretasyon niya hinggil sa saglit sa mga salita, aayusin ang salansan ng mga salita, magpapanibagong-hubog, magiging tula.

Nakakatulong ang pagtula para mas nakikilala ng makata ang kaniyang sarili, at tumaas ang kaniyang karunungang

pandamdamin (*emotional quotient*). Sa lipunang hindi nakapagmumuni ang mga tao bunga ng palagiang pagmamadali, hindi lamang ang mga usaping panlipunan ang hindi nakikilala ng mga tao, kundi maging ang kanilang sariling pangarap at damdamin.

MAHALAGA RAW ANG MEDITASYON para maging payapa ang isip, sabi noong Marso 2022 ng kaibigan kong si Lyn, matapos kong ikuwento sa kaniya ang mga gumugulo sa isip ko—mga bagay na epekto sa akin ng pandemya, lockdown, inutil na tugon-kontra-pandemya na malinaw na manipestasyon na walang pakialam sa mamamayan ang rehimeng Duterte, at tákot sa posibleng maging resulta ng halalan 2022. Ipinaliwanag niya ang importansiya ng meditasyon.

Agosto 2022, nagsimula akong mag-meditate. Naka-earphone ako habang nagme-meditate, pinapakinggan ang tunog ng malakas na ulan sa naka-play na YouTube video. Naka-indian sit ako sa aking kama, at patay ang ilaw sa kuwarto. Tuwing gabi lang ang aking meditasyon, bago matulog, at paminsan-minsan lang ito. Kung tapos na ako sa meditasyon, nalalaman ko kung gaano ito katagal sa pamamagitan ng pagtingin sa YouTube video. Tumatagal lang ito nang 5-12 minuto. Pakiramdam ko ay kay tagal-tagal na ng 12 minuto.

“Nakakabagot.” Ito ang pinakamaikokomento ko sa meditasyon. Nakaupo lamang ako, sinisikap na blangko lamang ang isip, habang humihinga nang malalim. Walang baryasyong gawain.

Ngunit naisip ko kalaunan na hindi ang meditasyon ang problema, kundi ang kinasanayan nating sistema. Sinanay tayo ng

nagmamadaling mundo na nag-iisip ng ibang bagay habang may ibang ginagawa o pagsabayin ang dalawang gawain para “sulit” ang panahon. Halimbawa, tuwing maluwag sa tren, nagbabasa ako ng libro o nanonood sa Netflix. Naranasan kong magdala ng tsitsekang mga papel sa bakasyon ko sa probinsya. Si Mama, aniya, nag-iisip daw siya ng iluluto habang naliligo.

Sa meditasyon, bahagyang umaalis ang diwa ko sa pisikal na lunan, kung papaanong sa akto ng meditasyon, umaalis ako sa aligagang lipunan.

SA ARTIKULONG “Why Life is Fast: A Sociology of Time” (2021) ni Jayeel Cornelio sa Rappler, ipinaliwanag niya ang pagbilis ng oras sa lente ng biyolohiya at sosyolohiya, bagama’t sa hulí siya nagtuon. Pinupunto sa artikulo na dahil sa kapitalismo, may kompetisyon, at dahil sa kompetisyon, may pagmamadali. Aniya, “The capitalist enterprise teaches us to make the most of our time because it has turned it into a scarce resource. Making time more scarce is competition — who deliver faster wins.” Gusto natin palagi ang mabilis. Halimbawa, bahagi sa pagbibigay natin ng rating sa mga online seller sa Lazada at Shopee ang bilis ng pagdating ng parcel.

Hindi nalalayo rito ang paalala sa nobelang *Slowness* ni Milan Kundera. Aniya, “Why has the pleasure of slowness disappeared? Ah, where have they gone, the ambers of yesteryear? Where have they gone, those vagabonds who roam from one mill to another and bed down under the stars? Have they vanished with footpaths, with grasslands and clearings, with nature? There is a Czech proverb that describe their easy indolence by a metaphor:

'They are gazing at God's windows.' A person gazing at God's windows is not bored; he is happy. In our world, indolence has turned into having nothing to do, which is a completely different thing: a person with nothing to do is frustrated, bored, is constantly searching for the activity he lacks."

Kaya ang mungkahi ni Cornelio ay huwag magmadali. Aniya, "[T]o pursue a slow lifestyle is a protest against the commodification of time and dehumanization of people."

Ngunit maraming salik sa pagdama sa saglit. Mas mailap ito para sa mga taong sumasahod ng minimum wage o mas mababa pa, sapagkat ang oras na para sana sa pahinga nila ay nailalaan sa iba pang trabaho, para matugunan ang araw-araw na gastusin. Hindi hamak na mas madaling damhin ang mga saglit kung makatuwiran ang lipunan—makatao ang pasahod, mababa ang presyo ng pangunahing mga pangangailangan, nireregular ang mga empleyado, at maayos ang batayang serbisyo gaya ng serbisyong pangkalusugan.

Makatuwiran ang lipunang ang bawat isa sa atin ay nabibigyan ng laksang pagkakataong hindi magmadali. Halimbawa ay umindak sa musika tuwing umaga, titigan at samyuin ang mga bulaklak, makipagkumustahan sa pamilya at mga mahal sa búhay, magsulat sa talaarawan, at pakinggan ang himig ng gabi. Sa ganitong lipunan, tao ang turing sa tao.

Kaya, hindi sapat na dinarama ko lamang ang mga saglit. Kailangang makiisa ako para makamit ang isang lipunang hindi pribilehiyo, kundi karapatan, ang turing sa pagdamá sa mga saglit.

Tula

# RONALD ARAÑA ATILANO

Si Ronald Araña Atilano ay isinilang sa Metro Manila at lumaki sa Dasmariñas, Cavite. Naging kasapi siya ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA). Dumalo siya sa UP National Writers' Workshop sa Baguio noong 2004 at sa Ateneo Writers' Workshop sa Quezon City noong 2006. Nalathala ang kaniyang mga tula sa *Latay sa Isipan* (UST), *Likhaan 16* (UP), *Ikatlong Bagting* ng LIRA, *Santelmo*, *Manila Times*, *Dagmay,* at *Liwayway*. Kasalukuyan siyang naninirahan sa Newcastle, Australia.

# BISYON NG KRAMATORSK SA GROSERI ISANG SABADO NG UMAGA

*Scores of people, including children, have been killed when rockets hit a railway station in the eastern Ukrainian city of Kramatorsk. – 9 Abril 2022, BBC*

Kay tahimik ng krimeng ibinabadya
Ng karaniwang karambola ng mga kariton
Sa bukana ng supermarket.
Balisa ang karwahe ng mga kahel
At mansanas, at ngayo'y nag-uuling
Ang tumpok ng ubas at arandanos.
Kuluntoy sa mga kaha ang kalabasa't kintsay
At komatose sa nakatagilid na istretser
Ang ulo ng mga repolyo.
Napisak sa linolyum ang mga kamatis,
Labas ang bituka, at tumatagas
Ang utak ng kondensada
Sa fluoresenteng pridyider.
Pagbitbit ng plastik, titimbuwang
Ang karton ng mga itlog, at magsisikalat
Ang mga puting shrapnel sa troli—
Salamat, may dadalawang naisalba,
At sa awa ng langit ay naiuwi pa't
Naiprito sa almusal
Ngayong ligalíg na umaga
Ng munting mga emerhensiya.

# ISANG PULUBING NATAGPUANG PATAY SA STA. CRUZ

Walang nakaaalam kung gaano katagal nang
Siya'y nakayukayok sa sulok na iyon
Sa kanto ng Avenida Rizal at Ronquillo.
Ngunit tirík na ang liwanag na gumapang
Sa bangketa't nakatagpo sa kaniyang katawan.

Napapahikab ang mga dyipning
Kalahating oras nang nabalahaw sa trapik.
Nagtitingkayaran ang mga usisero't
De-tsapang anino, mga anasan at kurukuro
Kung siya'y namatay sa gutom, na-pulmonya,
Napagtripan sa bagansiya. Sinisipa-sipa siya
Sa tagiliran (baka sakaling magising, tumindig
Na tila Kristo sa bunton ng mga basahan),
Maya-maya'y kinakaladkad siya sa kongkreto,
Mistulang palapa ng niyog o lumang linolyum.
Naiiwan sa sulok ang kinaratayan niyang karton.
Gugulong-gulong ang natumba niyang lata't
Pinag-aagawan ng mga batang kalsada
Ang kumalat niyang barya.

Lumalarga nang pabalik ng presinto't munisipyo
Ang mga awtoridad, at unti-unti,
Magbabalik sa dating ayos ang Abenida.

Ni walang makapagsasabing
Narito lamang siya kangina at ngayo'y wala na.
Lilinisin ang sulok na iyon
Ng dumaragsang mga takong at tsinelas
Sapagkat abot-kalye ang pila sa LRT,
Dinudumog ang bagong pelikula sa Odeon,
Dinadayo ang higanteng bodega sale sa Carriedo.

Huhudyat ang ilaw-trapiko
At isa-isa nang mabubuhay ang mga makina,
At ang mga sasakyang nakasaksi sa munting kaguluhang iyon
Ay magsisiharurot nang palayo.
Tanghali na.
Kay-rami pang mga kanto't katawan
Bago makarating sa Monumento.

# ENGKUWENTRO

Natatandaan ko ang mabagal na prusisyon ng mga bangka,
Ang pagtilapon ng kanilang mga lambat,
Nang gabing iyon sa lumang piyer. Naalimpungatan ako
Mulang pagkakaidlip sa bangkô, binabagabag ng napanaginip
Na estrangherong nakatagpo sa lugar ding iyon,
Estrangherong nahahawig sa akin, siyang matapos
makipagtalo
Ay bumunot ng rebolber at pinaslang ako, pagkuwa'y
Kinaladkad ang aking katawan sa tubig.  Nang ako'y lumubog,
Mahinahon siyang naupo sa sulok ding iyon,
Payapang pinagmasdan ang mga bangkang nagdaraan.
Kumalat na ang dilim, at bumubuntong-hininga ang hangin.
Salamat at panaginip lamang. Watak-watak ang koro ng mga
bituin
Sa aking ulunan. Naglakad akong pauwi.
Ilang araw na hindi lumabas ng silid, pinangingilagan
Ang dating mga kaibigan. Nagsawa sa dating mga pagkilos,
At pinaghihinalaan ang anumang bagong mga lunggati't
kawanggawa.
Tumigil manigarilyo. Dumalas magpatingin sa doktor
Tungkol sa pinakamunting ubo o iregular na tibok ng puso.
Pagtagal, gumaralgal ang tinig, tila may
naghuhuramentadong uwak
Na nakasalalak sa aking lalamunan. Nitong mga nagdaang
araw,

Kapag napapasulyap sa salamin, namumukhaan ko ang estranghero,
Siyang kriminal na namumuhay bilang ako,
Habang ang dating sarili'y malaon nang nahihimlay
Sa ilalim ng nakalutang na mga bangka
At paminsan-minsa'y nasasalabid sa luksang mga lambat.

# ANG GAGAMBA SA IMPIYERNO

*(Pagkatapos ni Ryūnosuke Akutagawa)*

Nagising ako sa hardin ng Paraiso,
Naglalambitin sa ibabaw ng matining na lawa.
Hinipo ng panginoong Buddha ang matang-tubig,
At nasilip ko sa kalaliman, kumikilapsaw,
Ang dagat-dagatang apoy.
Nasilaw sa lagablab ng mga nasusunog
Ang kulumpon ng aking mga balintataw.

At natanaw ko siya roon,
Sa gitna ng mga nalalapnos na mukha,
Siyang saglit lamang na nasalubong sa maikli kong buhay sa lupa.
Pakinggan, kung mamarapatin:
Nalaglag ako noon mulang dumupok na sanga
At natagpuan niyang gumagapang sa damo. Yumukod siya't
Ilang sandali akong pinanood, isang makisig at naaaliw
Na diyos, at nang mamasdan ang kamandag
Na ibinabadya ng marka sa aking likuran
Ay niyapakan ako hanggang ako'y maging mantsa sa bato.

Mula rito sa hardin, nagbibigay-init sa aking mga pisngi
Ang mga alipato ng kaniyang walang-hanggang
Pagkatupok, habang tila nagbubuhol-buhol sa aking tiyan

Ang makapangyarihang sapot, na ayon sa panginoong
Buddha
Ay magsisilbing sinulid ng awa,
Hiblang bababa sa karimlan at sa kaniya'y sasagip
Kung ipupukol ko lamang sa kaawa-awa't
Kayliit na nilalang.

# MIRASOL

*One Ukrainian woman was taunting a Russian soldier by telling him to put sunflower seeds in his pocket, so that when he died in Ukraine, flowers would grow. – New York Times, 27 Pebrero, 2022*

At sa oras na iyong ikaw'y bumagsak sa bayang ito,
Dayong kawal, at sa sumambulat na parang
Ay pinupuwing ka ng niyebeng lumalapag at lumalambong
Sa iyong mukha, malalaman mong sinumang naghihingalo
Ay nag-iiwan sa lupa ng kani-kaniyang mga bagay:
ang mangingibig at ang pagas na liham,
ang usurero at ang brilyante't ginto,
ang komisar at ang duguang rebolber.
Barya. Pluma. Resibo. Patalim. Tiket sa karera.
Mauunawaan mong kipkip mo sa iyong bulsa ang budhi't pananalig,
Mga alikabok ng iyong mga hakbang sa daigdig.
Kapag natunaw ang yelo, muling sisibol ang mga pugot na tangkay,
At uusbong ang mga buko ng mirasol
Mula sa bituka mo't pantalon, sa inuod mong unipormeng patig
At warak na mga bota. At halos sinadyang sa oras na iyon,
Dayong kawal, sa oras na iyong taimtim at makatotohanan,
Magiging ikaw ang maghahasik sa parabula ng Panginoon,

Siyang hindi nagsayang ng mga buto sa gilid ng kalsada
O mabatong landas, manapa'y nagpunla
Sa masaganang lupa, kinandili ng patabang
Nagbibigay-buhay, nagwiwikang
*Ito ang aking katawan*
Dito sa namumukadkad na mga talahibang
Dati'y itinuturing mong estranghero't kaaway.

# EUGENE Y. EVASCO

Propesor ng malikhaing pagsulat at panitikan si Eugene Y. Evasco sa Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Naging Research Fellow siya sa International Youth Library sa Munich, Germany. Nagwagi siya bilang 2000 Makata ng Taon at 2020 Mananaysay ng Taon mula sa Komisyon sa Wikang Filipino. Ang kaniyang *Ang Aklatang Pusa* ay napabilang sa White Ravens List noong 2019. Siya ay kabilang sa Hall of Fame ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature at ginawaran ng Dangal ng Panitikan 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino. Kasalukuyan siyang fellow sa Likhaan: UP Institute of Creative Writing. Inilathala ng Scholastic ngayong 2023 ang kaniyang picture book na *Pahiyas: Planting Rainbow Seeds*.

# ANG AKLAT AY HINDI MAKAHIYA

Tuwing hihipuin ko,
hindi ito makikiliti at mahihiya.
Bawat paglipat ng pahina, uusbong
ang hiraya.

Tuwing hahawakan ko,
hindi ito titiklop.
Kapag binubuklat, bubukadkad
ang hiwaga.

Tuwing tititigan ko,
titindig itong papalapit sa mukha.
Tutubo sa limot na lupain, ang binhi
ng himala.

# ESTANTE NG MGA AKLAT

Sa gilid ng silid,
nakahilera ang mga aklat.

Nahihimbing ang mga aklat na kaibigan;
naghihintay gisingin ng isang mambabasa.

Buong tiyaga silang naghihintay
ng maiingat na palad at daliring nananabik.

Sa inaagiw at alikabuking estante, walang kandado
ang mga pinto tungo sa maraming mundo.

Nagniningning ang bawat nakalimbag na titik,
Tinatanaw ang mga matang mapantuklas.

Bumubulong ang mga nag-iinat na pahina:
“Basahin mo ako. Hindi ka mag-iisa.”

# BAKASYON SA PROBINSIYA

Magkakadikit na kahon ang aming tinutuluyan.
Sa bahay ni Lola, gusto naming magbalik.
Titira kami katabi ng malawak na palayan
at malalanghap ang hanging may samyong pinipig.

Sa tumana, pipitas kami ng mga kamatis at saging.
Panonoorin naming lumago at mahinog ang mga pananim.
Aalamin namin ang mga ngalan at huni ng mga ibon.
Magbababad kami sa ilog buong maghapon.

Titipunin ko ang panggatong, aangkas ako sa kalabaw.
Tutulong ako sa pagluluto ng nilupak at kalamay.
Mangangapa kami ng mga tilapia’t hito sa palaisdaan.
At sa takipsilim, mag-aabang sa pagsilang ng buwan.

# ANG SARANGGOLANG ADARNA

Isa siyang ibong
taglay ang awit na lunas;
may buntot na bahaghari,
nakasabit sa aming dingding.

Saranggolang Adarnang nakakulong
sa aming tahanang hawla.
Wari kaming bilanggo;
bawal lumabas,
bawal umalagwa,
bawal pumaimbulog.

Balat niya'y manipis na tela.
Balangkas niya'y kawayan.
Lakas niya'y hangin sa tag-araw.
Mahabang tali ang mag-uugnay
sa lupa at sa langit.
Hinding-hindi ako bibitaw.

May anyaya ang malakas na hangin.
Sa mga sulok-sulok,
sa mga tabi-tabi,
nag-aabang ang salot na mabangis.

Mapaghimala daw ang kaniyang awit.

Maalamat ang kaniyang huni.
Lipad, Saranggolang Adarna, Lipad!
Palalayain ko ang Saranggolang Adarna
habang sinasalanta ng peste ang kababayan.

Abot niya ang mga ulap at araw.
Tanaw niya ang lawak ng kaparangan,
ang kabundukan, at ang dalampasigan.
Aawit ang aming Saranggolang Adarna
at pagagalingin ang mahal naming bayan.

# KUNG BAKIT HINDI AKO MALILIGO

Naligo na ako noong isang linggo;
baka madulas ako sa banyo.
Ninipis ang aking maselang balat;
giginawin ako at magkakalagnat.
Hindi naman ako amoy-champoy;
amuyin mo pa ako: amoy-belekoy.
Gusto kong magtipid sa tubig;
dahil sa mga bula, ako’y magkakabutlig.
Kukulubot ang aking mga daliri.
Totoo, hindi pa naman ako madumi.
Bakit ang pusa’y kyut kahit hindi naliligo?
Hala, baka higupin ako ng lababo.
Sa shampoo, baka ako’y mabulag.
Hilurin mo pa ako; wala akong libag.
Mga nunal ito at hindi natuyong putik.
May mga piranha sa balde ng tubig.
Lalabas ang ahas sa gripo;
lilitaw ang buwaya sa inidoro.
Nagwisik na ako ng hand sanitizer;
makakalbo ako sa hair conditioner.
Mataas na ang presyo ng sabon.
Talaga, hindi ako maaamoy sa Zoom.

# SOFIA ANGELA P. FEDERICO

Si Sofia Angela P. Federico, mas kilala sa tawag na Pia ay tubong Naga City, Camarines Sur. Siya ay isang chemist at dating laboratory instructor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagsimula siyang magseryoso sa pagsusulat nang maging kalahok sa Palihang Rogelio Sicat 16. Hilig niya ang mga pusa.

Maaaring makontak sa numerong 09063146609 o email address na piafedericoxx@gmail.com.

# BOTANIKO

*(alay kay Leonard Co)*

Sinuong ko ang kagubatang minsan mong kinalinga.
Marahil, bakas pa rin sa pagtikom ng makahiya
ang tinahak mong landas.
Tila nakaukit pa rin sa balat ng kahoy
ang mga linya ng iyong palad.

Sinalat ko ang mga dahon, hinaplos ang mga sanga,
kinilatis ang mga bagong tubong bulaklak.
Pinangalanan ko sila gaya ng maraming halamang
biniyayaan mo ng pangalan.

Bawat nakatanim na nilalang,
umiindayog kapag nagugunita kita.
Subalit sa tuwing naaalala ko ang iyong sinapit,
ang kanilang paggalaw ay nagiging panginginig—
takot na maaaring mangyari itong muli.

Habang ika'y nangunguha ng mga punla sa lupa,
ang huling sigaw mo bago itinanim sa iyo ang punglo:
*"Tama na, hindi kami armado!"*
Sa tagpong iyon, ang tangi mong bitbit: sungkit, itak, basket,
payong—

na tangan ko rin ngayon.

Nang likumin ko ang mga nakasaboy na buto,
pumagaspas ang hangin ng pangamba
at lumakas ang ragasa ng ilog sa di kalayuan.

Sa aking paglalakad, nasulasok ako sa amoy ng rafflesia—
nabubulok na katawan, pinagpipiyestahan ng mga insekto.
Ganito ka iniwang tiwangwang ng mga sundalo.

Mula rito'y tumubo sa aking dibdib ang pagkasindak.
Gumapang akong pabalik sa aking pinagmulan.

# LAB INSTRUCTOR SA PANAHON NG PANDEMYA

Sinasalubong ko ang bawat umaga
sa pagbuklat ng aking laptop na tila
tinutulak ang pinto ng silid.
Haharap sa klase na ginuguniguning
nakaupo ang mga estudyante sa matataas
na silya, nag-aabang ng aking panuto na ilabas
ang mga beaker, Erlenmeyer flask,
at iba pang glassware. Sa aking pantasya,
suot-suot namin ang marungis na lab gown
at ang mga mata'y sinasakluban
ng naghahamog na goggles.

Ipinagpatuloy ko ang instruksiyon kasabay ng video:
ganito, wika ko, ang paghahalo ng tubig at asido,
ganito ang pag-amoy ng kemikal:
pinapaypay ng kamay ang singaw. Pagmasdan
ang pagbabago ng kulay sa reaksiyon,
mula kristal ay naging mala-rosas.

Walang sinomang umimik.

Sa aming laboratoryo,
salitang hindi mahipo ang likido,
diwang hindi masalat ang solido,

hindi nanlalamig o napapaso ang balat,
hindi nakakakilala ng sangsang ang ilong.

Sa muling pagkurap, nakita ko ang mukha sa screen,
na isang imahe lamang din.

# SA INDUSTRIYA

Inilalatag sa hapag
ang mga kasangkapan
at ang babasaging paninindigan
sa unang trabaho.

Tinitimbang ang bigat
ng di tinutumbasang overtime
na siyang nagpapagaan
sa iyong halaga.
Sinusukat ang kantidad
ng serbisyong walang tinatakal
na anumang benepisyo.
Binubuhos ang asidong
lumulusaw sa hiling
na makatanggap ng hazard pay.
Inihahalo ang kaunting kita
hanggang sa lumitaw
ang usok ng pananamantala.

Itinatapon ang natirang kemikal,
isinasama sa sisidlan
ang lahat mong pagtitiis.
Hinuhugasan ang mga kagamitan,
kinukuskos ang bawat sulok,
maiging pinupunasan—

kasamang itinataob sa lalagyan
ang pagnanais mong lumisan.

# DISEKSYON

Hawak ko ang palakang
kumakawalang pilit.
Habang nagpupumiglas
ang kaniyang mga binti't bisig,
hinigpitan kong lalo ang kapit.
Dama ko sa palad
ang lamig niya at gaspang.

Ibinaon ko ang talim
sa likuran ng kaniyang utak.
Namilipit siya't dumaing
kaya agad kong ipinihit
ang panusok pailalim,
hanggang sa tumigas
ang buo niyang katawan.

Pinatihaya ko't pinako
ang kaniyang mga paa't kamay.
Hinawi sa magkabila ang balat.
Maingat kong hiniwa ang kalamnan,
maging ang butong tumatakip
sa kaniyang dibdib—
nananabik na tumambad
ang kaloob-looban.

Pinaghiwa-hiwalay ko ang mga laman
tulad ng baga, atay, bato, bituka, at sikmura.
Sinipat ko ang mga ugat—
kung saan patungo at pabalik.
Inilapat ko ang aking daliri
sa kaniyang puso.
Sinalat ko ang bawat pintig
bago ko ito tuluyang pinatahimik.

Nakasusuklam ang amoy
sa loob ng laboratoryo—
tila nagpaparamdam
sa akin ang biktima.

Subalit akong salarin,
matapos suriin ang bawat bahagi,
isisilid lamang sa garapon ang labi—
ilulubog sa masangsang na formalin.

# AKADEMIKO

Hudyat ng paggising ang tapik ng dedlayn.
Ehersisyo ang paghabol sa mga liham-elektroniko.
Almusal ang sulating lumamig buong magdamag.

Maagang sasabak sa pagtuturo't talakayan
hanggang maging tigang ang lalamunan
at sumuko ang tuhod sa tagal ng pagtayo.

Mananaghalian ng utos ng dekano,
sunod-sunod ang subo ng dagdag na gawain.
Gugugulin ang hapon sa harap ng kompyuter.
Naiinip na ang iskrin sa kakamasid,
walang nagalaw sa inaamag na tesis.

Bitbit pauwi, tambak na pagsusulit.
Sa silid, nag-aabang ang babasahing papel,
naghihintay ang sandamakmak na bluebook.

Limot ang hapunan, naghehele na ang antok.
Isa-isang mamarkahan hanggang mapagod
maghintay ang buwan. Sasaglit ng tulog.

Hanggang sa panaginip, inaakyat ng isip
ang walang hanggang hagdan ng akademya—
hangad na sa pagmulat ay maging permanente na.

# NOEL GALON DE LEON

Taga-Guimaras Island si NOEL GALON DE LEON na founder at publisher ng Kasingkasing Press. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Filipino at Malikhaing Pagsulat sa UP Visayas. Nagkamit ng pagkilala sa Carlos Palanca ang koleksiyon niya ng tula noong 2018 na may pamagat Ang Bata sa Panahon ng Ligalig: Mga Tula sa Loob at Labas ng Bayan ng San Diego. Sanday Tay Alib kag Tay Amar ang una niyang librong pambata sa wikang Hiligaynon.

# ALAALA NG BAYAN

Ang alaala nitong bayan ay ngayon: Walang malinis na tubig na maiinom. Walang matibay na bubong na masisilungan. Ganito pa rin itong bayan. Kung ano't paano mong iniwan, ganitong-ganito mo babalikan, Ibarra. Sikmura ay puspos ng gutom. Pangarap sa hangin ay ipinaaaanod. Pagkaraan ng maraming taong pagninilay. Narito pa rin at uhaw na nahihimbing sa kandungan ng paulit-ulit na hupa. Parang manlalakbay itong bayan patungo sa mabalasik na alaala ng kasalukuyan. Ito ang hitsura ng aking bayan, ngayon, Ibarra: Ang tubig na tanging makapapawi ng uhaw ay nanggagaling sa namumugtong mata ng sambayanang nabubuhay at mamamatay sa kakapusan.

# TUNGKULIN NG ALAALA

Nang maunawaan ni Elias na hindi sapat ang pag-ibig para mabuhay, agad itong nag-aral kung paano bumuga ng apoy gamit ang bibig. Nagpaturo ito sa isang payaso na nakilala niya noong minsang managinip. Hindi madamot ang payaso, bulong nito sa sarili. Namangha si Elias sa kayang gawin. At ang payaso, tunay ring humanga sa lakas ng loob ng kaibigan. Nang tuluyang matutuhan ni Elias ang tamang pagbuga-buga ng apoy, nilagok nito ang natirang gaas sa bote ng Coke. Wala itong pinalampas-sayang ni isang patak. At habang nasusunog sa sariling bituka, puso, at kaluluwa—isa-isang bumalik sa nagmamaktol na alaala ni Elias kung gaano kalupit ang mundo. At ang natitirang pag-ibig sa palad, parang ningas ng alaala na tumutupok sa sariling kasaysayan.

# ARTIKULASYON NG ALAALA

Ganito kinakausap ni Crispin ang sariling alaala: Palaging nauuna ang pangungumusta, isang tugon agad ang ihahain— ganito kami noon. Melodramatiko ang magiging takbo ng pagririkwerdo. Magmumukmok sa sulok. Lumuluha paloob. At ang lahat ng tungkol sa nakaraan, bakit tila parang kanina lang nangyari? Haharap sa sarili, itong bata pagkatapos kausapin ang sarili ay ngingiti na parang walang nangyari. Mangungumusta, lalakasan ang loob hanggang kusang magkuwento ang siya sa sarili— paano kami ngayon?

# PAGBAWI SA ALAALA

Sisikapin ni Basillo na muling managinip. Gaanoman pagtaksilan ng sandali itong kabutihan. Sisikapin nitong makatulog upang sa pagdalaw ng panaginip, magagawa nito ang mga inaasahan sa kaniya: Ang mangarap ng mapupulang bulaklak at matatamis na kendi. Kapag nananaginip si Basillo, nagiging makapangyarihan siyang bata, doon siya nabibigyan ng pagkakataon na mabawi ang alaalang paulit-ulit na ninanakaw sa kaniya. Mananaginip ang bata kahit kumakalam ang sikmura, kahit inuuod ang sugat sa talampakan, at paulit-ulit, muli't muling ipaaalala sa panaginip, at sa mga batang nabibigyan ng pagkakataong managinip kung gaano kahalaga ang hindi makalimot.

# BIRO NG ALAALA

Isang malaking biro ang buhay, ito ang sasagi sa isip ni Sisa habang ginagambala ng kaluluwa ng buntot ng gutom. May mga tatawa sa hindi nakatatawang tagpo ng buhay, may mga tumatawang walang dahilan, may mga tumatawa kahit hindi tumatawa. Ganito talaga siguro ang buhay: Nakaukit sa palad ng tao ang pangakong kaligayahan sa hatinggabi nitong kabaliwan. Sa hindi kalayuan, may palabas sa plaza ng gunita, panganib ay hindi alintana, kaibigan ang bangis ng panahon, at ang pangil nitong matagal nang ipinangakong kaligtasan ay palaging nakaabang. Magpapaputok ang buwayang nakabantay sa geyt may halos sandaang taon na, sa langit niya ito itinutok sa pag-aakalang ang natutulog na panalangin ay magigising— walang silbi. At ang bala, nang malito't mapagod sa palabas ng buwaya ay muling babalik sa lupa— dadapo sa bumbunan ng batang ang pangarap ay magkaroon ng pakpak ng agila. At bago pa man tuluyang pagluksaan ang pangarap nito, mababasa sa dilat nitong mga mata: isang malaking biro ang buhay. Malas.

# JOBERT M. PACNIS

Si Jobert M. Pacnis ay kasapi ng GUMIL Filipinas, Inc. Cagayan Chapter. Ang kaniyang tula ay nagwagi ng Ikatlong Gantimpala (Tulang Ilokano) sa 2022 Gawad Bienvenido Lumbera at pinalad na mailathala sa Agos Journal Tomo III. Siya ay nagsusulat sa Bannawag at Liwayway Magasin. Ilan sa kaniyang mga akdang Ilokakano ay napabilang sa iba't ibang antolohiya. Ang kaniyang aklat na Isliping Teody Ken Dadduma Pay a Sarita ay koleksiyon ng kaniyang mga kuwento.

*ital: *Agos Journal, Bannawag, Liwayway Magasin, Isliping Teody Ken Dadduma Pay a Sarita*

# GURAMI[1]

kung sa iba, iba ito sa panlasa,
parang sulat noong uso pa
ang koreo: pinananabikan
ng kanilang dila, dumadaloy
ang mga alaala; kung maaari'y
tawirin na ora mismo ang dagat,
liparin ang kalawakan
matapos lang ang paglalaway.

gayong sa aki'y ordinaryong lasa na lang,
walang mabubuhay na alaala
sa halimuyak tuwing ito'y
pinapaksiw, iniihaw, isinasahog sa dinengdeng;
bagkus isang pag-alala  ang bumabangon
sa dibdib: lumiliit ang kanilang mundo
baka bukas o makalawa alaala na lamang
ang kanilang maiiwan.

malala na ang aking alaala—
tinangay na ng modernong panahon
kung paanong hinuhuli ko noon sa putikan,
mga mata na lang ang walang

---

*1 Gurami-Isang klase ng isdang tabang na bihira na rin.*

burak, tumitinis ang pagpapaswit
sa bawat madakmang pupusag-pusag
na maging kaulayaw ng bigas ng NFA.

bago maging alaala na lamang,
ibabaon saglit ang pag-aalala,
pagbibigyan pa rin ang dila
kasabay ng huling saing ng bigas
na lumalala na rin ang halaga.

sana'y maalala ko
'pag puti na ang mga buhok
na minsa'y  ilang beses ding
itinawid ang hininga
sa putol na tulay ng pangako
ng mga nangakong ang bigas ay abot ng tao

# DINENGDENG[2]

Saan man dalhin ng panahon
ang mga paa, kung malamig
ang mga kamay, uukit ng kalagayang
para bang halamang
sumuwi sa batuhan.

May awit na lilikhain ang lupa
sa pagkalunti ng mukha,
kahit payak, aalingasaw sa bango
ang banga, babalik
ang lasang nagtampo. Nakawiwili
sa mga mata ang mga mala-bahagharing
maris1 ng mga bagong aning gulay
na pinatitingkad pa
ng pulang sibuyas at kamatis.
Sa pagsayaw sa kumukulong tubig
kasalo ang bagoong-isda, hindi malalabanan
ang paglalaway sa paghihintay
na ito'y maihain sa dulang.

---

2 *Lutong ulam ng mga Ilokano na kadalasang pinagsama-samang gulay na sinabawan at karaniwang may sahog na daing na alamang, o inihaw, o pritong isda na pinasarap ng bagoong-isda.*
*1 = kulay*
*2 = lutuang gawa sa luwad*

Ang bawat paghigop
at pagnamnam
may kaluwalhatiang hatid, nabubuhay
ang pagpapahalaga sa mga payak na bagay.

Tinatalo na ngayon ng pakla
ang tamis ng mga sariwang gulay--
ang mga alipin ng lupa’y
sila pang walang maihahain.
Talamak ang mga nanginginaing kuhol
kahit dalikan2 ay kanilang sinusukol.

# DYIPNI

Nagbabadyang magiging kuwento na lang
ang tinaguriang hari ng lansangan.
Magkakatotoong muli
ang kasabihang walang permanente
sa ibabaw ng lupa, darating ang panahong
mababago ang mukha ng lahat,
hindi kagaya ng luklukan—
pare-pareho ang dugong nanalaytay
sa mga nakaupo, maski dahon
nang hinog, mahulog man sa lupa,
ang bagong suwi ang siyang
sususnod na uusbong. Sing-ilap
ng agila ang pagkakataong
may ibang magmamana ng upuan.
(Kahit pa ang mga nakaupo'y bulok
at may nangingitim na dugo.)

Itong hari ng kalsada (sa ngayon),
itinuturing nang bulok, kailangang
mamahinga na't kinakain na ng kalawang--
ang mga may tangan ng manibelang
kung ilang bituka ang nilalamnan,
sasagasaan ng gutom at pagkagutom.
Ngunit  tuloy lang ang arangkada,
sasakyan ang pagbabago,

sa pagbiyahe, palaging
may nauuna at nahuhuli.

Mamahinga man sila sa arawang
pakikibaka sa alinsangan at lamig,
mananatili ang kasaysayang hinabi;
nakatatak sa pagkatao ng bawat
inihatid sa kanilang destinasyon--
hindi ito kakalawanging katotohanan,
silang nagmamarunong ang tunay
na kinakalawang ang utak...

# KUMIKIPOT ANG KARAGATAN

Ang mga along bumabangon,
nagiging daluyong sa bigwas ng hanging dala
ng habagat. Nalulunod pati pampang, umaabot
hanggang kabahayan; ang nililikhang pag-alala
tila kamandag ng ulupong lumalason sa buong
pagkatao. Sa pag-iisip ng lunas sa paninirahan
ng mga alon sa pampang, umusbong ang mga pader
na siyang magpapahupa sa tindi ng hampas
ng mga ga-higanteng daluyong.

Ang mga alon sa gitna'y unti-unti ring
lumalaki, kung saan-saang direksiyon
ang tinutungo; mas lalong nagpapasayaw
sa mga mumunting bangkang ang tanging hanap
ng mga lulan, kaunting lunas sa kagutuman.
Madalas sa ga-daluyong taas ng krudo,
umaalon ang kanilang listahan sa mga kapitalista.
Sinusuong lagi ang laot na kanilang buhay
saka malaman ngayong sila'y dayuhan
sa sariling pangisdaan. Tumubo ang mga hangganan
na nagpakipot ng karagatan, nawala ang karapatang
hulihin ang minsang itinuring isda nilang
sinunog ng araw. Nakatulog ba ang mga nagbabantay?
Napakabilis ang paglaho ng sariling pagmamay-ari.
Ilang bara ng ginto ang bumuo sa tagong usapan?

Napupunit ang mga mumunting lambat sa pagkayurak ng bahura.

May paglalakbay ang mga lupa at mga buhangin
Tatayong istrukturang lalong nagpapakipot ng karagatan,
Lalong nagpapakipot ng paghinga ng mga nagsasagwan.

Sa bawat pagdyaspora ng mga lupa't buhangin
May mga kumakapal ang bulsa, may mga humahalakhak.
Kinaing lubos ng mga alon ang kanilang konsensya—
Silang lihim na nagbenta sa hangganan ng karagatan.

# DALAWANG BAGYO

Di man silipin sa bintanang pawid
Batid na sa labas ay gayon  na lang
Ang pagluha ng langit;
Malapit nang suminghap ang mga kabahayan;
Patay man ang lahat ng linya ng komunikasyon
Alam ding nagsisibagsakan na
Ang mga natitirang puno
Kahit dito sa nayon.
Minahal na nitong nagagalit na panahon
Ang panantili. Mabuti sana kung may kinikilalang estado
Ng buhay at kabuhayan.

Sa isang banda ng isip
Mas maraming baong luha ng langit
Ang pangalawang bagyong
Sasagasa sa mga kabahayan
Pagkatapos humupa itong kasalukuyan.

Bagyo itong sinisinta
Ng mga nagpapamudmod ng panlaman tiyan
Na umano'y buhat sa kanilang pagmamahal sa bayan
At mamamayan, sadyang kinakalimutan na ang lahat
Ay nukal sa pawis at dugo
Ng mga alipin ng lupa.

Ang kalahating kaban ng bigas na laan
Sa bawat nilunod ng kalamidad, aanurin lamang,
Tanging sandakot ang makararating
Sa kalderong nanlalamig sa dapogan.

Kung naging maamo lang ang pangakong
Dalawampung pisong kilo ng bigas,
Nagiging magaan ang hampas ng bagsik ng kalikasan.

# Eksperimental

# TILDE ACUÑA

Nagtuturo si Tilde (Arbeen Acuña) ng mga kurso sa wika, malikhaing pagsulat, panitikan, at Philippine Studies sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas (UP). Awtor siya ng piksyong *Oroboro at Iba Pang Abiso* (UP Press, 2020). Co-editor ng *Destination: SEA 2050 A.D.* (Penguin Random House SEA, 2022) at iba pang antolohiya. Pana-panahon ding gumagawa ng mga zine, tulad ng *konsumérebyu* (2022) at *bases x figuras* (2023).

# SELEKSIYON SA KONSUMÉREBYU: BAHAGYANG DOKUMENTASYON NG AKUMULASYON

Upang mag-mukhang maayos ang magulong pag-iral, kailangang maging selektibo: alin ang kasali at ang etsa-puwera. Hindi lahat ng kumakatok, patutuluyin. Ang iba, pasibong hahayaan o aktibong palalayasin. Sa una, maaaring magpanggap na walang tao sa bahay dahil wala sa huwisyong makisalamuha, samantalang sa huli, kailangang ipatimo sa "bisita" ang mensaheng huwag na itong babalik dahil walang dapat pag-usapan. Bago maging tiyak sa kung ano ang gusto natin, ano ang mapagbibigyan sa susunod na pagkakataon, o ano ang ayaw natin, dapat mayroon tayong ideya kung ano ang mahalaga sa atin sa kasalukuyan, ang posibleng maging mahalaga sa atin sa hinaharap, o ang talagang walang kuwenta anumang panahon.

Sa ating pag-scroll sa social media man o sa shopping app, nagiging salik sa algoritmo ang mismong mga aksiyon natin, kung aling mga post o aytem ang hinimpilan natin nang matagal at hiniwatigang kinokonsiderang bilhin o alin ang hindi angkop sa profile natin bilang taga-konsumo. Hindi man hayagang nakabuyangyang, habang may mga pakitang-taong opsiyon upang gawing personalisado man o heneriko ang mga patalastas, mayroon ding mga mekanismo upang huwag ipakita o i-filter ang mga content na ayaw makita ng taga-konsumo. May "hide" o "block" o "unfriend" sa facebook, "mute" o "unfollow" sa twitter, "ignore" sa steam, at iba pang katulad na button para salain ang mga hindi kaaya-ayang mga tao o mga usapin, para sa bawat user ng plataporma. O sa kaso ng shopping app, mga produkto. Kapag

nag-search ka ng libro, marami pang libro ang ipakikita ng app. May pakialam ito sa iyo. Nais nitong pangalagaan mo ang sarili (self-care) sa pamamagitan ng paggastos. Kunsintidor ito, kaya kailangan maging mapagpasya kung ano ang prayoridad, ang maipagpapaliban, at ang hindi talaga kailangan.

Lumala ang impiltrasyon ng konsumerismo sa panahon ng pandemiko. Nasa dulo ng mga daliri ang tukso, ang hikayat ng pagka-convenient, rekta sa bahay ang order. May ilan sa atin (o baka ako lang iyon) ang mas matagal pang pumili at magsagawa ng komparatibong pananaliksik sa produkto, kaysa ang mismong paggamit sa produkto. Upang mahanap ang pinakasulit na deal, magbabayad tayo ng oras. Makakatipid ng ilandaang piso, kapalit ng pokus. Ekonomya ito ng atensiyon. Matapos masuyod ang mga rebyu sa target bilhing produkto, maghahanap naman ng mapagkakatiwalaang nagbebenta nito. Malas na lang kung nawala ang package, o bato ang natanggap imbes na ang obhetong inasam at pinaglaanan ng oras at enerhiya, makuha lamang. Sa bawat pagkamal ng impormasyon, mas nagkakaroon ng katiyakan kung ano ba ang nais at hindi. Nagiging konosur, kumbaga—dalubhasa. Nagkakaroon ng presisyon at kumpiyansa na ito ang hanap ko, at hindi iyon. Ganito ang nangyari sa akin sa simula ng pandemiko hanggang sa kasalukuyan. Pero habang tumatagal, may iuunlad pa ang kumbaga "diskriminasyon" ko sa apat na kategoryang bibigyang-sampol sa dulo ng pagbabahaging ito: model kit, alak, box set, at laro.

*Ang proyekto*

Ngayong napahapyawan na ang ilang usapin sa seleksiyon, introduksiyon naman sa *konsumérebyu*. May hudyat sa dati nitong pamagat kung ano ang proyekto: *Mga Lazadagli sa Shopee*, tungong *Mga Lazadagling Shopeelifted*, hanggang naging *konsumérebyu: kuda reklamo tsundoku*. Nagpasyang tapyasin ang subtitulo upang deskriptibong masapul nang isang bagsak ang tinatangka ng bawat piyesa: maging rebyu ng tagapamiling konsumido sa krisis panlipunan, kumakalas sa "dagli" na mas may tiyak na kasaysayan at pagbabagong-anyo at mas kumakabit o may identipikasyon sa simpleng "rebyu". Marami nang naipon na mga rebyu na sinasailalim sa kurasyon, upang makabuo ng mga "set." Bahagi ng kabuoang proyekto ang mga set, pero paisa-isa nang pinapakawalan sa mga publikasyon.


Binibigyang-pamagat ang naturang mga set, binubungaran ng kaunting pasakalye at bahagyang paliwanag, bago isa-isang ilista o ikatalogo sa mambabasa. Sa mga pinalad na mailathala, makailang-ulit nang inilalarawan ang mga entri ng set bilang "screenshot ng mga rebyu ng nabili kong produkto sa online app—rebyung pamproduktong nauuwi sa minsa'y pilit, minsa'y swabeng rebyung panlipunan, madalas espontanyong stream-of-consciousness antas id." Nagsilbi ang mga pagbili at pagrebyu bilang bulagsak na dokumentasyon ng mga pinagkakaabalahan ko sa mga sandali ng drastikong mga pagbabago, na sabayang pagtakas at pagharap sa krisis. Simple lang naman ang tahasang "mensahe" ng bawat entri: sa mga eskapismong ito, walang tunay na kawala dahil laging may bantang bawiin sa atin ang mga tinatamasa nating ginhawa.

Sa loob ng apat na taon, nagka-akses ako sa iba-ibang "variant" ng bisyo dahil sa mga shopping app pero walang ganap na pagtakas sa mga suliraning panlipunan: ipinapaalala ng mga bandai model kit ang teknolohiyang dala ng giyera, ng alak ang gahiblang kaibahan ng kumpiyansa sa sarili at kalasingan sa kapangyarihan, ng mga box set ng libro ang posibilidad ng ibang realidad, at ng mga laro ang tibay ng loob na magkamali, umulit, at muling harapin ang mga pagsubok. Sa apat na kategoryang ito iaangkla ko ang dokumentasyon, sa ngayon, ng mga pangongolekta—hindi lang ng mga bagay kundi—ng karanasan.

*Konstruksiyon sa 2020*

Pinatindi pa ng mga lockdown noong pandemiko ang "giyera" laban sa droga na hindi naman talaga giyera kundi masaker. Mas nakonsentra ang kapangyarihan ni Duterte at ng kaniyang mga goons na unipormado. Madaling manghimasok ang mga awtoridad. Mahirap lumabas ang simpleng mamamayan. Natuto akong gumamit ng shopee at foodpanda dahil kailangan malibang at makakain. Kailangang mabuhay, kahit nakakatamad. Kailangan ng angkla sa realidad, na minsa'y matatagpuan sa libangan o antas man lang ng kontrol.

Bukod sa batayang pangangailangan na umorder ng pagkain, tinamaan din ng nostalgia—na siyang nagtulak sa aking magkaroon ng pagkakaabalahan maliban sa pagbabasa at pagsusulat. Wala rin naman akong gana (gaano) magbasa at magsulat. Manipestasyon nito ang pagbawas ng "produktibidad" sa panukat ng akademya. Imbes na magbuo ng manuskrito, model kit ang pinagdiskitahan. Bandai. Gundam.




Sinimulan ko sa lumang bago: ang RX-78-2, ang “lolo” ng lahat ng gundam. Luma, dahil ito ang pinakauna sa lahat ng modelo. Ipinakilala noong 1979, pero hanggang ngayon, ito ang ginagawan ng mga bersiyon sa iba’t ibang scale. May 1/144 (high

grade) at 1/100 (master grade); may 1/60 na perfect grade, pero mayroon pang kapareho ng scale pero may halos limang suson o yugto o antas ng pagbubuo: "perfect grade unleashed" na sa Pilipinas ay kapresyo na yata ng isang laptop na "high-end." Ito ang unang nagkaroon ng 1/1, na hindi lang "life-size" kundi kumikilos pa. Siyempre, hindi ito ibinebenta kundi atraksiyong panturista sa Yokohama na binuksan sa publiko noong 2020. Wala sa mga ito ang una kong binuo. Doon muna sa pinakasimple: SD, o "super deformed": malaki ang ulo, maliit ang katawan, pormula sa proporsiyong "cute."

Hindi lang SD, kundi SDCS ito: "cross silhouette." Hindi ko tiyak ang kumbensiyon o proseso ng mga pagpapangalan, pero indikasyon ang "CS" na mas mahal ito sa karaniwang SD dahil may "inner frame" o kalansay—isang katangiang wala sa mga binuo kong SD noong nasa elementarya at hayskul pa lang ako, dekada na ang nakalipas. Madalang sa mga HG ang may kalansay, at kung mayroon man, hindi ang kabuoan. Ang MG lang noon ang may inner frame, na matatakpan din naman ng mga baluti o armor. Basta ang mahalaga, alam mo bilang bumuo ang estruktural na integridad ng MG, na para bang "tunay" itong mobile suit—o dambuhalang baluting mekanikal. Espontanyo ang lahat ng "rebyu" kaya implisito at hindi malay ang pagpalagay sa Screenshot 1 na kapwa may internal na banghay (hindi hungkag tulad ng HG) ang magkatunggaling SD at MG, ang "terorista" at "anti-terorista" sa naratibo ng estado.

Pundasyon ang (at muntikan nang malimita sa) mga model kit ng mga konsumérebyu (na ginagamit ngayon dito bilang tawag sa anyong imahentextual). Anotasyon at introduksiyon ang

tampok sa “Rebyu ng ‘Anti-IATField at iba pang dagling rebyu’,” ang unang set ng proyekto na naipakilala sa publiko. Nailathala ito sa *Likhaan: Dx Machina 1: Philippine Literature in the Time of Covid 19* (2020) ng UP Institute of Creative Writing. Mas tinalakay dito ang mga sinasangguni o nirereperensiya sa mga mecha anime na pinagmulan ng mga merchandise (merch). Kumpara sa “Mao Zeong at iba pang dagling rebyu” na mababasa sa *Points of Contact: Literary Anthology* (2021) ng Philippine Collegian at sa “Dekodigong 1/100: Mga Master, mga grado, mga dagling rebyu” na naantolohisa sa *Anti-Katha Agos Sa Experimental Na Kuwento Sa Pilipinas* ng Philippine Writers Series ng ICW at UP Press (2023). Sa huling dalawa, wala nang gaanong gabay sa mambabasa maliban sa pamagat ng bawat entry. Open-access naman ang *Likhaan*, kung saan mababasa ang metarebyung “Anti-IATField,” kaya maaari itong sangguniin.

Sa katunayan, marami pa akong hindi nabubuo at hindi pa naisasama sa anumang set ng konsumérebyu. Kaya pansamantala munang nagpipigil at nagtatagumpay pa rin naman kontra sa pagbili ng bagong mga model kit. Maingat ako sa pagpili, dahil kailangan ng espasyong mapaglalagyan. Ganoon din sa kaso ng mga libro. Malaking tulong ang mga aktuwal na rebyu sa YouTube. Simple lang naman yata ang pamantayang nabuo ko sa tagal ng pangongolekta: (1) hangga’t maaari, antagonistang mobile suit ang prayoridad dahil mas kaunti at “rare” ang mga ito; (2) disente ang separasyon ng mga kulay ng bahagi o piraso; (3) kaunti ang mga sticker; at (4) hindi dapat “downgrade” o “upgrade” o “variant” ng kit na mayroon na ako. Siyempre, gabay lang ang mga ito. Halimbawa, may tatlo akong model ASW-G-08: MG

(Gundam Barbatos), HG (Gundam Barbatos Lupus) at SD (Gundam Barbatos Lupus Rex). Pinakabatayan (basic) ang una hanggang pinakamabangis, pero mula pinakamalaki tungong "cute." Mobile suit ang Barbatos ng bida sa seryeng *Iron Blooded Orphans*, pero mahusay kasi ang konstruksiyon ng bawat kit. Ibig sabihin, "tama" ang mga kulay at hindi na masyadong kailangan ng mga sticker upang itama ang ilang parte. Mataas ang kalidad ng MG Barbatos, HG Lupus, at SDCS Lupus Rex.

May mga dambuhalang HG na sinlaki ng normal na MG. Ibig sabihin, malaki talaga sa "tunay na buhay" ang mobile suit. Isa rito ang Me02R-F01 Messer Type-F01, na lumabas sa *Hathaway's Flash*, kung saan naantala ng mga "terorista" ang misyon ng bida kaya pansamantala itong humimpil sa lungsod ng Davao. Trilohiya ng nobela ang *Hathaway's Flash* na inilathala noong 1989 hanggang 1990, at ipinalabas sa mga sinehan at plataporma para sa streaming bilang una sa balak na trilohiya ng adaptasyong anime. Kampay:

*Tagay sa 2021*

Ang bahaging ito na yata ang pinaka-wala-sa-hulog sa apat na kategorya. Bakit? Bahagi ang mga "laruan" ng mga prangkisang popular na karaniwang nakaangkla sa libro at maituturing na matagumpay kung magkakaroon ng videogame. Batayang pangangailangan ang pag-inom ng tubig. Pero hindi ko rin naman maituturing na bisyo ang pag-inom. Gayundin ang pagbili ng libro, ng kit, ng videogames. Pagbili—hindi pagbasa, pagbuo, paglalaro. Hindi bisyo, kasi, may moderasyon. Hinay-hinay. Lalo kung liquor ban, tulad ng mababasa sa ikalawang screenshot.




Maraming hindi naniniwalang hindi ako umiinom noong kolehiyo, dahil taga-LB (UP Los Baños) ako. Na para bang Batangueño akong walang balisong at walang dumadaloy na kapeng barako sa dugo. Imposible. Sa Diliman, kung saan ako


unang nagtrabaho, doon na ako nagsimulang uminom— 0kasyunal at hindi kailanman nalasing.. Nang magsimula ang pandemiko, isa sa unang eksperimento ko ang paggawa ng strawberry-infused na whiskey. Sinipag na rin akong gumawa (brew) ng kape, healthy living. May prutas na, iwas pa sa asukal ng instant coffee. Natipuhan ko rin ang coffee liquor at iba-ibang timpla nito. Puwedeng patakan ang instant coffee ng whiskey (pangontra sa tamis), ang brewed coffee ng irish cream (pangontra sa pait), ang vanilla ice cream ng coffee liquor. Sinubukan ko rin mag-craft beer, pero siyempre, iyon na iyon, wala nang halo. Ang soda water ang puwede haluan ng kung ano-ano.

"Tamis at Pait, Lockdown at Laklak: Mga Dagli ng Panlasa at Pananalasa" ang set na nabuo ko mula sa mga konsumerébyung nagtampok ng kape, tsokolate, at serbesa. Hindi pa ito nalalathala, pero naipasa na para sa konsiderasyon ng antolohiyang palagay ko ay hindi magbibigay-espasyo sa piyesa. Batayang pangangailangan din ang damit tulad ng mga kinakain at iniinom, kaya babanggitin ko na rin sa puntong ito ang ikalawang set na nailathala. Matapos ang sa *Likhaan*, kasunod ang sa *Community Quaranzine* (2021) na pinamagatang "Damnit: Mga dagling rebyu 2020". Dahil sa gentrification, nagmamahal na ang ukay-ukay (lalo sa mga tindahang birtuwal sa instagram) kaya minsan mas mura pang bumili ng bagong mga damit sa mga shopping app. Madali lang naman makahanap ng mga alak sa aktuwal na tindahan. Napilitan lang bumili online dahil kapag liquor ban, minsan, nakalulusot. Naisama ko na yata sa di-pa-nalalathalang "Tamis at Pait" ang halos lahat ng rebyung may kinalaman sa pagkain at pag-inom, habang marami-rami pa ring mga kasuotan na wala pang klasipikasyon o

hindi pa naipapangkat (o nasasalansan?) sa kani-kaniyang set na "aparador". Tiyak na mas marami ang librong kinakailangan pang isaayos sa aklatan:

*Kahon at Papel sa 2022*

Balik sa tanging "bisyo" noon bago mag-alak: libro. Pero mas lumala. Imbes na mga aklat lang, mas nakahuhumaling ang mga box set. Sa binabasa (at hindi pa tapos) na *The Rise of the Graphic Novel* (2023) ni Alexander Dunst, muling nabanggit ang tila perpetuwal nang debate sa araling "comics": sa isang panig, ang "comics" kontra sa pretensiyosong terminong para sa interes lang daw ng merkado; sa kabilang banda, ang elebasyon ng "graphic novel" tungong prestihiyo ng pagiging "panitikan" at/o "sining" upang seryoso itong pag-aralan bilang produktong kultural at hindi isantabi bilang pawang libangan lamang para sa mga walang (gaanong) pinag-aralan. Dito pumapasok ang tinatawag niyang "estetikong" gentrification, kung saan mula sa maramihang produksiyon ng "comics" para sa nakararami noon, limitado na lang ang kopyang inilalathala ngayon. Dahil mas interesado ang mga taga-konsumo sa "comics" hindi bilang babasahing pangmasa o para sa lahat kundi bilang libro o obheto, "graphic novel." Ito rin ang ipinapalagay na dahilan kung bakit espesyal na mga papel at may kulay karamihan ang mga ibinebenta bilang "graphic novel." Masining itong bagay, at/o dakilang obrang pampanitikan.




May ganitong karangyaan ang mga box set. Kadalasang may mga “extra”, tulad ng ekslusibong box art, “opisyal” na art book, mga art print, at iba pang may “art.” ’Ika nga’y “collector’s item”. Humantong na marahil sa ganito ang mga mula sa Europa

at Amerika, pero interesante ang kaso ng Hapon: industriya pa rin ang manga, at espesipiko ang tinatarget na demograpiko pero maramihan pa rin ang mga print run. Hindi ko pa naisasama ang mga tomo (volume) ng mga seryeng "graphic novel" o manga sa alinmang set. Marahil, dahil masyadong madali pagsama-samahin ang mga ito at/o dahil minsan sa mismong pisikal na tindahan ako bumibili bunsod ng hamon na makompleto ang mga tomo, kung kaya walang nagagawang konsumerébyu. Nitong nakaraan, madalang na rin akong hindi nakasisilip sa mga second-hand bookshop o sa mga facebook page nila para makipag-unahan ng pagkomento ng "save" o "mine." Sa mall napapadalas ang bili, lalo at may mga pagkakataong mas mahal pa ang second-hand na "rare" na libro kaysa brand new—na sa shopee mall pa matitiyempuhan. Pero siyempre, mas makabibili ng mga "banned" na libro sa labas ng mga mall o "opisyal" na tindahan.

Nailathala ang "Mula Tore patungong Shopee: Ilang libro at dagling rebyung panlipunan" sa *PINGKIAN: Journal for Emancipatory and Anti-Imperialist Education* 7:1 (2022) ng CONTEND-UP, bilang tugon na rin sa mga pakanang sensura ng gobyerno laban sa mga librong "subersibo". Bahagi naman ng fund-raising ng Rural Women Advocates (RUWA) ang zine na *konsumérebyu: kuda reklamo tsundoku* (2022), ang pinagkunan ng pamagat at katawagan sa anyong mala-pampanitikan. Sa ngayon, maraming "rebyu" sa mga aklat ang hindi pa naisasalansan sa mga set para sa proyekto. Naalala ko ang kakatwang pagpresyo sa Book Depository (BD): minsan mura at minsan nama'y sobrang mahal lampas pa sa list price. Ito ang nangyari sa box set ng *Swamp Thing* ni Alan Moore. Kaya hinintay ko ito sa website ng

Fully Booked, pero agad itong na-out-of-stock. Lumitaw muli ito nang “discounted” sa BD, pero medyo mas mahal pa rin. Naipanalo naman. Espekulatibo din kung kailan makakamura o makakapagmura dahil minsan sa kakahintay bumaba ang presyo, nauubusan na ng kopya. Kaugnay ng nabanggit na pagkakaiba-iba ng pinagbibilhan ng mga tomong bahagi ng serye ang epekto ng tigil-operasyon ng BD. Halimbawa, mura kong nabili ang unang dalawang aklat sa trilohiyang *Children of Time* ni Adrian Tchaikovsky. Sa Fully Booked ko nabili ang ikatlo nang mas mahal at mula sa ibang publisher. Magkaiba ang size, mas matangkad. Hindi tuloy estetiko sa estante. Tanda ng pagtaya at pagkolekta sa serye, hindi tulad ng box set: walang sugal, isang bagsakan, sapat na ang katanyagan ng serye upang magkaroon ng gayong rekognisyon.

Mura kong nakuha sa shopee ang box set ng *The Witcher* ni Andrzej Sapkowski. Palagay ko, espesipiko sa rehiyon ito ibinebenta. India, kung hindi ako nagkakamali. Pero sa wikang Ingles nakasalin ang nabili kong edisyon. Mahal ang “opisyal” na ibinebenta sa Pilipinas. Hindi naman “pirata” talaga, tulad ng ilang mga “bookalike” sa shopping app na mapapansin mong mas nakadepende sa bilang ng pahina ang presyo (dapat naman talaga ganoon, pero sa akumulasyon ng kapital ng mga awtor at mga publisher, hindi). Sa screenshot 3, napahapyawan ang opresyong dala ng piyudalismo. Muli, baka pilit ito, o di-malay (unconscious) na pakiwari, pero sa *Witcher* mas tumingkad sa akin ang inakala kong alam ko na sa kulturang piyudal. Pero hindi libro ni Sapkowski, kundi sa videogame na *The Witcher III: The Wild Hunt* (TW3) ng CD Projekt Red. TW3 ang muling humikayat, humila, humawla sa akin sa pagbabalik sa isa kong bisyo noong highschool:

mga RPG o role-playing game. Hindi ako magkakainteres sa libro, kung wala ang TW3, na naghawan din ng landas sa retro-gaming.

*Emulasyon sa 2023*


Naimbitahan ako minsang magsalita tungkol sa sining at produksiyon nito. Ang "token of appreciation" na pagpipilian ay craft beer o video game. Para hindi na malulong sa alak, pinili ko ang huli. Mali. Yata. Iyon na ang simula. Mas *Disco Elysium* ang target kong laruin, pero mas namalagi ako sa mundo ng TW3. Hanggang ngayon hindi ko pa rin tapos ang mga expansion (o "sequel"), pero naitawid naman na ang base game. Simula ang TW3 ng pagbuo ko ng isa pang "library"—sa Steam. Matapos gumawa ng account, maaari nang bumili ng videogames. Wala pa namang 35 ang mayroon ako, at nagtakdang hinding-hindi bibili ulit hangga't walang natatapos na laro. Kadikit na ng usapin ng pagkonsumo ang usapin ng pag-akses, dahil nga pwede mo namang malaro ang videogame tulad ng TW3 nang hindi ito binibili. Kindat, kindat. Pero paano nga naman ang mga hindi na ibinebenta? Dapat bang ipagbawal ang pagpapalaganap ng mga ito?

Dito papasok ang usapin ng emulasyon. Maingat ang mga naghihikayat sa retrogaming sa mga sasabihin nila sa usaping ito. Binli sa shopee ang una kong retro handheld, habang sa pisikal na tindahan binili ang Steam Deck na hinabol bago matapos ang 2022—kapwa itong napagdesisyunan matapos ang ilang oras ng pagbabasa at panonood ng mga rebyu. Posible sa Steam Deck ang emulasyon—o paggamit ng emulation software upang patakbuhin ang mga laro sa iyong unit. Sa madaling sabi, makapaglalaro ka ng mga game ng Nintendo kahit wala kang anumang console

ng Nintendo, o ng mga game ng Playstation kahit wala kang Playstation console. “Grey area” ang emulasyon, dahil wala namang ilegal kung nabili mo na ang videogame at gusto mo itong malaro sa personal computer (PC) mo, at hindi mo naman ito ipinagbibili nang ilegal. Sinubukan ko na ang VBA (Visual Boy Advance) na emulator ng GBA noon. Kung opisyal kong nabili ang mga cartridge o “bala” ng GBA, iiwan ko na lamang sa espekulasyon. Hindi naman nalugi ang Nintendo. Tinatrabaho na nga ng kompanya ang tagapagmana ng Nintendo Switch. Walang korporasyong tunay na nalulugi sa emulasyon.

Hindi sekreto na pangmalakasang makinang pang-emulasyon ang Steam Deck. Wala akong komisyon sa alinmang napatungkulang produkto rito, pero “selling point” na maaari pang kabitan ang Steam Deck ng keyboard at mouse upang magsilbing PC. Kaso ang problema, Linux ang batayan ng OS (operating system) nito, hindi ang nakasanayan ng marami sa ating Windows. Pwede naman kargahan ito ng Windows OS. Manipestasyon na bukas ang korporasyong Valve sa pagkalikot sa software man o hardware ng produkto nilang Steam Deck. Maraming “unofficial” na mga aktibidad o accessory na maaaring subukang paganahin dito at kadalasa’y nagtatagumpay naman. Tulad ng dock—ang tambayan o daungan ng Deck sakaling ikakabit ito sa TV—na nasa screenshot 4. Hindi suwabe ang takbo ng Skull & Co. dock na natanggap ko. Suwerte at pinalitan kaagad ng responsableng seller. Kumpara sa madaming aberya sa gobyerno, walang napapalitan at walang nananagot. Kapansin-pansin ding nawala na ang limitasyon sa bilang ng mga karakter sa screenshot 4 at 5. Pero tila walang limitasyon ang karahasan ng mga rehimen mula harassment at

sapilitang pagkawala hanggang asasinasyon, masaker, henosidyo atbp., lalo nang maupo si Duterte at hanggang ngayong panahon ni Marcos Jr.





Mula sa Tsina ang RG35XX, produkto ng Anbernic, na itinampok sa screenshot 5. Matagal bago nagkaroon nito sa mga "opisyal" na tindahan sa Pilipinas, kaya nga sa bilihan ng hydroflask

ako nakabili. Hindi naman scam. Gumagana at nakakapagpatakbo ito ng mga laro hanggang Playstation 1; may mga app na ring nakapagpapatakbo ng mga laro hanggang Playstation 2, at napagtagumpayan ko ito sa android phone. Puwede pala iyon. Hindi "ilegal" ang emulasyon. May mga etikal lang na konsiderasyon: halimbawa, pagdaramutan mo ba at lalaruin nang hindi binibili ang videogame na isang tao o maliit na grupo lang ang gumawa? May usapin din ng preserbasyon: halimbawa, kung may-ari ka ng korporasyon hahayaan mo bang walang makinabang sa klasiko o lumang larong hindi naman na ninyo ibinebenta para lang ipagkait ito? Simple lang naman ito sa akin. Huwag nakawan ang munting mga propesyonal, huwag magkait ang mga dambuhalang korporasyon.

*Akumulasyon sa 2024?*

Usapin ang espasyo. Aktuwal—kahon-kahon ng model kit at esta-estante ng mga libro. Digital—Steam "library" at elektronikong mga babasahin. Hindi ko na "problema" ang alak dahil kailangan talaga itong bawasan habang nagpapagaling. Ang punto lang naman, moderasyon. Depende sa kung anong mayroon, nais, at kailangan. Nang maubusan na ako ng paglalagyan ng mga "laruan" at libro, mas naging mapili na ako sa pagbili. Pero hindi pa rin sapat. Tumataas ang gusali ng mga kahon at tumpok ng mga tomo. Sa mga video game, mas madaling magpigil. Para sa akin. Hindi ako mauubusan ng mga game sa Steam at mga ROM sa RG35XX. Wala ring banta na magkaubusan. Sa ngayon, marami pa ring mga model kit na hindi nabubuo, mga alak na pansamantala munang hindi

masusubukan, mga librong hindi pa nababasa, at mga videogame na hindi pa malalaro. Basta't nariyan sila, kapag kaya ko na silang kumprontahin.




Dahil dito, tumitindi (sa pagkakaalam ko) ang aking pagiging selektibo at tumatagal ang monologo o pakikipagkatuwiran sa

sarili kung bibili o hindi, kung magbebenta na o huwag muna, kung tatanggap o magbibigay. Habang walang pinipili o sini-sino ang mga komprador at mga nasa kapangyarihan dahil lahat ay nasa diskresiyon nila: kakamkamin nila ang lahat ng makakamkam, kukurakutin ang lahat ng makukurakot, sasagasaan ang sinumang masasagasaan. Walang mapaglagyan ang kagahamanan. Hindi model kit, alak, box set, video game ang hinahangad nila kundi arsenal ng karahasan, walang pakundangang kapangyarihan, ekstensiyong teritoryal, monopolyo sa dis/impormasyong maglalangis sa makinarya ng kanilang terorismong nakakubli sa abstraksyon ng "kadakilaan", at "tadhana" ng pagka-Maharlika.

Sa kompidensiyal na mga pondong hindi naman kanila kundi sa taumbayan, walang-wala ang dokumentadong "akumulasyon" na ibinahagi rito, o maging ang sa iyo, mambabasang naghihintay ng mga voucher sa shopee o ng mga diskwento at promo. Ano nga ba naman ang pagbubuo ng gundam kumpara sa pagpapakawala ng mga aktuwal na makinang pandigma? ang paglalaro ng "marahas" na videogame kumpara sa giyera kontra sa mahihirap? ang koleksiyon ng mga aklat kumpara sa distorsiyon at destruksiyon ng mga ito? ang pamimirata ng mga rekursong pangkaalaman at midyang libangan para sa mga tao kumpara sa pagkakait ng mga ito para sa tubo? at, higit sa lahat, ang panloloob ng bangko kumpara sa pagkakatatag nito?

# Panawagan

*AGOS: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan* ***Tomo V***

Huling petsa ng Panawagan: **Agosto 30, 2024**

Inaanyayahan ang lahat na magsumite ng kontribusyon para sa AGOS: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan, **Tomo V, 2024** na may bukas na tema. Ang mga Editor ng Isyu ay sina Prop. Maynard Manansala at Prop. U Eliserio. Ang Agos ay ang kauna-unahang refereed journal na monolingguwal sa Filipino para sa

Malikhaing Akdang Pampanitikan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman na nakasulat o nakasalin sa wikang Filipino at iba pang mga wika sa Pilipinas. Isinusulong ng journal na ito na paunlarin at palawakin ang iba't ibang pamamaraan ng malikhaing pagsusulat sa wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas, at pag-ambag sa lawas ng panitikan sa Pilipinas. Layunin nito na tipunin ang mga malikhaing akda na tumatalakay, umuunawa, at dumidiskurso tungkol sa

iba't ibang antas ng karanasan at pagpapakaranasan ng mamamayang Filipino at ang ugnayan ng indibidwal sa kaniyang kaligiran, lipunan, at bayan.

**Panuntunan sa Pagsusumite:**

1. Para sa malikhaing akdang isusumite, kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon, elektroniko man o limbag na anyo. May "pormularyo ng awtor" na kinakailangang sagutan na nagpapahayag na ang isinumiteng akda ay hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon.

2. Kinakailangang nakasulat ang mga akda sa wikang Filipino o iba pang wika sa Pilipinas na may kasamang salin sa Filipino.

3. Maaaring magsumite ng **alinman** sa mga sumusunod:

    - isang (1) koleksiyon na may limang (5) tula,
    - Isang (1) koleksiyon na may limang (5) tulang pambata,
    - isang (1) maikling kuwento,
    - isang (1) sanaysay,
    - isang (1) dulang may isang yugto,
    - tatlong (3) dagli,
    - isang (1) maikling kuwentong pambata,
    - isang (1) komiks, o
    - isang (1) eksperimental o hybrid na akda.

4. Para sa mga akda liban sa tula, inaasahan na naka-encode o kompyuterisado, doble- espasyo, at gumagamit ng font na Times New Roman na may laking 12 puntos at maglagay ng maikling sinopsis na binubuo ng hindi lalampas sa 300 salita.

5. Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, graph, matrix,

mapa, at iba pa. Tungkulin ng awtor na kumuha ng permiso sa anumang materyal na may karapatang-ari.

6. Maglakip rin ng maikling tala sa sarili **(Bionote)** na naglalaman ng kasalukuyang akademikong posisyon, digri, kinabibilangang larang, espesyalisasyon, pinakabagong publikasyon, pananaliksik at iba pang mahahalagang impormasyon.

7. Ang akda /mga akda ay **hindi dapat** naglalaman ng pangalan o anumang pagkakakilanlan gaya ng institusyon at kontak na numero sa halip ay sa pormularyo lamang ang mga ito makikita.

8. Sa pagsusumite, gamitin ang subject line sa email na: Lahok_ Apelyido_Pangalan_AgosTomo V_2024.(Sabangan_Lari_Agos Tomo V_2024)

**Mga inaasahang isusumite:** (Ang lahat ng bawat isusumite ay kailangang parehong may **doc at pdf** na file at ilagay ang file name batay sa sumusunod):

- Agos Pormularyo ng Awtor (Apelyido_Pangalan_ Pormularyo) Hal. Sabangan_Lari_Pormularyo
- Akda (Walang pagkakakilalan, naglalaman ng abstrak liban sa tula) Apelyido_Pangalan_Pamagat ng akda
- Bionote (Apelyido_Pangalan_Bionote)

Isinusumite ang lahok at iba pang dokumento sa agos.swf.upd@up.edu.ph. Maaring ma-download ang pormularyo sa panawagan sa website na ito.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay G. Lari Sabangan sa email ng Agos (agos.swf.upd@up.edu.ph) o tumawag sa (+632) 8924-4747 o (+632) 8981-8500 lokal 4583. Maaari ding bumisita sa 3/P Sentro ng Wikang Filipino UP-Diliman, Gusali ng ISSI, Virata Hall, E. Jacinto St., UP Diliman, Lungsod Quezon.

# Pamantayan sa Pagpili ng mga Akda para sa agos

1. May tiyak na ambag sa malikhaing pagsulat at panitikan ng Pilipinas. (25%)
    - May natatanging estilo, pamamaraan, at moda ng artikulasyon na ginamit sa akda.
    - Nagbibigay ng bagong pananaw o direksiyon sa mga larangan ng malikhaing pagsulat at panitikan.
    - Umaangkop o tumutugon sa nagbabagong anyo o kalagayan ng panitikan bilang produktong pangkultura sa kasalukuyang panahon at sa hinaharap.
2. May tiyak na ambag sa pagpapayabong ng wikang Filipino bilang wika ng malikhaing pagsulat at produksiyong pampanitikan sa Pilipinas. (25%)
    - Maayos, mahusay, at makabuluhang gamit ng wika sa malikhaing pagsusulat at produksiyong pampanitikan.
    - Maayos na nailalahad ang paksa at nilalaman sa pamamagitan ng malaya, masining, mahusay, at malikhaing paraan ng pagsusulat gamit ang wikang Filipino at iba pang mga taal na wika sa Pilipinas.

3. Makabuluhan at napapanahon ang mga tema o paksain. (25%)
    - Mahusay at matalas na natatalakay ang mga isyu, tema, at paksa na makabuluhan sa kasalukuyan.
    - Naiuugnay o nailulugar ang kasalukuyang mga paksa sa isang panlipunan, pangkasaysayan, at pangkulturang kontinuum.
    - Nagbubukas o naghahawan ng landas para sa kritikal na pagdidiskurso ng mga mahahalagang usapin sa lipunan.
4. Nadadalumat at napag-uugnay ang personal, pangkultura, at panlipunang kaligiran. (25%)
    - Nailulugar ang mga karanasan at usapin bilang bahagi ng mas malaking danas ng lipunan at bayan.
    - Nag-aambag sa pagtataguyod ng makabayan, makatao, at makatarungang kultura, at pambansang identidad.

agos

Tomo 4, 2023

**SENTRO NG WIKANG FILIPINO**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON